



Tanghal Dakilang Bulakeño



JOSEPH J. CRISTOBAL

PAMBANSANG KOMISYON SA KULTURA AT MGA SINING

*Tanghal
Dakilang
Bulakeño*

Tanghal Dakilang Bulakeño



JOSEPH J. CRISTOBAL

Sa Ilalim ng
Proyektong Diwang: Sagisag Kultura ng Filipinas



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING
Maynila
2024

Tanghal Dakilang Bulakeño

Karapatang-ari @ 2024 Joseph J. Cristobal, ng Pambansang Komisyon sa Kultura at Mga Sining, ng Philippine Cultural Education Program at ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI).

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring sipiin o gamitin sa alinmang paraan nang walang pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng aklat at pabalat: Angeli Narvaez.

ISBN 978-971-814-374-2 (Paperback)

ISBN 978-971-814-375-9 (PDF)

Inilathala ng



PAMBANSANG KOMISYON SA KULTURA AT MGA SINING

633 Kalye Heneral Luna, Intramuros, Maynila 1002

Tel. 8527-2192 to 97 • Fax: 8527-2191 to 94

info@ncca.gov.ph • www.ncca.gov.ph



Philippine Cultural Education Program

Room 5D #633 Gen. Luna Street, Intramuros, Manila

Tel: (02) 8527-2192 loc 529 986-4147

Email: pcep.secretariat@gmail.com



BARASOAIN KALINANGAN FOUNDATION, INC.

Bulacan Artists Hub, Rey Clement Building

Lot 2 Block 4 New Hope Subdivision, Bulihan, Malolos City

Bulacan 3000

Nilalaman



Introduksiyon

ni Joseph Sonny Cristobal

↳ 7 ↲

Ang Masaganang Ani ng “BK” at Dulaan sa Bulakan

ni Virgilio S. Almario

↳ 21 ↲

Atang at Amado:

Nang Mabasag Ang Banga

(Alay kina Atang de la Rama at Amado V. Hernandez)

↳ 25 ↲

Manong Gerry

(Buhay at Pelikula ni Gerardo De Leon)

↳ 52 ↲

Bato sa Buhangin

(Alay kay Ernani Cuenco)

↳ 94 ↲

Joya: Guhit, Hugis, at Kulay

(Alay kay Jose Joya)

↳ 128 ↲

Sa Kislap ng mga Tala

(Alay kay Francisco Santiago)

↳ 161 ↲

Rio Alma: River and Soul

(Alay kay Virgilio Almario)

↳ 195 ↲

Tungkol sa Awtor

↳ 259 ↲

INTRODUKSIYON



Joseph Sonny Cristobal

18 July 2023

Ang ginintuang panahon ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) ay ang kuwento ng ikatlong (3rd) serye ng antolohiyang dula sa Tanghal Book na ito. Laman ang anim (6) na iskrip na nalikha sa loob ng walong (8) taon (2001-2008). Dala ng tematikong paghahanda at konsiderasyon, napilitan akong ilabas nang sabay-sabay ang mga iskrip na tumalakay sa mga dakilang tao sa sining ng lahing Bulakeño. Ang Tanghal Dakilang Bulakeño book ay hinanda upang pakinabangan ng mga mag-aaral na nasa malikhaing gawain-Special School for the Arts (SPA), Theater Arts Students, Community-Based Theater Groups, at iba pang nais gawing inspirasyon ang mga kuwento nasa dula. Iwasan lamang ng mga susunod na manunulat na kopyahin at angkinin ang mga bahagi ng mga iskrip upang makaiwas sa anumang sigalot.

Ang antolohiya ng mga dula sa publikasyong Tanghal Dakilang Bulakeñong ay nasulat dahil sa programang inilunsad ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) sa suporta ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan na tinawag na “Dakilang Bulakeño Series.” Itinatanghal ito ng BKFI tuwing Linggo ng Bulacan nang dalawampu’t apat (24) na ulit tuwing Setyembre 7-15. Aktibo ang mga paaralang pribado at pampubliko sa pagtangkilik ng mga dulang ito ng BKFI. Laging puno ang 24-na shows na itinatanghal ng BKFI sa Hiyas Auditorium na may kapasidad na 250. Ginagawan ng paraan ng Provincial Government of Bulacan (PGB) na mabuo sa oras ang produksiyon sa pamamagitan ng pagpapalabas nang maaga sa subsidyong pinasiyal ng BKFI, naglalabas ng kalatas na pinapayagan ang mga paaralan na tangkilikin ang mga dula ng BKFI. Tinatampok din nila ang mga produksiyon ng BKFI sa mga importanteng mga programa ng buong linggong pagdiriwang ng Linggo ng Bulacan gaya sa Awards Night ng mga Dakilang Bulakeño. Kaya naman natitiyak na ang mga hinahandang palabas ng BKFI ay natutunghayan ng lahat ng antas ng lipunan sa Bulacan. Itinatanghal sa loob ng auditorium, sa komunidad, at sa mga okasyong dinadaluhan ng mga elite, propesyonal, o kahit ng mga taong hindi interesado sa sining. Kaya lahat ay nakakapanood ng mga pagtatanghal ng BKFI.

Dahil sa magandang pananaw ng mga lider ng Pamahalaang Panlalawigan sa panahong ito, pangunahin na si Mrs. Elizabeth “Ate Beth” Lopez-Alonzo na pinuno ng sektor ng Kabataan, Paligsahan, Turismo, Sining, at Kultura sa Bulacan at ng mga naging Gobernador (mula kay Obet Pagdanganan, Josie Dela Cruz, Jonjon Mendoza hanggang kay Willy Alvarado) ng Lalawigan ay naitataguyod ang ganitong uri ng mga gawain.

Sa bahagi ng BKFI, nagdedesisyon ang miyembro ng UHAY kung sinong personalidad ang orihinal na itatampok sa serye ng Dakilang Bulakeño. Ibinabatay ito sa barayti ng anyo ng sining na itinatampok ng BKFI. Halimbawa, kung nasa anyong sayaw (*dance*) ang itinampok noong nakaraang taon, maaaring sining biswal (*visual arts*) naman sa sumunod na taon o ibang anyo ng sining naman ang itampok. Isinasaalang-alang din ang resources-pananalapi, abilidad ng mga tao tulad ng *choreographer, composer, dancer, singers*, at iba pa. Ikinokonsidera din kung sino ang maaaring manaliksik at magsulat.

Gaya ng nabanggit, 24 na ulit na itinatanghal ang mga palabas na ito sa loob ng ‘Linggo ng Bulacan.’ Naging praktis na ng BKFI na hindi maaaring ipalabas sa labas ng BKFI Auditorium ang mga nabuong produksiyong hindi pa nasala o naitanghal nang 24 na ulit sa auditorium ang bawat produksiyon. Ibig sabihin, hindi maaaring isabak sa *National Circuit Tour* ang isang produksiyon ng BKFI na hindi dumaan sa 24-na palabas, kritiking, at ebalwasyon ng mga miyembro ng UHAY Company. Ikinokonsidera din ang mga komento ng mga nakapanood ng nasabing dula. Kaya naman, natitiyak ng BKFI na ang mga produksiyon nito ay pasado sa mata ng mga kritiko. Subalit naniniwala pa rin ang BKFI na bawat pagtatanghal ay may espasyo patungo sa pagpapaganda at pagpapahusay ng palabas. Kaya, bawat pagtatanghal ng BKFI ay laging may mga improvement sa iba’t ibang aspekto o departamento ng produksiyon—mula sa iskrip, direksiyon, musika, kasuotan, make-up, set, di senyo ng ilaw, *sound effects* at *lights*, pagsasaayos ng manonood, at kahit sa paghahanda ng *house music*, at iba pa.

Ang ginuntuan panahong ito ay masasabing masiglang panahon ng sining, hindi lamang sa Bulacan kundi sa buong bansa. Sa panahong ito, may mas bukás na oportunidad ang mga Pambansang Ahensiya ng Sining para sa mga *performing group* mula sa rehiyon. Halimbawa, ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ay may magaan na palisi pagdating sa pagkakaloob ng tulong–pinasiyal (financial-grant) at serbisyo sa programang pansining. May mga lehitimong *requirement* at may konsiderasyon sa kanilang pribadong sistema ng pamamahalang pampinansiya. Ang Cultural Center of the Philippines (CCP) ay may Outreach Program na agresibong dinadala sa rehiyon ang mga pagtatanghal ng kanilang mga Resident Companies sa murang halaga (PhP7,000.00-PhP10,000.00 bawat palabas) at kung talagang walang pondo ang lokal na organizer ay ibinibigay nila ito nang libre sa publiko. Masigla ang mga lokal na komunidad noon sa pag-oorganisa ng organisasyong pangkultura na may adhikaing magmulat ng kanilang komunidad gamit ang sining. Marami sa mga probinsiya at bayan o lokal na pamahalaan sa bansa ay may lehitimong Arts Councils, o aktibong mga Civic Organization, may mga

paaralang pribado at pampubliko na may arts program, may mga politiko o asawa ng politik o at pribadong indibidwal na nag-oorganisa ng mga lokal na art program at nagho-host ng mga performances mula sa iba't ibang performing group sa bansa.

Sa panahong 1990-2010, bisibol ang mga pagtatanghal ng Philippine Madrigal Singers MADZ ET.AL sa CCP at sa PhilAm Life at makikitang may mga rehiyonal na pagtatanghal. Aktibo din ang Moro-Moro ng Las Piñas na nagtatanghal ng “Don Juan Tinoso,” “Buhay na pinagdaanan ni Prinsipe Reynaldo,” “Reyna Cassandra,” at iba pa. Nariyan din ang grupong A’ Cappella Manila choir mula sa College of Saint Benilde na pagkatapos magtanghal sa CCP ng mga “Awiting Bayan” ay nagtanghal sa rehiyon. Ang Chorus Paulinus ay may pagtatanghal din sa rehiyon; gayundin ang U.P. Los Baños Chorale; ang grupong III OF A KIND na nagtanghal sa CCP ng konsiyertong musika na may titulong *First Flight* at pagkatapos ay nagtanghal sa rehiyon; aktibo din ang grupong Teatro Historico Filipino na nagtatanghal ng mga Moro-Moro Productions at Sarsuwela. Personal ko ding nasaksihan ang mga pagtatanghal sa rehiyon ng mga grupong Leyte Kalipayan Dance Company mula sa Leyte; Ballet Philippines sa pagtatanghal ng Encantada, BP2, Giselle, La Rev sa ilalim ng Artistikong pamamahala ni Agnes Locsin na ngayon ay National Artist na for Dance; Philippine Philharmonic Orchestra; Tanghalang Pilipino sa pagtatanghal ng *Noli, Fili, Trilogy* at *Walang Sugat*. Ang CCP Outreach and Exchange Program ay may pagtatanghal tulad ng Maestro Josef Enriquez Concerts, Classical Trio, Tribong Pinoy, Joey Ayala, at ang Bagong Lumad, Sining Pananadem at Sining Kambayoka mula sa Marawi MSU, nariyan din ang Maguindanao Lilang-Lilang; Integrated Performing Arts (IPAG) mula sa Iligan; Kaliwat Theater mula sa Davao, Dagyaw Theater and Dance Company mula sa Iloilo National High School; may pagtatanghal din ang Myra Beltran’s Production at sinimulan din ang Baguio Arts Festival kasabay ang eksibisyon ni Santi Bose. Sunod-sunod at walang kapaguran ang CCP Outreach sa pamamahala ni Director Carmencita Bernardo, sa pagsasagawa ng National Circuit Tour dala ang Philippine Madrigal Singers, Bayanihan Folk Dance Company, Anino Makiling Shadow Play Collective, A Cappella Manila, UE Choral, Ramon Obusan Dance Company, College of Immaculate Conception Choral, Manila Philharmonic Orchestra, Barasoain Kalinangan, “Hiblang Abo,” “Anatomiya ng Korupsyon” (4 interpretations/translations), “Tough in a Mood” (Centenary of Phil-American), Pilak (CCP Outreach Anniversary productions), “Sing Philippines” (Choral Cliniquing & Grand Choral Concert) sa Mindanao, Manila, Batangas, Bulacan, Bukidnon, CDO, Cebu, Bacolod. May mga sarili ding produksiyon ang CCP na kalahok ang mga regional groups tulad ng “Dangal ng Lahing Pilipino”: “Parangal Sa Pambansang Alagad ng Sining,” “Pilak” 25th year of outreach, 35 years of CCP at mga internasyonal na produksiyon tulad ng PAHIYAS SA MUNDO na ginanap sa Washington DC, at pagtatanghal ng Hinilawod sa iba't ibang bansa. Ilan lamang ang mga datos na ito upang ilarawan ang kasiglahan ng sining sa bansa nang panahong ito. Kaya naman naging motibasyon ito sa manunulat, sa BKFI ng Bulacan para mag-produce ng mga dulang may kinalaman sa mga Dakilang Bulakeño.

Chairman ng BKFI nang panahong ito si Dr. Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan. Pangulo si Dr. Mariano De Jesus, na Pangulo din noon ng Bulacan State University. Vice President & Artistic Director naman si Armando P. Sta. Ana at si Dr. Joseph J. Cristobal ay Secretary General & Executive Director, at si Consolacion Gamboa ang Treasurer. Ang iba pang miyembro ng Board of Directors ng BKFI ay sina Cong. Linabelle Villarica, Vice-Gov. Daniel Fernando, Mayor Christian Natividad, Dr. Zenia G. Mostoles, Mrs. Precila Cruz, Mrs. Elizabeth Alonzo, Ms. Estelita Dela Cruz, Dr. Edna Zerrudo, Fr. Jay Lina, at Mrs. Gladys Sta. Rita. Ang mga aktibong Uhay Member: BKFI Company Members naman ay sina Consolacion Gamboa, Estelita Dela Cruz, Jilbert Bunyel, Armando Sta. Ana, Dr. Joseph Cristobal, Melandro Pascual, Jose Roel Paguiligan, Crisanton Bongga, Allan Sta. Ana, Christopher Adriano, at Wilfredo Alberto, Jr.

May tatlong department noon ang BKFI. Una ay ang **Training Department**: may Laboratory Workshop Program (4-month workshop na isinasagawa sa BK Auditorium), may Outreach Program (workshops sa labas ng BK Auditorium), at may Arts for the People Program (community theatre organizing & network support programs).

Ang **Production Department** ay binubuo ng Uhay Production Program (original play pays tribute to Bulacan heroes), Classic Production Program (mounting of Filipino classic full length plays) at Touring Program (Provincial, National, & International Performances).

Samantalang ang Arts for the People Program (community theatre organizing & network support programs) ay ginagampanan ng **Bach Department** na may mga programang Uhay Talks (Professorial Chair Lecture Series; Certificate Program; Bachelors Degree Program at MA Degree Program) na Formal Education program na isang consortium sa University of Regina Carmeli.

Sa isang Regular Board of Directors Meeting na may talang 25 Hulyo 2010 (Linggo) 12:00nn na ginanap sa Max's Restaurant, City of Malolos, Bulacan ay naulat na ang BKFI ay nakapagsagawa ng mga workshops, performances, festivals at mga lecture series sa loob ng nakalipas na sampung taon (yr-2000-2010): Sa LUZON; natala ang Ilocos Norte, Ilocos Sur, Mountain Province (Baguio), Pangasinan, Tarlac, Aurora, Zambales, Pampanga, Bulacan, Bataan, Metro Manila, Rizal, Cavite, Laguna, Batangas, Quezon, Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Sorsogon, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro, Marinduque at Palawan. Sa VISAYAS naman ay naabot nito ang Northern Samar, Eastern Samar, Western Samar, Antique, Aklan (Boracay), Capiz, Iloilo, Negros Occidental, Negros Oriental, Cebu, Bohol, Leyte, at Southern Leyte. Samantalang sa MINDANAO ay narating ang Zamboanga del Norte, Misamis Oriental, Zamboanga del Sur, Lanao Del Norte, Misamis Oriental, Bukidnon, Davao Del Norte, Davao Oriental, at Maguindanao. Mga patunay ito na aktibo ang sining ng dulaan ng BK sa kasiglahan ng sining sa buong Filipinas. Nakatala din sa nasabing ulat ang bisyon ng BKFI para sa loob ng 30-taon at nakasaad dito ang malinaw na plano. Sa unang dekada nito (1990-2000) ay may bisyon itong 'Arts for the People.' Ang

ikalawang dekada ay nagtala ng bisyon na ‘A nationalist & humane Bulakeño Culture.’ At ang ikatlong dekada (2010–2020) ay ginawang ‘A premier community theater institution of Filipino Excellence.’ Malinaw na may direksyon ang samahan.

Ilan sa mga proyektong naisagawa ng BKFI na pambansa ay ang National Theater Festival (NTF), Performance Tour & Workshop ng “Tatlong Maria,” Performance Tour & Workshop ng “MH Del Pilar: Pasyong Dapat Ipag-alab,” Performance Tour & Workshop ng Ang Awit ni Francis B., Dularawan: Bulacan Theater Festival, Performance Tour Workshop ng “Florante at Laura,” Performance Tour & Lecture Series ng “Mga Tulang Rio Alma,” Performance Tour & Workshop ng “Atang at Amado,” Performance Tour, Festival & Workshop ng “Sa Kislap ng mga Tala,” Festival Show ng CCP’s Pilak, Performance Tour & Lecture Series ng “Anatomya ng Korupsyon,” International Theater Festival (ITI) sa CCP, Theater Festival ng Gawad Kalinga sites, Sarsuwela Festival & National Performance Tour ng “Walang Sugat” sa UP at iba pang lugar, at Performance Tour & Workshop ng “Ibong Adarna” sa lahat ng SM Malls sa Metro Manila at piling venues sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Nakamamangha ang kasipagan ng BKFI sa pagsasagawa ng programa. Halimbawa sa kanilang talang *accomplishments* para sa 2-taon lamang (2008-2010) ay nakalulula. Ang sumusunod na gawain ay kanilang naisagawa sa kakarampot na pondo at maikling panahon. Sa kanilang TRAINING PROGRAMS pa lamang sa ilalim ng THEATER LABORATORY WORKSHOPS ay nagawa nila ang LabCom 31st Apr-Jul 2008, LabCom 32nd Nov-Feb 2009, LabCom 33rd Apr-Jul 2009, LabCom 34th Nov-Feb 2010 at LabCom 35th Apr-Jul 2010. Mayroon pa silang OUTREACH PROGRAM at naitala ang mga gawain sa Bangkal Malolos, Panday Sining sa Tag-araw; Bagac, Bataan Theater Workshop; Munoz, Nueva Ecija Theater Workshop; Olongapo City Theater Workshop; Vigan City Script Writing Workshop; at Malolos Script Writing Workshop. Mayroon din silang ART FOR THE PEOPLE na nagsagawa ng Community theatre organizing GAWAD KALINGA SITES sa Payatas, Las Piñas, Baseco, Concepcion, Mandaluyong, Multi-National, Paranaque, Paradise Height, Smokey Mountain, Don Manuel, QC, Arcong Bato, Pasig at sa Hiyas ng Maynila, San Andres. Naitala din sa dalawang taong ito ang ginawang mga PRODUCTION PROGRAM ng UHAY. Noong September 2008 nabuo nila ang “Rio Alma” show, September 2009 ang “Walang Sugat,” at September 2010 ang “Larawan.” Dagdag pa diyan ay naisagawa nila sa loob pa rin ng 2008-2010 ang CLASSIC PRODUCTIONS noong February 2009 para sa “UP Sarsuwela Festival,” at nang Summer 2010 ay itinanghal ang “Ibog Adarna.” Nagawa pa ng BKFI na magsagawa ng TOURING PROGRAM noong February 2008 sa Mindanao ng musical na “Sa Kislap ng mga Tala,” itinanghal sa Camiguin, Cagayan De Oro City, Marawi City, Pagadian City, at Zamboaga City. Sa buwan ng June-July 2009 ay nagkaroon ng performance tour ang dulang Rio Alma. Sa Laguna, Rizal, Nueva Ecija, Olongapo City at Vigan City. Sa mga buwan ng Feb-April 2010 ay nagkaroon ng Luzon at Mindanao Performance Tour ang “Walang Sugat” na tinungo ang Marinduque, Vigan City, Cagayan De Oro City at ilang bayan sa Bulacan.

Bukod pa diyan ay napapakilos pa din nila ang mga programang tulad ng BACH FORMAL EDUCATION PROGRAM na naitalang may accomplishments noong 2008-2010 na mga gawaing CERTIFICATE PROGRAM. Ang BACH ay kanilang naitayo noong 2008 at tuloy-tuloy na nagbibigay ng Summer-Scholarships mula 2009 kung saan ginanap ang 1st Phase of Certificate Program in Cultural Education – 45 Teachers earned 12 Units. 2nd Phase ay noong Summer 2010. Sa panahong ito, may tala na ang kanilang BACHELORS DEGREE Program ay may 12-enrollees sa Bachelor of Science in Communication Major in Theater Arts, at sa MASTERS DEGREE ay mayroong 1-Graduate (Joseph Cristobal), at mayroon pang 53-enrollees sa MA in Education Major in Arts Management.

Gumawa pa din ang BKFI ng UHAY TALKS PROGRAM. Noong January 2009 na mayroon silang mga Topic na *Using Drama as Teaching Tool* na isinagawa ni Melandro Pascual. Noong February 2009 na may Topic namang *Bulacan: A Cultural Haven* ay isinagawa ni Armand Sta Ana. At noong March 2009 na may Topic na *Script Writing for Theater* ay isinagawa ni Sonny Cristobal.

Accomplishment pa din ng BKFI sa pareho taon noong 2008-2010 ang pagbuo ng mga palabas sa mga INSTITUTIONAL PROGRAMS ng Bulacan tulad ng gawain sa PGB. Ang produksiyong ‘Kenyo’ Program, bukod pa dito ang Kenyo USA Performance Tour, mayroon ding ‘Ople Day,’ ‘February Arts Month,’ ‘Gintong Kabataan Award,’ na PYSEACO Programs, ‘Ulat ng Gobernador,’ ‘Singkaban,’ ‘Lakbay Aral,’ ‘Dangal ng Lipi,’ ‘Paskong Bulacan,’ “MS. KEN” na isang pelikula o IndieFilm, at naisagawa pa ang ‘National PESO Conference.’

Accomplishments naman sa CCP ang mga naging gawain sa ‘GK (Gawad Kalinga) Theater Festival,’ *Sopas Sining at Sorbetes, Flag Day Celebration*, at *Tatlong Maria Shows*. Naging gawain naman sa DOT at NHI ang 2008 National Independence Parade, 2009 Independence Night Show, at 2010 National Independence Parade.

Accomplishments naman sa UP QC at MLA ang mga gawain noong December 2007, 2008, 2009 UP Centennial Opening & Sarswela Festival, at ang International Pediatricians Conference na itinaguyod ng UP Manila at ang BKFI ay nagbigay ng produksiyon sa pagbubukas at GALA Night.

Accomplishments naman sa NCCA nang 2008 ang mga pagtatanghal sa Zamboanga Tanghal Festival, Rio Alma Prod Grant, Panday Sining sa Tag-araw, Central Luzon Summit. Noong 2009 ay nagkaroon ng Cultural Mapping. Gintong Binhi Summit, “Walang Sugat” Tour, Panday Sining sa Tag-araw. At nang 2010 ay Certificate Program at Digitization Project ng BKFI.

May naging gawain din nang 2008 na inorganisa ng CENTRAL LUZON ARTS & CULTURE NETWORK

Mayroon ding isinagawa ang BKFI na 3-day Summit na nagtala ng mga ganitong layunin:

- ❖ To establish a network that will propel cultural collaborations in the region
- ❖ To elect members of the network to represent the seven (7) provinces
- ❖ To conduct a cultural mapping of the region that will result to a cultural directory

Naisagawa din nang 2009 ang pag-oorganisa ng LUZON ARTS & CULTURE NETWORK ng BKFI na Luzon wide sa pamamagitan ng 3-araw na kumperensiya. Na nag-set naman ng mga layuning sumusunod para sa LUZON CLUSTER:

- ❖ discuss the effectiveness of DILG Memorandum Circular No. 2002-81
- ❖ formulate resolutions or amendments on the memo-circular
- ❖ learn strategies on HOW TO Organizing Arts Councils in provinces, cities & municipalities
- ❖ enlighten every participant to the new trend of Marketing of the Arts
- ❖ encourage arts organizations on Arts Sustainability issues
- ❖ create an interim body that will act as Luzon Arts Network.

Noong 2010 ay inorganisa naman ang REGIONAL ARTS & CULTURE COUNCILS ng BKFI sa pamamagitan ng 1 day Regional Workshop na nag-set ng ganitong layunin:

- ❖ Promote the NCCA programs in the region
- ❖ Refresh the skills of Arts Councils & Organizations in Program Development, Project Management, & Proposal Making
- ❖ Establish NCCA desks in LGUs, schools, & cultural institutions
- ❖ Reinforce the LGU-NCCA partnership in arts & cultural promotion
- ❖ Organize an ad-hoc of Regional Arts & Culture Network in the region

Mataas ang motibasyon o 'drive' ng BKFI members sa pagsasagawa ng mga gawaing pangkultura sa mga panahong natukoy, dahil sa ibinibigay ng oportunidad ng mga Pambasang Ahensiya ng Sining at Kultura, masipag sila sa pagsasagawa ng kanilang mandato. Kaya naman ang probinsiyal at lokal na mga pamahalaan ay napipilitan ding maging aktibo. Kaya naman lumakas din ang loob at puwersa ng BKFI na isang NGO. Nagtanghal sila ng mga bagong likhang sining na nakapagpapatatag sa pundasyon ng kultura ng mamamayan. Sinimulan nila ito sa pagkilala sa mga kababayang itinuturing na dakila sa gawaing pansining at kultura. Ang pagtatanghal ng mga DAKILANG BULAKEÑO ay sinadyang maging agresibong estratehiya ng lokal na pamahalaan ng Bulacan at ng BKFI upang mabigyan ng kultural na edukasyon ang mga mamamayan. Hayagang binubulgar ang sekreto ng mga Dakilang Bulakeño sa pamamagitan ng paglalarawan ng kanilang karanasan bilang pangkaraniwang tao. Pagpapakita ng mga sitwasyon ng kanilang mga karanasan, pagkakamali, at pagsisimula sa paglikha ng kanilang sining na nagbunsod sa kanila katanyagan, upang tawagin silang pinagpalang kababayan – mga itinanghal na Pambansang Alagad ng Sining. Ang karanasang ito ang nagbunsod sa BKFI upang igawa sila ng dulang-buhay. Kaya naman inaasahan na ang mga palabas na ito ay maging inspirasyon sa mga kabataan upang makatulong sa pagbuo ng kanilang mga pangarap na

isali ang kanilang bayan. Bumuo ng pangarap na hindi hiwalay ang kanilang kultura o komunidad. Sa puntong iyan umiinog ang mithiin ng organisasyon ng BKFI na magkaroon ng mamamayang makabayan.

Nakatuon ang serye ng aklat na ***Tanghal Dakilang Bulakeño*** na ito sa mga Pambansang Alagad ng Sining na sina Virgilio S. Almario, Francisco Santiago, Jose Joya, Ernani Cuenco, Gerardo de Leon, Atang Dela Rama at Amado V. Hernandez, mga sagisag ng kultura ng Filipinas.

Noong 2001 na isulat ang dulang “**Nang Mabasag ang Banga.**” Ito ay isang Musical Play na nasa anyong sarsuwela na tumalakay sa buhay at sining ng mga Pambansang Alagad ng Sining na sina Atang Dela Rama at Amado V. Hernandez. Tinampok ang mga dakilang awitin at tula ng dalawang dakilang artista ng bayan na ito. Itinanghal ang musikal na dulang ito noong 2001 sa Bulacan, sa Cultural Center of the Philippines at tinanghal din sa programang National Circuit Tour ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) na ipinalabas sa iba’t ibang unibersidad sa Luzon at Visayas sa pagtataguyod National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Tampok din ang dula sa Tanghal Theater Festival na ginanap sa Zamboanga. Binuo ang produksiyon ng BKFI at ng Uhay Company at pangunahing tinampok sina Ireen Crisostomo at Joprey Mariano bilang si Atang at Amado.

Noong 2002 nasulat ang dulang “**Manong Gerry.**” Ang dulang buhay ni Gerardo de Leon na tumalakay sa magagandang pelikulang nilikha ni Manong Gerry. Multi-Media ang naging pamamaraan sa dula. Itinanghal ito sa Bulacan mula 2002 hanggang 2003 at muling itinanghal noong 2011 sa mga unibersidad sa Bulacan at Maynila. Tampok dito ang Uhay Company ng BKFI at si Alex Santos ang lumabas bilang Gerry.

Noon namang 2004 nasulat ang “**Bato sa Buhangin.**” Dulang musikal sa karangalan ng Pambansang Alagad ng Sining na si Ernani Cuenco. Ang naging tungkulin ng mga likhang sining ni Cuenco sa kaunlaran ng Musikang Filipino ang tinalakay sa dula na tinampok sa mga tanghalan sa Bulacan, mga unibersidad sa Luzon at sa Bamboo Organ Festival sa Las Piñas noong 2006 at 2013. Tampok dito ang Uhay Company at si Russell Ongkeko ang lumabas bilang si Ernani.

Noong 2006 nasulat naman ang “**JOYA: Guhit, Hugis at Kulay.**” Upang maging performing ang visual art ni Joya, minabuti ng produksiyon na gawin ang dulang pasayaw para sa karangalan ng Pambansang Alagad ng Sining na si Dean Jose Joya. Ang koryograpiyang modernong ballet ay nilikha ni Allan Hioca na tubong Davao City. Ang dance-dramang ito ay itinanghal sa mga tanghalan sa Bulacan, UP Diliman, at dinala sa Bulacan Festival sa Las Vegas, Nevada noong 2006. Binuo ito ng Uhay Company ng BKFI at tampok ang napakahusay at magandang lalaking si Russell Ongkeko bilang Joya.

Noong 2007 nasulat naman ang **“Sa Kislap ng mga Tala.”** Isang musikal na dulang handog sa kadakilaan ng Ama ng kundiman na si Francisco Santiago. Ang kahalagahan ng kundiman na naging sagisag ng musikang Filipino sa mundo ang tinalakay sa dula. Itinanghal ito sa BK Auditorium at sa mga unibersidad sa Bulacan at Maynila. Tampok ang Uhay Company at si Ryan Paglinawan ang lumabas bilang Santiago.

Noong 2008 nasulat ang **“RIO ALMA: River and Soul.”** Isa itong *poetic-drama* na tumalakay sa buhay at panulat ni Virgilio S. Almario na itinanghal sa mga tanghalan at paaralan sa Bulacan. Natampok din ang dula sa Tanghal Festival na ginanap sa UPLB noong 2009 sa pagtataguyod ng NCCA-Dramatic Arts Committee. Ginampanan ito ng Uhay Company at tampok si Ryan Banagbanag bilang Rio. Nang maghanda ang BKFI para sa pagtatanghal ng National Circuit Tour with Lecture and Workshop kasama ang Pambansang Alagad ng Sining Virgilio Almario. Binigyan ng bagong titulo ang pagtatanghal na **“Bayani ng Piedades Platas.”** Ang seminar-workshop na kalakip ang pagtatanghal ay isinagawa sa mga paaralan sa Bulacan, Maynila, Laguna, at Bikol. Itinampok din ang mga dula-tula ni Rio Alma sa mga pagtatanghal sa San Francisco at Los Angeles, California noong 2008. Ginampanan ito ng mga miyembro ng UHAY Company ng BKFI, tampok sina Rowena Weger, Gibeth Villanueva, JC Kliatchko, Russell Ongkeko bilang mga pangunahing tauhan.

KULTURA SA PAGBUO NG PRODUKSIYON NG BKFI

Ang grupong Barasoain Kalinangan ay itinuturing na isang community-based. Na pinahahalagahan ang proseso sa pagkamit ng mithiin. Kaya naman puno into ng konsultasyon at pagkokonsidera sa kagustuhan ng nakararami o sa political na terminolohiya, pinapahalagahan ang demokratikong proseso. Nagsisimula ang panganganak o pag-iisip kung ano ang bubuoing produksiyon ng BKFI sa partikular na panahon sa pamamagitan ng konsultasyon sa mga miyembro ng UHAY at mga opisyal nito.

Una, inaalang kung ano kalagayan ng komunidad o ano ang mga isyung panlipunan na maaaring matalakay sa mga halagahan (values) na maaaring mabulalas at mapulot sa dulang bubuoin. Kasama din ng unang bahaging ito ang konsiderasyon sa *resources* na magagamit (venue, budget, at mga tao na makakasali) sa buong proseso ng paglikha. Sa kaso ng BKFI, ang Artistic Director ang pangunahing tinutukoy na magiging Direktor ng gagawing dula. Sa mga pagkakataong ayaw niya–doon lamang kukuha at mag-iisip ang grupo kung sino ang itatalagang Direktor. Kung naresolbahan na ang mga isyung ito, sasabak na ang grupo sa mga susunod na gawain.

Ikalawa, tutukuyin ang susulat ng dula. Inaalang ng grupo kung sino ang maaaring sumulat at pangunahing magsasagawa ng sumusunod:

- ❖ Pananaliksik – pagsasagawa ng interview sa pinakamalalapit na kamag-anak at iba pang nakakakilala; pangangalap ng mga dokumento at babasahin; at paghahanay ng mga datos na susuporta sa pagbuo ng mga eksena. Dito nagmumula ang paglikha ng mga texture sa paglikha ng kuwento.
- ❖ Pagsusulat – kung may sapat ng datos ang manunulat ay maaari na siyang magsulat. Sa karanasan sa mga komisyong pagsulat sa grupong BKFI, may mga konsiderasyon na ang manunulat sa maaaring maging bida, binabagay na din ang pagbuo ng mga diyologo, at ineestrategiya din ang bilang ng mga sasampa sa entablado sa pagkakasunod-sunod ng eksena. Pilit na inilalapit ng manunulat ang anyong sining ng dulaan sa realidad ng eksena. Gumagamit ng simbolismo at pinangingibabaw ang pagiging malikhain sa paglikha ng eksena at pagbuo ng kuwento.
- ❖ Rebisyon - Matapos ang iskrip, ipapasa ito sa maitatalagang Direktor. Nagkakaroon ito ng rebisyon, ayon sa kaniyang artistikong pananaw at konsultasyon sa manunulat.

Ikatlo, nagkakaroon ng ‘production meeting.’ Sa mga pagpupulong, tinatalakay ang sumusunod:

- ❖ Paglalagat ng konseptong pamproduksiyon. Dito nililinaw ang ibig nilang ipakahulugan sa lilikhaing sining. Ano ang prinsipyo nakapaloob dito, mensahe o halagahan na itatampok sa mga pros/con, linyado sa ipapakitang mga simbulo at mga impresyon na kanilang ilalarawan sa mga bahagi at kabuoan ng dula. Lulutang din ang konseptong ito sa mga piraso ng mga halimbawa na makikita sa eksena, set design, costume design, make-up, props, sounds, at sa atmosphere ng buong tanghalan. Upang makamtan ang kabuoang atmosphere ng ilalatag na konsepto ng produksiyon, kailangan ang sama-samang effort o pagsisikap ng buong production staff, artista, technical, support group, at house management. Ang konseptong ito ay kadalasang konsepto din ng Direktor. Nagtatakda ang direktor ng kaniyang 1) Tema, 2) Konsepto, 3) Atmosphere, 4) Panahon, 5) Kulay, 6) Hugis, at 7) Linya.
- ❖ Production staffing – pagtatalaga ng mga tauhan sa produksiyon (Set, Lights, Sounds, Props, Costume, Make-up, Pagkain, Budget, Promosyon, at Marketing). Sa kultura ng BK, para itong eleksiyon. Binoboto ang mga eksperto ng UHAY ayon sa kaniyang kakayahan at sa kaniyang kagustuhan. May mga pagkakataon na kahit hindi pa siya gumampan ng partikular na posisyon, ibinibigay sa kaniya iyon upang kaniyang masubukan. Subalit sisiguraduhin na mayroon silang mentor. Ang mga posisyon o trabaho ay Production Manager.
- ❖ Paghahanda ng iba’t ibang departamento. Ang mga tinutukoy na departamento ng BK ay ang sumusunod: Technical Department (kasama dito ang Lights, Sounds), Production Design (kung saan kasama ang Set, Props, Costume, Make-up), Management & Sales (kasama dito ang budget, food, promosyon at marketing, at Artistic Department (kasama dito ang AD, SM, at mga Head ng ibang

Departamento). Hinahati sa mga Department upang mas matutukan ang mga detalye ng gawain at mas ma-delegate sa maraming tao ang responsabilidad.

- ❖ Pinag-uusapan at pinagkakasunduan ang mga iskedyul. Iskedyul ng mga ensayo at ng pagtatanghal, gayundin ang iskedyul ng mga gawain sa promosyon. Kadalasan, isang taon ang pagpapalano, subalit ang aktuwal na iskedyul ng trabaho ay tatlo o dalawang buwan ang mga ensayo, ang pagtatanghal ay isang buwan. Pangkaraniwang nagaganap ang mga ensayo sa hapon araw-araw at buong araw tuwing sabado at linggo. Karaniwang ginagawa naman ang mga set at props nang walang pinipiling oras. Hindi sila tumitigil hanggang hindi tapos. Dahil kadalasan, isa o dalawang beses lang ang reading at gusto ng direktor ay umakyat na ng entablado. Sa ganitong estratehiya, mabilis namememorya ang mga linya at nasasanay na ang kanilang mga movement sa maliit na espasyo ng entablado.

Ikaapat, nagsasagawa ng Awdisyon.

- ❖ Priyoridad ng BK na imbitahin sa produksiyon ang mga workshopper at miyembro ng UHAY.
- ❖ Pamamaraan din ng BK na gumawa ng mga poster at ikinakabit ito sa mga poste at sa matataong lugar.
- ❖ Nagsasagawa din ng mga verbal na promosyon sa mga eskuwelahan at sa mga kaibigan upang sumali sa gaganaping produksiyon.
- ❖ Kahit na may mga ‘artists in mind’ na ang writer at ang direktor, dumadaan pa din ang mga inirerekomenda sa isang aktuwal na awdisyon. Sa awdisyon napagdedesisyunan kung sino ang nararapat sa mga ‘role.’
- ❖ Sa awdisyon, hindi kaagad itinatalaga ang artista sa isang partikular na ‘role.’ Sinasabihan lang sila kung pasók o hindi. Kung sa tingin ng direktor ay may sapat na siyang mga tauhan. Isusunod na ang pagbabasa o ‘reading’ ng script kung tawagin.

Ikalima, nagkakaroon ng ‘Reading.’

- ❖ Sa reading session ay mukhang awdisyon pa din. Kadalasan, dito natitiyak kung sino ang gaganap sa mga partikular na role. Kadalasan din nagtatalaga ng dalawang tao sa isang role, isang ‘main cast’ at ‘alternate.’
- ❖ Kung naitalaga na ang mga lalabas sa karakter, nagkakaroon na ng character analysis at nilalatag din ang konseptong pinagkasunduan ng Uhay sa ginanap na production meeting.

Ikaanim, pagbuo ng palabas.

Pangkaraniwan namang binabasa ng direktor ang iskrip-hahanapin niya ang ‘Conflict’ at ang ‘Lesson’ ng dula. Mula dito ay mag-iisip na siya ng mga konsepto at mga pamamaraang artistiko para mapalabas niya ang mensahe ng kaniyang dula sa biswal na pamamaraan, aksiyon, at diyalogo.

- ◊ Sa kultura ng BK, habang isinasagawa ang ‘reading,’ ginagawa na ang mga pangunahing props at set. Matapos ang dalawa o tatlong reading, sinasalang na sila sa platform at pinapahawak na ng mga props na ‘improvised’ o mga ‘tentative,’ o pan-“samantagal.” Gayundin naman, may mga pansamantalang ilaw at music na isinasalang. Kung musical naman ang binubuong palabas, nagkakaroon ito ng bukod na sesyon sa musical director. Kung establisado na ang artistang gumaganap sa isang partikular na role, sinusukatan na ito para magawa ang costume.
 - Kung musical ang ipapalabas, mayroong nagaganap na konsultasyon ang manunulat sa kompositor. Pinagkakasunduan na nila ang sukat ng *letra* at *music genre* upang makabuo ng mga kumbensiyon ng musika at tradisyon ng panahong tinutukoy, at kung sino ang kakanta.
 - Kadalasan, sabay na nililikha ng kompositor ang mga awitin habang tinatapos ang buong iskrip ng manunulat. Ang kompositor ay lumilikha ng *demo-tape* upang may mapag-aralan na ang posibleng aktor na lalabas sa ‘role.’
 - Sa kultura ng BK, ang lumilikha ng mga *sound effect* kung sino ang *in-charge* sa *sounds*. Sila din ang nananaliksik ng mga awiting ginagamit sa *house-music*.

Ikapito, pagtatanghal ng 24 na ulit sa Auditorium ng BKFI sa loob nang 8-araw.

- ◊ May tatlong pagtatanghal sa loob ng isang araw
- ◊ May iskedyul na ibinibigay sa mga lalabas na mga artista. Sa sandaling may komplik sa kanila, pinag-uusap ang alternate at main cast
- ◊ Palisi ng BKFI sa pagtatanghal ay:
 - hindi maaaring lumabas ang mga artista ng auditorium nang may make-up at costume para makipag-usap sa manonood
 - hindi maaari ang mga ‘surprises’ (halimbawa: diyologo na hindi napraktis, pagdadala ng props o pagsusuot ng damit na hindi naaprubahan sa praktis)
- ◊ Sa pagtatanghal, unang maririning ang bell, hudyat ito na magpapapasok na ng manonood at kailangang maayos at nakahanda na ang lahat ng departamento.
- ◊ Kapag narinig na ang ‘House Music’ hudyat na papasok na ang mga manonood.
- ◊ Sa pagpapapasok ng manonood, unang pinupuno ang harap ng entablado. Hindi sila puwedeng mamili ng upuan. May mga reserbadong upuan para sa mga bisita.
- ◊ Matapos ang 3 house-music, magsisimula ang pagdilim ng lugar at sekretong lalabas ang bandila ng Filipinas. Aawit ng Pambansang Awit, dahan-dahang maglalahang ang bandila, magdidilim, maririnig ang music, at mabubukas ang pagtatanghal.
- ◊ Bawat pagtatanghal ay bago. Kadalasan, ang 24 na pagtatanghal na ito ay ‘proseso’ ng pagkikinis. Inoobserbahan ang lahat na aspekto ng pagtatanghal, mula sa artista, akting, eksena, dayalog, kasuotan, props, make-up, music, effects, set, ilaw, technical projectors, video, house management, at iba pa. Madalas ay may

nababago o inaayos, depende ito sa direktor, reaksiyon ng mga manonood at kalagayan.

Ikawalo, patuloy na promosyon sa produksiyon at paghahanap ng iba pang oportunidad upang maitanghal ang produksiyon.

DISEMINASYON NG SINING NG BKFI AT RESEPSIYON NG MANONOOD

Tulad ng mga naibahaging datos, nakasanayan na ng BKFI na ibahagi ang mga pagtatanghal nito sa maraming tanghalan sa bansa, sa mga paaralan, at festivals sa loob at labas ng bansa. Ang mga likhang sinig ng BKFI ay naglalarawan ng kasaysayan ng mga partikular na panahon ng dakilang idibidwal o lahing Filipino. Bawat pagtatanghal ay tila diyamanteng pinagyayaman upang maging makinang at maging mahalagang sinig ng lahi. Pinaghusay at pinahahalagahan ang bawat paglikha ng sinig ng mga taong kasangkot sa produksiyon sa layuning maging mahalagang pamanang sinig at edukasyon ito para sa sambayang Filipino.

Ang ginintuang taon ng BKFI ay mabuting panahon din para sa mga kabataang nakatunghay ng mga pagtatanghal. Palibhasa'y wala pang social media noon at hindi rin malawak ang teknolohiya ng telebisyon at cellphone na tulad ngayon—'big deal' ang pagkakaroon ng mga dulang pang-entablado sa mga komunidad sa buong bansa lalo na sa Bulacan. Malaking bilang ng manonood ang tumutunghay sa bawat pagtatanghal ng BKFI mula pa nang magumpisa ito noong 1980, hanggang nang ilunsad nito ang Dakilang Bulakeño series noong 2021 hanggang 2008. Dagdag pang dahilan sa paglobo ng manonood ng BKFI sa Bulacan, ang pagkasangkot ng komunidad sa mga produksiyon nito. Karaniwan, ang mga artista ng BKFI ay mula sa lokal na komunidad. Binibigyang pagkakataon ng grupo na magbigay ng palihang-pandulaan sa mga liblib na komunidad, sa mga paaralang pampubliko at pribado upang makadiskubre ng mga talentong taal na Bulakeño. Dahil lokal ang mga artista ng BKFI, nakaengganyo ito ng kaniyang pamilya, kaibigan, kaklase, at kababaryo upang tunghayan sila sa kanilang paglabas sa entablado. Malaking bagay sa mga lokal na artista na sila ay mapalangkapan at maramdamang sila ay sikat at hinahangaan ng kanilang mga kapitbahay at kababayan. Ang ganitong pakiramdam ay nagdudulot sa mga lokal na artista ng 'pride' o dangal at pagpapahalaga sa kaniyang sarili. Tulad ng mga sikat na artistang kanilang napapanood sa telebisyon, sila din ay nakadarama ng kasikatan sa kanilang sariling komunidad. Positibong tinatanggap ng mga lokal na artista ang kasikatang ito nang may pagsasaalang-alang sa pinsipiyong pinapairal ng BKFI. Laging pinaaalala ng BKFI sa lahat ng mga artista nito ang kaniyang bisyon na lumilikha tayo ng mamamayang may kulturang makabayan at makatao, hindi artistang komersiyal. Our vision is to have 'A nationalist & humane Bulakeño Culture.'

Ang Masaganang Ani ng “BK” at Dulaan sa Bulakan



ni **Virgilio S. Almario**

ISANG MASAYANG PAGKAKATAÓN sa búhay ko na ako ang tagapangulo ng kalupunan ng Barasoain Kalinangan Foundation Inc. (BKFI) na mas kilalá sa tawag na “BK” sa tinagurian ngayon na “ginintuang panahon” nitó, at isa sa mga Pambansang Alagad ng Sining na paksa ng anim na dula sa antolohiyang ito. Hindi ko idinikta ang lahat. Patí ang aking pagpasok na opisyal ng BK ay ni hindi ko inaasahan at bunga lang ng pamimilit nina Joseph Sonny Cristobal at Armando Armand Pilapil Sta. Ana—na dapat kilalaning ang tunay na mga puwersa sa likod ng kasaysayan ng naturang samahang pandulaan sa Bulakan. Ang feeling ko nga, ginámit lang ako ng dalawa para sa pakinabang ng BK. Na hindi ko na naman alám kung may naidulot nga akong serbisyo sa mga naging tagumpay ng BK sa panahong ito.

Subalit naging saksi ako sa mga hirap at tiyaga upang makabuo ng isang community-based na grupong pantanghalan.

Nagsisimula ito sa dalawang magkasabay na aktibidad. Sa isang bandá, kailangang gumawa ito ng isang programa na ipang-aakit sa mga mahilig sa teatro—direktor, artista, mananayaw, manganganta, kompositor, manunulat, atbp. Sa kabilâng bandá, kailangang bumuo ito ng mga tagapagtaguyod—mga politiko, negosyante, guro, lider sa kawanggawa, at katulad—upang sumuporta sa mga pangangailangang administratibo at pinansiyal ng pangkat.

Nang ipakilála ako sa BK ay matagal na itong buo. Narinig ko na lang sa mga kuwento ang naging papel ni Joonee Gamboa bílang direktor ng mga workshops na isinagawa ng BK upang magsanay ng mga aplikanteng kasapi. Hindi ko alám kung paano nilá natuklasan si Menandro Pascual, o naakit si Ka Maneng de Jesus para maging artista, o si Consolacion Gamboa para maging ingat-yaman. Isang malaking suwerte ng BK ang masiglang taguyod ng gobyernong panlalawigan ng Bulakan. Palagay ko, susi dito si Ate Beth (Elizabeth Lopez-Alonzo) na pinunò ng sektor Kabataan, Turismo, at Kultura ng lalawigan at ang tangkilik ng mga gobernador Obet Pagdanganan, Josie dela Cruz, at JonJon Mendoza. Dahil sa naturang tangkilik, ang awditoryum ng Hiyas ng Bulakan ay naging tanghalan ng mga produksiyon ng BK at nagkaroon silá ng oportunidad na makapag-rehearsal sa mga pook sa loob at paligid ng gusali.

Ang anim na dula sa antolohiyang ito ay sinulat ni Joseph Sonny Cristobal bagaman siyempre produkto ng proseso ng critiquing at pagkikinis ng mga kasapi ng BK. Ang pinagdaanang masalimuot na proseso ay mahahalata sa mas matagal na paglikha sa iskrip. Walong taón (sa loob ng 2001-2008). May ibá-ibáng anyo ang anim. Ang una, **Nang Mabasag ang Banga** ay sarsuwela tungkol sa búhay ng mag-asawang national artists—sina Amado V. Hernandez at Atang de la Rama. Ang ikalawa, **Manong Gerry**, ay dula na gumamit ng multi-media tungkol sa búhay ni NA Gerardo de Leon bilang direktor sa pelikula. Ang ikatlo, **Bato sa Buhangin**, ay dulang musikal at tumalakay sa papel ni NA Ernani Cuenco sa pag-unlad ng musikang Filipino.

Sa ikaapat, **Joya: Guhit, Hugis at Kulay**, ay isang dulang pasayaw. Sa pamamagitan ng koryograpiya ng modernong ballet ni Allan Hioca ay pinarangalan si NA Jose Joya. Sa ikalima, isang dulang musikal, **Sa Kislap ng mga Tala**, ang inialay sa karangalan ni Francisco Santiago.

Ang ikaanim, ang **Rio Alma: River and Soul**, ay isang tinatawag niláng poetic drama upang sundan ang development ko bilang makata at ang aking mga tula. Isináma pa ako sa pambansang tour ng pagtatanghal para magbigay ng lektura at workshop. Nang lumaon, pinalitan ang titulo ng dulang patula at naging **Bayani ng Piedras Platas** bagaman hindi ako isinama nang itanghal ito sa California.

Napakahalaga ng waláng-kupas na pamumunò nina Sonny at Armand sa BK. Mababása ang kasaysayan ng BK sa talambuhay ni Armand na **Ang Buhay ay Sining, Ang Sining ay Buhay** (2023) bilang artistic director sa pagtatanghal. Sa antolohiyang ito, masisipat ang makabuluhang ambag ni Sonny bilang manunulat ng dula. Hindi niya nababanggit ang malaking bahagi rin niya sa pagsasaayos ng koneksiyon ng BK sa labas ng Bulakan. Naging makabuluhang karanasan ni Sonny ang pangangasiwa sa outreach program ng CCP tungo sa paghahanap ng mga tumpak na tao at grupong makakaugnay ng BK sa mga pambansang tour at sa pagkuha ng taguyod mula sa CCP at NCCA. Ang masayang pagtutulungan nina Sonny at Armand ay nagpasigla sa pagtatrabaho ng mga kasapi ng BK.

Silá din ang nagtanim at luminang sa matatawag na “kulturang BK.” Na isang uri ng pagtanaw sa gawaing pang-entablado bilang isang paglilingkod sa bayan at isang makabuluhang programang edukasyonal. Sa kabilâ ng maliit na sahod, nakapagdudulot ng kasiyahan sa kasapi na nahuhubog ang kaniyang talino sa sining ng dulaan at umaambag din siyá sa pagmumulat ng madla hinggil sa kasaysayan ng bansa at sa mga pangunahing karamdamang panlipunan at pampolitika na nakapalamán din sa kaniláng iisinasadula.

Sa isang bandá, may damdáming aktibista ang kulturang BK, sapagkat may mithiing ilahok ang drama sa pagpapaunlad ng kamaláyang makabayan ng mga manonood. Isang karangalan kong makapaglingkod sa kapisanang ito kahit sa maikling panahon.

Ferndale Homes
30 Setyembre 2024

ATANG AT AMADO: *Nang Mabasag ang Banga*

(Musikal na Dula Alay Kay Atang de la Rama at Amado V. Hernandez)



Ni **Sonny Cristobal**

Agosto 2001

Mga Tauhan:

Atang de la Rama

Amado Hernandez

Berto – potograpo ni Amado

Tasing – alalay ni Atang

Estong – tsuper ni Atang

Pastora – tiya ni Atang

Leon – tiyuhin ni Atang

Don Martin – matandang manliligaw ni Atang

ACT 1

SCENE 1: PROLOGO

KORO

*Tayo'y Filipino, kayumangging kulay
Tumubo't lumusog sa lupa ng araw:
Bayang pinagpala sa lahat ng bagay
Hanggang nang lumunsad ang mga dayuhan;
Sinamsam ang ating buong kayamanan,
Ngunit nang gapusin ang laya ng bayan,*

*Baya'y nagbalikwas, nagtanggol, lumaban,
At sinabing puspos ng kabayanihan:
kaming Filipino'y sa laya sumilang
Mamamatay kami nang may kalayaan!*

(Sa bahay na pula, itinaas ng mga Hapon ang bandilang puti tanda ng pagsuko. Lumaya ang bansang Pilipinas sa kamay ng mga Hapon, ipapakitang ang mga Filipinong nakapaligid sa kuta ng mga Hapon ay pinaalis ng mga Amerikano upang ang karangalan ay maangkin nang lubos ng mga Puti. Sandali lamang ay may mga potograpo na kinukunan ang mga puti na itinataas ang kanilang mga kamay tanda ng pagwawagi. Sa unang yugto ng pamahalaang Amerikano.)

(Darating si Berto)

BERTO

Ka Amado, masamang balita, maraming magsasaka ang napahamak sa may gitnang Luzon, mukhang kagagawan ng mga sundalong puti. Mangyari ay ayaw iwan ng mga magsasaka ang kanilang lupang sinasaka at mukhang ang malawak na sakahan na iyon ay pagtatayuan ng base ng Amerika.

AMADO

Sinasabi ko na nga, di maglalao't walang gagawing mabuti ang mga puting iyan sa ating bayan.

BERTO

Ano ang maaari nating gawin, Ka Amado?

AMADO

Wala tayong maaaring mabilis na gawin ngayon kung hindi ang ipaalám sa nakararami at sa pamahalaan ang pangyayari, kinakailangan ng sambayanan ng paliwanag at katarungan sa nagaganap.

AWIT

BERTO

*Naririto ang mga larawan
Ng mga walang awing magsasaka*

AMADO

*Diyos ko pong mahabagin.
Tadtad ng bala ang kanilang buong katawan.*

*May mga bata pang nadamay
Sa karumal-dumal na hakbangin ng Kano.*

*Ang mundo ay malupit sa mga taong ito
Tinanggihan ng galak at ng kariwasan
Ang ganitong mundo, tila walang Diyos
Tila pulos kasamaan ang hari sa lupa.*

*Ito ang kalagayan ng lahing niyurakan
Ng mga mananakop na anino ay naiwan
Sa iilang taong naghahari-harian
Sa lupa ni Juan, kawawang mamamayan
(Pasalita)*

Kunga buháy ang ating Makatang Balagtas,
Karugtong ng kaniyang “Sa Loob at Labas ng Bayan Kong Sawi”...
Siya ay susulat
Ng tulang ganito ang himig at bigkas:

Natapos na ang eleksiyon,
Ang tiocio, at ang sirko, ang komedya at prusisyon.
Tigil na rin ang talakan sa tribuna,
Sa lansangan sa plasa:
Gayunman ay patuloy pa rin ang angil ng mga bala
Na mabisang higit mandin kaysa nabilang balota,
Korehidor ay hindi na luwalhati ng istorya
Kundi nakangangang sugat sa banta ng diktadura....
Sino pa ang mananalig sa taguring demokrasya?
Sino pa ang nakikinig sa huwad na patriyota?
A, pangakong sinungaling, panaginip, at Utopya!
Bonifacio, ang tabak mo’y kailan muli magbabaga?

SCENE 2: Plasa ng Tondo, ensayo sa entablado

AWIT NI ATANG, may koro

*May isang dalagang nagsalok ng tubig
Kinis ng ganda niya’y tulad sa nilalik,
Ano at padaka’y bigla nang sumapit
Ang isang binatang makisig*

*Wika ng dalaga’y huwag kang magalaw
Tugon ng binata’y ako’y kaawaan*

*Sagot ng babae huwag kang mambuwisit
Sagot ng lalaki'y ako'y umiibig*

*Ano ang nangyari
Nabasag ang banga
Pagkat ang lalaki ay napadupilas*

*Kaya't ang babae
Naro't umiiyak
At ang sinasabi ay
Siya'y napahamak*

DIREKTOR

Cut! Magbreak muna tayo! Atang, naririto si Amado, isa siyang kolumnista at mambabalagtas sa mga pahayagan. Nais ka daw niyang mainterbyu tungkol sa ginagawa nating sarsuwela.

ATANG

A, ganoon po ba, ikinagagalak ko po kayong makilala.

AMADO

Ikinagagalak ko din po kayong makilala. (Tititig)

DIREKTOR

Buweno, ako'y magpapalamig lamang at maya-maya ay sasalang na naman tayo.

AMADO

A, s'ya nga pala, Atang, ito si Berto, ang aking kababata, mahusay 'yang kumuha ng larawan, s'ya ang aking potograpo.

ATANG

Berto? A, huwag mo muna kaming retratuhan, ha. Wala akong itsura ngayon. (Lalapit ang alalay ni Atang na si Tasing at bibigyan ito ng pamunas na bimpo.)

TASING

Atang, narito ang bimpo at salabat.

ATANG

Salamat, Tasing..... (Sesenyas ang nguso na umalis muna)
(Sesenyasan naman si Amado si Berto na samahan si Tasing)

BERTO

A, Tasing, total ikaw din lamang ay bihis na bihis, ikaw na lamang ang reretratuhan ko.

TASING

Talaga, nakakahiya yata...

BERTO

'Wag kang mahiya, halika sa dakong iyon at doon kita...

AMADO

Berto, retratuhan mo lang ah!

TASING

'Wag mo s'yang pakinggan.... Halika, madali!

(Lalabas ang dalawa)

ATANG

HA-HA-HA! Aba, kung iyon po ang mainam, hindi ko po aalisin sa inyo at sa makababasa ng inyong isusulat kung bansagan akong dalagang bukid, dahil ikinararangal ko po, kadalagahan sa kanayunan.

AMADO

Ako rin naman po ay gayon. Ano po ba ang inyong....

ATANG

Huwag na tayong mag-'po'-an, para tayong matatandang sa una

AMADO

S'ya ngang mainam... ano ba ang pakiramdam ng isang tanyag?...

ATANG

Tanyag lamang po ako sa aking mga kaibigan at sa aking Tiya Pastora

AMADO

Napakainam mo naman palang tumanggap ng biyaya, tila hindi mo nahahalata ang mga biyaya na nasa iyo ay dumarating, bilang mahusay na mang-aawit

AWIT NI ATANG AT AMADO

(mula sa tula ng kababaang-loob)

ATANG

Ang palalong mataas ang lipad,
Kapag lumagapak ay kita ng lahat
Habang ang maliit at mahinang tarat
Ay sino pa ang dahot bulaklak

AMADO

Isang kapurihan na maitatampok
Ng tao ang kanyang kababaang-loob
Yantok ang katulad, hutuki't malambot
Mabuti rin namang panalo ang yantok

ATANG

Kung bumabagyo na'y s'yang nabubuwal
Ang malaking punong sa malayo'y tanaw
Ang kawawang payat, mababa,t mahagway
Hindi natitinag sa kinalalagyan

AMADO

Yaong sa ilalim muna nagsimula
Ay karaniwang nagtumaas pa nga,
Ang nasa talulot, siyang bumababa
At kung dumapa na'y tuntungan ng madla

ATANG

Aking nakikitang bihirang mabigo
Sa anumang layon, yaong walang kibo
Maging ang sinaing, pag labis ang kulo
Pati na ang kani'y tumatapong buo

AMADO

Ang mababang loob, kung mapahamak man
Ay ibinabango't kinahahabagan
Kung saka-sakaling siya'y magtagumpay
Ay itinataas ng lahat ang kamay
(Magtatawanan ang dalawa.)

TASING

Tila nagkakaigihan.

BERTO

Naku, hindi. Si Ka Amado'y nag-iinterbyu lamang.

TASING

Naku, interbyu ba yung ganoon?

BERTO

Aba'y oo, ganun talaga. Naiinggit ka 'no?

TASING

Hindi naman.... (Kikiligin)

AWIT NI TASING AT BERTO

TASING

Huwag po kayong masyadong pakasilip
Baka ang kaibigan ninyo'y magalit
Pihadong, mabubukulan kayo sa inyong
Kimkim na inggit

BERTO

Huwag naman akong inggitin
E di hamak na napakarikit
Nitong birheng nasaki'y gumigitgit

TASING

Magtigil nga kayo,
Ako'y hindi nagsusumiksik
Pero kung iyan ang inyong iginigiit
Ako'y papakalayo na at baka tayo'y kapuwa mag-init

BERTO

Huwag naman pong magalit
Ako'y kinikilig,
Sa mga pangungusap ninyo'y
Ako'y nanliliit

TASING

Mabuti pa po, tayo'y mag-aliw
Ng lalaro-laro baraha dito sa ilalim ng puno
Baka kung saan pa mauwi
Itong biruang tila tinototoo na

BERTO

Ako po ay nagbibiro, pero hindi pag nanunuyo

Ang ilang bahagi ng aking pagsuyo
Gáling talaga dito sa aking puso

ATANG
Tasing!

TASING
Halika na po, at tayo'y tinatawag na.

SCENE 3: ANG PANGITAIN

Koro
May mga artistang hindi lumuwag man lamang
Sa kapit ng ugat sa inang lupa 2x
May mga manlilikhang patuloy na gumagawa
Ng dula, awit, sayaw, at kuwentong
May basbas ng anito at halimuyak ng Diwata

Isa si Amado sa punong ito
Hindi nagpadaig sa ibang kultura
Isa s'ya sa iilang manlilikhang
Naghumindig at nangahas
Artista ng bayan
Reyna't hari ng bayan

ATANG
(Sa bouquet) Napakagagandang bulaklak, salamat.
(Sa sampagita) A, ano itong isang mumunting lubid ng sampagita?
Kanino kaya gáling (Babasahin ang kard)
'Mula sa iyong hamak na tagahanga, a'
Ang lintik at may pagkamistryoso pa!

TASING
Atang, marami kang tagahangang naghihintay sa labas!

(Sasabit ni Atang ang sampagita at iiwanan ang magagandang bulaklak)
(Babatiin s'ya ng mga tao, ng humupa na ang mga bumabati sa kaniya ay lumapit si
Amado)

AMADO
Aling Atang, naibigan po ba ninyo ang sampagita?

ATANG

Ay, Ka Amado, kayo pala, kayo po ba si 'A' ang nagbigay ng sampagitanang ito?
Napakabango.

AMADO

Ako po'y hamak ninyong tagahanga.

ATANG

Ay, Ka Amado, ako nga'y huwag ninyong pagbobolahin. Alam po ninyo, Ka Amado, ako po ay tagahanga rin ng iyong isinusulat sa mga pahayagan, lagi po akong nagbabasa ng Mabuhay Extra at Sampaguita Weekly. Pero labis po akong kinakabahan, ang Tiya Pastora ko, sa inyong mga artikulo sa *Ang Masa at Makabayan*

AMADO

Ang akin naman pong isinusulat doon ay mga katotohanan lamang na nagaganap sa ating kapaligiran. Sabihin po ninyo sa kaniyang bahagi ng ating pag-unlad ang mga artikulong kaniyang nababasa.

ATANG

Gustong-gusto ko ang iyong 'Panata sa Kalayaan,' madalas kong marinig sa mga pagtitipon ng mga manggagawa kapag binabaybay ko ang plaza ng Maynila.

AMADO

Mayroon po kaming nakatakdang balagtasang sa Tondo, maaari po ba naming kayong maimbita upang magbigay ng ilang awitin.

ATANG

Aba, malaking karangalan po iyan sa akin, lalo't kayo po ay naroroon.
(magkakatinginan)

SCENE 4: SA TAHANAN NINA ATANG

(Bababa ng sasakyan sina Atang at Tasing sa jeep ni Amado)
(Makikita nila Tiya Pastora sina Atang at Tasing)

ATANG

Mano po, Tiya Pastora.

PASTORA

Sino ang lalaking iyon? Bakit doon ka nakasakay? Nasaan ang tsuper mo?

ATANG

Ay, si Amado po iyon, Tiya Pastora. Isa po siyang manunulat sa mga pahayagan. Ininterbyu po ako ukol sa aking sarsuwelang *Dalagang Bukid*. E, si Estong po ay naplatan ng gulong kaya pumayag na po kaming ihatid ni Tasing.

TASING

Oo nga ho, Tiya Pastora, at mabait naman po sila... He-he-he!

PASTORA

Hindi maganda sa babae ang basta-basta na lamang sumasama sa mga lalaking hindi naman ninyo kilala!

(Mula sa labas ng bahay ay papasok si Leon, ang asawa ni Pastora)

LEON

O, Atang, pumasok na kayo sa loob at baka mahamugan pa kayo diyan. Ang tatlo mong kapatid ay kanina ka pa hinihintay. Tila nananabik sa kuwento ng inyong naging ensayo.

(Hindi kumikilos si Atang)

TASING

(Malakas) Oo nga po, Mang Leon. Marahil po sa susunod na linggo ay maiimprenta na ng diyaryo ang interbyu kay Atang kaya pihadong sikat na naman ang iyong pamangkin.

PASTORA

Tasing, babaan mo nga ang boses mo. Madilim na, baka magising pa ang mga kapitbahay sa lakas ng boses mo! At ikaw Atang, tigilan mo ang pakikipagmabutihan sa kung sino-sinong lalaki. May inaalagaan tayong pangalan. Ha, umakyat na kayo doon at nakahanda na ang hapunan.

(Papasok ng bahay sila Atang)

LEON

Pastora, ganap nang dalaga ang pamangkin mo. May sapat na s'yang pag-iisip.

PASTORA

Iningatan ko lamang ang bata. Nakita mo naman, Leon, noong nagtatanghal iyang si Atang sa Lucena, sino ang tagasundo n'yan? Si Don Manuel Quezon pa. Aba'y malalaking tao ang nakakadaupang palad ng pamangkin ko, Leon. Kaya dapat lang na maisip niya na may pagkakataon siyang pumili ng mataba-tabang isda.

LEON

E, mukha namang may sinasabi din yung lalaking naghatid sa kaniya, a.

PASTORA

Kilala ko ang manunulat na iyon, si Amado Hernandez. Ay naku, napakakritikal ng taong iyon. Walang magiging magandang buhay ang taong iyon dahil masyadong matalas kung magsulat sa mga pahayagan.

LEON

E, bakit? Ano bang katangiang ibig mong maging kaibigan ng pamangkin mo?

PASTORA

Ang pamangkin ko ay tila kristal na nagniningning, Leon. Kaya ang ibig ko'y makilala ang pamilya ng makakagustuhan ni Atang, sapat na iyon.

LEON

Kilala nga. Kung hindi naman mahal ng pamangkin mo, e di wala rin. Alam mo pastora, laos na 'yang kristal-kristal na 'yan. Wala nang pamilyang kristal ngayon.

PASTORA

E, ano tingin mo sa pamilya natin? Banga?

LEON

Banga? Banga! Ha-ha-ha

AWIT NI PASTORA AT LEON

LEON

*Kristal at banga, mayaman at wala, Jesus!
Baka may makarinig, nakakahiya
Aanhin ng pamangkin mo ang mayaman
Kung magiging miserable ang samahan*

*Hindi naman mahihirap lamang ang gumagamit ng banga
Kaya hindi maaaring ihalintulad ang kristal sa banga
Dahil may sariling gamit ang na kapaki-pakinabang ang banga
Kaysa kristal na iyong binabangga*

PASTORA

*Hindi ko minamaliit sisidlan ng tubig mong banga
Ang ipinipilit ko lamang, maningning na talinghaga*

*Ibig ko ang mayamang lalaking sasandigan
Ng pamangkin kong mahal na mahal.*

LEON

*Maraming napapahamak sa gan'yang usapan
Hindi kinakailangang makialam sa mga kapalaran
Pag-ibig ang nakataya sa iyong winiwika
Maraming lumuluha sa gan'yang nilaga*

(Darating si Don Martin)

MARTIN

Hey, what's up! Para kayong nagku-quarelling

PASTORA

Good evening, Don Martin.

LEON

Nagkakabiruan lang ho...

PASTORA

Aba! At ginagabi yata kayo, Don Martin?

MARTIN

I just came from my meeting sa Malacañang lang naman, how's everyone here?

LEON

Mabuti naman po.

PASTORA

Halika po muna kayo sa loob at maghapunan.

MARTIN

Is Atang here?

(Sasagutin sana ni Pastora nang mauna si Leon)

LEON

Eh, nakahiga na po e, mukhang napagod sa ensayo.

MARTIN

Yah? Why, is she doing another sarsuwela?

PASTORA

Oho, at ang ganda ng titulo, Dalagang Bukid.

MARTIN

(Pabulong) maganda ba yun? Parang malansa!

PASTORA

What did you say, Don Martin?

MARTIN

I said, I will buy many tickets.

LEON

Talaga! Eh, matutuwa ang Teatro Zornilla n'yan.

MARTIN

Oh, yah.. country maiden? Sounds nice!

PASTORA

Naku, Don Martin, si Atang ay nakatakdang gumawa ng sunod-sunod na mga produksiyon at mukhang matutuloy ang labas sa telebisyon ng bata.

MARTIN

She deserves it! Baka p'wede akong makapareha. Alam mo e, nakita mo naman ha, magandang lalaki pa rin naman ako at higit sa lahat kaya kong magpabatang muli. Mura lang yun.

LEON

Ha?

MARTIN

I mean... I want to invite you and Atang to my birthday party on Sunday. Kayo ang aking pangunahing espesyal. Darating lahat ng mga may sinasabing tao. Baka dumating din ang pangulong Garcia.

PASTORA

Ganoon po ba? San po ba gagawin?

MARTIN

Manila Hotel lang naman.

LEON

Hayaan po ninyo at darating kami.

MARTIN

Mabuti kung gayon, kayo ay aking aasahan, ha. I'll go ahead. Make sure Atang will be there, she's my special guest (Lalakad palabas, matatapilok). Aray ko!

PASTORA

Leon, alalayan mo.

(Magpupumilit tumayo, bahagyang aalalayan ni Leon)

MARTIN

No, no. I can manage.

(lalakad)

(Bigla naman papasok si Estong na nagpapagúlong ng gulóng na sirâ at tatamaan si Don Martin, titihaya)

MARTIN

Aray ko! Diyos ko!

(Magkakagulo)

ESTONG

I'm sorry, Sir, I'm sorry...

MARTIN

Bastos kang animal ka!

(Lalabas sina Atang at Tasing. Magtatawanan)

ESTONG

Your blocking my way, Sir!

AWIT NI ESTONG AT DON MARTIN

(Masayang tugtog)

ESTONG

I'm going to your left sir!

MARTIN

That way is not my left, its right!

ESTONG

Ok, ok... whether it's left or right, can I go?

MARTIN

But I want you to put this in your kokote. I'm not an ordinary citizen of this country!

ESTONG

Oh.... I'm not also ordinary, Sir. I am the most handsome driver in the world.

MARTIN

Poor man, can you stop dreaming? And please don't talk English! Your language is not match to your appearance!

ESTONG

Sobra kang manlait! I'm good in English, did you know that?

MARTIN

I'm sorry, I don't understand you, can you dissolve your face in front of me right now!

ESTONG

No! This is my hand!

(Hahampasin ni Martin si Estong. Maghahabulan ang dalawa.)

SCENE 5: KAY GANDANG UMAGA

(Nagwawalis ng bakuran si Tasing nang dumaan ang delivery boy)
(Patakbo)

DELIVERY BOY

Diyaryo!!!!

(Babasahin ni Tasing)

TASING

Ay... Atang...

(Lalabas si Atang kasunod si Estong)

ATANG

O, bakit?

TASING

Naririto ka sa diyaryo!

ATANG

Saan?

(Titingin sa diyaryo, dadalhin sa isang sulok)
(Magkakaasarilinan naman sina Tasing at Estong)

ESTONG

Good morning, Tasing.

TASING

Bakit ba ikaw, Estong, napakahilig mong mag-ingles?

ESTONG

Hindi naman, talagang English speaking ako.

TASING

Hambog! D'yan ka na nga!

ESTONG

Saglit lang, Tasing. Lagi na lang mainit ang ulo mo.

TASING

E, ikaw kasi, e. Napakayabang mo. Kung sila Tiya Pastora nga e di nag-i-Ingles, ikaw pa!

ESTONG

I'm different, my Love.

TASING

Stop me, Estong!

ESTONG

Anong stop me?

TASING

Tigilan mo 'ko.

ESTONG

'Wag ka nang magalit sa 'kin. I'm just trying to be like Don Martin.

TASING

E, ba't mo naman ginagaya 'yong matandang yun? Akala n'ya siguro mapapaibig n'ya si
Atang sa pag-i-lingles n'ya.

ESTONG

Why, are you not fallen with my English?

TASING

Hoy estong, para sabihin ko sa 'yo, walang magbabago sa itsura mo sa kai-Ingles mo!

ESTONG

Tasing naman, you don't understand! Sa lengguwahe na lang kami magpapatay ni Don
Martin.

TASING

Pati sa utak magkapantay kayo! Yaman din lamang na ayaw mo kong tigilan, ikaw na
magpatuloy ng pagwawalis ko!

(Darating ang kartero)

KARTERO

Sulat para kay Atang dela Rama!
(Magmamadaling tutunguhin ni Atang ang kartero)

ATANG

Sa akin po.

KARTERO

Pakilagdaan na lang po ito. (Notebook)

SCENE 6: MANILA HOTEL PARTY

*May isang dalagang nagsalok ng tubig,
Kinis ng ganda niya'y tulad sa nilalik.
Ano at padaka'y bigla nang sumapit
Ang isang binatang makisig.*

*Wika ng dalaga'y huwag kang magalaw,
Tugon ng binata'y ako'y kaawaan,
Sagot ng babae huwag kang mambuwisit,
Sagot ng lalaki'y ako'y umiibig.*

Ano ang nangyari,
Nabasag ang banga
Pagkat ang lalaki ay napadupilas

Kaya't ang babae,
Naro't umiiyak.
At ang sinasabi ay
Siya'y napahamak.

Ang kinasapitan pagdating ng bahay,
Ano't umiiyak, tanong ng magulang
Sagot ng dalaga, mangyari po, Inang
Ako ay tinakot ng isang aswang.

At nang sabihin kong huwag s'yang magalaw,
Agad na inagaw ang banga kong tangan,
Kaya nga po umuwing walang dakang tubig
At pati ang baro ko'y napuno ng putik.

Ano ang nangyari,
Nabasag ang banga,
Pagkat ang lalaki ay napadupilas.

Kaya't ang babae,
Naro't umiiyak,
At ang sinasabi ay
Siya'y napahamak.

MARTIN
Welcome to my birthday party.

FRIENDS
Happy birthday to you! (Kakanta sila, darating si Amado)
How old are you?

MARTIN
I just turned 30.

(Picture taking, pasok agad ang musika)
KANTA NI AMADO AT ATANG

AMADO

*Dalagang tagalong minsan kang inibig,
Minsan kang umasa't minsan ding nanalig,
Ay iisang bagay na di ko natitik,
Na ang pag-big mo'y dala hanggang langit.*

ATANG

*Ang bawat pagsinta dakila't matimyas,
Ang bawat pag-big na napakawagas,
Parang kaluluwa lamang ng bulaklak,
Patay na paglubog ng isang magdamag.*

ATANG AT AMADO

*Nang nakilala mo ika'y nagtiwala,
Nang hangal sa isang puso,
Kung may tutubos sa hiras mo't luha,
Ay walang iba kundi si Bathala.
Ang bawat pagsinta dakila't matimyas,
Ang bawat pag-big na napakawagas,
Aanhin ang buhay na walang pag-ibig,
Aanhin ang gandang sa luha ay labis?*

KORO

*Tiningala natin s'ya
dahil sa taas ng kan'yang kasiningan,
Naupo tayo at nagpalakas,
Sa lilim ng kan'yang talino,
Tumayo tayo at sumandig,
sa tibay ng kan'yang makabayang prinsipyo.*

*Tiningala natin s'ya
dahil sa taas ng kan'yang kasiningan.
Isa s'ya sa iilang manlilikhang
Naghumindig at nangahas,
Artista ng bayan,
Reyna't hari ng bayan.*

PAGTATAPOS NG ACT 1

⋮

ACT 2

SCENE 1: PAGHAHANDA SA ABROAD

PASTORA

Aba! Kailangan mong maihalayhay nang maayos ang mga damit na sexy ni Atang, Tasing.

TASING

Ay, kay ganda naman nito, Tiya Pastora. Bagay na bagay sa akin.

PASTORA

Pihado kong magniningning ang pamangkin ko sa ayos na 'yan.

ESTONG

E, Ate Pastora, ano po bang gagawin ni Atang doon. Magbe-belly dancer?

TASING

Ulol ka talaga, Estong, kaya ka nasasapak ni Don Martin, e!

LEON

E, bakit naman 'yan ang damit na ipapabáon mo kay Atang pastora. Alam mo namang napakalamig sa Amerika.

ESTONG

Oo nga, baka mapulmonya pa si Atang n'yan.

PASTORA

E, hindi naman n'ya 'yan isusuot sa labas. Isusuot n'ya lamang 'yan 'pag maglalabas na s'ya. Gan'yan ang nakikita kong damit ni Greta Garbo sa mga larawan.

ESTONG

Ganda!

TASING

Naku, naglaway na naman si Estong.

PASTORA

Oy, kayong dalawa e lumabas muna.

(Papasok si Atang)

ATANG

Tiyo Leon, maliwanag ang usapan natin sa espresaryo sa Amerika aawit ako ng isang klasikong Ingles, isang opera, na ang isusuot ko ay ternong baro't saya, damit Filipina, at hindi ako magsusuot ng damit ng Amerikano. Ang mga awiting kundiman ay mas marami sa aking *repertoire* para marinig nila ang awiting Filipina.

LEON

Iyan nga ba ang sinasabi ko, e. Ito kasing tiyahin mo, napakatigas ng ulo. Sinabi ko nang hindi mo kailangan ng damit na pang sexy na 'yan. Iyan ang pinandidirihan mo sa iyong kontrata na magdadamit Filipina ka.

PASTORA

E, hindi ko kasi naintindihan ang usapan ninyo, e.

ATANG

Tiya Pastora, 'yan ang dahilan ng pagpayag kong makapagtanghal sa ibang bansa, ang maiparinig sa ibang nasyon na ang Filipinas ay may magagandang awitin at may magagandang kasuotan. Kaya hindi natin kailangang magpagawa ng mga damit na kita ang kaluluwa.

PASTORA

Sayang naman ang damit na ipinagawa ko para sa 'yo.

ATANG

Hindi ho masasayang 'yan. Tingnan n'yo, o.

TASING

(Papasok suot ang isang damit) Nakakahiya naman 'to.

SCENE 2: EKSENA NG TRANSPORMASYON

ATANG

(Kakanta ng "Bituing Marikit")

AMADO

Sa paghihimsik, ang kolonyalismo'y nang minsa'y malansag
Sa dugo ng bayan, ang pagkakapantay-pantay ay ipinanganak;
Ngunit di naglaon, yaon ding gahama't palalong sosyedad
Nagbalatkayong kontra-rebulusyon, sa trono'y umakyat;
Tayo-tayo mismo'y muling itinindig—isang oligarkiya ng salapi't poder ng limandaang
pamilya Samantalang sa publiko'y "bayan muna" gayong sila ang sanhi rin ng eskribas-
pariseos na sa krus ng Golgota'y napako si Juan de la Cruz.

TASING

Iyan ang tunay na lalaki, matapang.

ESTONG

Napakalalim ng kan'yang Tagalong. I don't understand.

PASTORA

Talagang napakatalim ng dila ng lalaking 'yan.

TSISMOSA 1

Chow.

TSISMOSA 2

Eskalera.

BERTO

Ipagtanggol ang lahing manggagawa!

TAUMBAYAN

Ipagtanggol!

ATANG

(Kakanta, "Nasaan Ka Irog")

AMADO

Ito ba ang demokrasyang pangarap ng mga Filipino? Free enterprise ang islogan at simbolo lahat Malaya raw: libreng edukasyon, industriya, negosyo, walang tanikala ang laya ng mga tao, malaya rin pati kanibalismo.

MARTIN

Kanibalismo, kanibalismo, hindi ako kanibal.

BERTO

Walang demokrasya habang ang gobyerno'y lungga ng kawatan, walang demokrasya nang hindi kakambal ang hustisya sosyal!

SUNDALO

We have to do something to catch him in the act.

ATANG

(Kakanta, "Mutya ng Pasig")

Nasa labas ng bakod ang kawawang tao: magsasakang walang bukid at ang ani'y hindi kan'ya na ang tanging lupang ari'y ang putik ng kan'yang paa, marusing na mukha't braso ng sensateng layak sa kalsada.

TASING

Naku, Kuya Amad, baka mapahamak ka n'yan.

PASTORA

Hindi malayong bilangguan ang hinahanap ng mga gan'yang uri!

LEON

Pastora, ang bunganga mo!

MARTIN

You! You must do something! This is a rebellion!

ESTONG

No, no Don Martin... This is what you called democracy!

BERTO

Walang demokrasya habang ang gobyerno'y lungga ng kawatan, walang demokrasya nang hindi kakambal ang hustisya sosyal.

TASING

Susmaryosep, Berto, 'wag ka nang makisangkot!

ESTONG

Oh my goodness! I'm jealous!

ATANG

Amado, baka kung anong mangyari sayo!

AMADO

Wag kang mag-alala, ibinubulalas ko lamang ang wasto.

ATANG

Wag sanang maging hadlang ang mga bagay na 'yan sa ating pamahalaan.

AMADO

Ang lahat ay may koneksiyon, dapat matuwid ang lahat.

MARTIN
Arrest him!

SUNDALO
Mr. Hernandez, you are under arrest.

SCENE 3: KASALAN

KORO

*Magandang wakas ng pag-ibig,
Kasalan sa altar tutuwid,
Sumpaang ng dalawang puso,
Sa adhikain sa bayan ay punô.*

*Ay, kaygandang kasaysayan,
Magkaibang mundo ay nagyayakap (2x),
Lupa at langit ay naglalapit,
Upang pagbigyan ang pag-ibig.*

*Magandang wakas ng pag-ibig,
Kasalan sa altar tutuwid,
Sumpaang ng dalawang puso,
Sa adhikain sa bayan ay puno.*

*Ay, kaygandang kasaysayan,
Magkaibang mundo ay nagyayakap (2x),
Lupa at langit ay naglalapit,
Upang pagbigyan ang pag-ibig.*

(Ikakasal ang dalawa sa huwes)

SCENE 4: DIGMAAN SA KALABANG HAPON
(Maririnig sa iba't ibang panig ang bomba ng Hapon)

SCENE 5: MAMUMUNDOK SI AMADO

ATANG

Umuugong na tulad ng putok ng kulog
Na masasagupa ang kawal at ang Huk
Huling pagtutuos...
Kung baga sa bulkan, ang apoy sa loob
Magsasambulat na natipong poot

KORO

At kapuwa naghanda na taglay ang init,
Ng bayaning puso at bakal na bisig,
Buong mag-uusig
Sa huling tagumpay ng kanilang panig,
Baluti ng giting at ng pananalig.

AMADO

Pinasok ang gubat, sinuyod ang iláng.
Inakyat ang bundok, parang ginaygay;
Walang alingawngaw,
Anino at usok na hindi sinundan—
May pasiya ng leong pumatay–mamamatay

KORO

Labimpitong araw ang luksang nalibing,
Labimpitong gabing naglambong ng dilim
Pati ang bituin.
Subalit sa kawal at Huk na salarin,
Di pa nagkukrus ang daláng patalim.

Sa wakas nagtagpo ang krus at kawal
Magkayakap ngayong kapuwa mamamatay;
Tumangis ang buwan
Sa huling sandali ay nagkakilanlan
Sila’y magkapatid na magkahiwalay.

(Maglalabanan, matatalo ang Hapon)
(lalaya ang pilipinas)

SCENE 6: MALAYA NA SA MGA HAPON

AMADO

Atang!

ATANG

Akala ko’y hindi na darating ang sandaling ito.

AMADO

Ang pagmamahal ko sa iyo’y hindi kaylanman mapaglalayo ng anumang hinagpis.

ATANG

Aliw ng buhay ko’y ikaw,

Pag-asa kang tumatanglaw
Sa aking pangungulila
Na batbat ng kahirapan.

Irog kong ako'y nasawi,
Dini sa paghihiganti
Ang pagsinta ko'y sa iyo'y
Taglay ko hanggang langit.

AMADO

Sa ubod ng puso ko'y may nagagalak na kundiman,
Awit ng pag-ibig na walang pagmamaliw kailanman;
Kay tamis bigkasin ng pangalan mo o aking Atang,
Reyna ka ng puso ko't mga awiting kundiman, aking hirang.

ATANG

Malaya na ang bayan, irog ko.

AMADO

Huwag tayong pakasiguro. May bagong kalaban. May bagong mananakop.

ATANG

Ang mga Amerikano? Wala na ang mga Amerikano.

AMADO

Ang mga lintang Filipino! Na masahol pa sa mga Amerikano.

ATANG

Ngunit di ako nawawalan ng pag-asa na balang araw ay makakamit din natin ang tunay
na kalayaan.

AMADO

Sana nga...
Sana nga...
(Magyayakapan)

KORO

May mga artistang hindi lumuwag man lamang,
Sa kapit ng ugat sa inang lupa (2x);
May mga manlilikhang patuloy na gumagawa
Ng dula, awit, sayaw, at k'wentong
May basbas ng anito at halimuyak ng Diwata.

KORO

May mga artistang hindi lumuwag man lamang
Sa kapit ng ugat sa inang lupa (2x);
May mga manlilikhang patuloy na gumagawa
Ng dula, awit, sayaw, at k'wentong
May basbas ng anito at halimuyak ng Diwata.

Isa si Atang sa punong ito,
Hindi nagpadaig sa ibang kultura;
Isa s'ya sa iilang manlilikhang
Naghumindig at nangahas;
Artista ng bayan,
Reyna't hari ng bayan

WAKAS

Manong Gerry

(BUHAY AT PELIKULA ni Gerardo De Leon)



ni **Sonny J. Cristobal**

2002

MGA TAUHAN:

NOLI ME TANGERE

Maria Clara - Editha Vital

Crisostomo Ibarra - Eduardo del Mar

Tenyente Guevarra

Elias - Leopoldo Salcedo

Estudyante - Robert Arevalo

Padre Salvi - Johny Maniego

Gob. Heneral

Sisa - Lina Carinio

SHOOTING

Gerry De Leon

Camera man - Justo

Clapper

Make-up artist - Renny

Set Designer - Botong

Caterer - El

Lights - Gilbert

PRESENT

Basil

Cris

Mommy

Jose

Pilosopo Tasyo

Ang entablado ay nababalot ng malaking puting telon. May film at slide projector na nakaasinta sa harap ng tanghalan.

Film Cut: **Pahina Aklat ni Rizal... Ballroom Party ---**
“Nakahanda na po ang pagkain... “

Prologue: Sa Labas ng Sinehan

Ay... Bakit naputol? Ano kaya ang nangyari?
(papasok ang BATA-2)

BATA 2 - CRIS

Basil, maganda itong bago kong torotot (binibilot ang film at akmang ginagawang torotot)

BATA 1 - BASIL

Oy, ano 'yang ginagawa mo?

BATA 2 - CRIS

Torotot. Ganyan ang mga bata ngayon...dapat maging maparaan. 'pag walang pambili ng torotot e di gumawa ng torotot.

BATA 1 - BASIL

E negative ng pelikula 'yan e.

BATA 2 - CRIS

Napanood mo na naman to e. At saka baduy na 'to ngayon. Halika. Tingnan mo, black and white pa. Parang hayan o, parang mga Kastila pang pari ang nandito.

BATA 1- BASIL

Naku, ito yata yung kasunod nung naputol na pelikulang gusto kong tapusin e. Akin na nga 'yan. (sisilipin) Naku! Patay, kaya pala wala nang ganitong pelikula, ginawa mo nang torotot!

BATA 2 - CRIS

E, ano ba 'yan?

BATA 1- BASIL

Noli Me Tangere 'to ano. Buwisit ka, ayusin mo ngayon 'yan. Bahala ka. Wala ka kasing sining sa katawan mo!

BATA 2 - CRIS

E, bakit mo sinira?

BATA 1- BASIL

Wala ka kasing sining sa katawan mo.

BATA 2- CRIS

Naku, e papa ano 'to?

BATA 1- BASIL

Halika itapat natin sa ilaw.

BATA 2- CRIS

Ano ba 'yan? Sa Pilipinas kaya ito kuha?

BATA 1- BASIL

Oo naman, panahon pa 'yan ng Kastila.

BATA 2- CRIS

Ito'ng film?

BATA 1- BASIL

Hindi, ang kuwento.

BATA 2- CRIS

Sino ba ang gumawa n'yang pelikulang 'yan.. si Rizal?

BATA 1 – BASIL

Tange mo talaga. Di pa uso Pelikula nun! Tignan mo dun sa simula o...(ilalagay sa dulo ang film)... Ge rar do de Leon... Gerardo De Leon pala!

BATA 2 – CRIS

Kilala mo?

BATA 1 – BASIL

(akmang babatukan) He-he-he e pa'no ko makilala e patay na yun, mabuti pa tanong natin sa Lola baka siya kilala n'ya.

BATA 2 – CRIS

Tara tanong natin sa lola.

CUT 2: Ballroom.... “Adios, Don Santiago”- Ten. Guevarra

Shooting 1: Tenyente Guevarra- Ibarra

(magsisimula ang shooting galing sa mahabang biyahe ang mga artista, staff & crew, maingay at magulo ang eksena)

GERRY

O handa na ang tauhan ng produksiyon, kailangan ko sa scene na ito si tenyente Gueverra at Ibarra. O Justo, ihanda na ang kamera. Tignan mo yung angulo, o Remy, yung make-up. O Baldo, Film ID tayo.

BALDO

Opo

GERRY

Lights

GILBERT

Ready na po manong!

GERRY

Camera

JUSTO

Rolling

BALDO

Noli me Tangere... Scene 3.. Take 1!

GERRY

Action!

***** (TENYENTE- IBARRA Scene)**

Habang naglalakad sa daang Sacrista

TENYENTE

Binata, mag-iingat kayo! Matuto kayo sa karanasan ng inyong ama!

IBARRA

Masasabi ba ninyo sa akin kung ano ang kanyang naging palad?

TENYENTE

Ang iyong ama ay namatay sa bilangguan.

IBARRA

Ang aking ama... sa bilangguan... napiit sa bilangguan? Maaari po ba ninyong sabihin sa aking kung bakit siya nabilanggo?

TENYENTE

Malabis ko pong ipinagtataka ang hindi pagkabalita sa inyo ng nangyari sa inyong pamilya.

IBARRA

Isang liham lamang po ang aking natanggap buhat pa noong nakaraang taon, ang sinasabi ng aking ama'y huwag akong mag-aalala sa kanilang kalagayan.

TENYENTE

Ang inyong ama'y siyang pinakamayaman sa lalawigan. Bagama't siya'y mahal at iginagalang ng marami, may mga napopoot. Kaming mga Kastilang naparito sa Pilipinas, sa kasamaang-palad ay di nag-asal nang marapat. Sinasabi ko ito, di lamang sa nauukol sa isa ninyong mga nunong lalaki, kundi gayon din naman sa mga kaaway ng inyong ama. Ang walang lubay na pagbabago-bago, ang pagkawalang disiplina sa matataas na likmuan ng Pamahalaan, ang mga pagtatangkilikan, ang kamurahan at kalapitan ng paglalayag, siyang naging sanhi ng lahat. Dumarating dito ang mga taong wala nang kabuluhan sa Espanya. Kung naparito ang isang Kastilang mabuti, hindi magtatagal at pinasasama ng bayan na rin. Sa dahilang ito, ang inyong ama'y nagkaroon ng dimabilang na kaaway na mga kura at Kastila.

IBARRA

Naging mabuti sa kanilang lahat ang aking ama.

TENYENTE

Makaraan pa ang ilang buwan, matapos ninyong lisanin ang Pilipinas, ay nagsimula na ang mga samaan ng loob ng inyong ama at ni Padre Damaso, si Don Rafael ay pinararatangan ni Padre Damaso ng pagkakasalang di pangungumpisal. Mula sa pulpito ay tinukoy ni Padre Damaso ang bintang na ito sa inyong ama...di lumaon ay isinangkot siya sa isang gulo at nabilanggo. Dumami pa ang mga sakdal laban sa kanya ng mga sinungaling ... pangangamkam ng malaking mga lupain, pakikipag-alam sa mga tulisan. Ikinuha ko ng pinakamahusay sa tagapagtanggol ang inyong ama at siya'y binigyan ng laya. Subalit siya'y kaagad binawian ng buhay.

IBARRA

Hindi ko akalaing magagawa ito ni Padre Damaso sa kanyang matalik na kaibigan.

CUT 3: Simbahan Scene – Halik ni Ibarra Kay Maria Clara

Shooting 2: Sa Asotea

Magbubukas ang tanghalan na tila naghahalikan sina Crisostomo at Maria Clara.

MARIA CLARA

Ako ba'y lagi mong naaalala? Hindi mo ba ako nalimot sa iyong maraming paglalakbay?

CRISOSTOMO

Maaari ba kitang malimot? Maaari ba akong magkulang sa isang sumpa, sa isang banal na sumpa? Naaalala mo pa ba ang gabing yaon, ang gabing yaong maunos, na ikaw'y lumapit sa akin pagkakita mong ako'y nag-iisang tumatangis sa piling ng bangkay ng aking ina?

MARIA CLARA

Nawalan ka ng ina, ako'y di nagkaroon ng ina kailanman.

CRISOSTOMO

Minamahal mo ang aking ina, ikaw'y minamahal niyang parang tunay na anak. O kung buhay lamang ang aking mga magulang at ikaw'y aking mamahalin, kita'y paliligayahin, maging anuman ang kapalarang loobin sa akin ng langit. Ngayon pinagtitibay ko sa iyong muli ang sumpang ito. Ngayon, ako ba'y di mo nagunita?

MARIA CLARA

Ako'y di nakapaglalakbay na gaya mo, wala akong kilala kundi ang iyong bayan, ang Maynila at ang Antipolo. Ngunit ng ako'y magpaaalam sa iyo at pumasok sa beateryo ay lagi kitang nagugunita at hindi kita nilimot kahit ipinag-utos sa akin ng kumpesor na limutin kita, at ako'y pinarusahan niya ng mabigat. (akmang maghahalikan ang dalawa.)

GERRY

Cut! Lagyan n'yo naman ng pagnanasa ang halikan n'yo!

MARIA CLARA

Direk, baka magalit po ang lola ko.

GERRY

Hindi, naman kailangan, totohanin ninyo ang halik. Kailangang mangusap ang inyong mata, na waring nagnanasa kayong magkalapit ang inyong labi.

MARIA CLARA

Direk, puwede po bang iba na lang halikan niya.

EDMUND

Manong, ako na lang!
(tawanan)

GERRY

Hindi puwede, e di nahalata na dinadaya natin ang pelikula. Ang ibig ko sana ay maging makatotohanan ang bawat eksena sa pelikula.

IBARRA

E, direk, ngayon pa lang po ako makakahalik eh!

GERRY

Tara nga dito, ispin mo lang na siya ang babaeng iyong pinakaasam.

IBARRA

Ready na ko, Direk.

GERRY

O sige, take na 'yan.

MARIA

Direk, di magagalit ang Lola ko ha?!

JUSTO

(Camera Man)

Manong Gerry... Medyo madilim. (Sisilip si Gerry)

GERRY

Huwag kang matakot sa dilim. Kayong mga artista, gamitan n'yo ang mga madilim na bahagi sa inyong katawan... dagdagan ninyo ng damdamin.

Narration 1:

ALLAN

Si Manong Gerry talaga! Alam n'yo, sa bayang nilarawan ng Pelikula ni De Leon ang larawan ng kalungkutan ng mukha ng lipunan at ang kasalukuyang estado ng bayan sa kamay ng dayuhan. Naging tapat ang direktor sa pusong laman ng nobela ni Rizal. Nasa dapithapon na ng panahon ng pananatili ng mga Kastila sa Pilipinas ng pasimulan ang kasaysayan ng nobela. Mapapansing sa unang salbo pa lamang ng Pelikula ay tila malala na ang alitang namamagitan sa dalawang puwersa ng lipunan. Ang simbahan at ang pamahalaan. Ang simbahan na sunisimbolo ni Padre Damaso at ang Pamahalaang sinisimbolo ni Tenyente Guevarra.

Ang damdaming dapat lamanin ng dibdib ng manood ay naihanda ng Pelikula ni De Leon sa pamamagitan ng paglalapat ng mga tunog na tuluyang mapapansin sa buong pagtatanghal.

BALDO

Noli Me Tangere, Scene 5, Take 1.

GERRY

Action.

GERRY

Cut! Good Take o paki-ready na yung gamit for next scene.

Narration 1:

ALLAN

Si Manong Gerry talga! Alam n'yo, sa bayang nilarawan ng Pelikula ni De Leon ang larawan ng kalungkutan ng mukha ng lipunan at kasalukuyang estado ng bayan sa kamay ng dayuhan. Naging tapat ang direktor sa pusong laman ng nobela ni Rizal. Nasa dapithapon na ng panahon ng pananatili ng mga Kastila sa Pilipinas ng pasimulan ang kasaysayan ng nobela. Mapapansing sa unang salbo pa lamang ng Pelikula ay tila malala na ang alitang namamagitan sa dalawang pwersa ng lipunan. Ang simbahan at ang pamahalaan. Ang simbahan na sunisimbolo ni Padre Damaso at ang Pamahalaang sinisimbolo ni Tenyente Guevarra.

Ang damdaming dapat lamanin ng dibdib ng manood ay naihanda ng Pelikula ni De Leon sa pamamagitan ng paglalapat ng mga tunog na tuluyang mapapansin sa buong pagtatanghal.

CUT 5: Pumunta si Tasyo sa simbahan... pagpasok ni Ibarra sa pinto.

GERRY

Cut! Good take!

Paki-ready na ang mga artista paki-check n'yo ang mga make-up, iayos na ang mga gamit. (tuloy ang pagbibigay ng instruction sa lahat ng pahina upang bigyan daan ang narration 2)

Narration 2:

GIGI/CEZ MAKE-UP ARTIST

“Huwag mo akong salingin” mula sa ebanghelyo ni San Lucas. Dito hinango ang titulong *Noli Me Tangere*. Ang sakit ng lipuna’y tila kanser na walang gamot. Natatandaan ba ninyo si Crispin at Basilio? Sige nga, tunguhan natin ang naging kapalaran ng pamilya ng kaawa-awang si Sisa. Si Lina Cariño ang tiyahin ni Robin Padilla sa tunay na buhay.

Shooting 3: SISA- PEDRO
(Shooting Starts)

JOSE

Sisa, wala pa ba 'yan, ang tagal-tagal naman ng pagkain.

SISA

O... Jose...

JOSE

Nagugutom na ko... tamang-tama ito (nakahain na) mukhang napakaespesyal yata nito.

SISA

Ako'y binigyan ni Tasio ng tapang baboy-ramo at nagluto ako ng tawilis. Para...

JOSE

May silbi naman pala ang matandang luko-lukong yun.

SISA

Siguradong maiibigan din 'yan ng dalawang anak mo.

JOSE

(lalantakan pa ng hudas ang tapa) bigyan mo 'ko ng tubig! (aabutin naman ng hibang)
(makatapos kumain)
Ako'y bigyan mo ng salapi.

SISA

Ako'y walang pera.

JOSE

Tarantado ka palang talaga. Nagtatrabaho ang mga anak mo, tapos wala akong pera.

SISA

Mamaya ay may uwi siguradong pera ang mga anak mo.

JOSE

Ako'y ipagtira mo ng piso ha. Nasaan ang mga alahas mo kailangan ko ngayon ng pera.

SISA

Jose, para sa pag-aaral ng mga anak natin 'yan.

JOSE

Kailangan ko nga e. (sasapakin si Sisa)
Ako ang pahalagahan mo! (lalabas)

SISA

Jose! Jose! Para sa mga anak natin 'yan! Jose

CUT 6: Kampanaryong--Pagtalon ni Basilio

GERRY

Cut! (Palakpakan) magaling mga bata. (pause)

Narration 3:

ARLON Camera man

Bilang Direktor, isinalang-alang ni De Leon ang damdamin ng isang inang inulila ng asawa, mga anak at ng kanyang kaligayahan. Ang Bulacan na siyang Lalawigan ni De Leon na itinuring niyang inang lupa ay di niya nalimot sa kanyang malikhaing pag-iisip. Mapapansing ang ilang eksena sa simbhan ay kuha ni De Leon sa Sta. Isabel, sa San Rafael naman ay may kuwento ang matatanda, dito daw tunay na naganap ang eksena ni Crispin at Basilio, sa katunayan may bakas pa nga ng dugo ni Crispin na makikita dito ayon sa pagsasaliksik dito halaw ang kasaysayan ni Sisa. Samantalang ang talinghaga ng paglapastangan ni Padre Damaso sa Ina ni Maria Clara ay naganap naman sa Obando. Maging ito man ay talinghaga o may bahid ng katotohanan, nakakatuwang isipin na ang isang Bulakenyong tulad ni Gerardo de Leon ay naging bahagi ng kanyang imahinasyon ang kanyang sariling Lalawigan, upang sapat na mailarawan ang kanyang makatotohanang likhang sining.

SHOOTING 4: Paghahanap ni Sisa sa Anak

GERRY

O paki-ready na si Sisa, Maria, Ibarra, at Padre Salvi. Ito yung paghahanap ni Sisa at mapagtatanungan niya sila Maria Ibarra at Padre Salvi. Check yung make-up Remy, Justo, dito mo dukutin yung anggulo. Film ID.

BALDO

Opo

GERRY

Lights

GILBERT
Camera

JUSTO
Rolling

BALDO
Noli Me Tangere... Scene 9...Take 1!

GERRY
Action!

SISA
Crispin! Basilio! Mawawalang-galang na nga ito na nga ho. Nakita n'yo po bang dalawa kong anak.

MARIA
Baka naman po naglalaro lang sa tabing-ilog.

SISA
Salamat po. Basilio, Crispin, naku magdadapithapon na nasa'n na kaya ang mga bata. (mahuhuli ng pasok si Padre Salvi) Ay Padre Salvi, mano po. Nakita n'yo po ang mga anak ko?

SALVI
E amo..

GERRY
Cut, Johny, bilisan mo ang pasok kailangang di mawala sa paningin mo sila Maria at Ibarra.

SALVI
Pasensiya na po, bibilisan ko na lang po mamaya.

GERRY
Sisa, nakalimutan mo pa ang linya mo, Crispin at Basilio na lang.
(Tawanan sa set)

SISA
Ulit na lang po, Manong.

GERRY

O, ulitin natin mula sa pagpasok ni Sisa.

BALDO

Opo

GERRY

Lights

GILBERT

Ready na po, Manong!

GERRY

Camera

JUSTO

Rolling.

BALDO

Noli Me Tangere... Scene 9... Take 2!

GERRY

Action!

SISA

Crispin! Basilio! Mawalang-galang na nga ho, nakita n'yo po ba ang dalawa kong anak?

MARIA

Baka naman po naglalaro lang sa tabing-ilog.

(biglang papasok si Padre Salvi at naunahan pa sila Maria at Ibarra.)

GERRY

Cut! Ano ginagawa mo, Johny? (tawanan) Pare, niloloko mo ba ako? Ang sabi ko bilisan mo. Huwag mong unahan! (Pabiro) nagsasayang ka ng film.

PADRE SALVI

Pasensiya na po, Manong. Ulitin na lang po uli natin. Papaluwalan ko na lang po yung Film. Nakakahiya naman kay Justo.

GERRY

O, sige, ulitin na lang natin. Justo, dito mo dukutin ang anggulo, Baldo!

BALDO
Opo

GERRY
Lights

GILBERT
Ready na po, Manong!

GERRY
Camera

JUSTO
Rolling

BALDO
Noli Me Tangere... Scene 9.. Take #!

SISA
Nakita ba ninyo ang mga anak ko? Crispin... Basilio..

MARIA
Hindi po, baka naglalaro lang d'yan sa tabing-ilog.

SISA
Crispin! Basilio! Nasaaan na kaya ang mga anak ko, naku, magdadapithapon na nasaan
kaya ang mga anak ko?
Padre, nakita n'yo po ang mga anak ko?

PADRE SALVI
Ano ang pakialam ko sa mga anak mo?
Ni hindi ko nga narinig na tumunog ang kampana ng simbahan.
Hanapin mo sa tabing-ilog baka nandyan lang iyon.
Teka muna, nakita mo ba kung nasaan nagpunta sina Maria at Ibarra?

SISA
Crispin

GERRY
Cut! Sisa! Wala ka na sa kamera.
(hahalughugin sa mga manonood ang mga anak)

Cut 7: Dagat Party ... pagtaas ng buwaya

Shooting 5: Tasyo-Ibarra Scene ****

GERRY

Cut! Good take, O ihanda na eksena ni Tasyo, Botong may idagdag ka pa ba sa set.

BOTONG

Wala na po manong.

GERRY

O, nasaan na si Tasyo.

GERRY

Tasyo... nagsesepilyo ka na ba? Baka himatayin si Ibarra.
Para ma-project ang inyong galing ng sabay, tatanaw kayo ng sabay sa kamera.. pero
iwasan ninyong magkapalit ng laway walang kissing to.. ayos ba? (tatango lang na
nangingiti)

GERRY

O Justo, kailangan magkasama sila sa Frame. Wag mo silang paghihiwalayin.

JUSTO

E, Manong, wag n'yo po silang paghiwalayin para magkasama sila Frame.

GERRY

E, bat marunong ka pa sa akin. Dito ka puwesto para mapagsama mo sila sa isang Frame.
O, Baldo Film ID tayo.

BALDO

Opo

GERRY

Liaghts

GILBERT

Ready na po, Manong !

GERRY

Camera

JUSTO
Rolling! (Pagalit)

GERRY
Galit ka ba, Justo?

JUSTO
Hindi po!

GERRY
Lights

GILBERT
Ready na po.

GERRY
Camera

JUSTO
Rolling

BALDO
Noli Me Tangere... Scene 11... Take 1!

IBARRA
Ibig ko po kayong makausap tungkol sa isang mahalagang bagay kahapon ng hapon.
Dinakip po ba nila ang sawimpalad na iyon?

TASYO
Sino si Elias? Pakana lamang iyon ng paraluman ng alperes. Hindi n'yo kasi
inaanyayahan sa kasiyahan ninyo, kaya nang malasing ay ipinag-utos sa alperes na
manggulo.

IBARRA
(Napangiti lamang) (may dudukutin sa bulsang plano) Nang buhay pa ang aking ama
ay laging sumasangguni sa inyo ukol sa ilang sulirinan at naaalala kong sila'y laging
napapanuto dahil sa inyong mga payo. Ako po ngayo'y may isang panukala na ibig kong
magtagumpay. Ibig ko pong magpatayo ng isang paaralan. Ang nasa ko po ay payuhan
ninyo ako kung sino sa bayang ito ang aking lalapitan.

TASYO

Ang panagarap n'yong iyan ay isa ring pangarap ko. Pangarap ng isang baliw. Ngayon ang maipapayo ko sa iyo ay huwag ninyo akong hihingan ng payo kailan man. Sapagkat ang mga taong matitino ay magpapalagay po sa inyong kayo ay baliw rin. Ang mga taong ito'y naniniwalang baliw ang may ibang isipin kaysa kanila, kaya ako'y ipinalalagay nilang gayon. Ito'y ipinagpapasalamat ko pagkat sa araw na ituring nila akong matino, sa aba ko! Maaalisan na ako ng kaunting Kalayaan, pinagbayaran ko ng karangalan ng aking pagkamatining tao. Sa ganang kanila ay matalino ang kapitan bagama't wala itong pinag-aralan kundi ang magdulot ng sikulate at magtiis ng mga kabugnutan ni Padre ni Damaso, siya ngayo'y mayaman na. Ngunit ako na nagmana ng kayamanan, pagsaalang-alang ng kapuwa, nag-aral at ngayon po'y mahirap, ay di man lamang pinagkatiwalaan ng kahit hamak na tungkulin, at ang lahat ay nagsasabing 'iya'y isang baliw! Iya'y di marunong mamuhay! Tinatawag akong Pilosopo ng kura bilang paglibak sa'kin. Ang ibig niyang ipakita ay isa akong matabil na mapagparangalan ng natutuhan ko sa loob ng pamantasan, gayong ang totoo'y siya'y lalong hindi mapakinabanagan. Marahil nga po'y ako'y tunay na baliw at sila ay matino.

Ang ikalawang maipapayo ko sa inyo ay sumangguni kayo sa kura, sa Kapitan, at sa lahat ng maykaya, sa tungkulin at sa kayamanan.

IBARRA

Mabuti ang inyong payo ngunit mahirap sundin. Hindi ko po kayang maipagpatuloy ang aking plano nang walang ibang sukat pagsandigan... ako po'y di maalalahanin, ni naniniwalang mapanganib ang buhay sa Pilipinas. Inaakala kong may kalabisan naman ang inyong pangamba, ang inaakala kong maitutuloy ko ang aking hanagarin nang walang malaking sagabal.

TASYO

Opo, kung kayo'y tutulongan nila; hindi kung kayo'y pagkakaitan ng kanilang lakas. Lahat ng pagsisikap ninyo'y malalansag sa pader ng kumbento sa isang pagpapagalaw lamang ng sintas ng prayle o pagpaspas ng kanyang abito.

IBARRA

Di po ako naniniwala diyan sa sinasabi ninyong lakas o kapangyarihan. Ipagpalagay mang iyan ay totoo ay panig naman sa akin ang bayan at ang pamahalaan.

TASYO

Ang pamahalaan ay hindi nangangarap magkaroon ng isang matatag na hinaharap; siya'y bisig lamang at ang ulo ay kumbento.

IBARRA

O.. iyan po ay malabis na palagay.

TASYO

Ang baya'y di dumadaing sapagkat siya'y piping tagasunod, hindi makasunod pagkat ito'y hinihimlay.

IBARRA

Ako po'y naparito upang humihingi ng payo at hindi para makipagtaló. Nabanggit po ninyong kailanagn kong yumukod ng ulo sa mga malakihoteng diyos-diyosan..

TASYO

Opo, at aking inuulit, sapagkat dito sa atin ang kailanga'y magyukod ng ulo.

IBARRA

Magyukod ng ulo? Bakit?

TASYO

Sapagkat ang lupang ibig ninyong pagtamnan ng paaralan ay nasa kapangyarihan ng inyong kaaway.

Cut 8: Banda ----- Prusisyon (Tapos na ang Misa)

GERRY

Di ko gusto ang ginawa mong anggulo sa pulubi.
Dapat kinunan mo ang mukha ng pulubi.

JUSTO

Di n'yo naman sinabi e.
Saka ang panget po ng itsura ng pulubi.

GERRY

Kailanagn ko pa bang sabihin yun,
At yun ang gusto kong makita sa pelikula, na lahat ng karakter sa *Noli* ay mahalaga at may sinisimbolo.

JUSTO

Ayusin ko na lang po.

GERRY

Dapat!

GERRY

O, kailanagan ko sa eksenang ito sila Padre Salvi sa simbahan. O, Poldo, dito ka pumuwesto sa likod ng poste, dito ko ipakikilala si Elias. O, medyo pumunta kayo sa bandang likod para makita kayo ng camera o Johnny dun ka maging.

GERRY

Guwapo 'tong batang to a!

Wag, kang naglalapit dun sa starlet na si Estella.. magiging karanasan ka. Pagbutihan mo, bata.

Narration 4:

RUSSELL

Sa kaisipan ng estudyante nagmula ang kaisipan ng paglaya ng bayan. Iyan ang malaking paniniwala ng dakilang si Rizal. Ang kabataan ang siyang pag-asa ng bayan.

Shooting 6: Estudyante-Ibarra

IBARRA

Mukhang matatagalan ang pari.

ESTUDYANTE/ LEON

Ginoong Ibarra, patawarin ako ng D'yos at ako'y kinasasawaan nang pumasok dito sa simbahan.

IBARRA

Kapistahan ngayon ng San Diego. Dapat lamang na tayong lahat ay magsimba.

ESTUDYANTE

Pero kung maaari lamang ay tanggalin na ang sermon. 'Yan pa namang si Padre Salvi ay napakatagal magsermon. Ibig pa ay isinasara ang mga pinto ng simbahan kapag oras na ng kanyang sermon.

IBARRA

Si Padre Damaso ang magsesermon ngayon. Kaya mas mahaba at puno ng galit.

ESTUDYANTE

Kaya iwasan mong makita ka. (Tatawa)

IBARRA

Kilalang-kilala mo sila a. Iyan ba ang natutuhan ng kababayan ko sa ibang bayan?

ESTUDYANTE

Mapalad ang tulad nating mga Filipino na nakapag-aral sa ibang lupain, lumawak ang ating pag-iisip. Pero kung iisipin ay may desbentaha din. Nakita natin ang ating karapatan at ang kaapihan.

IBARRA

Ang ating bayan ay nangangailanagn ng tulong natin upang makalampas sa pagkalugaming ito. Sa sususnod na araw ay may pagpupulong akong nakatakda sa Kapitan Heneral. Pipilitin kong makipagkasundo at ayusin ang lahat.

ESTUDYANTE

Kukunin nating mga Filipino ang pamumuno ng ating bansa sa pamamagitan ng pakikipag-usap? Wala yatang ganung nasususlat sa kahit anong kasaysayan ng kahit isang bansa, Ginoo.

IBARRA

Ang Kapitan Heneral ay may malalim na pag-iisip at may makataong damdamin, hindi nang katulad sa mga kura.

ESTUDYANTE

Kastila pa rin siya. Mananatili pa rin ang kanyang interes.
(daraan si Padre Salvi)

MGA TAO

Mano po Padre.
(hindi magbibigay-pugay ang dalawa)

PADRE SALVI

Isara na ang pinto ng simbahan... napakainit tuloy dito... parang impiyerno!

IBARRA

Marahil ay magsisimula na ang misa.

PADRE SALVI

Si Padre Damaso ang magmimisa. Habang kayo'y naghihintay ay mangungumpisal ng kasalanan ang mga makasalanan! (aalis)

ESTUDYANTE

Siya ang dapat na mangungumpisal. Maraming pagkakasala sa mga tao ang mga paring iyan.

IBARRA

Sumama ka sa aking pagharap sa Kapitan Heneral. Inaasahan kong makatutulong ang iyong kaisipan sa kalayaan nitong ating bayan.

(Magkakalembang, hudyat ng pasimulan ng misa)

Narration 5:

RUSSELL

Ang lahat ng tao ay dapat na ituring na katoliko at kung hindi ay ituturing na mga bandido. Ang matahimik na simbahan ay isang pinakamakapangyarihang lugar sa Pilipinas. Pansinin ang *irony* ng eksena ng kabanata na pinamagatang “Ang Sermon.” Ang matahimik na simbahan ay pilit na pinaingay at pinabigat ang damdamin ng isang punong nag-anyong Diyos na si Padre Damaso, ang sermon ni Padre Damaso. Ang karanasang ito na ipinadama ng nobela ni Rizal ay ipinamalas ng pelikula ni de Leon. Ang mag-echo na likhang tunog, ang madilim na mainit na simbahan na masasaksihan at madarama.

CUT 9: Pagsimula ng Misa... sermon.. Bulong ni Elias

Narration 6:

TUPHER

Hindi sa eksenang ito unang ipinakilala si Elias. Mapapansing dahan-dahang ipinakilala ng may-akda ang katauhan ni Elias at binigyan ng komplemento ng marahang paglalantad ni De Leon ang katauhang ito bilang tagapagligtas ng bidang si Crisostomo. Ang misteryong silip ng ilaw sa mga tagpo ni Elias ay nagpadagdag ng pangamba sa mga nangagsisimpatyang manonood.

CUT 10: Banda--Stone Laying**Narration 7:**

KURA

Hindi naman maitatwa ang pagtangkad ng galit ni Crisostomo Ibarra. Nang kaharapin n’ya ang mapang-insultong si Padre Damaso. Ang madramang tagpong ito ay binigyan ni De Leon ng kakaibang anggulong makatutulong upang magmukhang kabilang na saksi ang manonood sa galit na ibinubulalas.

CUT 11: Pananghalian—sinunggaban ni Ibarra si Padre Damaso...

GERRY

Cut! Justo, Sumunod ka ba? Di mo ba nakikita na wala na sila sa frame muntik ang mawala sa frame ni Padre Damaso.

JUSTO

Direk, yun ang itinuro mo sa aking anggulo saka masyado silang makilos.

GERRY

Aba't sinisisi mo pa yung mga artista. Baka gusto mong palitan kita at umuwi ka na nang mas maaga.

JUSTO

Pasensiya na po, ayusin ko na lang po uli.

GERRY

(papunta sa Stage) nasaan na si Padre Damaso.

JOHNY

Nandoon po at naglalagay ng yelo.

TENYENTE

Namamaga ang mata.

GERRY

Mukhang tinotoo mo ang suntok kay Damaso, o nasaan na si Heneral, tagal naman n'yan kanina pa 'yan nagme-make-up, magdadalawang oras na.

HENERAL

Nakahanda na po, Manong. Take na po tayo.

GERRY

Paalala ko lang, bukas ang gusto ko ay dumating lahat sa oras. Sa Bulacan ang location... sa Santa Isabel. O, heneral, nakahanda ka na ba?

HENERAL

Opo

GERRY

O sige, pack up tayo.

ACT II ARRIVAL AT SA STA. ISABEL

Narration 8:

ALLAN

Tunay na malikhaing dugo ang nananalaytay sa pagkatao ni De Leon. Ang kanyang amang si Hermogenes Ilagan ay direktor ng mga Sarsuwelang Tagalog at ang kanya namang ina na si Casiana De Leon ay isang mang-aawit. Ginamit ni Gerry ang apelyido ng kanyang ina bilang “screen name” dahil karamihan ng mga Ilaga’ng kamag-anak nito ay tanyag na sa industriya noong siya’y magsimulang maglaan ng panahon sa paglikha ng pelikula.

CUT 12: Pagdating ni kapitan Heneral... pagdating ni Ibarra.

Shooting 7: Ibarra – Kapitan Heneral *****

KAP. HENERAL

(Together with the Screen without volume)

Lubhang nasisisyahan ako, Ginoong Ibarra, sa pakikiramay sa inyo ngayon.

GERRY

Cut! Heneral... iparamdam mong lalaking-lalaki ka... wag akong pahalatang shonki !
Bagsikan mo!

HENERAL

Opo (bading na tono)

GERRY

O... hoooo.. lalaki dapat.. matigas!

BALDO

Scene 7, take 15

GERRY

Action!

KAP. HENERAL

Lubhang nasisisyahan ako, Ginoong Ibarra, sa pakikiramay sa inyo ngayon. Itulot ninyong kayo’y tanggapin ko ng buong kapalagayang loob. Dinaramdam ko ang inyong pag-aalinlangan sa akin, inaakala kong sadyang di ninyo inaasahan ang mabuti kong pagtanggap o pagkukulang ng tiwala sa aking katarungan!

IBARRA

Ang isa pong malabis na pagtanggap, ginoo, sa isang maliit na gaya kong sakop ng Hari ng Espanya ay di katarungan kundi utang na loob.

KAP. HENERAL

Mabuti. Mag-usap tayo sumandali ng buong kapalagayang-loob. Lubos po akong nasisiyahan sa inyong ginawa, kaya't akin nang itinagubulin sa pamahalaan ng Makapangyarihang hari na kayo'y parangalan dahil sa makatulong na panukala ninyong pagpapayao ng bahay-paaralan. Kung sumulat kayo sa akin ay malugod sana akong dumalo sa pagdiriwang at kaipala'y nakatulong upang maiwasan ang nangyaring gulo.

IBARRA

Ang panukala ko pong naisagawa ay walang gaanong halaga. Kaya'y hindi ko inakalang abalahin ang inyong kamahalan sa marami ninyong gawain. Bukod dito'y ang minabuti ko po ay ipaalam ang itinuring na panukala sa Alkalde ng lalawigan, pagkat ito'y tungkulin ko.

KAP. HENERAL

Bagay sa pagkakaalit ninyo ni Padre Damaso ay huwag kayong mabahala ni magtanim. Hindi kayo maaano samantalang ako ang namamahala sa Pilipinas. Hinggil naman sa excomunion ay bahala na akong makipag-usap sa Arsobispo, sapagkat ang marapat ay makibigay tayo sa mga pangyayari. Maiba ako, may nagbalita sa aking ikaw daw ay galing ng Europa... napunta ka ba sa Madrid?

IBARRA

Opo, mga ilang buwan.

KAP. HENERAL

May nabalitaan ka ba tungkol sa aking pamilya?

IBARRA

Kaaalis pa lamang ninyo doon ng ako'y magkaroon ng pagkakataong makilala ang inyong pamilya.

Ako po'y galing ng Espanya, anang umuwi dito. At kami pong mga Filipino ay alam naming itinagubilin sa inyong kapangyarihan ng hari ng Espanya.

KAP. HENERAL

Ikinalulugod ko ang ganyang pag-iisip. Pagpaumanhin kung ang ilang mga Kastilang naririto ay hindi naging kalugod-lugod para sa inyo. Subalit ako din naman ay may kahinaan. Hindi lahat ng pangyayari dito ay nababatid ko, kung walang magsasabi sa akin ay wala akong mababatid. Ginoo, ako'y pabalik na sa Europa, may maipalilingkod ba ako sa iyo?

May kailangan ba kayo sa akin?

IBARRA

Ang pinakamarubdob ko pong nais ay ang kaligayahan ng aking bayan, kaligayahang nasà kong maging utang sa Inang Espanya at sa pagsisikap ng aking mga kababayan, silang dalawa, ang Espanya at Pilipinas, ay matibay na bukluran ng magkaisang pagtitinginan at hangarin, sa hinihingi ko po ay walang ibang makapagdulot maliban sa Pamahalaan matapos ang mahabang panahong pagsisikap at mga tumpak na pagbabago.

KAP. HENERAL

Kayo ang unang lalaking nakausap ko sa lupaing ito!

IBARRA

Ang nakita po inyong kamahalan ay ang mga namumuhayan lamang sa loob ng lungsod, hindi ninyo nadalaw ang kaalipustahang kubo naming mga bayan, dapat sana'y nadalaw ninyo doon ang mga tunay na lalaki.

KAPITAN HENERAL

Ginoong Ibarra, ang inyong kaisipa'y hindi nababagay dito. Ako po'y aalis na sa isang buwan, maaaring ihanda ninyo ang inyong maleta ay sumama na sa Europa.

IBARRA

Hindi malilimot habambuhay ang kabutihan ninyo kamahalan.

CUT 13: Maria Clara, Singing Ave. Maria

(papasok si Sisang habang kumakanta sa screen)

SISA

Basilio ! Crispin!

GUWARDIYA 1

Hayun, ang babae hulihin, 'yan!

GUWARDIYA 2

Tama, hulihin 'yan, nanggugulo sa kalye!

Shooting 8: Ibarra at Elias sa Bangka

GERRY

Mahusay, Justo. Kahit iisa lamang itong ating kamera ay ipakikita nating makahulugan ang bawat galaw nito, makahulugan din ang komposisyon o nilalamon ng buong frame.

JUSTO

Pero, matrabaho, Manong Gerry.

GERRY

Minsan lamang natin gagwin ito Tasyo, dapat na hindi natin katamaran ang bawat ikot ng kamera. Tandaan mo, bawat frame ay mahalaga.

JUSTO

(Pabulong) Napakabusisi nitong...

GERRY

May binubulong ka ba?

JUSTO

Wala po. Take na!

Scene of Ibarra at Elias sa Bangka ****

Sa pampang ng lawa, naghihintay ang mga excomulgado at bangka na lulan si Elias.

ESTUDYANTE

(May kasamang mga magsasaka)

Ginoong Ibarra ... nagkita na naman tayo.

IBARRA

Nasisiguro mo bang ika'y hindi mapapahamak sa ginagawa mong'yan?

ESTUDYANTE

Bakit?

IBARRA

Ako'y isang excomulgado.

ESTUDYANTE

Huwag po kayong mag-aalala...kami po ay excomulgado na rin.

(magtatawanan ang mga magsasaka)

IBARRA

(pabiro) Bakit inundayan mo din ba ang kura?

ESTUDYANTE

Hindi pa, sinabayan ko ng sermon sa labas ng simbahan ang sermon ni Padre Damaso.
Kaya heto, isa na rin akong excomulgado.

ELIAS

Ipagpatawad po ninyo, ginoo, ang pakikipagtipan ko sa inyo ngayon. Sila ang sawimpalad. Tulad ko... at tulad na rin ninyo.

ESTUDYANTE

Makabubuting pumalaot na kayo. Maiwan na po kayo, Ginoong Ibarra. Hinahangad mo naming kayo'y aming makasama.
(sa bangka)

ELIAS

Kayo po'y ibig naming isama.

IBARRA

Ipagsasama n'yo ako.

ELIAS

Sana'y makasama ka namin sa pagpapalaya nitong ating bayan.

IBARRA

Ano ang ibig sabihin?

ELIAS

Ibig ng mga lalaking maging puno kayong mga tulisan.
(mag-iisip si Ibarra)

IBARRA

Kung gayo'y hinahangad nilang...

ELIAS

Ang ganap na pagbabago. Paglaban, ukol sa mga kawal na sandatahan, sa mga pare.
Kailangan maglapat ng katarungan.

IBARRA

Katarungan? Pagbabago? sa anong paraan?

ELIAS

Paggalang pa sa karangalan ng tao at kapanatagan sa pamayanan.

IBARRA

Hindi ko po matatanggap. Di ko po alam kung sino kayo, alam kong ang inyong isip ay hindi katulad ng sa iba. Maunawaan ninyo ako kung sasabihin kong ang kasalukuyang kalagan ng mga bagay-bagay dito sa atin ay di wasto. Ngunit lalo pang sasama kung babaguhin. Maaaring mapakilos ko ang aking mga kaibigan sa Madrid, na babayaran ang kanilang kapaguran.
(nagitla si Elias)

ELIAS

Magtataksil kayo sa inyong sarili kung makikipagdayaan kayo sa mga taong 'yan. Naniniwala ba kayong kailangang gumawa ng masama upang makagawa ng mabuti?

IBARRA

Hindi po. At hindi ako naniniwala sa isang marahas na pamamaraan, kaya ...

ELIAS

Masamang manggagamot ang isang walang sinisikap kundi lapatan lamang ng lunas ang mga tanda sa sakit. Ang mga kababayan nating mahuling walang sedula ay itinatali at pinahihirapan kahit siya ay kilalang marangal at tahimik.

IBARRA

Sang-ayon po akong may kabuktutan.

ELIAS

Buhat ng itatag ang Guardia Civil, halos lahat ng masamang loob ay naging salarin dahil sa kagutuman, isang pagkakamali ay pinarurusahan ng walang pakundangan. Ang pagkatakot na matinding pahirap ay nagtataboy sa kanila sa kagubatan at nag-uutos na sila'y pumatay o mamatay.

IBARRA

Ginugulo ninyo ang aking pag-iisip.

ELIAS

Iniibig ko ang bayan tulad ng pag-ibig ninyo sa kanya. Maaari po kaya ginoo na di ninyo nahuhulo ang pangangailangan ng pagbabago, kayo na ang mga kasawian ng inyong pamilya...?. nalilimot ko po ang aking sarili.
(Umiiyak)

IBARRA

Hindi ko po suklat akalaing mayroon kayong ganyang napakaabang palagay ukol sa pamahalaan at sa bayan. Ano pinagmumulan ng iyong galit.

ELIAS

(Ang aking nuno ay nasawi. Sa malulupit na palad ng matataas na uri.)
 Ang akin pong ninunong lalaki ay naninirahan sa Maynila bilang tenedor de libro sa bahay ng isang manganagalakal na Kastila. (nuno ko ay may-asawa at sa may isang anak na lalaki.) Isang gabi ay nasunog ang bahay-kalakalan at pinagbintangan ang aking nuno. Sa harap ng publiko pinapalo ito at iginapos. Pagkatapos ay pinakaladkad sa kabayo. Nalumpo ang aking nuno. Ang asawa nito ay napilitang magbenta ng aliw. (Ang babae) ay nanirahan sa kabundukan...nagdalang-tao ito subalit naging sugatin ang bata at namatay... nagbigti ang nuno kong lalaki at ibinintang ito sa kanyang asawa na noo'y buntis na naman.. nabilanggo ito at pagkatapos na manganak ay "pinalo" (Lumayo ang babae sa lalawigan kasama ang kanyang dalawang anak). Lumaki ang unang anak na si Balat at naging tulisan, nadakip si Balat. Nawala ang ina. Hinanap ito ng bunso at nakita ang matanda na duguan ang mga daliri sa pagkayod sa lupa at dilat ang mga matang nakatingin sa itaas. Sa itaas ng puno ay nakabitin ang pugot na ulo ni Balat. Tumakas ang binata at namuhay sa Tayabas umibig sa isang anak ng mayaman. Nang matuklasan ng magulang ng babae ang katauhan ng lalaki ay ipinabilanggo ito, ang babae ay namatay ng manganak ng kambal. Nakamana ang makapatid, nag-aral ang batang lalaki sa Ateneo at ang babae ay sa La Concordia. Pinagmalupitan nila ang matandang alila sa kanilang tahanan hanggang sa mamatay. Natuklasan ng kambal na ito pala ang kanilang ama. Nagpakalunod ang batang babae at ang lalaki ay kaharap ninyo po ngayon. (ngawa-ngawa)

IBARRA

Elias, huminahon ka. Ikinalulungkot ko po ang inyong masamang karanasan.

Cut 14: Ibarra's Story

Narration:**CAMERA MAN**

Bagama't hindi kasing high-tech ang gamit ni De Leon kompara sa gamit ng ating mga film makaer ngayon, nailarawan niya ang mga ilusyong makatutulong upang maipadama sa manunood ang kabuuan ng kanyang mensahe sa bawat pagkakataon. Buo niyang naipapahayag sa kanyang mamamayan ang larawan na mapagpapakontento sa malikhaing pag-iisip ng kanyang manunood.

GERRY

O, ano ang kasunod nating eksena?

BALDO

Ito po yung may sakit na si Maria Clara.

GERRY

O, sige ihanda na si Maria at Padre Salvi. O, kabesado n'yo na ba ang mga linya n'yo? O, Pareng Johnny, dito ka manggagaling, tapos, tumayo ka dito. O, Justo, dito mo dukutin ang eksena. O, Baldo, take na!

(Habang nag-aayos ng set, may pumasok na bata na magpapapirma sa artista)

BALDO

Opo

GERRY

Lights!

GILBERT

Ready na po, Manong!

GERRY

Camera

JUSTO

Rolling

BALDO

Noli Me Tangere... Scene 30... take 1

GERRY

Action

CUT 15: Pagdating ni Ibarra-Salvi lalapit kay Maria Clara

Shooting 9: Sa Silid ni Maria Clara

PADRE SALVI

(sa sarili lamang) Wala ka bang pakiramdam, Maria Clara! Hindi mo ba naririnig ang aking isip...nagagalit ang aking dibdib sa katipan mong si Ibarra ... Dapat s'yang mawala sa ating landas. Gagawin ko ito alang-alang sa aking panibugho... sa akin ka lang, Maria Clara.

MARIA CLARA

(Tapos nang magrosaryo) Sa ngalan ng Ama at ng Anak, ng Espiritu Santo, Amen. Padre Salvi, ako po ay tapos nang magrosaryo.

PADRE SALVI

Maria, kinakailangan mong mangumpisal upang mawala ang iyong karamdamang sanhi ng iyong mga kasalanan. Ang tao, kapag maraming pagkakasala ay parurusahan ng D'yos. Kaya halika at ikumpisal mo sa'kin ang iyong mga kasalanan... di ba ang katipan mong si Ibarra ay may liham sa iyo at iyon ay tungkol sa galit n'ya sa aming mga pareng Kastila. Sumagot ka! Kaya hindi gumaling-galing ang iyong sakit ay dahil sa may itinatatago kang lihim. Magsalita ka, Maria...mayroon ba?

MARIA CLARA

Padre...(iiyak) may... mayroon po... ang kaisa-isang liham na aking pinag-iingatan. Subalit hindi ko maiibigang ibigay iyon sa inyo, sukdulang ako'y masawi.

PADRE SALVI

(bahagyang mangingiti) Ganun ba? Ako ko rin ay may ilang lihim na naitatago...Tungkol sa inyong ina?

MARIA CLARA

Ha! Tungkol sa aking ina... (iiyak) ang ina ko po ay malaon nang namayapa, ni hindi ko nga naaninag ang kanyang katauhan. Dapat ko po bang malaman ang lihim na iyon?

PADRE SALVI

Para sa ikapapanatag ng iyong kaluluwa. Dalawang liham ng iyong ina kay Padre Damaso.

MARIA CLARA

O, Poon...Inang Del Carmen....(magkukrus)

PADRE SALVI

Naririto ang liham, Maria... (tatawa) kapalit ng liham ni Ibarra...

MARIA CLARA

Kasalanan ang gagawin ko... May sumpa akong hindi ko iwawaglit sa aking puso ang liham ni Crisostomo. Magkakasala ako.

PADRE SALVI

Ayaw mo ng katahimikan ng iyong kaluluwa. Sa dalawang liham na ito makikilala mo kung sino ka!

Shooting Concludes. Gerry discusses... ***

ALLAN

Isang matalas na direktor si Manong Gerry. Masipag, mapaghamon at kaibig-ibig. Taong 1961 nang gawin ni Gerardo de Leon ang pelikulang *Noli Me Tangere*. Isa lamang kamera ang ginamit niya noon sa bawat pelikulang ginawa. Ang pagiging malikhain lamang ang nagsalba sa pelikulang ito upang maipakita ang isang uri ng pelikulang kapana-panabik ang bawat tagpo. Bawat ikot ng kamera ay makahulugan, bawat anggulo ay matalinghaga. Iyan ang katangian ng pelikula ni de Leon.

Shooting 10: Babala ni Elias

IBARRA

A, kayo ba Elias? Naisip ko kayo. Nalimutan ko kahapong itanong sa inyo ang panagalan ng Kastilang yaong ang bahay na kinatitirikan ng inyong nunong lalaki.

ELIAS

Ginoo, ang sadya ko ay hindi ang tungkol sa akin, kundi...

IBARRA

Tingnan ninyo... nakagawa ako ng isang mahalagang pagkakatuklas, ang kawayang ito ay hindi nasunog.

ELIAS

Ginoo, (hindi po pagsubok sa kawayang dapat nating pag-usapan ngayon). Ang kailangan po ay 'yang pagtitipon at pagliligpit ng inyong mga kasukalan at pagkatapos ay tumakas kayo agad.

(matitigilan si Ibarra)

Sunugin po ninyo ang lahat ng maaaring makapanganyaya sa inyo, sa loob ng isang oras ay kailangang makarating kayo sa isang lunang ligtas sa panganib.

IBARRA

Bakit?

ELIAS

Sinupin po ninyo ang lahat ng inyong mahahalagang bagay...

IBARRA

At bakit nga?

ELIAS

Sunugin ninyo ang lahat ng kasulatang sinulat ninyo o ipinadala sa inyo. Ang lalaong walang-saysay ay maaaring bigyan ng masamang kahulugan.

IBARRA

Ngunit, bakit po?

ELIAS

Hindi ko na po nakuhang siyasatin ang pangalan ng maybalak. Di pa po naluluwat ang ako'y nakipag-usap sa isa sa mga sawimpalad na sadyang binayaran upang isagawa ang pag-aalsa at wala akong nagawa upang mapigil sila sa gayong tangka.

IBARRA

At hindi ba nabanggit sa inyo ng nakausap na iyan kung sino ang nagbabayad sa kaniya?

ELIAS

Kayo daw ang may balak.

IBARRA

D'yos ko!

ELIAS

Ginoo, huwag na kayong mag-alinlangan, huwag na kayong magsayang pa ng panahon, pagkat ang pagsala ay maaaring magsiklab sa gabing ito. Ginoo, iligtas na ninyo ang inyong sarili.

IBARRA

(pabulong) May naghihintay sa akin ngayong gabi.

ELIAS

Sa alinmang bayan, sa Maynila, sa bahay po ng isang may kapangyarihan, ngunit kailangan sa ibang pook upang huwag masabi na kayo ang namumuno sa kilusan.

IBARRA

At kung ako na rin ang magsuplong sa pag-aalsa?

ELIAS

Ipalalagay kayong taksil ng mga magsisilusob, at duwag naman sa paningin ng iba. Sasabihing nag-umang kayo ng silo upang mahuli sila at iya'y sa kapakanan ninyo, sasabihing....

IBARRA

Ngunit ano po ang aking gagawin?

ELIAS

Sirain ang lahat ng kasulatang may kinalaman sa inyong pagkatao. Tumakas kayo at maghintay sa mga pangyayari.

IBARRA

At si Maria Clara? Hindi, kailangang mamatay na muna.

ELIAS

Gayon pa man, ilagan man lamang ninyo ang dagok. Humanda sa gagawin sakaling kayo ay maparatangan nila.

IBARRA

Kung gayo'y tulongan ninyo ako, kaibigan, diyan sa mga karpetang iyan ay natatago ang mga sulat ng aking pamilya. Ibukod ninyo ang sulat ng aking ama na siyang malapit makapang-anyaya sa akin. Basahin ninyo ang lagda.
(magbabasa si Elias)

ELIAS

Nakilala ba ng inyong pamilya si Don Pedro Eibarramendia?

IBARRA

Mangyari pa! siya po'y aking nuno sa tuhod.

ELIAS

Inyong nuno sa tuhod si Don Pedro Eibarramendia?

IBARRA

Opo! Pinaikli namin ang apelyido.

ELIAS

Baskonggado ba siya?

IBARRA

Baskonggado nga, ngunit ano ang nangyayari sa inyo? Kilala ba ninyo kung sino si Don Eibarramendia? (susuntukin dapat si Elias sa noo) Bakit?

ELIAS

Si Don Eibarramendia ay siyang imbing nagbintang at umupasala sa aking nunong lalaki at naging dahilan ng lahat naming kasawiaampalad. Aking pinaghahanap ang

kanyang apelyido at kayo ang itinuro sa akin ng Diyos. Ipagsulit ninyo ngayon sa akina ang lahat naming kasawiampalad! ... tingnan ninyo akong mabuti, tingnan ninyo kung ako nga'y nagtiis samantalang kayo'y nabubuhay, umiibig, may kayamanan, tahanan, pinagpipitaganan –nabubuhay! Nabubuhay! (na franing)

Ano ang gagawin ko?
(exit ang bangag na si Elias)

CUT 16: Paghuli kay Ibarra... Kampanaryo

GERRY

Justo, baka akala mo natutuwa ako sa mga anggulo mo? Aba, kung tinatamad kang kunan ang eksena nang mahusay, hindi kita kailangan dito.

JUSTO

Ginagawa ko naman ang sinasabi n'yo e!

GERRY

Ginagawa mo nga e di naman tama!

JUSTO

O, sige, manong, buti pa nga, puro ako na lang ang nakikita n'yo. Wala na akong ginawang tama.

BALDO

Wag ka nang sumagot

GERRY

O, sige, paghandain n'yo na ang mga artista, o bakit walang kumikilos sa inyo. Bilisan n'yo ang kilos! Tinatamad ba kayo? Hindi tayo makagagawa ng Pelikulang maganda kung ganyan kayong mag-isip! Ilipat ninyo ang ilaw sa kaliwa.
(mauupo)

Lita (caterer).. bigyan n'yo ng kape si Gilbert.. baka nagugutom lamang.

Si El, tingnan mo nga mga make-up, parang mga bangkay!

San ka ba huling nagtrabaho, sa Funeraria Paz?

O... kumain na muna ang lahat ... eksaktong 5:00 ay sasabayan natin ang paglubog ng araw.

Narration:

GIGI/CEZ

Iyan si Direk Gerry, lahat ay pinakikialaman, walang nakalulusot na katamaran, mabusisi at matiyaga. Isang Medical Doctor ang Bulakenyong si Gerry De Leon. Kaya naman naging makatotohanan ang kanyang mga eksenang nalikha kapag may kaugnayang ang eksena na pananakit ng katawan at paggagamutan. Una niyang idinirehe ang pelikulang Bahay Kubo noong 1938 kung saan lumabas sa musical na pelikulang ito si Feli Vallejo na kanyang napangasawa. Madaling makilala ang pelikula ni De Leon. Ang lahat ng ito'y nagtataglay ng mataas na uri ng pagsasanib ng mga sensibilidad, kahinhinan, kabalikan-kahulugan, at kasiglahan. Ang Banaue at Juan Dela Cruz ay ilan pa sa mga huling pelikulang nalikha ni De Leon bago ito napagkalooban ng karangalan bilang Pambansang Alagads ng Sining noong 1982.

CUT 17: Pagpatay sa Sakristan

Shooting 11: SA KULUNGAN

(Shooting starts)...

ESTUDYANTE

Ginoong Ibarra, gumising ka. May kalatas na inabot sa akin ang dalaw kong kasintahan mula kay Elias. Naririto....

IBARRA

May kakayahan ba tayong gawin ang lahat ng ito.

ESTUDYANTE

Iyan din ang naiisip kong magandang paraan.

IBARRA

Lalala lamang ang pangyayari.

ESTUDYANTE

Ginoo, mabubulok lamang tayo dito. Sa ating pagtakas dito ay magkakaroon ng bagong pag-asa, Ginoong Ibarra.

IBARRA

Kung gayon ay magsipaghanda tayo sa magaganap.

ESTUDYANTE

Bukas ay magbabago ang hihip ng hangin. Makalalaya rin ang bayang ito.

IBARRA

Ginoo, ilan pa kaya sa mga kababayan natin ang daranas ng ganitong pagkatimawa.

ESTUDYANTE

Malapit na Don Crisostomo, malapit na. Basa dapithapon na ang pananagumpay ng mga Kastila.
(darating si Elias)

CUT:18 Pagligtas kay Ibarra ... Anchor Scene... pagdating sa Asotea

Segue to...

Shooting 12: Balcony ni Maria Clara nasa tumba-tumba...

IBARRA

Maria

MARIA CLARA

Crisostomo ... salamat at buhay ka. Patawarin mo ako.

IBARRA

Naparito ako upang ibigay sa iyo ang aking pagpapatawad. Ang sulat ko na iniingatan mo ang tanging nagpalugmok sa aking kinalalagyan ngayon. Isa akong takas sa sarili kong bayan.

MARIA CLARA

Crisostomo... ang iyong pagpapatawad ay hindi na kayang tanggapin pa ng aking puso. Wala nang halaga ang buhay ko ngayon. Ang iyong pagkalugmok dahil sa 'sang sulat na iningatan ko ay pinagpalit ko ng dalawang sulat ng pagpilas nitong aking katauhan at ikalawa'y ang aking ina. Ngayo'y papanaw akong tarak na patalim ang aking puso.

IBARRA

Maria, ako'y nahahandang magparaya...ako'y nahahandang magpatawad.

MARIA CLARA

Crisostomo, tatanggapin kaya ng isip at puso mo na ang iyong minamahal ay bunga ng isang pagkakasala? Mapapatawad kaya ng iyong sarili at ng iyong ninuno, kung ang ama ng iniibig mo ay kaaway na buo ng dugo ng lahi mo?

IBARRA

Maria hindi kita maunawaan... sabihin mo sa akin ang katotohanan.. tumingin ka sa aking mata.

MARIA CLARA

Masasabi ko bang ako'y anak ng taong kinasusuklaman mo? Masasabi ko bang siya'y patawarin mo at s'ya ang aking ama?

(yayakapin ni Ibarra si Maria)

Iyan ang laman ng liham, ang katotohanang ako'y anak ng isang pari na naging dahilan ng iyong kasawian. Ang kawawa kong ina. Siya'y biktima ng malaking kasawiang ito.

Buhat ng ako'y ipagbuntis niya... hindi niya ako matanggap.. hindi niya mapatawad ang kanyang sarili hanggang sa dulo ng kanyang hininga. Ngayon, Crisostomo, sabihin mo na ang babaeng iyong minahal sa mahabang panahon ay mahal mo pa sa kabila ng kasawiang ito...

IBARRA

Ikinalulungkot ko ang lahat. (yayakapin)

MARIA CLARA

Ipinagkasundo ako ni Ama na ipakasal kay Linares.

IBARRA

Maria, iniibig kita.

MARIA CLARA

Dalin na lamang natin sa langit ang pagmamahal na 'yan. Ang pakakasalan lamang ni Linares ay ang aking katawang lupa. Subalit ang puso ko ay sa iyo pa rin Crisostomo...

iyang na lamang ang sumpang aking tutupdin.

(papasok si Elias)

ELIAS

Don Crisostomo, sumisikat na ang araw, halika na..

IBARRA

Maria, damhin mo ang aking puso... ako'y lalayo subalit iiwan ko sa iyo ang aking pagmamahal. Iniibig kita. (lalabas)

(ngangawa si Maria Clara)

CUT 19: Pamamangka ni Elias at Ibarra... pagbaril kay Elias

Shooting 13: Sisa – Basilio

(Shooting Starts...)

GERRY

Mahirap din pala ang walang camera man.
Nasaan si Sisa.

SISA

Ready na po ako, Manong.

GERRY

O, yung batang Basilio, ready ka na ba?

BASILIO

Heto po ako, Manong.

GERRY

O, Basilio, pagbutihin mo, pilay ka dito ha. Hinahabol mo yung inang mo.

GERRY

O, take na tayo.

JUSTO

Direk, puwede na po ba ako?

GERRY

Naiintindihan mo na ba ako?

JUSTO

Opo, pasensiya na po kayo at madami lang po akong iniisip, buntis po kasi si misis.

GERRY

Ang problema sa bahay ay wag mong dadalhin sa trabaho.

JUSTO

E, direk puwede po ba kayong Ninong?

GERRY

Oo naman, yun lang pala, o sige, take na tayo.

BALDO

Opo

GERRY

Lights

GILBERT

Ready na po, Manong!

GERRY

Camera

JUSTO

Rolling

BALDO

Noli Me Tangere ... Scene 80.. Take 1!

GERRY

Action

SISA

Crispin... Basilio....

Ha..... ha.... Ha... Nakita ba ninyo ang anak ko? Pagnakita n'yo sila'y sabihin ninyong...
hu... hu.... Hu... narito ang kanilang ina...

BASILIO

Inang, ako ba ang hinahanap n'yo?

SISA

Hindi... hindi ikaw ang anak ko! (tatakbo)

BASILIO

Ina, ako po ang inyong anak, si Basilio po ako.

SISA

Dalawa ang anak ko...hindi naghihiwalay ang dalawang anak ko!

BASILIO

Ina, ako si Basilio!

SISA

Ha-ha-ha... (tatakbo-exit)

CUT 20:

Tatakbo Sisa.. habol, Basilio

Directed by: Gerry de Leon

Epilogue

BATA 1 –BASIL

Ay.... Talaga namang napakagandang kuwento

CRIS

Nakakalungkot naman.

BASIL

Kaya dapat magpasalamat kay Manong Gerry.

CRIS

Bakit? Ano 'yon?

BASIL

Aba, e kung puro pito-pitong movies...

CRIS

Anong pito-pito, iyon ba yung iniinom na tsa.

BASIL

Hindi, iyon yung pelikulang ginagawa sa loob ng pitong araw.

CRIS

Kaya pala pangit ang maraming pelikula ngayon kasi minamadali. E, papaano ba napunta ang ka sila sa Pilipinas?

BASIL

Sino bang teacher mo sa history at patatanggalan ko ng lisensiya na Civil Service?

CRIS

E, si Ms. Dela Cruz.

BASIL

Palagay ko, out of school ka. E, sa English teacher yun, e.

CRIS

English ba yun? Ang ganda ni Maria Clara, 'no! Paglaki mo liligawan ko yun.

BASIL

E, lola na yun paglaki mo.

CRIS

E, di paglolo na ako saka ko liligawan.

BASIL

Patay na siya pag lolo ka na.

MOMMY

Basil, Cris, tawag na kayo ng daddy. Halika na kayo pupunta tayo sa SM.

FINALE SCENE:

Papasok ang lahat ng CAST ng tauhan ng Noli Me Tangere. Maririnig ang Theme music ng Dangal ng Lipi ng Bulacan... papasok si Manong Gerry na naka-gala attire. Kakausapin ang manonood.

BATA 1- BASIL- BASILIO

Paglaki ko gusto kong maging direktor gaya ni Manong Gerry.

BATA 2- CRIS

Ang galing-galing talaga ni Manong Gerry.

PADRE SALVI- JOHNY

Itinataguyod ni Manong Gerry ang makabuluhang pelikulang maipagmamalaki nating mga Filipino.

TENYENTE

Dedikasyon at pagmamahal sa Sining 'yan ang sabi sa akin ni Manong Gerry.

JOSE-TASYO

Isang creative na Direktor si Manong Gerry, walang imposible.

HENERAL

Mananatiling inspirasyon si Manong Gerry sa bawat puso ng mga Filipino.

SISA-REMY

Isang henyo, tunay na kahanga-hanga

ESTUDYANTE-ROBERT AREVALO

Premyadong Direktor, tunay na Bulakenyo.

ELIAS- LEOPOLDO SALCEDO

Ang talas ng isip ni Manong Gerry, ang dahilan ng tagumpay ng kanyang pelikula.

MARIA CLARA-EDITHA VITAL

Isang romantikong direktor si Manong Gerry kaya lahat ng pelikula niya ay may puso.

CAMERAMAN-JUSTO

Si Manong Gerry, estrikto 'yan pag nasa set pero pag nasa labas na, magaling makisama.

REMY-SISA

Yan si Manong Gerry, walang imposible, lahat puwede!

BALDO-CLAPPER

Yan si Manong Gerry, isang tunay na Bulakenyo!

MANONG GERRY****

(mag-iinat) Napakagandang pakiramdam kapag ganitong nakayari ako ng isang trabahong alam kong mahusay.

Maraming bagay ang ibig kong ihandog sa inyong lahat sa pelikulang aking nalikha. Maiwan sa inyong paningin at kaisipan ang bayang hitik sa kayamanang handog ng kasaysayan.

Huwag matakot sa mga pagsubok. Ito ang karanasang itinuro sa atin. Huwag hayaang gupuin ng pagsubok ang mga pagkakataong kaya kalabanan. Ang aking mga pelikula, nilalarawan kayo at ang iyong bayan.

WAKAS

25 Setyembre 2002

Bato sa Buhangin



Ni **Sonny Cristobal**

Agosto 2004

Mga Tauhan:

Ernani
Maestra Maria
Marina
Cely
Sally
Magdalena
Prof. Julio Esteban-Anguita
Prof. Ramon Mendoza
Ka Sinon

SCENE 1: PANAHONG NG DIGMAAN

MAESTRA MARIA

Diyos ko pong mahabagin! Salamat po at hindi kami napahamak ng aking mga anak.
(Lalabas si lolo kasama ang dalawang bata)

LOLO

Mabait pa rin sa atin ang Diyos, Maria.

MAESTRA MARIA

Kinuha na sa amin ng ating Diyos si Felix, kaya ito lamang dalawang anak ko ang aking lakas at pamamahal upang ako ay patuloy na mabuhay.

LOLO

Makakaraos din tayo sa krisis na ito, itong si Ernani at Marina ay lálaking masaya at masaya sa bayan nating masagana, sa bayan nating mapayapa.

MAESTRA MARIA

Dumating nawa ang araw na 'yan.

(Ang awit ng batang si Marina na “Bakit ba tayo isinilang?”)

(Magdadaan ang maghapon sa kanilang tinakbuhang lugar... habang nagsisiga si Maestro Maria ay may maghihisteryang isang ina na may dalawang anak.)

BABAE

Maestro, ang anak ko po ay mataas ang lagnat.

MAESTRA MARIA

(Kakapain ang bata) Mataas nga ang lagnat ng bata... Ernani, kunin mo ang gamot na bigay ng Hapon, madali.

ERNANI

Sandal po, Inay (kukunin ang *leather bag*)... Heto po, 'Nay.

MAESTRA MARIA

(Kukunin ang maliit na botelya at sisilipin ang nakasulat. Pipili ng isa at kukuha ng pang-injection at iineksiyunan ang bata. Iiyak ito)

Marina, kumuha ka ng ikmo...

(Kukuha ng dahon sa basket, ilalagay ito sa noo) Kayong dalawa (sa mga anak), huwag kayong lumapit sa bata at baka kumalat pa ang sakit, tulungan n'yo si Lolo sa labas.

BATA 1

Ernani, dun tayo maglaro sa sapa.

BATA 2

Oo nga, may lalo (balsa) dun.

ERNANI

Halika...

MARINA

Sasama 'ko, Kaka...

BATA1

Hindi na. Kababae mong tao e sumasakay ka ng lalo.

ERNANI

Wag... Oy, Marina, tulungan mo ang lolo sa pamumulot ng kahoy... 'Wag mong sasabihin sa inang na pumunta kami sa sapa, a.

MARINA

Kaka, baka magtagal ka e magagalit si Inang.

BATA 1

Sandali lang kami.

BATA 2

Halika na kayo nang hindi tayo hapunin.

MARINA

Kaka...

ERNANI

Sige, pumunta ka na dun.

(Tuluyang aalis ang tatlo)

(Choreograph ng “Bagong pag-asa”)

MAESTRA MARIA

Maria, Ernani, halika na kayo at kakain na ng hapunan!

Ernani, anong nangyari sa 'yo?

ERNANI

E, nabiyak po ang balsang sinasakyan namin sa sapa...

MAESTRA MARIA

Si Marina?

MARINA

Narito po ako, Inang.

MAESTRA MARIA

Napakalikot n'yo! Halikayo rito, halikayo rito!

ERNANI

Inang, ako lang po at ang mga kaibigan ko ang nagpunta sa sapa. Hindi po kasama si Marina.

MAESTRA MARIA

Buweno, ikaw lang ang makatitikim ng pamalòng ito!
(Papaluin)

Ilang beses ko bang sasabihin sa'yo na mag-iingat kayo (Yayakapin ang dalawang anak)...Mag-iingat kayo... wala na ang inyong ama... ayokong mawala kayo... hindi ko kakayanin, mga anak.

SCENE 2: ANG PIANO, CIELO, FLUTE AT GITARA

FELIX

(Habang tumutugtog ay may mga mahihinang instruksiyon)

Paminsan-minsan (Areglong piyano)

(Sa panaginip ni Ernani ay dumalo sila ng kaniyang Tatang sa isang kasiyahan sa Malolos. May mga bisita at isa dito si Ninang Belen)

MGA TAO

Felix, ang guwapo naman ng batang iyan.

FELIX

Mana sa ama.

NINANG BELEN

Sana ay gaya ng amáng mahusay tumugtog.

FELIX

Aba, mas mahusay sa ama. Sige nga anak, paringgan mo sila.

ERNANI

(Iiling, pabulong) Ayaw ko po.

MGA TAO

Naku, mahiyain pala ang anak ni Felix.

FELIX

Hindi lang sanay sa tao. (Pabulong) Sige na anak, pagbigyan mo na sila. (Susunod naman ang mga bata at tutugtog ng maikling piyesa)

(Magpapalakpakan ang lahat)

MGA TAO

Isa pa... maganda palang tumugtog ang batang ito. Ano ba ang pangalan mo, iho.

ERNANI
Ernani po.

MGA TAO
Tumugtog ka pa... maganda e.

NINANG BELEN
O, nakahanda na pala ang iyong meryenda. Kumain ka na muna. Rean... nasa'n ang tatlong babae?

ERNANI
Kumakain pa po.

NINANG BELEN
Alas-diyes na, bakit hindi pa sila tapos? Tawagin mo na.

(Aayusin ni Belen ang mga piyesa ni Erani. Maya-maya lamang ay papasok na ang mga batang babae.)

Alas-diyes pasado na e, hindi pa kayo nag-eensayo. Mag-ensayo na kayo, kulang na ang dalawang oras ninyo para sa ensayo. Mamaya ay ihanda ninyo ang tenga ninyo sa akin. (Parang pinipit na bawang ang tatlo. Gagayak na sa pag-eensayo. Si Cely sa biyolin, si Sally sa piyano, at si Marina ang aawit.)
(Sa simula ay kapa-kapa muna ng nota...)
(Paminsan-minsang nahihinto ang pag-awit, dahil papasok si Ernani at nagtuturo ng kanta hanggang sa mabuo ang awit na "Nag-iisa sa pagluha.")

"Nag-iisa sa Pagluha" (Areglong piyano at biyolin)

ERNANI
Alas-dose na pala.

CELY
Hindi pa natin nakuha ang dulo.

ERNANI
Ninang, nagugutom na po ako e.

NINANG BELEN
Oras na ng kain, Cely. Sandal lamang, Ernani. Kayong tatlong babae, matuto kayong tumingin sa orasan. Ang ibig ko ay marinig kayong nag-eensayo sa oras na ating itinakda, hindi baleng lumabis pero huwag kukulangin. Ang gusto ko'y maging

mahuhusay kayong musikero. Ayokong sayangin ang bawat sandaling hindi ninyo napaghusay ang inyong musika. Pagbutihin ninyo ang inyong ginagawa, ha? Pagkatapos ng bakasyong ito ay mag-aaral na si Ernani sa Maynila.

ERNANI

Sa UST na 'ko papasok sa susunod na pasukan.

NINANG BELEN

Kaya kayong tatlo ay maiiwan dito sa Malolos. Ipagpatuloy n'yo lamang ang inyong pagtugtog at hindi ko kayo pababayaan.

SALLY

Matutuwa ang holy n'yan.

ERNANI

Bakit?

SALLY

E, wala ka na sa kanila, wala nang sakit ng ulo si Sister. (Tawanan ang mga babae)

ERNANI

Hindi, a. Mahal ako ng holy.

NINANG BELEN

O, buweno... kumain na kayo dun at tandaan n'yo ang sinabi ko, ha.

3 BABAE

Opo, Ninang.

ERNANI

Ninang, saan po ako titira sa Maynila?

NINANG BELEN

May bahay tayo sa Sta. Mesa, kaya doon ka titira.

ERNANI

Naku, e paano din doon sa ibaba at itaas ng bahay.

NINANG BELEN

May mga piyano din doon sa ibaba at itaas ng bahay.

ERNANI

Sana po, makasama ko ang aking kapatid doon.

NINANG BELEN

Hayaan mo anak, magkakasama-sama kayo roon. Depende sa inyong Inang Maria kung paluluwasin niya ng Maynila si Marina.

MARINA

Pihado po akong papayag si Inang kapag naroon si Kaka.

NINANG BELEN

Pero, tuloy ang ensayo doon, ha. Kapag nalaan na natin ang oras ng iyong pag-aral, ayusin natin ang oras ng inyong mga ensayo.

ERNANI

Nagugutom na 'ko, Ninang.

NINANG BELEN

Ikaw talagang bata ka, lagi kang gutom!

SCENE 3: BUHAY MAYNILA

(Isang sayaw na magpapakitang may jeep at ang ilang hindi kilalang babae ay sasakay dito at susudan ang ilang kalalakihan. Sa loob ng jeep ay magkakaroon ng komosyon at ang isang babae ay kanilang tatangayin. Magkakagulo. May isang binatang havy ang dadating at may daláng malaking radyo dahil nagti-trip sa musika.)

ANAWNSER SA RADYO

(Mapuputol ang musika) Pansamantala po nating puputulin ang musika mga kasangga at ating paalalahanan ang ating mga kolehiyala. Sa gawing Quiapo ay may dinukot na kolehiyala nang ito ay sumakay ng jeep. Ayon sa report, ang babae ay biktima ng isang gang! Kaya mga kolehyala... ingat, ingat! (Tuloy ang musika)

(Lalabas si Ernani na may hawak na sulat)

ERNANI

Ernani, ikaw na ang bahala sa iyong kapatid na si Marina at mga kasama diyan sa bahay. Ipagbawal mo sa kanilang sumakay ng jeep at baka matiyempuhan sila ng mga siraulong gang na yun. Narinig n'yo yung mga kababaihan ng Malolos. Huwag kayong sasakay ng jeep. Magkalesa na lang kayo.

Kalesa (Areglong orkestra at solo)
(Pagkatapos na pagkatapos ng sayaw na kalesa ay may dadaang jeep kung saan sasakay
ang magbabarkadang sina Marina, Sally, at Cely)

MARINA

Hay, huwag. Makakagalitan tayo ni Kaka, baka may gang na sumakay.

SALLY

E, wala pa namang bus hanggang ngayon. Aabutin na tayo ng gabi n'yan.

CELY

Tatlo naman tayo, masayang sumakay ng jeep. Aba, gamitan natin sila ng tapang ng mga
Bulakenya.

SALLY

Halika na, Marina.

MARINA

'Kaw talaga Sally, ha, napakamainipin mo kasi.

CELY

Ay, naku, mas delikado tayo dito 'pag hindi pa tayo sumakay.

SALLY

Tingnan mo si Cely—Marina, o—sakay na sakay na ng jeep. Halika na nga, habang
maluwag pa.

MARINA

Halika na nga. Pero pagbutihan n'yo, ha, 'pag may kalaban.

CELY

Basta ilabas mo lang 'yang payong mo at saksakin mo ang magtatangka.

MARINA

Hindi lang payong ang dala ko, mayroon din akong daláng matalim na lapis.

SALLY

Halika na, halika na, tama na 'yan.

(Lalabas ng entablado ang jeep)

(Sa kalesa)

ERNANI

Manong Kutsero, habulin mo ang jeep na yun.

SCENE 4: SI NINANG BELEN

(Sa Malolos, magkakagulo sa paglilinis ang mga katulong at si Donya Belen ang isa sa abalá sa kusina.)

KATULONG 1

(Nagbabasa ng sulat at nagtsitsismisan ang mga katulong) Alam mo, Tiaong, ang saya-saya dito sa Maynila. Sa oras ng ensayo ay guwardiyado kami ng Kaka at ng Mayordomang si Rean. Sana kayong lahat na katulong ng Ninang diyan ay magpunta rito. Alam ba ninyo, nakasakay na kami nina Sally at Cely ng jeep. Noong nakaraang araw ay nagsimba kami sa Quiapo, nang pauwi na kami ay wala kaming makuhang bus kaya napilitan kaming sumakay ng jeep.

KATULONG 2

Naku, di ba may na gang rape na estudyante nang sumakay ng jeep?

KATULONG 3

Napakapilya talaga ng mga batang iyan.

KATULONG 4

Sana ay ako na lamang ang ipinadala ni Donya Belen sa Sta. Mesa para mag-asikaso sa kanila.

KATULONG 1

Teka muna. Marami pang kuwento dito sa sulat nina Marina.

KATULONG 5

Sige na, basahin mo na.

NINANG BELEN

(Sa labas) Tiaong, may mga sinampay ba kayo sa labas? Mukhang uulan. (Nagmamadaling nagpulasan ang mga katulong. Si Tiaong naman ay ilalagay ang sulat sa basket ng mga sibuyas) natapos n'yo na ba ang paglalampaso ng pasimano? Inabutan ba kayo ng ulan? Bakit ba narito kayong lahat sa kusina? Marie, magluluto ako ng tinola at masarap ngayong malamig ang panahong 'yon. Ikuha mo 'ko ng papaya sa likod. (Habang lumalabas si Marie ay kukuha ng sibuyas si Belen at makikita ang sulat na iniwan ng mga katulong. Mababása ang sulat.)

Ba Jose!!!! Ba Jose!!!!

(Magkakagulo ang mga katulong) Nasa'n ba si Ba Jose?

MARIE

E, Donya Belen, nasa garahe po at naglilinis ng kotse.

NINANG BELEN

Sabihin ninyong, maghanda at ngayon din ay luluwas kami ng Maynila. Ikaw Tiaong, bakit hindi mo sinabi sa 'kin na ito palang sila Marina ay sumakay ng jeep sa Maynila...
Hindi n'yo ba alam na napakadelikadong sumakay ng jeep sa Maynila.

TIAONG

Pasensiya na po, Donya Belen, kasi po kadarating lang ng sulat na iyan.

KATULONG 2

Ipagpabúkas n'yo na po ang pagluwas.

NINANG BELEN

Hindi, kailangang makatikim sa 'kin ngayon din ang mga 'yan.
(Ipapakita ang pagluwas ni Belen sa Sta. Mesa gamit ang musikang "Bakya Mo Neneng"
at pagdating sa gate ng bahay sa Sta. Mesa ay maririnig na nag-eensayo ang mga babae at
si Ernani na ang musikang ineensayo ay ang "Bakya Mo Neneng.")

"Bakya Mo Neneng (Areglong orkestra-koro)

MARINA

Ninang, naku, naririto po pala kayo, mano po.

NINANG BELEN

Ay, naku, Marina, ihanda ninyo ang mga puwit n'yo sa 'kin.

ERNANI

Mano po. O, ano po at gabi na ay narito pa kayo sa Maynila?

NINANG BELEN

Ikaw Ernani, ha. Hindi mo ba nalalaman na ang tatlong babaeng 'yan ay sumakay ng jeep.

ERNANI

Iyon po ba ang dahilan ng inyong pagluwas?

NINANG BELEN

Oo, at hindi ko gusto ang gayon.

ERNANI

Nakagalitan ko na po ang mga iyan. Nang makita ko nga po ay sinundan ko.

NINANG BELEN

Matitigas ang ulo ng mga babaeng 'yan. Papaano kung napahamak kayo?

ERNANI

Sandali po at tatawagin ko ang dalawa.

NINANG BELEN

Huwag na muna. Hayaan mo munang tapusin ninyo ang ensayo. Bumalik na kayong dalawa sa ensayo.

MARINA

Sige po.

ERNANI

(Pakanta) Lagot kayong tatlo.

MARINA

(Pakanta rin) Ay, naku, naku, palò tayo.

(Nang malaman nina Sally at Cely ay lalong pinatagal ang ensayo, hanggang sa makatulugan na ng Ninang ang paghihintay.)
(Kinaumagahan)

NINANG BELEN

Kayong mga kabataan ngayon ay masyadong mapupusok. Hindi naman lingid sa kaalaman ninyo na delikado ang sumakay ng jeep. Hindi ba noong isang linggo lamang ay may estudyanteng napahamak dahil sa pagsakay ng jeep.

ERNANI

'Wag kang mag-alala, Ninang. Hindi sila type ng gang na yun.

3 BABAE

Si Kaka...

NINANG BELEN

Huwag ninyong gawin biro 'yan. Kapag napahamak kayo e kawawa naman ang inyong mga magulang. Inaasahan nila kayo'y makakayari ng inyong karera dito sa Maynila.

ERNANI

Basta ako sa graduation ko dapat engrande ang handaan, Ninang, ha.

NINANG BELEN

Ay, naku, Ernani! Kahit ipasara ko ang kalsada ng Malolos... basta makatapos lamang kayo nang maayos ang iyong mga marka at tanghaling magagaling at mahuhusay sa musika.

ERNANI

Sigurado yun, Ninang.

3 BABAE

Yabang mo, Kaka.

MARINA

Sorry na po, Ninang.

2 BABAE

Sorry po, Ninang Belen.

NINANG BELEN

Ang kabutihan n'yo lamang ang hinahangad ko kaya gusto kong tulungan n'yo din ang inyong mga sarili.

ERNANI

Napakabuti mo sa 'min, Ninang Belen.

NINANG BELEN

Nakikita kong hindi ako nagkamali ng pagtulong sa inyo.

ERNANI

Salamat, Ninang.

NINANG BELEN

Alam mo, Ernani, wala na 'kong mahihiling pa sa Diyos sa kalagayan kong ito. Isa na lamang ang gusto kong maganap. Na magkabunga ng mabuti ang pagpupunyagi mo. Marinig sana ng buong bansa ang musika mo.

ERNANI

Ninang, hindi po ako magiging...

NINANG BELEN

Wag kang magsalita ng gan'yan. Nakita ko, anak, ang potensiyal mo. Alam mo, maraming mga tanyag na musikero sa ibang bansa ang inakala nilang hindi sila magaling. Pero pagkatapos nila lumikha ay itatanghal sila sa kanilang bayan, dahil parang nagiging

kaluluwa ng kanilang bayan ang mga likhang awit ng mga ito.

ERNANI

Ninang, ako po ay isang pangkaraniwang manunugtog lamang. Hindi po ako naiiba sa mga kaklase ko.

NINANG BELEN

Huwag anak, huwag kang maniwala sa tinutulak ng iyong bibig. Naniniwala ako sa iyong husay. Ibig kong dumating ang araw na dalhin mo sa iyong mga awit ang damdamin ng iyong bayan. ibig kong lamanin ng iyong musika ang damdamin ng iyong mga kababayan. Ibig kong, tulad ng mga dakilang musikero sa ibang bansa ay dakilain ng iyong lahi ang iyong mga likha.

ERNANI

Hayaan n'yo po, Ninang. Pipilitin ko pong hindi kayo mabigo.

SCENE 5: UST HIGH SCHOOL

(Magbubukas ang eksena na umaawit si Magdalena ng “Dahil Sa’yo” sa pag-aasiste ni Prof. Julio Esteban-Anguita nang biglang papasok si Ernani.)

“Dahil Sa’yo” (Areglong solong piyano)

ERNANI

Im sorry, Sir. I just want to submit my (dapat sana ay huhugutin sa folder ang project pero... mapapako ang tingin niya kay Magdalena)

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

Oo.. Mr. Cuenco. A, Ernani. This is Miss Noel from Cebu City, come in.

ERNANI

Nice to meet you, Ma’am. Ernani Cuenco po.

MAGDALENA

Hi, just call me Nena. My real name is Magdalena.

ERNANI

Wow... such a lovely name.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

(May pagka-Español ang puntó) Umiral na naman ang pagkabolero mo. Halika, Ernani, pasadahan n’yo ni Magdalena ang piyesang ito. You know, Magdalena... napakahusay ng

batang ito at siguradong maiibigan mo ang kan'yang pagpipiyano. Bulakenyo ito kaya bolero.

ERNANI

Sir, baka maniwala si Nena n'yan.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA
Baka maniwalang ano? Na bolero ka?

ERNANI

Hindi, Sir. Na magaling ako.

(Magtatawanan)

Alam mo kasi, Nena, Prof. Anguita is a nice teacher too..
he is my favorite teacher here at UST.

MAGDALENA

I know...

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

Pilyo ka talagang bata ka. Anyway, Ernani, would you like to accompany Miss Noel?

ERNANI

Going home?

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

No... playing the piano!

ERNANI

Off course Mr. Anguita, its an honor.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

Bolero... kunin ninyo sa parte na ito (Ituturo ang piyesa)
(Ipagpapatuloy ni Magdalena ang pagkanta) (Mahihinto)

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

O, Ernani... that should be slow. Again.

(Ipagpapatuloy ang awit ni Magdalena)

(Paminsan-minsan ay makikitang magkahawak ang kamay ng dalawa)

Ok... nice...

(Hanggang sa matapos ang kanta)

PROF. RAMON MENDOZA

Prof. Anguita, come on, it's already 5'o clock.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

O, Prof. Mendoza...

PROF. RAMON MENDOZA

O, Ernani, bakit narito ka pa?

ERNANI

Nag-submit lang po ng project kay Prof. Anguita.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

Project? I don't get anything?

ERNANI

Im so sorry, Sir. Naririto nga pala ang assignment ko.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

(Kay Prof. Ramon) See... he almost forgot...

PROF. RAMON MENDOZA

Ohuuuu.. Miss Noel is a freshman student. I'm just kidding, Miss Noel.

MAGDALENA

Sir... puwede po bang mag-enroll ng lesson sa inyo?

PROF. RAMON MENDOZA

Diyan, kay Ernani, paturo ka. Magaling mag-violin yan.

MAGDALENA

Si Sir talaga!

PROF. RAMON MENDOZA

O sige, usap tayo bukas.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

Look its already 5:30 pm. Lets go...

ERNANI

Oo nga. Sige po, mauna na ako at magsisimba pa po ako sa Quiapo.

PROF. RAMON MENDOZA

Araw nga pala ng Quiapo ngayon. O, ano, Prof. Anguita? Let's go to Quiapo first before we go home.

PROF. JULIO ESTEBAN-ANGUITA

We need to get books from the library.

PROF. RAMON MENDOZA

Ay, oo nga pala! O, papaano Ernani, Magdalena. Will go ahead.

MAGDALENA

Ok, Sir, bye. (Aalis ang dalawa)

I have a car. Would you like to ride with me/

ERNANI

Papunta ka bang Quiapo?

MAGDALENA

Yah.

(Makikitang mala-MTV na magsisimba ang dalawa at tila magkalapit ang mga puso at isipan.)

SCENE 6: ANG KOLEHIYO AT MUSIKA NI ERNANI

(Magbubukas ang eksena na nag-eensayo ang tatlong babae. Isang classic music ang ineensayo—ang naliligong si Ernani ay biglang sisigaw mula sa labas ng entablado)

ERNANI

Hoy! Sharp yun.

SALLY

Ano daw?

CELY

Sharp daw.

(Titingin sa piyesa) Ay, oo nga. (Tawanan)

ERNANI

Kayo kasing tatlo ay kahihina ng memorya.

MARINA

Kaka, manung asikasuhin mo paliligo mo d'yan.

SALLY

Katalas naman ng tenga ng binata namin.

CELY

Nakakalinaw siguro ng pandinig ang pagiging inlove (tawanan)

MARINA

(Pabulong) Uy, baka magalit.

CELY

Naku, e talaga naman!

SALLY

Mukhang nagkakaigihan na sila ni Magdalena, a.

MARINA

Napakatsismosa n'yo talaga. Ayaw na ayaw n'yan na pinapakialaman s'ya. Hayaan na ninyo at mukha namang mabait si Magdalena.

SALLY

Ewan ko lang kung matuwa ang Ninang 'pag nalaman yan.

MARINA

Hindi magagalit yun. Kung ano ang kaligayahan ni Kaka e aprobado sa Ninang.

ERNANI

Hoy, ensayo!

CELY

E, inaaral naming mabuti ang piyesa.

MARINA

Medyo madilim kasi ang pagkakaimprenta ng piyesa... Malabo!

SALLY

Sabog ang tinta kaya sabog din ang kanta!

(Sisilip ang ulo sa entablado, dahil nakatapis lang ng tuwalya)

ERNANI

Uy, baka tenga n'yo pasabugan ng Ninang 'pag dumating dito yun na hindi tumutugtog 'yang instrument n'yo. Alalahanin n'yong oras ng ensayo n'yo.
(Mapapatanaw ang tatlong babae at sila pa ang mahihiya dahil nasisilipan nila si Ernani)

MARINA

Kaka, magbihis ka nga dun.

ERNANI

Kayo kasi! Kukulit n'yo! Magga-graduate na kayo, piyesa lang ni _____ di n'yo pa kabesado.

(Depende kung kaninong classic ang makukuha)
(Tutugtog ang piyano at waring galit na mag-eensayo ang tatlo)

MARINA

Ano ba reregalo natin kay Kaka?

CELY

Bigayan natin ng cassette.

MARINA

Meron na ba dito nun sa Filipinas?

SALLY

Meron, kaya lang, mahal.

MARINA

Alam n'yo ba naihanda na ni Ninang ang lahat. Mukhang may handaan sa Malolos sa graduation ni Kaka.

CELY

E, napakahirap ng mga piyesang ipinapahanda sa atin ni Ninang para sa graduation ni Nani.

SALLY

Dapat ay pagbutihan natin baka sa stage pa tayo bulyawan niyang si Nani pag nagkamali tayo.

MARINA

O, siyempre naman. Sa araw ng handaan e alam na natin ito. Isang buwan pa naman bago mag-Marso, e.

CELY

Matutuwa ang Ninang dahil mayroon na naman siyang anak-anakan na gagraduate ng kolehiyo.

MARINA

Tayo din naman ay pa-graduate na.

SALLY

Siyempre. Iba pa rin ang kasiyahan ng Ninang sa araw ng graduation ng kaniyang paborito.

MARINA

Ikaw naman, nagseselos ka pa ata.

SALLY

Hindi naman. Laaht naman tayo ay may espesyal na trato sa Ninang

ERNANI

(Sa labas) Hoy! Ensayo!

3 BABAE

Oo nga pala!

SCENE 7: ANG KAMATAYAN NI NINANG BELEN

(Sa pagbukas ng entablado ay makikitang tila isang panaginip ang magaganap. Nakapalibot sa kulambo ang mga batang koro na inaawit ang nahan, habang nasa loob si Ninang Belen)

Nahan (areglong koro)

(Natutulog si Ninang nang apuntahin ito ng ubo)

NINANG BELEN

Mga anak ko...

(Magkakagulo ang mga katulong at mamamatay din noon si Ninang Belen sa gulang na 52)

(Bago matapos ang kanta ng mga katulong na koro ay darating si Ernani at sa harap ng bangkay ni ninang)

ERNANI

Ninang, isang buwan na lamang at makikita mo na ang bunga ng iyong mga pagmamalasakit. Bakit ngayon? Hindi ko mahagilap ang wika kung paano kita pasasalamatan. Ibig ko Ninang na ipadama at iparinig sa iyo ang aking pasasalamat

MAESTRA MARIA

Anak... anak, tama na... ang iyong Ninang ay yumao nang may kaligayahan at pag-asang magiging matagumpay ka sa iyong larangan.

ERNANI

Ang bawat patak ng luha na aking dadamputin sa aking pisngi ay iaalay ko sa mga himig ng pagmamahal na aking lilikhain. Paalam, Ninang kong mahal.

SCENE 8: ANG PAGIGING GURO NI ERNANI

(Ipapakita ang koreograpiya ng pagtuturo ni Ernani sa iba't ibang paaralan)
(Sa pagbubukas ng eksena ay makikita ang tradisyonal na senakulo sa tikay na ang mga manlalabas ay naka-rubber shoes.)

ERNANI

Ka Sinon, bakit naman gan'yan ang mga sapatos ng mga manlalabas natin. Heto o (mag-aabot ng pera) ibili n'yo sa bayan ng sandalyas ang mga iyan nang bumagay naman sa makukulay nilang costume.

KA SINON

Ay, salamat, Erning. (Sa mga kasama) Mga kasama, itong si Erning ay nagbigay ng pambili ng sandals.

SENAKULISTA 1

Salamat po.

SENAKULISTA 2

Pagpalain po kayo ng Diyos sa inyong pagpapahalaga sa ganitong gawain.

KA SINON

Naku, ire e anak ng Ka Marya. Maestrang Marya!

SENAKULISTA 2

Ganun ba. E, kaya naman pala matulungin. O sige, at ako lamang ay magpapalit ng damit.

ERNANI

Mabuti pa si Nanang ay kahit matanda na ay lumalabas pa rin.

KA SINON

Naku, ang matandang iyon e, ayaw puamayag na hindi siya kasali taon taon. O ernaling kamusta na ang buhay sa Maynila.

ERNANI

Maayos naman po kayo? Mabuti naman po at napapanatili ninyong buhay sa ating bayan ang senakulong tradisyonal.

KA SINON

Medyo mahirap na masarap ang pakiramdam ng isang pinuno ng ganitong gawain. Alam mo kasi, Ka Erning, ang mga tao dito sa atin ay namamanata. Kapag hindi nila ginawa ito ay makakaramdam sila ng hinanakit mula sa Diyos.

ERNANI

Hayaan ninyo, Ka Sinon, magbabakasyon ang mga kaibigan ko mula sa Maynila. Sasabihan ko silang tumulong sa atin sa senakulo.

KA SINON

Mabuti at makakadagdag sa ating mga panggatos dito.

ERNANI

Siyanga po pala, Ka Sinon, may kaibigan po pala akong gustong kumuha ng retrato na ipinapakita ang kulturang Filipino.

KA SINON

Aba, e, maaari siya kamong pumunta rito sa atin kahit anong araw.

ERNANI

Ang gusto ko pong makunan n'ya ay yung bayanihan.

KA SINON

Sa huling linggo ng Abril e lilipat ang Ka Simang ng bahay diyan sa lupa nila San Pablo. Papuntahin mo s'ya nang makunan niya ang pagbubuhay ng bahay ni Ka Simang mo. Bayanihan yun.

ERNANI

Tamang-tama po pala. Mailalathala po iyon sa mga kalendaryo ng isang gasolinahan.

KA SINON

Ganun ba? Makikipagbayanihan nga ako dun, e. Mainam pala e makalagay sa harap.

ERNANI

Ano po iyon, Ka Sinon?

KA SINON

E, wala... Sabi ko e mabuti na ang gan'yan, Erning, na tumutulong ka para maidokumento ang mga kulturang Filipino. Hayaan mo at sasabihan ko ang mga kalalakihan na medyo magpagandang lalaki at kukunan pala yun.

ERNANI

Ako po ay talagang pinagyayabang ko ang sariling kutura natin. Wala pong ganitong kultura sa ibang bayan.

KA SINON

Ako nga ay nangangamba din na dumating ang araw na mawala na pati itong ating senakulo.

ERNANI

Hayaan n'yo po at tutulong ako sa higit ng aking makakaya. Kung yung ibang lalawigan nga ay natutulungan ko. Ito pa kayang bayan natin.

KA SINON

Ha-ha-ha! Bulakenyo ka nga. Gan'yan ang mga Bulakenyo, e, masyadong ganadong ipagmalaki na sila ay Bulakenyo.

ERNANI

Dapat lang. Kaya siguro 'ko sentimental kasi Bulakenyo ko.

KA SINON

Kaya pihado kong uunlad ka, bata. Bulakenyo ka, e.

SENAKULISTA

Ka Sinon. Uulitin po ba yung huling eksena?

KA SINON

A, siyempre, para naman matutuhan ng mga bagong manlalabas.

SENAKULISTA

Bánda, handa na ba kayo, mga manlalabas? Handa na. Ka sinon, handa na po ang lahat.

KA SINON
Sige, simulan na.

(Ipapakita ang pag-exit ng eksena ng senakulo)

SCENE 9: LIGAWAN AT KASALAN

(Sa bahay ng mga Noel sa Maynila. Inaawit ni Magdalena ang Nena)
Nena – society girl (Areglong piyano)

ERNANI
(Maaabutang umaawit si Magdalena) Uy! Húling-húli ko 'yan.

MAGDALENA
Ay, nakakahiya.

ERNANI
Bakit ka naman mahihiya, ginawa ko ang awit na 'yan para sa iyo.

MAGDALENA
Kaw, ha. Dinadaan mo 'ko sa awit.

ERNANI
Hindi lang sa awit. Luluwas ng Maynila ngayon ang inang kasama ang aking iba pang kamag-anak sa Maynila.

MAGDALENA
O... e, bakit?

ERNANI
Mamanhikan.

MAGDALENA
Talaga, hindi ka nagbibiro?

ERNANI
Biro ba yung makaharap ang tiyuhin mong konggresman?

MAGDALENA
Binigla mo naman ako.

ERNANI

Bakit ayaw mo ba?

MAGDALENA

Ano bang ayaw! 'Kala ko lang hindi mo tototohanin ang iyong matatamis na pangako.

ERNANI

Tapat ako. Lalo na sa isang mgandang katulad mo.

(TRANSPORMASYON sa eksenang kasalan, sa saliw ng awiting “Gaano Ko Ikaw Kamahal”)

“Gaano Ko Ikaw Kamahal” (Areglong orkestra-koro)

SCENE 10: KAIBIGAN AT KASANGGA

(Sa pagbubukas ng tagpo ay sa Anito Room ng Sulu Restaurant at makikita ang tatlong lalaking manunugtog at si Zeny Cruz na kanilang soloista. Nakaamerikana at kumakanta ng mga standard song na pang-otel noong 70's. Ito ang isang ni erani at dito ay nanood si Erap.)

(Pagkatapos ng awit)

ZENY CRUZ

Ladies and gentlemen, our next number is originally composed by our own composer, Mr. Ernani Cuenco.

(Palakpakan ang manonood. Papasok si Ernani)

ERNANI

Karangalan ko pong tugtugin ang mga susunod na awitin, subalit ibig kong awitin ito ng ating pinakamamahal na kaibigan at Mayor ng San Juan. Mayor Joseph Estrada.

JOSEPH ESTRADA

Pareng Ernani, ipagpaumahin mo. Binago kong ang lyrics.

(Aawit ng “Kahit na Magtiis”)

AUDIENCE 1

Request namin Ernani, tumugtuog ka naman ng Michael Jackson song para naman masigla.

ERNANI

Pasensiya na po at hindi ako masyadong pamilyar sa song ni Michael Jackson.

AUDIENCE 1

Di ba marunong kang mag-violin? Mag-violin ka naman.

AUDIENCE2

Sige na, tugtugin mo yung “Starry Starry Night” (Tawanan yung iba)

ERNANI

Wala po akong ganoong areglo, e.

ZENY

Ang sususnod po naming awit ay...

AUDIENCE 2

Hindi. Ang gusto ko ay “Starry Starry Night.”

JOSEPH ESTRADA

Pare, medyo may tama na yata kayo.

AUDIENCE 2

Ano bang tama... gusto mong tamaan ka?

JOSEPH ESTRADA

(Hahawakan sa babà) Matuto kang irespeto ang mga artista, ha!

AUDIENCE 1

Boss, sorry po, sorry po.

JOSEPH ESTRADA

Iuwi mo na 'yang kasama mo!

AUDIENCE 1

Halika na nga, Pare (Lalabas)

ERNANI

Pasensiya na kayo, Mayor.

JOSEPH ESTRADA

Mga bastos kasi, ano akala nila sa inyo, jukebox? Dapat naman na matuto silang irespeto ang inyong pagtatanghal. Bakit marunong pa sila sa inyo.

ERNANI

Ito nga ang ikinalulungkot namin sa ganitong trabaho, para kaming de-susi. Limitado lang kami sa mga awitng gusto ng kostumer. Kaya lang, kailangan kong bumuhay ng pamilya. Kaya wala akong choice.

JOSEPH ESTRADA

Kailangang turuan din natin sila.

ERNANI

Ang mga composition ko nga ay paminsan-minsan ko lang matugtog kasi ang gusto nila ay Ingles at foreign composer. Hindi po kasi popular ang aking mga komposisyon dahil sa kulturang maka-Amerikanong ng ating kababayan. Lahat na lamang ng bagay dito sa atin, gusto ng mga tao'y yaring Amerika. Tingnan mo ang mga American music at pelikula, laging patok.

JOSEPH ESTRADA

Totoo ka d'yan.

ERNANI

Kung may kapangyarihan nga lamang akong makipagpaligsahan sa mga kapitalistang dayuhan na 'yan. Lilikha ako ng mga musikang bubura sa kulturang makadayuhan ng mga Filipino. Naniniwala kasi akong may mahalagang role dito ang mga producer natin.

JOSEPH ESTRADA

Mahirap din kasi ang kalagayan ng mga producer, sinisiguro nilang babalik ang puhunan. Balsa nila ang nakataya sa tuwing gumagawa ng pelikula.

SCENE 11: ANG PAMILYA NI ERNANI

MAGDALENA

Mga anak, nakaayos na ba kayo?

JHONG

Sa Pagsanjan po ba tayo pupunta?

MANOLET

Sa Tagatay.

MAGDALENA

Sa Pagsanjan nga. Kailangan ng Daddy ninyo na mamahinga at makalanhap ng sariwang hangin.

JHONG
Swimming tayo, Kuya!

MANOLET
Enjoy.

(Maririnig ang telepono, sasagutin ni Magdalena)

MAGDALENA
Hello?

RANIE POE
Hello, Nena, si Ranie 'to. D'yan ba si Pare?

MAGDALENA
Oy, Pareng Ranie. Narito sandali lang at tatawagin ko, Ernani. Nasa telepono si Pareng Ranie.

ERNANI
O, Pare, napatawag ka.

RANIE POE
Kailangan ko kasing malapatan ng tunog itong pelikulang ginagawa ko. Maganda ang pagkakadali ko dito, Pare, ang title ay "Ang Panday." Dito kami ngayon sa studio, puwede bang gawin mo ngayon at ipadala dito?

ERNANI
Ha, a...

(Nakatingin ang mag-iina)

RANIE POE
O, papaano, intayin namin dito ha, medyo nagkakaubusan na sa oras e...

ERNANI
Sige, Pare.
(Ibababa ni Ranie ang telepono)
Anak, sandali lang, a. Day, bahala ka na muna sa mga bata. Sandali lang.
(Pupunta sa piyano)

JHONG
Ma, di ba tayo matutuloy?

MAGDALENA

Ewan ko.

MANOLET

Pambihira naman. Akala ko pa naman matutuloy na tayo.

MAGDALENA

Kayo naman, intindihin n'yo naman ang daddy n'yo. Trabaho yun. Naku, ang mabuti pa ay mag-ayos na kayo ng gamit n'yo dun sa itaas. Ayusin nyo ang mga gagamitin ninyo. Baka matuloy tayo, e, di aalis na tayo kaagad.

(Ipapakitang gagawin ni Ernani ang piyano at matitipa ang musika ng theme song na “Ang Panday”)

“Ang Panday” (Areglong orkestra-koro)
(Matapos mayari)

ERNANI

(Tatawag) Levi, may papadala ako sa 'yong music. Lagyan mo ng letra. Kailangan daw ngayon ni Pareng Ranie.

LEVI

Sinong Ranie?

ERNANI

Ranie Poe. Fernando Poe. 'Pag nayari mo na, pakidala sa studio at lalapat daw 'yan. Ngayon, kailangan ko kasi Pareng umalis, e.

LEVI

O, sa'n ka naman pupunta?

ERNANI

Pagjansan, Pare. Nakapangako kay kumander at sa mga anak, sige.

LEVI

Oy, uwian mo 'ko ng bato.

ERNANI

Oo na, sige. (Ibababa) Berto, dalhin mo 'to kay Levi, hintayin mo at dadalhin n'yo pagkayari sa bahay ni Ranie.

JHONG at MANOLET

Tuloy po tayo?

ERNANI

Siyempre, anak!

(Sa Pagjansan ay aawitin ng anak na si Jhong ang “Ganyan Pala ang Pag-ibig”)
“Ganiyan Pala ang Pag-ibig” para sa kaniyang anak na si Jhong (Areglong piyano)

ERNANI

Nagustuhan mo ba, anak, ang awit?

JHONG

Opo.

ERNANI

Halika, may bago akong ginagawa, o, pakinggan mo.
(Huhunihin ang intro ng “Bato sa Buhangin”)

JHONG

Ano po ’yan?

ERNANI

Sa dami ng buhangin na ating nakikita, napapansin mo ba ang nag-iisang bato na iyan? Namumukod siya di ba? Gan’yan ang ibig kong maging gampanin ng bawat tao, magkakaroon ng bawat katangiang kapaki-pakinabang ang bawat isa. Sa gan’yang paraan, magiging matatag ang bawat isa, at magiging matagumpay.

JHONG

Makalikha din kaya ako ng mga gan’yan?

ERNANI

Oo naman. Anak yata kita. Pero gusto ko ay maging laywer ka at ang kuya mo naman ay gusto kong mag-business. Mahirap ang buhay na ganito, anak, mahirap maging musikero. Ayokong maranasan ninyo ang dinanas ko. Ok na ’yang maalam kayo sa musika.

JHONG

Dad, paano kung maging musikero din akong tulad mo.

ERNANI

Siguradong magiging mahusay ka, anak. Sana nga lamang ay mamulat na ang ating mga kababayan na matutuhang kilalanin ang ating mga gawain bilang atin din propesyon. Sana bago ka tuluyang kainin ng sining na ito ay kilalanin ang ating mga likha bilang mahalagang instrumento sa karangalan ng ating pagiging tao. At hindi isang

entertainment sa mga taong lasing.

JHONG
May pag-asa pa po ba?

ERNANI
Meron anak, meron. Darating ang araw na dadakilain ng bayan ang ating mga musika. Kaya kung ikaw ay lilikha, huwag kang lalayo sa tinatapakan mong lupa. Huwag mong lilimutin ang himig at indayog ng puso ng isang Filipino. Huwag kang bibitiw anak sa iyong bayang tinubuan, upang wag kang lumaglag.

JHONG
Daddy, gusto kong maging katulad mo. Maging katulad ng batong iyan. (Nasa buhangin)
Kakaiba sa ibang batong nariyan sa buhangin.

ERNANI
Alam kong darating ang panahong iyan. Lilikha tayo ng kakaibang kislap sa makapal na buhanginan ng buhay.

MAGDALENA
Dad, Jhong, kain na!

ERNANI
Halika na.

SCENE: 12 PELIKULA

Magbubukas ang eksena na ipapakita ang mga pelikulang “Mister Mo Lover Ko,” “Patayin sa Sindak si Barbara,” at “Pinakamagandang Hayop sa Balat ng Lupa.”
(Ang eksena ay magaganap sa studio–ipapakitang nilalapatan ni Ernani ng tunog ang mga pelikula)

“Mister Mo Lover Ko” (orquestra-koro)

ERNANI
Tensiyon, lagya ng tension! Pasok ang crescendo (musika)

“Patayin sa Sindak si Barbara” (orquestra-koro)

ERNANI
Dahan-dahang papasok ang musika sa eksenang iyan. Drums! (Awit) Stop!

“Pinakamagandang Hayop sa Balat ng Lupa (orquestra-koro)

ERNANI

Psst. Silent. Pianissimo music, go...

LEVI

Ernani, napakasipag mo naman. Kanina pa kita hinahanap.

ERNANI

O, e bakit?

LEVI

Pero teka muna. Pahingi nga muna ng 100 at naghihintay yung taxi sa labas.

ERNANI

O, bilisan mo, at kailangan kong matapos ito. Talaga naman itong si Levi, o.

LEVI

Ernani, o ano naman 'tong nabalitaan kong ayaw daw ni FPJ ang letrang ginawa ko.

ERNANI

Oo nga e, pinapalitan.

LEVI

Papa'no kita mababayran n'yan. Wala akong atik.

ERNANI

'Wag kang mag-alala, Pare, hindi naman kita sinisingil.

LEVI

Ang hirap naman talaga ng buhay natin n'yan.

ERNANI

(Dudukot ng pera) Wag ka nang magdrama d'yan, susuwertehin din tayo n'yan.

LEVI

Salamat. Kaw kasi e, sinusuwerte. O, pa'no 'wag kang masyadong masipag, Pare. Halikana, punta na tayo sa...

ERNANI

Ohuh. Kaw nan lang.. madami pa kong tatapusin dito marami pa akong dapat na paghusayin sa aking mga trabaho, Pare. Hindi, suwerte lang 'to. Hindi ko pa nga natutupad ang ipinangako ko sa Ninang Belen ko.

LEVI
Sino yun?

ERNANI
Guardian angel ko.

LEVI
Naku, Ako ay iniintay na ng mga guardian angel ko, salamat dito, Pare, ha. Alis na 'ko.

ERNANI
Hinay-hinay, Pare.

LEVI
'Kaw ang kailangang magpahinga, masyado kang masipag.

SCENE 15: MUSIKANG PAMBAYAN

(Sa golf course, magbubukas ang eksenang nag-uusap ang mga kaibigan ni Ernani—patapos na sa paglalaro sina Ernani samantalang ang mga kaibigan ay nagkukuwentuhan na)

ERAP
Jim, alam na ba ni Ernani na doble platinum na ang kaniyang plaka?

JIM
Magugulat si Pareng Ernan kapag nalaman niya ang magandang balita.

ERAP
Mabuti naman at nagbunga na ang kaniyang pangarap. Mabuti nga, Jim, at kinikilala na ng sambayanan ang kaniyang mga komposisyon.

JIM
Mukhang maaagawan na tayo kay Ernani, pihadong magiging abalá siya sa mga offer ng ibang movie outfit.

ERAP
Okey lang iyan. Iyan din ang pangarap ko para sa ating kaibigan.

JIM
Hindi tayo nabigo sa mga pelikula natin sa musika ni Ernani, lahat ngayon ay tumitiba sa plaka. May magandang lyrics na sinubmit kahapon, ipapagawa ko na kay Ernani.

ERAP

Para saan?

JIM

Pang-FAMAS, bossing. Bato sa buhangin.

ERAP

Oo, at ako ay may dadaluhan pa sa San Juan.

JIM

Hi-hi! Ganda, o! Bato sa buhangin.
(Darating si Ernani galing sa laro)

ERNANI

Ano, uwi na tayo?

ERAP

Oo at ako ay may dadaluhan pa sa San Juan!

JIM

Teka muna, Ernani, gawin mo muna ito. Kailangan na ni direk na mag-edit.
(Babasahin ni Ernani)

ERNANI

Uy, meron na kong music dito.

ERAP

Pang-FAMAS ba naman.

ERNANI

Sigurado yun (Biglang sasakit ang dibdib)

Ernani Joson Cuenco, kompositor, tagalapat ng musika sa pelikula, direktor pangmusika at guro. Sumulat ng mga namumukod-tanging obra na may himig ng Filipino at kumakatawan sa kahusayang nag-aangat sa estetikong uriang kontemporaryong popular na musikang Filipino.

(kailangang ipakita rito ang koreograpiya na sa kabilang-buhay ay masayang nakita si Ernani, ninang Belen, Maestra Maria, at ang kaniyang asawang si Magdalena)

“Bato sa Buhangin” (Areglong Orkestra-Koro)

ERNANI

Mga mahal kong kababayan. Hindi kinakailangang dumanak ang dugo upang maging bayani. Hindi kinakailangang maging magulo upang makamit ang katahimikan. Ano man ang iyong kalagayan at kakayahan, maliit ka man o malaki sa pamayanan ay bigyan mo ng pagpapahalaga ang iyong buhay. Matutong umibig, matutong masaktan, paunlarin ang iyong abang dunong at hayaan mong umunlad. Darating ang panahon, ang iyong munting dunong at kakayahan ay lalago at dadakilain ng iyong lahi.

Joya: Guhit, Hugis, at Kulay



ni **Sonny J. Cristobal**
25 Hunyo 2006

Mga Tauhan

Jose Arcala Joya – Tatay (Customs Officer)
Asuncion Libunao Tanig – Nanay (House wife)
1st daughter Josephine - Pinang
2nd daughter Josefa – Josie / Ifang
3rd Jose Tanig Joya – Peping (Painter)
4th Jesus
PRO at ANTI-JOYA
15 Mananayaw bilang mga painting at manunula

PROLOGUE:

MANUNULA

Itong kapalara’y hindi matitiyak
Maaaring hulaan’t basahin ang palad
Ngunit wag iiyak kung ito’y maligwak
Sapagkat bumulong gising na ulirat

Umuulit lamang itong kasaysayan
Kaya maaaring markaha’t isulat
Ng hindi malimot ang pinag-aralan
Na dapat taglayin sa maraming bukas

Itong aking anak, ginuhit sa canvas
Mga karanasan ng bayang namalas
Hugis pa ng mukha't kasaysaya'y tumpak
Damdamin'y kinulay, hinugis, sinulat

Ang Joya ay Hiyas! Dangal ng Pilipino
Anak ng Bulacan kilala ng Mundo
pinturang abstraksyon sa kanyang totoo
na s'yang nagbulalas nagkunwang debuho.

Ngayon ay malasin mga pintang Joya
Mga guhit niya na unang dumama
Sa'ting kapalaran, buhay at pamana
Heto't tama pala hulang ipininta.

Papasukin natin ang mundo ng pinturang abstraksiyon. Ang disenyo ng entablado ay malalaking frame na may banat na screen na tila malaking album na bukas. Dito ipo-project ang mga larawan ng painting ni Joya at iba pang larawan ng nakaraan.

May maririnig na huni ng isang ina na nagsisilang ng sanggol.

HILOT

Hayan na...pumutok na ang panubigan... Jose...ang pinakulong tubig, ihanda mo na!

JOSE ARCALA JOYA

Aling Maria...ipasok n'yo na daw, 'yan... madali kayo!
(papasok ang mga babaeng katulong sa panganganak)

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Jesus, Maria, Josep....

BABAE 1

Naku, Asuncion....
Pangatlo mo na itong anak na isisilang...
Hindi ka pa sanay!

BABAE 2

Itong si Pinang at Ifang, parang mga anghel nang iyong isilang
Walang panganib na tayo ay naaninaw.

BABAE 3

Ngayon naman ay maganda pa rin ang mukha nitong si Ason, kahit na nga walang tigil sa pag-iri. Para lamang umaawit ng *mutya ng pasig* ng kababayang si Nicanor Abelardo.
(tawanan ang mga babae)

HILOT

Kayo nga ay huwag magbiruan dito. Sige, Ason, anak... malapit na 'yan.
Pagbilang ko ng tatlo ay umiri ka.

JOSE ARCALA JOYA

Hindi pa ba lumalabas, ang pangatlo kong anak?

HILOT

Jose, ikaw nga manahimik diyan...
Ason... Humanda ka, heto na isa, dalawa, tatlo.....
(sasabayan ng mga babae ang pag-iri, hanggang sa mawala ang ilaw sa entablado)
(Mapo-project ang modelong *Mother and child*)

VOICE OVER

Hate and destroy! Hate and destroy
Destroy! Destroy! Destroy! Destroy! Hums the unconscious.
Love and Produce! Love and Produce
Nil desperandum

"Its all right to behave like a hellion as long as you produce!"

Joya mean jewel!

⋮

Pagkasuklam at pagkawasak! Pagkamuhi at pagkasira
Gibain! Sirain! Wasakin! Wasakin! Mga huni ng kawalang-malay
Pag-ibig at bunga! Pag-ibig at bunga!
Ang nawawasak sa kawalang pag-asa

"tama lamang na umasta na parang walang kapaguran, basta nakakalikha ka"

Ang Joya ay Hiyas!

ACT 1: YOUNG PAINTER

(Mula sa kabataan ni Joya hanggang sa kanyang pagbibinata ay paglikha na ang unang trabaho sa realistiko, expressionism, at pagpasok sa abstraction)

Scene 1: Pagsibol

Magbubukas ang eksena sa klasikong musika ng 1940's.

Bubungad ang mga unang works ni Peping sa screen:

5 year old Joya – early work

Makikit ang drawing ng batang si Peping sa gilid ng kanilang bahay.
Punong-puno ito ng mga drawing ng bata.

BATANG PEPING

Ang mundo ay parang isang bangkang papel
Nilululan nito mga mahal natin
Inaalon-alon, pumapaling-paling
Samantalang tao'y sumasagwan pa rin

Minsan umiihip sa'ting katatagan
Malakas na hangin; layag ang panlaban
Minsang napapaso ating mga balat
Panlilim ay payong sa init ng araw.

Bawat suliranin mayroong solusyon
At ang bawat buhay ay may kwentong tugon
Mayrong katuparan ang bawat ilusyon
At may kahulugan bawat kulay ngayon

IFANG

Oy, Peping...Pintor ka ba?
(Lights out)

Scene 2: Experience/Subject

(Pabulong ang mga usapan)

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Jose...Jose, gumising ka.... May masamang nangyayari

JOSE ARCALA JOYA

Bakit ba?

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Ang kapitbahay nating sila Manuel Quezon e, tila may malaking paglikas na ginagawa....

JOSE ARCALA JOYA

Bakit naman sila lilikas sa ganitong dis-oras?

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Ano ka ba, di ba ikaw ang nagsabi sa akin kagabi na paparating na ang mga Hapon....
alalahanin mo.. lapit na lamang itong lugar natin sa Harbor!

JOSE ARCALA JOYA

Sandali nga... (titingnan ang kapitbahay)
Oy...kumpadre, ano ba yang nangyayari d'yan?

MANUEL QUEZON

Kumpadre, mabuti at nagising kayo... sasalakay ang mga Hapon, bago sumikat ang
araw... umalis na muna kayo d'yan!

JOSE ARCALA JOYA

Gisingin mo Ason ang mga bata, madali ka! Lilikas tayo...

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Sa bahay sa San Miguel tayo tumungo, siguradong matatahimik tayo dun.

JOSE ARCALA JOYA

Sa Cavite tayo pumunta, malaki ang bahay ng Inang doon.

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Kami ng mga anak mo e sa San Miguel tatakbo.

JOSE ARCALA JOYA

Bakit n'yo 'ko iiwan! Halika na, madali.

SAYAW 1: Approaching Storm

Makikita sa screen ang Painting “Approaching Storm” na ginawa noong 1951 ni Joya.

(Ang sayaw na ito ay maglalarawan ng imahen ng matalim na panahon, isang mabilis na pagkilos upang mailigtas ang sarili sa tiyak na kapahamakan. Sa simula ng sayaw ay ang

pamilya: ama, ina, at ang 4 na magkakapatid na ipinapakita ang concern sa bawat isa. Sa sayaw ay ilalarawan din ang kapaligiran na naging sagabal sa paglalakbay ng bawat tauhan, may mga Hapon na isisimbulo. Nais din ilarawan dito ang kaguluhan sa isip ng mga tauhan sa panahon ng digmaan, ang pananalig sa Diyos at ang proteksiyon sa mga mahal sa buhay. Sa huling imahen ay makikita ang kapanatagan sa San Miguel bilang bayang magkapanatagan).

Approaching Storm 1951

(Pagkatapos ng giyera sa Hapon)

Scene 3: Colors

Makikita ang Still life sa projector na patuloy na ginagawa ni Peping.

Still life 1950

ASUNCION LIBUNAO TANIG

Peping, naintindihan mo na ba kung bakit mahalaga na makayari kayo ng pag-aaral ng tatlo mo pang kapatid?

PEPING

Opo, Lagi ko pong tatandaan yan, 'Nay.
Nay, p'wede po bang ibili n'yo pa ako ng pintura?

ASON

Aba, e bakit? Balak mo na naman bang pinturahan ang buong bahay natin dito sa San Miguel, wala ka nang ginawa kundi pagpintura d'yan?

PEPING

Hindi po, parang gusto ko po kasing iguhit ang mga nakikita ko sa ngayon. Para hindi po mawaglit ang mga tanawing ito sa aking isipan.

ASON

Sasabihin ko sa Tatay mo na ibili ka. E teka nga, naiintindihan mo na ba ang mga kulay, anak?

PEPING

Opo naman, Inay. (kukuha ng colored na papel)
Inay, ito ang mga pangunahing kulay
red, blue, yellow.

ASON

Aba, ang galing ng anak ko a.

PEPING

Ang mga secondary colors naman po ay pag pinagsama ang red at yellow, ang labas n'yan ay orange, pag naman pinagsama ang blue at ang red, ang labas n'yan ay violet, at kapag ang blue at yellow ang pinagsama, ang resulta ay green.
(darating ang ama)

JOSE

O, ano ba yang pinagkakaabalahan ninyong mag-ina d'yan?

PEPING

Mano po, Tatay.

ASON

Naku, alam mo ba, Jose, iyang anak mong si Peping. Alam na ang primary colors at secondary colors.

JOSE

Ah, talaga...magaling na bata talaga itong si Peping.

ASON

Kaya nga ang gusto ni Peping e, ibili mo daw s'ya ng mga pintura.

JOSE

Ah, walang problema 'yan...kung... magagawa, masasabi mo sa 'kin anak ang tertiary colors.

PEPING

Napakadali naman pala. Sa tertiary colors ay mayroong red-orange at red-violet, mayroong blue-violet at blue-green, at mayroon ding yellow-orange at yellow-green

JOSE

Mahusay...mayroon kang pintura, bukas na bukas!

PEPING

'Tay, tingnan po ninyo ang ginawa ko ...
(ipapakita ang Balete Tree)

JOSE

Ang ganda, anak.

ASON

O, bakit 'yan ang ginuhit mo anak?

PEPING

Nakakagaan po ng kalooban hindi po ba?

MANUNULA

Puno ng balete'y kay gandang pagmasdan
Malago ang dahon at kulay lungtian
Subalit sa iba'y kinatatakutan
Pagkat may hiwaga sa gabing mapanglaw.

Balete Tree 1953

Scene 4: Lines/Practice

Mapo-project ang sillhoutte ng lalaki at babaeng hubad sa screen.

PEPING

Katawan ng tao'y pinakadakila
dito na ekspresyong gawa ng may likha,
Pinakamagandang hayop na nilikha
Dito sa daigdig, sa balat ng lupa

LALAKING HUBAD

Ang katawang ito, ang sugo ni Adan
na nagbigay buhay sa mga nilalang.
At sa aking lakas, lupa ay nalinang
Pinanday ang talim, umunlad ang bayan

BABAENG HUBAD

Ang katawang ito'y hinugot sa tadyang
ng isang makisig, lalaking kaparang,
ito ay nagsilang sa maraming buhay
lumikha ng kulay saya't pagmamahal.

PEPING

Katawan ng tao'y pinakamainan
na guhit sanayan upang mapagyaman.
Sining nitong pintor sa hugis at kulay
At upang masubok kanyang kahusayan.

Pintor o eskultor ay upang mahasa
kailangan danasin hirap sa paggawa
ng anyo ng taong mayroong hiwaga
umakyat sa bundok hanggang magkahika.

SAYAW 2: Solong Sayaw sa Screen ng Hubad na lalaki
(Gagawin ang sayaw na ito sa musikang waltz at sa anyong tap-dance – hubad ang pang-itaas ng Lalaki. Ang sayaw ay magpapakita ng iba't ibang hugis at simbulo ng isang lalaking Filipino na banat ang laman sa mga gawain sa pang-araw-araw. Sa huling imahen ng sayaw ay makikilala ng manonood na Filipino ay masipag at handang magtrabaho-magdadamit ng polo-white collar job-sosyal!)

Back of a Youngman 1952

Scene 5: Realism

JOSE

Sa arkitektura ay magagamit mo pa rin anak ang iyong husay sa pagguhit!

PEPING

Hindi po ako maalam sa arithmetic.

ASON

Napag-aaralan iyon, anak.

JOSE

Wala kang kinabukasan sa iyong pagpipinta.

Hindi natin alam kung ano ang bukas.

Tamang, may kaya tayo ngayon...pero papaano kung may mangyari sa akin...

ASON

Huwag nawang ipahintulot ng Diyos!

JOSE

Matalino kang bata, Peping. Huwag mong sabihing hindi mo kaya ang arithmetic. Kung paghahalo nga ng pintura nagagawa mo, yun pa kayang pagkukuwenta?

ASON

Jose, bigyan mo ng sapat na panahon ang anak natin para makapag-isip.

JOSE

Panahon? E bukas lamang ay pasukan na sa UP. Ano pa ang sinasabi mong panahon.

PEPING

'Tay, wag na po kayong magalit.

ASON

Ay, salamat, anak, at naintindihan mo din ang Tatay mo.

PEPING

Bukas po ay mage-enroll na ako sa UP.

ASON

Heto anak ang pera ha. Maaga pa lamang ay pumunta ka na dun.

PEPING

Hindi ko naman po kailangan ang pera 'Nay.

JOSE

E, bakit naman?

PEPING

Scholar po ako!

ASON

Talaga ba, anak?

PEPING

Opo. Exited na nga po ako. Magiging guro ko sina Guillermo Tolentino.

ASON

Aba, Bulakenyo yun anak.

PEPING

Si Ireneo Miranda, Dominador Castañeda, at Virginia Agbayani.

JOSE

Galing talaga ng anak ko. Magagaling na pintor ang mga guro mo.

ASON

Pintor?

SAYAW 3: LIGAWAN 1948

(Teasing song na classical ang gagamitin sa sayaw na ito na parang Jota. Magsisimula sa isang masayang musikang classical. Ipakikita sa sayaw na ito ang masayang buhay

ng mga teenager, ang bawat movement ng sayaw ay hahalawin sa sayaw na cotillion. Si Peping ay ipapakitang nagkakaroon na ng interes kay Blanche, kaklase n'ya sa UP. Ang huling image ng eksena sa sayaw ay kailangang gayahin sa larawang ipininta ni Joya. May dialogues sa loob ng sayaw. Isingit sa loob ng choreography)

PEPING

Hindi ko sinuway ang aking ama. Sinunod ko lamang ang tibok ng aking puso.

BLANCHE

Hindi ba naman nagdaramdam sa iyo ang iyong ama?

PEPING

Hindi kailan man nagdamdam sa akin ang aking ama. Alam kong sa bawat pinturang ipinapakita ko sa kanya, ay nasisiyahan siya.

BLANCHE

Sa palagay ko naman ay nagagalak din sila. Biruin mo. Sa buong panahon ng iyong pag-aaral dito ay hindi nila inintindi ang tuition fees mo. Napakapalad pa nga nila kung tutuusin.

PEPING

Ang lahat ng aking karunungan ay nagmula rin sa kanilang mahusay na pagtuturo na ipinakita sa aming tahanan.

Ligawan 1948

Pagkatapos ng sayaw, sa anyo ng tableaux na katulad sa painting na ligawan ay ganito ang dialogues:

BLANCHE

Maaari mo ba ang 'kong iguhit ng aking larawan?

PEPING

Kung ipahihintulot mo, Binibining Blanche Hein, ay malaking karangalan para sa akin.

BLANCHE

Maaari tayong magkita pagkatapos ng ating aralin...bukas.

PEPING

Hihintayin kita, magandang Binibini.

Magdidilim ang ilaw at unti-unting makikita sa screen ang portrait ni Blanche.

Blanche 1952

PEPING

Nadarama mo ba ang nag-aalab na damdamin sa aking dibdib? Ito ang larawan ng aking pag-ibig, ang aking unang pag-ibig.

(mapapalitan ng self-portrait ni Joya ang larawan ni Blanche)

Self Portrait 1952

PEPING

Minsang binilanggo ng isang pag-ibig
itong pagkataong may lungkot at halik.
Masaya, masigla, malungkot, matamlay
mga karanasan nating kabataan.
Subalit kailangang nating harapin.
mapangibabawan ang ating damdamin
ng wasto at tamang mga kaisipan
upang magpatuloy tahakin ang buhay
harapin ang bukas ng mayroong kulay.

Ito ang realismo na mga larawan
ng mga dinanas nating kabataan.
Bawat guhit bawat hugis ay di nalalayo sa katotohan,
Ang mga mabangis at mapagkumbabang
damdamin ng tao'y
ay inilalarawan sa totoong anyo.
Mga buhay na alaala nitong aking karanasan.
Mga kahulugan ng mga masaya at mga masiglang mga kabataan.

Scene 6: Expressionism

MANUNULA

Aking napagmalas sa malayong tanaw
larawan ng aking buong kasaysayan
may naghihiyawan at nagpapalahaw
mga inulilang buhay ng minahal

Nang itong dakilang larawa'y lapitan
dugo ay kumalat ng hayop na patay.
Sa lupang magaspang na pinagharian
Ng kapre't demonyong may pangil, duguan.

Ito ay expressiiong inilalarawan
Taliwas sa tunay na tinititigan
Ito ay paraan ng paglalarawan
Ng pintor na ating pinag-uusapan.

SAYAW 4: Untitled 1951

(Mamamalas sa sayaw ang ekseheradong movement ng bawat tauhan. Panahon ng Kastila sa Pilipinas. Ang prayle ay pinapanginoon ng mga tao dahil sa taglay nitong kapangyarihan. Pinaniniwalaang ang pari ay nakagagamot ng maysakit kaya maraming naniniwala dito. Subalit sa kabila nito ay may pagsasamantala. Kinukuha niya ang kayamanang nasa mga tao, pinagsasamantalahan ang kahinaan ng mga babae, at hindi binibigyang pagkakataon ang indio na pamunuan ang simbahan at pamayanan. Nagkaroon ng pag-aalsa, lumaban ang mga Filipino. Sa pagbalikwas ng mga Kastila ay sonahin ng mga Guardia Civil ang San Miguel. Ang lahat ng lalaki ay tinaga at pinugutan ng ulo ang karamihan. Pagkatapos ng madugong tagpo ay dumating ang mga babae na kamag-anak at nagmahal sa mga pinatay. Sa huli ay papasok ang isang Kastilang Pari at wiwikaing..." Ganyan ang mangyayari sa inyong lahi, kung hindi kayo titigil sa pakikilaban sa aking kapangyarihan." Sa tableaux ng painting ni Joya na untitled 1951 ay matatapos ang bilang)

Untitled 1951

PRAYLE

"Ganyan ang mangyayari sa inyong lahi, kung hindi kayo titigil sa pakikilaban sa aking kapangyarihan!"

(Makikita si Joya na nagpipinta at ginagawa ang Gossip)

IFANG/JOSIE

Peping!

PEPING

O, bakit nagpapalahaw ang kapaitd kong maganda?

IFANG

Alam mo ba yung kaibigan kong si Citang.. e nabuntis ng kaklase ko....

PEPING

Napakatsisamosa mo naman.

IFANG

Ito naman, naalala ko lang. Alam mo ba Peping napaginipan kong magkakamit ka daw ng medalya!

PEPING

Matagal pa ang graduation! E sigurado naman akong magma-magna cum laude.

IFANG

Yabang nitong si Peping. Oy, alalahanin mo mas sikat ako sa'yo--sumasabit ka lang sa pangalan ko, kapatid 'yan ni Josie Joya.....

PEPING

Yabang....

IFANG

Ay, may medal nga pala yun ano kung magiging Cum Laude ka. Pero matagal pa yun, sa isang taon pa yun.

PEPING

Hindi ako Cum Laude lang... Magna Cum Laude, he-he-he. Pero sigurado na yun, masipag yata itong kapatid mo na mag-aral. O ikaw, kelan ka magiging Lawyer.

IFANG

Malapit na. Teka nga, ano ba yang ginagawa mo?

PEPING

Isasali ko ito sa Shell National Student Arts Competition...

IFANG

Anong title n'yan?

PEPING

Gossip... para sa mga Tsismosa.....

Original Sketch of Gossip 1952

(Ipakita sa screen na **1st Prize, Shell National Students Art Competition 1952 ang GOSSIP**)

VOICE OVER

...At ang unang ganpimpala sa ating Shell National Students Art Competition 1952 ay ang GOSSIP ni JOSE TANIG JOYA!

Scene 7: Abstract

Maririnig ang Disco Music ng 1960's. Makikitang ang mga kabataan ay walang kapagurang nagsasayaw ng disco. Dito makikita ang galing ni Joya sa pagsasayaw ng Disco Dances.

SAYAW 5: Dance of Youth 1961

(Ipapakita ng sayaw na ito ang masaya at masiglang mga kabataan. Ang kabataan sa kanilang pagsasayaw ay tumutuklas sila ng mga puwede at hindi puwedeng mga hakbangin sa buhay. Ang maliliit na cube sa bawat drawing mag nagre-represent ng idibidwalismo ng bawat kabataan, subalit may mga kapusukan na mapapansin sa kulay ng iba't ibang cube. Ang mga imaheng dapat makita sa sayaw na ito ay ang BARKADAHAN, TEMPTATION, at KASIGLAHAN, sa dulo ng sayaw ay ipahihiwatig ang kanya-kanyang buhay na kanilang tutunguhin paglipas ng Kabataan.)

Dance of Youth 1961

(Mga kaibigan ni Joya, habang sumasayaw)

RAD

Peping, hindi ako makakauwi ng bahay...siguradong sarado na dun.

PEPING

Ako'ng bahala...sa bahay na kayo magpaumaga para walang problema.

KAIBIGAN 2

Sama kami, pare ha

PEPING

Walang problema...bukás ang bahay naming para sa aking mga kaibigan.

KAIBIGAN 3

Hindi ba naman magalit si Tatay

PEPING

Naku... ang tatay ko pa...walang problema dun. Ang lahat ng kaibigan ko ay kaibigan ng buong pamilya ko.

RAD

At kilala na tayo ng buong Joya family, mga pare. May handa pa nga sigurado sa ating agahan sila Nanay e.....(magtatawanan)

ANTI-JOYA

Ano naming uri ng painting 'yan!
Hindi ko maintindihan!

PRO-JOYA

Nasisiyahan ka sa kulay?

ANTI-JOYA

Nakakaduling!
Hindi ko malaman ang titigan ko?

PRO-JOYA

Nakapag-disco ka na ba?
Subukan mo....baka makita mo sa paligid ng mata mo
Ang makikisap na sinag ng ilaw sa loob ng disco house

ANTI-JOYA

Dapat kasi malinaw ang mga imahen mo sa painting

PRO-JOYA

Abstrak ito....inilarawan ko ang naramdaman ko sa disco house.
Masaya kami... ikaw ba hindi?

ANTI-JOYA

'Wag kang pilosopo
Hinahanap ko ang kahulugan!

SAYAW 6: Grandian Arabesque 1960

Mula sa disco dancing ay tutuloy ang music sa isang classic music na isasayaw ang Granadean Arabesque—na solong sayaw ni Joya. Ipakikita ng sayaw ni Joya ang kanyang Landmark o tagumpay sa pagpipinta—ballet ang approach ng sayaw na ito. (The works exhibited in Venice) Ang Arabesque ay aspekto ng Islamic art na makikita sa mga dekorasyon sa Mosques na para sa kanila ay pearl. Sinisimbulo nito ang walang katapusang pattern na nakikita natin sa buhay—parating ganoon ang nangyayri. Ito rin ay simbulo ng uncentralized concept tulad ng nature na gawa ni Allah.

Granadean Arabesque 1960 (landmark painting of Joya)

ANTI-JOYA

Landmark painting mo 'yan?
E, bakit?
Ano ba ang ibig sabihin n'yan?

Lakas ng loob mong gumuhit wala naming ibig sabihin.

PRO-JOYA

Dominado ng ginintuang kulay ang paniniwalang Islam kay Allah...
Granadean Arabesque... Sa Westerner ang Arabesque art ay tulad ng series ng pag-uulit
ng isang geometric form paminsan-minsan ay ginagamitan ng calligraphy. Sa Islam, ang
arabesque ay simbulo ng kanilang united faith at ito ang nais nilang i-project sa buong
mundo.

JOSIE

Peping, ang Inang...wala na s'ya!

MANUNULA

Iniwang ina, unos ang nadama
Tumayo, sinundan kulay ng pintura
Oras ay ginugol sa kanyang pagpinta
Hanggang sa matunton buhay na nais n'ya

Nag-Bachelor's degree
in Fine Arts sa UP
Instituto de Cultura
Hispanica sa Espanya
At nag-Master's Degree naman
partikular sa Michigan.

At ang Grandean Arabesque
Isa sa paintings n'yang da best
Pinakilala sa madla
At marami ang humanga.

PEPING

Kaibigan, kamusta...

RAD

Pare, galing mo.....tagumpay ang iyong mga eksibisyon. Ito ang tatak Jose Joya! Abstract
Expressionism...ikaw ang nagtagumpay sa Abstract Expressionism sa ating panahon....
Iyan ang sinasabi ng mundo. Magaling ka, Jose Joya, magaling!
He-he-he
Akalain mo ba naman, pare ano..... may kalaglagyan ka pala?

(Mapapatingin si Peping, magsasara ang ilaw)

End of Act 1

ACT II: MILES OF INFLUENCE

(Nagpamalas ng kontribusyon ni Joya sa pagbubukas ng pinto ng oportunidad sa Pilipinas upang magkaroon ng iisang identidad ang ASYA at magkaisa ang rehiyon sa sining at kultura na ngayon ay nagaganap na sa pagkakaroon ng mga Cultural Agreements at pagiging matatag ng ASEAN-COCI)

SAYAW 7: Asean

(Parada ng mga bandila ng Asean Countries sa himig ng *Asean Song of Unity*. Ipo-project ang dalawang painting ni Joya na *Asean Sea 1992* at *Spirit of Asean 1992*. Sa parade ng mga bandila ng mga bansang Brunei Darussalam, Indonesia, Malaysia, Philippines, Singapore, Thailand, Vietnam, Cambodia, Myanmar, Laos, Korea, China, Japan.

Ipapakita sa sayaw ng bandila ang pagkakaroon ng ASEAN o Southeast Asian countries na binubuo ng 10 bansa: Brunei Darussalam, Indonesia, Malaysia, Philippines, Singapore, Thailand, Vietnam, Cambodia, Myanmar, at Laos. Mungkahing gumamit ng malalaking tela na ang kulay ay halaw sa mga kulay na makikita sa 2 painting ni Joya. Ang huling imahen na dapat makita dito ay simbulo ng pagkakaisa ng iba't ibang kulay ng Asya)

Asean Sea 1992

Spirit of Asean 1992

ASEAN, OH ASEAN
ASEAN Song of Unity
Music by Ryan Cayabyab
Lyric by Nicanor Tiongson

*Asea, Oh Asean, Our Voices rise as one
From land to land from sea to sea reach out to everyone*

*Asean, Oh Asean, Let's link our arms and stand
Behold the sun has risen to the level of our eyes
Behold the sun has risen to the level of our eyes*

MANUNULA

Sayang nga at walang wikang gamit ang mga Asyano
Hindi tulad ng laganap na Espanyol, Amer'kano
Yumayakap sa iisang ekspresyon't isip ng tao
Na nagsisilbing batayan ng lakas ng pangkomunismo

Sa kabila ng kawalang isang wika ng Asyano
Ay nagbuklod kapit bisig ang kultura't sining nito
Mula sa inisyatibo ng pintor na Filipino

Wika't sining nagkaisang palitan ng pagbabago.

At si Jose Tanig Joya, pangunahing pintor dito
Na pumasok sa usaping pag-isahin ng Asyano
Na silipin ang pagiging magkatulad at kaibahan
Nang matanyag bawat lahi sa kaniyang kaangkinan.

(Ang sunod-sunod na sayaw na makikita ay sasabayan ng tila pagpipinta ni Joya sa Malaking Canvas, para ipamalas ang inspirasyon sa likod ng mga painting mula sa iba't ibang bayan na kanyang pinuntahan at impluwensiya. Upang ma-identify ang bawat bans, ang painting ay makikitang nakasuot ng motif ng costume ng bawat bansa ang mga mananayaw)

SAYAW 8: Fluvial Parade 1974

DANCER 1

Fluvial parade sa **Thailand** ang inspirasyon nito kung saan ang Hari ng Thailand ay ipinaparada sa mahabang ilog ng Thailand kasama ang ginintuang buda. Sa tuwing kaarawan nito, sabay-sabay na sumasagwan ang mga bangkero patungo sa isang direksiyon. Makulay ang piyestang ito. Mapapansin sa maraming bangka na ang sinasakyan lamang ng hari ang pinalalamutian ng ginto. Dito nakasakay ang ginintuang Buda na sinasamba ng mga Thailander. Tila Diyos ang trato ng mga tao sa Hari, kaya kapag nasilayan nila ang pagoda ng Hari sila ay tila nakakita ng Diyos.

Fluvial Parade 1974

SAYAW 9: Memories of Qin Mountain 1983

DANCER 2 & 3

Ang bundok ng Qin Ling ay nasa **North China**, kinikilalang karugtong ito ng Kunlun Mountains. Mayroon itong tuloy-tuloy na watershed sa pagitan ng Wei at Han rivers na may taas na 12,359 feet. Bulubundukin ito at matatalim ang pisikal na kaanyuan. Mula sa itaas ng bundok ay matatanaw ang pagkakahiwalay ng tuyong bahagi ng lupa at mapunong bahagi ng China. Pinaniniwalaan din itong tirahan ng mga Buda kung kaya't nakapagpapagaling at nakapagpapagaan ng pakiramdam ang pananatili dito.

Memories of Qin Ling Mountain 1983

SAYAW 10: Memories of Malacca 1990

ALL DANCERS

Ang Malacca ay sentro ng pagpapalaganap ng relihiyong Islam sa Malay Archipelago. Pangalawa ito sa pinakamaliit na bayan sa **Malaysia** na nasa bahaging timog ng Malay Peninsula. Ang Malacca ay nadiskubre ni Parameswara isang prinsipe noong 1396. Ayon sa Alamat, namamahinga ang prinsipe sa ilalim ng puno malapit sa ilog nang ang alaga nitong aso ay napalaban sa isang usa. Sa lakas ng kambing, naihagis nito ang aso, namangha ang prinsipe sa lakas ng usa at buhat noon, nanirahan na ang prinsipe sa lugar na iyon upang tulad ng usa ay maging malakas siya at tinawag niya ang lugar na “Melaka” mula sa pangalan ng punong kanyang pinagpapahingahan. Noong 1414 ginawa ni Parameswara na Islam ang lugar at tinawag na “Sultan Iskandar Shah.” Nagsimula sa lugar bilang isdaan at ng lumaon ay naging mahalagang daungan ng rehiyon ng Malaysia, kung saan nahikayat ang Java, India, Arabia, at China na makipagnegosyo. Dahil sa ganda ng lokasyon ng bayan kinamkam ito ng malalapit na bansa at tinawag itong Malacca. Sa paglipas ng maraming panahon at pagpasok ng ibang nasyon sa Malacca ang mga unang tao ng Malacca na Peranakan ay kumalat na sa iba’t ibang bayan sa Malaysia.

Memories of Malacca 1990

SAYAW 11: The Legend of Sarimanok 1985

DANCERS 5, 6 & 7

Ang alamat ng Sarimanok ay matatagpuan sa **Mindanao**. Noong unang panahong taghirap, ang lupaing Mindanao ay may isang bayaning bumuhay sa pamayanan, ang Sarimanok. Ang hari ng mga manok ay nagligtas ng tribu sa pamamagitan ng pagpapakain ng isda sa buong komunidad. Ang lahat ng may pakpak nung panahong iyon ay hindi marunong lumipad, kaya nagkaroon din siya ng katungkulang magturo sa ibang manok at makatulong niya sa pangangisda. Dahil sa intensiyong ito ay pinatay siya ng hari ng tribung kanyang pinaglingkuran. Pinaniniwalaang ang ang simbulong ito ay katatagan, kaginhawahan, at katahimikan sa lahat.

The Legend of Sarimanok 1985

MANUNULA

Sa paglilikha ni Joya ng makabuluhang sining
Kinilala s’ya ng Asya sa kagalingan sa painting
At noong 1970, siya’y pinagkalooban
Ng isang Cultural Award exclusively for ASEAN

At hindi lamang sa ASYA ang impluwensiya ni Joya
Ipinamalas din niya sa Europa’t America
Ang kaniyang kagalingan sa larangan ng pagpinta

Kung saan naging scholar, maestro't isang artista.

SAYAW 12: Detail of Notre Dame 1956

DANCER 8, 9, 10, 11 &12

Isa sa pinakamatandang gusali sa **Paris, France** ang Notre Dame. Isang Christian Basilica at Romanesque church. Itinayo ang Notre Dame de Paris noong 1163 sa panahon ni Louis VII. Si Pope Alexander II ang unang naghagis ng bato, simbulo ng pagkakatayo nito. Inabot ng 200 taon ang pagtatayo ng gusali hanggang noong 1345. Sa pag-upo ni Louis XV, nakita niya ang iba pang mga dapat gawin sa gusali at sa palagay niya ay dapat baguhin tulad ng mga puntod at stained glass. Pagkatapos ng 18th century sa panahon ng revolution, karamihan sa kayamanan ng katedral ay nasira at ninakaw. Tanging ang bahagi ng green bells ang naiwan. Mula noon ay inalay na nila ang gusali bilang cult of Reason at cult of the Supreme being. Bawat Papa at Haring nagmalasakit dito ay pinaniniwalang binabantayan ang katedral hanggang kasalukuyan ng kanilang espiritu. Kaya mula noong 1991, nagsimula ang 10 taong programa sa renobasyon ng katedral.

Detail of Notre Dame 1956

SAYAW 13: Ode (epic) of Heidelberg 1984

DANCER 5

Ang Heidelberg ay scenic city sa Baden-Wurttemberg, **Germany** malapit sa Stuttgart at Frankfurt. Ang Heidelberg ay adaptasyon sa Heidelbeerenberg, na ibig sabihin ay Bundok ng Huckleberry. Ang pinakalumang bayan sa Germany ay pinamahalaan ng Heidelberg Caslte kung saan binili nito ang mataas na lupain ng Neckar at ang mapunong bundok ng *Konigstuhl* na ginawang luklukan ng Hari. Ang tuktok ng bundok na ito ay naging simbulo ng kapangyarihan at kaunlaran na Germany. Ang lungsod na ito ay may mamamayang may malalim na kaalaman sa tradisyon at modernismo, mataas din ang kaalaman sa siyensiya at sining. Makatatagpo ng maraming kastilyong medieval sa lugar na ito, at dito ay matatagpuan ang isa sa pinakamatandang paaralan sa buong Europa na University of Heidelberg.

Ode of Heidelberg 1984

SAYAW 14: Granite Mountain 1991

DANCER 6

Ang Granite Mountain ay isang mababang bundok sa San Bernardino County sa **California USA**. Matatagpuan ito sa dulo ng Mojave Dessert. Ang lawak nitong 34 degrees mula sa Hilaga (North) at may 115 degrees sa Kanluran (West). Ang mga granitic na batong ito ay umikot na sa halos pabilog na hugis na nagpapakita ng sinaunang anyo

nito mula sa mga pumutok na bulkan. Ang granitic na mga batong ito sa Mojave Desert ay mula pa sa Mesozoic na panahon o may 80 hanggang 180 milyong taon na ang nakalilipas. Pinangangalagaan ang bundok na ito ng Mojave National Preserve dahil tinatanggap nila na yaman ito ng California mula sa matapang na bulkan ng kalikasan.

Granite Mountain 1991

SAYAW 15: City Silhouette 1965

DANCER 6

Ang New York City ang malaking siyudad na pinaglinangan ni Joya ng kanyang sining. Tumanggap siya ng mahalagang grant mula sa John D. Rockefeller II Fund at sa Ford Foundation upang makapag-aral sa Pratt Graphic Arts Center sa New York.

City Silhouette 1965

Pagkatapos niyang malinang sa pangunahing lungsod sa buong mundo, ay nakatanggap siya ng isang tawag mula sa Pilipinas na kailangan niyang maglingkod sa sariling bayan bilang Dekano ng UP College of Fine Arts. Mula 1970 hanggang 1978 ay buong husay niyang ibinahagi ang kanyang talino sa libo-libong pintor na Filipino sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Hindi na rin napigil pa ang mga parangal sa dakilang pintor ng Bulacan. Tinanggap niya ang ASEAN Cultural Award noong 1970, Patnubay ng Sining at Kalinangan Award ng Maynila noong 1971, Mobil Competition noong 1980, Chevalier des Arts et Lettres ng French Government noong 1987 at Gawad CCP para sa Sining noong 1991.

End of Act II

⋮

ACT III: ART FOR ART'S SAKE

(Ang sining ay naglilingkod at may dahilan ang pagsilang ng mga pintura ni Joya sa sanlibutan)

Scene 1: Ang Kulturang Pinoy

ROCK

Salamat naman po at napagbigyan ninyo ang aming kahilingan na maturuan ninyo kaming mga visual artists dito sa Visayas.

JOYA

Iyan ang aking misyon, ang maibahagi ko ang aking nalalaman.

PAINTER 2

Paano po ba ninyo masasabing ang isang painting ay mahalaga?

JOYA

Mabigat na katanungan 'yan. Para sa akin, ang isang artista o manlilikha ng sining ay dapat nakaugat ang kanyang karunungan sa kanyang kasaysayan. Para maging madulas ang konsepto at walang pag-aalinlangan ang mga hagod ng iyong pintura, kailangang maalam ang iyong isip sa inspirasyong nakatimo na sa iyong isip... at tuloy-tuloy na yun... iyan na rin ang lalamanin ng puso mo pag nagsimula ka nang magtrabaho.

ROCK

Kung iyo po ba ang laman ng isip ko at puso ko ay magiging mahusay na ang aking mga pininta?

JOYA

Mga sangkap lamang iyan na kailangang lamanin ng iyong mga likha. Para maging mahusay ka...kailangan mong magpinta nang magpinta...huwag kang titigil. Kung ibig mong magaling sa pagsusulat, sumulat ka nang sumulat. Kung ibig mong maging magaling na manluluto, magluto ka nang magluto at kung gusto mong sumayaw, sumayaw ka nang sumayaw. Halina kayo at ating simulan, sino ang maalam sa inyo sa kasaysayan?

SAYAW 16: Code of Kalatiao 1967

ROCK

Mula sa pag-aari ng Borneo ang Isla ng Panay bago pa man dumating ang mga Kastila ay pinamumunuan ng Datu Kalantiao. Ang Aklan, ang sentro ng pamahalaan ay siyang naging himpilan ni Datu Kalatiao. At sa kanyang pamamahala ay gumawa siya ng mga batas.

Kapag nilapastangan mo ang matatanda ay maaari kang lunurin sa ilog o ilubog sa kumukulong tubig;

Kapag hindi ka nagbayad ng iyong utang ay maaari kang paluin ng 100 ulit;

Kapag nanloko ka ng babae ay maaari kang palanguyin nang tatlong oras o hampasin ng mga tinik;

Kapag binastos mo ang puntod ng patay ay ipakakain ka sa langgam;

At kapag inulit muli ang mga kasalanan...ang sino man ay dadalhin sa kamatayan.

Code of Kalatiao 1967

JOYA

Ang painting ay mayroong tinig...iyan ang makikita ninyo sa mga larawang may mga ekspresyon. Mahalaga ito, dahil kailangang kausapin ng inyong mga likhang-sining ang damdamin ng mga manonood. Makapangyarihan ang himig na iyan, ito ang lihim ng ating mga likha. Mga mensaheng hindi mahagilapan ng wika, parang himig ng musikang ang mga huni ay nagpapakirot ng inyong puso at minsan naman ay nagpapapayapa sa mga aligagang puso.

PAINTER 1

Magkakapatid pala ang mga anyo ng sining. Lahat ay may iisang layunin.

JOYA

Iyan ang sining na naglilingkod. May mga tungkulin sila sa indibidwal at sa kalaunan ay sa pangkalahatan.

PAINTER 1

Ang mga likha kong painting ay hindi lamang pala pang display sa aming bahay. Mayroon pala itong ipinapahayag.

JOYA

Ang mga likhang walang himig ay walang kabuluhan. Kaya bakit gagawa ng walang-saysay? Kaya madaling nalalaman ng ating mga tagatangkilik kapag ang isang likha ay walang himig...iya'y mga kopya lamang ng mga pintor na ibig bumenta at ibang disenyo ang kanilang likha sa mga dingding na walang kahulugan.

ROCK

Kahiya-hiya naman pala, ano po.

(tawanan)

PAINTER 2

Mahusay po akong umawit...

Tulad po ninyo, ako'y mula sa bayan ng San Miguel, Bulacan. Kung saan makikita nakatira din ang dakilang Maestro ng musikang Pilipino na si Maestro Nicanor Abelardo.

JOYA

Ano ba ang alam mong awit ni Abelardo?

AWIT: Mutya ng Pasig (Kundiman 1976)

(AAWIT habang tila pinipinta ni Joya ang painting na naka-project sa screen)

Kundiman 1976

Scene 2: Ang Bayang Madasalin

JOYA

Ibang ang karanasan at kultura ng mga pintor dito sa Maynila. Ang lungsod na ito ay punong-puno ng karanasang malapit sa impluwensiya at nasa bingit ng pagbabago ang bawat tradisyon at paniniwala. Maging mapagmasid kayo sa lahat ng pagkakataon, upang makalikha ng mga imaheng magiging sandigan ng inyong datos sa hinaharap.

ESTUDYANTE 1

Dekano, ang mga likha ng dakilang Juan Luna at Amorsolo ay aking naobserbang nilarawan ang realistikong tanawin. Pero nang lapitan ko po ang painting ay may madidinig na hampas ang brass at di ko na makilala ang imahen.

JOYA

Iyon ang tinatawag na realist expressionism... ibig sabihin, nakikita ninyong buong tao ang nasa larawan sa malayo, subalit pag nilapitan ninyo ay pinturado itong nadarama ang damdamin ng nagpinta.

ESTUDYANTE 2

Ang pinta naman po ni ----- ay hindi ko masundan ang mga imaheng inilalarawan sa kanyang mga likha. Subalit may malayang paglalarawan ang mga pahiwatig ng mga kulay.

JOYA

Ang abstract ay hindi isang paglalaro. Ito ay isang pamamaraan ng pintor upang mas patingkarin ang damdamin ng imaheng kanyang nilalarawan. May mga panaginip na sa pagdilal ng inyong mata ay wala kayong maalalang imahen, tanging takot, kalungkutan at masayang anino ng panaginip ang naiwan sa ating ulirat. Ganoon din ang hiwaga ng abstraksiyon, mula sa isang maliwanag na kuwento o imaheng inilalarawan ay dinukot ang pinakapuso ng damdaming inilalarawan sa realidad ng canvas na tanging damdamin na lamang ang naiwan na makikita sa likha.

ESTUDYANTE 3

Ito po ba ay hiwaga ng makapangyarihang Diyos?

JOYA

Makapangyarihan ang Diyos, subalit ang paglikha ng iyong sining ay ipinaubaya na sa iyo!

SAYAW 17: Quiapo Nazarene 1964 at Mary Magdalene 1974

(Magkarugtong na sayaw-ipapasok ang mga dialogue sa mga sayaw)

MGA MANANAMPALATAYA

Poong Nazareno, iligtas mo ang aming kaluluwa!

Salamat sa pagpapagaling mo sa aking karamdaman!

Ang pagpapasakit mo sa krus ang s'yang katubusan ng aking pagkakasala!

Poong Nazareno, bigyan mo kami ng kaginhawahan! Tanggalin mo ang pasan-pasan kong krus!

O mapaghimalang Poon.. ikaw lamang ang makapagliligtas sa kahirapan ng mundo!

SABAY-SABAY

Ipinas mo ang aking panyo sa iyong pinagpalang kamay!

Quiapo Nazarene 1964

MANANAMPALATAYANG POKPOK

O, Birheng Magdalena, ihingi mo ako ng patawad kay Hesus!

Birheng Magdalena, ikaw ang babaeng pinagpala ng Diyos sa kabila ng iyong kasalanan, ipahitulutan mong maging kawangis mo kami.

Iligtas mo ang aking kaluluwa sa kamay ng impiyerno!

Mary Magdalene 1974

Scene 3: Politika at Lipunan

JOYA

Ang ating mga likha ay tulad ng mga aklat ng kasaysayan na nakatitik ang detalye ng mga pangyayari, at sa paglipas ng panahon, ito ay naging kasaysayan. Ang kaibahan nga lamang ay nakaukit sa ating mga likha ang kulay ng damdamin ng ating mga inilarawan, tanging ang kongkretong datos ng panahon na makikita dito ay ang ating marka.

SAYAW: Puppets 1983, People Power 1986 at Yellow Era 1987

Ang tatlong painting na ito ay gagawin sa isang segment ng sayaw, mula sa Puppets na painting na nagsisimbulo ng pakikialam ng Amerkano sa politika ng bansa sa pamamagitan ng pagkontrol sa pagmo-monopolize ng ekonomiya at politika sa bansa.

Hanggang sa pagkamatay ni Ninoy at maramihang rally sa Pilipinas na nagbunsod sa People Power hanggang sa magkaroon ng EDSA Revolution kung saan itinanghal si Cory bilang Pangulo. – gawing komiko ang koreograpiya ng sayaw na ito at gawing dramatization ng tatlong malalaking pangyayari sa bansa. Gamitin ang mga awiting Uncle Sam, Inang Laya music – *sisigaw ka ng anong giting sa liyab ng libong sulo... at magkaisa*)

(upang maipakita ang kaunting karanasan sa mga Amer'kanong dahilan ng pagiging puppets ng mga tauhan ng pamahalaan ay ipakikita ang maliliit na bahagi ng eksenang may recall sa isip ng mga Filipino)

NORA

My brother is not a pig! (sa Amer'kano) ang kapatid ko ay tao hindi baboy-ramo!

MGA TAO

Paalisin ang base ng Amer'kano sa Bansa!

DULA SAYAW 18: Puppets 1983

Puppets 1983

NINOY

My countrymen. I'm going back to the Philippines to join you within your sorrow with your dictator president. Death will not stop me for going back Mr. President! Filipino is worth dying for.

(maririnig ang tunog ng eroplano, putok ng baril, at sigawan ng tao)

MGA TAONG-BAYAN

Patay na si Ninoy!!!!!!

Snap Election ang gusto ng bayan!

(May mga silhouette ng nag-rally at may placards na Imperyalismo Ibagsak)
(makikitang may mga balotang inililikas – tanda ng pandaraya)

RAMOS

Mr. President, your time is up!

GEN. ENRILE

Mr. President, vacate Malacañang palace now!

DULA SAYAW 19: People Power 1986

People Power 1986

(Maririnig ang awit ng People Power theme song na “Magkaisa”)
(May mga nagbibigayan ng roses at may dalang Virgin Mary at rosaryo ang iba)
(Makikita ang mga leader ng unang People Power)

CORY

Mga kababayan, we are guided by the spirit of Ninoy..... hindi niya pinabayaan...

DULA SAYAW 20: Yellow Era 1987

Yellow Era 1987

JOYA

Iyan ang mga pangyayari ng ating panahon. Mga pangyayaring pinalakpakan at hinangaan ng mundo. Mga guhit ng palad na ating iginuhit sa ating mga larawan bilang mga gunita ng kahapon.

ESTUDYANTE 1

Tandang-tanda ko po nung pumutok ang Bulkang Pinatubo. Ang nangibabaw ay tila puting ulap na lumukob sa aming bayan sa Pampanga.

ESTUDYANTE 2

Maraming bahay ang natabunan, tila isang panaginip na sa isang iglap ay nawala sa mapa ang aming bayan.

ESTUDYANTE 3

At sa ilalim ng makapal na buhangin ng bulkan na kumalat sa malaking lupain ng Luzon ay maraming buhay ang nalibing nang buhay. Tila may sariling balon ng dugo sa ilalim ng makapal na maputing buhanginan.

JOYA

Ito ang alaala ng Pinatubo.

DULA SAYAW 21: Pinatubo Prism 1992

(Masayang ipakikita ang pamumuhay sa Pampanga. Puputok ang bulkan at ang mga tao ay magkagulo. Ang malungkot na imaheng nakalarawan sa painting na naka-project sa screen ay mapapalitan ng mga taong namumuti ang mukha na walang mga buhay at may kakalat na dugo sa ilalim nito)

Pinatubo Prism 1992

Scene 4: Inang Kalikasan:

DANCER

May isyung dala at paninindigan ang mga likhang makabuluhan. Ilang panahon na rin ang nakalipas at ilang pangako ng kagalingan at kabutihan ang ating narinig. Ang kalikasan ay tila napaglaruan sa maraming panahong lumipas. Ang tubig ay ginawang lupa at ang mga kabundukan ay pinatag. Ang mga puno ay inani subalit hindi binigyan ng usbong na siyang papalit sa mga ugat na nagpapatibay sa mga bato at lupang nakakapit sa daigdig. Kaya sa pagdating ng pagtutuos ay ang kawawang tao ang api, mga kawawang tuldok sa mata ng mundo.

SAYAW 22: Landslide 1990, Global Warming 1990 at Save the Earth 1993
(magkakarugtong na sayaw ang ipakikita – sasabayan ng SOLong Tula ni JOYA)

Landslide 1990

JOYA

Minsa'y tumutol itong aking pinsel!
Nang ilarawan ko ang magandang kapaligiran
Tinanong ng kamay ko ang aking isipan
May nakikita daw ba akong kagandahan
Sa kinaladkad ng kabundukan dito sa aking bayan.

Global Warming 1990

JOYA

Minsan ako'y ginising ng aking panaginip
Ng ipinta ko ang magandang sikat ng araw
Guniguni ko'y kinurot nang aking maaninaw
Kabundukan, palay sinusunog na ng araw

Save the Earth 1993

JOYA

Maganda ang mundo at masaya ang kapaligiran
Iyan ang magandang tanawing nasasalarawan
Subalit kapag umulan, estero'y nagbabarahan
Sa pagtindi ng araw, kanser sa balat ang taglay.

Kaya pinsel ay gumuhit tumungo sa drowingan
Dugo daw ay ilarawan na katumbas ng kapabaya-an.

(Matapos magawa ni Joya ang maraming pinta ay ipapakita ang pagpupulong ng mga visual artist. Sa eksenang ito ipakikita kung papaano ang naging proseso ng nominasyon sa National Artist Award. Ilang ulit siyang na-nominate subalit hindi siya kaagad itinanghal... ang pangunahing naging kalaban ni Joya ay ang kanyang mga naging kaibigan)

ANTI-JOYA

Walang kahulugan ang kanyang likha
Hindi mauunawaan ng pangkaraniwan

PRO-JOYA

Joya's experimentation created brash, exhilarating forms and images, as he improvised and perfected his spontaneous technique. What seemed important for him was not merely to develop a personal idiom but to evolve a unique style that would reflect the Filipino artist's mind. Like most of his older contemporaries during the sixties, Joya was in search of a national identity: Like them he wanted to infuse his paintings with that elusive Filipino "soul". The ideal was to draw Philippine abstract expressionism - in all its national undertones - into the international.

ANTI-JOYA

Lahat ng gawa ni Joya ay nagawan ang mga naunang pintor.
Wala siyang identity!

PRO-JOYA

His style has been labelled by many critics as Abstract Expressionist, a school of painting whose most famous American exponent in the 50s was the "action" painter, Jackson Pollock. Joya, however, made his own contributions by introducing lush and brilliant tropical colors characteristic of his homeland. Joya's participation at the government's behest in the 1964 Venice Biennial signified a crucial break for modernism and non-representational art in the conservative Philippine art establishment.

ANTI-JOYA

Mayroon ba siyang masasabing estilong kanya?

PRO-JOYA

Joya advanced towards geometrism in the late 60s complementing this with experiments on textured painting surfaces using rough impasto and primer mixed with sand. The 70s saw an unflagging experimentalism and pursuit of his earlier advances. He experimented with more colorful pieces in 1974, and he worked with acrylic on plywood in 1977.

ANTI-JOYA

Pangalan pa lang niya ay hindi na Pinoy.
Malayo sa sa pangalan ni Juan Dela Cruz

PRO-JOYA

The name of JOSE JOYA is synonymous to the best in Philippine abstract expressionist art. He is an artist of innumerable achievements. His countless awards include the Patnubay ng Kalinangan Award during the 4th Centennial of the City of Manila and received the Gawad CCP for Visual Arts in 1991. He was named one of the Ten Outstanding Asean Artists in 1992. Has had innumerable exhibits in China, Switzerland, Germany, England, Hong Kong, the US, and Spain.

ANTI-JOYA

Hindi siya maaaring dakilain ng bansa!

(magkakaroon na ng karamdaman si Joya – eksena sa ospital kasama ang kapatid na si Josie at ilang mga visual artist)

JOYA

Huwag kang malungkot, kapatid ko.... Magsaya kayo, mga kaibigan..... Hindi dito natatapos ang lahat. Sino ang kapipigil sa patak ng ulan? Sino ang makapipigil sa alon ng tubig? Mawawala ang buhay sa lupa, pero hindi ang aking mga likha. Wala tayong dapat ikalungkot. Hindi ko man masaksihan ang tagumpay ng pagiging manlilikha ng sining, ay alam kong darating ang panahong iyan. Ang mga likha ko'y tila tubig na patuloy na dadaloy sa buhay ng Filipino, papawi sa uhaw na buhay at didilig sa natutuyong bayan.

Scene 5: Ang Bayan ko

BATA

Bakit inilarawan ni Joya ng ganito (LCD projection appears) ang Bulacan?

DANCER

Ang bayan ni Joya ay bayan ng mga bayani, sa masiglang buhay dito at sa makulay na karanasan dito ay mababanaag ang kasaganaan at pag-unlad. Sa likhang ito, ang disiplina ng isang artista sa paglikha ay repleksiyon ng kanyang katauhan at ng kanyang lahing Bulakenyo.

SAYAW 23: Bulacan Reflection

Bulacan Reflection 1990

BATA

Napipigil po ba ng kamatayan ang kadakilaan?

DANCER

Hindi. Ang kamatayan ni Jose Tanig Joya ay kamatayan ng mainam na paglikha ng isang Bulakenyo. Subalit hindi doon natatapos ang kadakilaan ng isang tao, lalo na nga kung ibinigay niya ang kanyang buong pagmamahal sa kanyang sining. Sa paglalarawan ng bayang San Miguel ni Joya ay mapapansin ang pag-asang inilalarawan ng puting bilog na nagbigay repleksiyon sa buong kapuluan ng kanyang bayan. Mula sa kanyang bayang tinubuan hanggang sa kanyang mga pintura ay makikita ang kanyang magiting na ekspresyon ng pagiging dakilang alagad ng sining.

SAYAW 24: San Miguel Bulacan

San Miguel Bulacan

Scene 6: Ang Misyon

MANUNULA

Sa likod ng mga guhit
Ng kulay, hubog at hugis
Makahulugang pigura't
Estruktura sa pagpinta.
Ang mga likha ni JOYA
Sa mundo ay kinilala.

At sa kaniyang abstraksiyon
Na simbulo ng ekspresyon
Ang malakas na daluyong
Ng ginuhit niyang RED SONG
Si JOSE JOYA'y ginawaran ng ating lahing Filipino
Bilang Pambansang Alagad ng Sining
Dangal ng lahing Filipino.

SAYAW 25: Red Song

Red Song 1966

ANTI-JOYA

He produced an excellent body of bold and lyrical works. Bypassed several times during his lifetime, he was posthumously conferred the title of National Artist for Visual Arts last 25 June 2003, by President Gloria Macapagal-Arroyo.

WAKAS

5 Agosto 2006

Sa Kislap ng mga Talà

(Musikal na Dulang Buhay at Sining ni Francisco Santiago)



Ni **Sonny J. Cristobal**

7 Hulyo 2007

Malolos, Bulacan

MGA TAUHAN

Pangunahing Tauhan

Francisco Santiago
Concepcion Ocampo - Asawa
Felipe Santiago – Ama
Maria Santiago - Ina
Matias Magracia – Tiyuhin

Iba pang Tauhan

Teodoro Kalaw - Mamamahayag
Pura Villanueva – Carnival Queen
Severino Reyes - Dramatista
Pedro Ocampo – Kapatid ni Concepcion
Cayetano Jacobe – Kaguro/Co-Teacher
Miss Harriet L. Marble – Kaguro/Co-Teacher
Ignacio Villamor – Pangulo ng UP
Director Wallace W. George – Direktor ng UP
Jorge Bocobo - Pangulo ng UP
Emilia S. Cavas
Jose A. Estella
Atty. Vicente Sotto
Atty. Jesus Ocampo – Bayaw ni Santiago
Judge Fernando Jugo

Dr. Herbert Zipper
Walter T. Loving
Mrs. Pura Lacson Villanueva
Ignacio Manlapaz
Bonifacio Abdon
Nicanor Abelardo
Isabelita Sanchez
Jose Avellano
Alfredo Roa

Bulacan is home of prominent creators of Kundiman. The Kundiman came to the fore as an art song at the end of the 19th Century and early part of the 20th, when Bulakeño composers such as Francisco Santiago and Nicanor Abelardo formalized the musical structure and sought poetry for their lyrics, blending verse and music in equal parts.

Dramatization of the life story and how F. Santiago created his works will serve as a living inspiration to aspiring young Filipinos to achieve more for the betterment of his own life and country.

Francisco Santiago, Ama ng Kundiman was born in Santa Maria, Bulacan, on 29 January 1889 to musically-minded peasant parents, Felipe Santiago and Maria Santiago. In 1908, his first composition, *Purita*, was dedicated to the first Carnival Queen, Miss Pura Villanueva, who later married the distinguished scholar, Teodoro Kalaw. Santiago's masterpiece was the "Concerto in B flat minor" for pianoforte and orchestra. His most famous piece "Kundiman, (Anak-Dalita)", was sung upon the request of King Alfonso XIII before the Royal Court of Spain. His other compositions are the kundiman "Sakali Man," "Hibik ng Filipinas," "Pakiusap," "Ang Pag-ibig," "Suyuan," "Alaala Kita," "Ikaw at Ako," "Ano Kaya ang Kapalaran?," "Hatol Hari Kaya?," "Sakali't Mamatay," "Dalit ng Pag-ibig," "Aking Bituin," "Madaling Araw," and "Pagsikat ng Araw." He was named UP Emeritus Professor of Piano, on 25 May 1946. When the University of the Philippines Conservatory of Music was celebrating its 30th anniversary, the nationalistic musician died of heart attack on 28 September 1947. He was buried at the North Cemetery, Manila.

PROLOGUE:

Video 1	Eksena ng Kapanganakan ni F. Santiago (1898)
Senaryo:	People excitedly staring at him, wishes & hopes
Produksiyon:	Santiago Medley (Sayaw)
Areglo ni:	Ato del Rosario
Koreograpiya ni:	Rodel M. Fronda

ACT I

**Scene 1: Sta. Maria noong 1898 (Siyam na taon)
Himagsikan laban sa mga Amerikano**

(Sa bahay ng siyam na taong si Francisco Santiago, magbubukas ang eksena na tumutugtog ng harp si Maria at si Kiko ay kumakanta habang si Felipe ay umiinom ng matapang na kape)

Tumutugtog ng harp...

FELIPE SANTIAGO

Maria, tabang naman nitong kapeng ginawa mo... mas masarap ang kape pag matapang!
(Hindi iintindihin – tuloy sa pagtugtog at pag-awit)

FELIPE

Magdagdag na nga lang ako ng kape...tabang talaga!
(Haharap kina Maria)

FRANCISCO SANTIAGO

Marunong na po, Tatang. Matabang po ba ang kape n'yo?

FELIPE

Matapang na. Kung magkakape ka, tatapangan mo para ligtas ka sa sakit. Hindi ka pa ba marunong tumugtog ng instrumento, Francisco?

MARIA SANTIAGO

Madalas na itong magsesyon kay Matias...marunong na rin yang magpiyano at tugtugin itong aking harp.

FELIPE

Ang Inang mo ay napakagaling umawit at tumugtog ng piyano, wala pa iyang pormal na pag-aaral, ha... kaya lang e, ang gan'yang talento anak e pambabae. Kaya huwag iyan ang pag-aralan mo.

MARIA

Ang sa akin naman ay paraan ko yun para pasalamatang Panginoon. Sa kabila ng ating kahirapan ay heto at nananatili tayong malusog at nakararaos sa buhay. Hindi mo maiaalis sa anak natin na makaiwas sa musika. Ang dugo n'ya ay may nananalaytay na dugong musikero.

(Humahangos si Matias)

MATIAS MAGRACIA

Kuya Ipe, naku, e napakalakas ng usapan sa pagdedeklara ni Emilio Aguinaldo ng Kalayaan. Aba e nagwagayway pa daw ng bagong bandila.

MARIA SANTIAGO

Oy, Matias, ano ba 'yang k'wento mong iyan? Talaga nga bang malaya na tayo? Malaya na ang Filipino?

FELIPE SANTIAGO

Ito naman si Maria. Ikaw ba e naniniwala pa d'yan kay Aguinaldo? Nakalimutan n'yo na ba ang ginawa n'yan kay Andres Bonifacio? Kasama sa pakikilaban e tinalo din naman.

MARIA

E, kung sa bagay.

FELIPE

Nung isang taon lang e, di ba nagkuta sila d'yan sa Biyak-na-Bato. Akala ng marami e tagumpay na ng Filipino yun, nagtayo na ng Republika, may batas na, o ano nangyari, nabayaran ng Kastila \$800,000.00. Ha-ha-ha hayun ang mga damuho nagpatapon sa Hong Kong.

MARIA

Narito na pala uli ang Heneral. E, mabuti naman at hindi sila tumigil sa paglaban, ano.

FELIPE

E, ano nga ba ang nangyari Matias?

MATIAS

Nung maglaban ang mga Kastiala at Amerikano na nagsimula sa Cuba, nabago na ang pangyayari.

FRANCISCO SANTIAGO

Tata Matias, ituloy n'yo na po ang k'wento n'yo. Wala na po ba'ng mga Kastila?

FELIPE

Maria, pakainin mo na ang bata.

MARIA

Hayaan mo nga siyang makinig. Anak, pakasuriin mong mabuti ang iyong kapaligiran, ha, alamin mo kung ano ang tama at mali, huwag kang papanig sa mali.

FELIPE

Ang mahalaga lang anak, tandaan mo ito, ha, mahalaga pa rin sa lahat ang pag-ibig. Sundin mo ang tama at mahalín mo ang bayan mo. Huwag kang gagaya sa mga nanlalamang na politiko.

MATIAS

May kalituhan nga ang taumbayan sa nangyayari, dangan kasi ay naglipana pa din ang mga Kastila sa Maynila.

MARIA

E, bakit nagdeklara na ng Kalayaan e ganun palang may Kastila pa?

FELIPE

Estilo yun para mambulabog sa kalaban. Ang sigurado d'yan, ito ang itaga n'yo sa bato, mayroong puwersa sa likod ng deklarasyong iyon, iyon ang abangan natin, kung sino.

FRANCISCO SANTIAGO

Baka Amerikano ang papalit sa Kastila, Tata Matias.....

MARIA

Ha... ano ka ba naman, Kiko... Teka nga, ano ba nangyari sa Cavite?

MATIAS

O hayun nga, malaya na daw ang Filipino... yung asawang si Marcela at mga anak ni Heneral Aguinaldong Lorenza at Delfina daw ang ngalan, ang gumawa ng bagong bandila. Maganda naman. May tatlong estrelya at araw sa gitna. Ang tela ay hati sa bughaw at pula. Iyon ang winagayway ng Heneral sa balkonahe ng bahay n'ya sa Kawit, Cavite.

FELIPE

Harinawa e, totoo.

FRANCISCO SANTIAGO

Tata Matias, may musiko po ba?

MATIAS

Naku, mayroon ... may martsa sila... kayganda ng pagkatugtog!

FELIPE

Teka nga Matias, sino nga ba ang nasa likod ng tagumpay ni Emilio Aguinaldo?

MATIAS

Ito lang naman ang dinig ko ha... May pakikipag-ugnayan umano ang Heneral kay US Navy Admiral George Dewey... mukhang may balak na lipulin ang natitirang Kastila sa Maynila, ang huling pulutong ay nasa Intramuros. Malamang atakihin ng Heneral 'yan mula sa baybayin ng Maynila at madali daw silang makapapasok.

MARIA

Naku, Matiassss...Hu-hu-hu... iyan na nga yata ang napapanaginipan ko.

FELIPE

May napapanaginipan ka?

MARIA

Traidoran na naman 'yan. May bayarón na namang magaganap... magpapabayad ang Kastila sa Amer'kano para sa pagtatapos ng digmaang ito. Magkakasundo sila...sa kamay naman tayo ng Amerikano masasadlak.

FRANCISCO SANTIAGO

Tata Matias, kung ganoon po ay mali ang balita n'yo...wala pa pong kalayaan.

Produksiyon: Kundiman (Anak-Dalita)

(Love of Country) Ilalarawan ng produksiyong ito ang kalagayan ng Pilipinas-tulad ng inilarawan ng Balagtas sa kaniyang tula "*Sa isang madilim at gubat na mapanglaw.*" Sa pamamagitan ng isang dramatikong koreograpiya, ilalarawan ang kahirapan ng pamumuhay ng isang pangkaraniwang Filipino-sa pagbubungkal ng lupa umaasa ang kumakalam na sikmura. Ang pinagkakaabalahan ng mamamayan ay pagtanim ng mga halamang kanila ring kakainin, at ang labis dito lamang ang maaari nilang pagkakitahan at gamitin sa ibang pangangailangan sa buhay. Pinapangarap ng marami ang buhay na tinatamasa ng mga dayong Kastila at ang pamilya nito, mariwasa, hindi nagdudumi ng putik upang makakain. Sa huli, mababatid ng mga mamamayan na ang tinatamasang karangyaan ng mga dayo ay galing sa kanilang pinagpaguran at ang realisyong kanila ang lupang tinatamasa ng mga dayo... pag-aaklas ang paraan upang ang pag-asa ay kanilang makamit.

KUNDIMAN

CANCION FILIPINA

Titik ni Deogracias A. Rosario (letra de Jesus Balmori)

Musica de Francisco Santiago

*Ako'y anak ng dalita
At tigib ng luha
Ang naritong humihibik
Na bigyan ng awa*

*Buksan mo ang langit
At kusa mong pakinggan
Ang aking ligalig
Saka pagdaramdam*

*Ay kung hindi ka mahahabag
Sa Lungkot kong dinaranas
Puso't diwang nabibihag
Sa libing masasadlak*

*Magtanong ka kung di tunay
Sa kislap ng mga tala
Magtanong ka rin sa ulap
Ng taglay mong dalita*

*Sa dilim ng gabi
Aking nilalamay
Tanging larawan mo
Ang nagiging ilaw*

*Kung ikaw ay mahimbing
Sa gitna ng dilim
Ay iyong ihulog
Puso mo sa akin*

*Tanging larawan mo
Ang naging ilaw*

*Ang iyong ihulog
Puso mo sa akin
Ang iyong ihulog
Ang iyong ihulog, buhay, pagasa, pagasa*

**Scene 2: Ama, Ina & Anak na Lalaki
Pagkamatay ng Ama**

(Nakaluksa ang mag-ina, nag-eempake)

FRANCISCO

Ang Tatang talaga, hanggang sa langit gusto yatang dalhin ang kaniyang matapang na kape.

MARIA

O, bakit mo ba nasabi?

FRANCISCO

Pagkabukas ko ng kaniyang eskaparate e, may isang bálot pa doon ng kape. Gusto pa yatang baunin ng Tatang sa Langit. He-he-he. Mabuti at hindi po kinain ng mabait. Ibabaon ko na lang ito sa Maynila Inang, para maalala ko ang matapang na kape ni Tatang.

MARIA

Nagkakape ka na rin ba?

FRANCISCO

Opo, pinatikim din ako ng Tatang ng matapang na kape, makakatulong daw ito sa pagpapalakas ng aking katawan. Ang Tatang talaga masyadong maaalahanin.

MARIA

Anak, tandaan mo ang bilin sa iyo ng iyong Tatang, ha. Ang mahalagang yaman dito sa lupa ay hindi ang salapi o kapangyarihan. Kailangan mong may pagmamahal sa Diyos, sa bayan at sa sarili.

FRANCISCO

Sa pagkawala ni Tatang, asahan po ninyong magiging gabay ko ang kaniyang mga pangaral. Magiging mabuti po ako sa aking lalandsin.

MARIA

Ang Tiyo Matias mo huwag mo ring pababayaan, malaki ang utang na loob natin dun. Sabi n'ya, kakaiba daw ang nakikita niyang husay mo sa pag-awit at pagtugtog ng piyano, naniniwala siyang malayo ang iyong mararating, huwag mo siyang biguin, anak.

FRANCISCO

Ha-ha-ha! Ang Tata Matias talaga, bolero! Ha-ha-ha. Kasama nga akong naghaharana sa mga nililigawan ni Tata Matias, pag narinig ang kanta n'ya, naku, magbubukas agad ng

ilaw at bintana ang dalaga.

MARIA

Dito sa Sta Maria, mababait ang mga dalaga. Kaya huwag ninyong isipin na madali ninyong napapaamo ang babae.

FRANCISCO

Hindi naman po sa pagyayabang, Inang. Palagay ko nga po ay aking pagtugtog ng biyola ang nakapagbibigay pansin sa mga kadalagahan dito sa Sta Maria, e.

MARIA

O, e bakit naman?

FRANCISCO

Kasi po pag napapasok na kami sa bahay ng kanyang hinaharana, ang pagtugtog ko na ang pinag-uusapan at hindi ang panliligaw ni Tata Matias. Nagtatagal kami sa bahay ng babae dahil dami nilang hiling na tugtog.

MARIA

Kaya pala hanggang ngayon ay hindi pa mapasagot ang nililigawan. Ha-ha-ha! Anak, maiba ako. Kailangang matapos mo ang elementarya, ha. Huwag mong hayaan ang sarili mong walang titulo gaya namin ng iyong ama. Mainam anak ang nakapag-aral, kaya mong harapin ang maliit at malalaking tao kung ikaw ay nakapagtapos ng iyong pag-aaral. Lalo na sa panahong parating, mahalaga na matutuhan mo ang wikang Kastila at Ingles para hindi ka mapag-iwanan.

FRANCISCO

Sabi po ni Tata Matias, sa San Juan De Letran ko daw po tatapusin iyong primarya ko at magsekundarya po ako sa Liceo De Manila. Maganda daw po doon. Matatalino ang mga mag-aaral sa Maynila.

MARIA

Pagsikapan mo anak na maabot ang mataas na edukasyon. Wala akong yamang maipamamana sa iyo. Lalo na ngayong wala na ang iyong Tatang, mag-isa na lamang akong magbubukal ng ating maliit na sakahan. Pero huwag mo akong alalahanin anak, kayang-kaya ko 'yan, malakas din ang aking katawan, dala marahil ng matapang na kape ng iyong Tatang, He-he-he. Hayaan mo at dadalasan ko rin ang pagluwas, dadalawin kita at dadalhan kita doon ng mga sariwang gulay. Pararamihin ko ang akin mga alagang manok ng mailuwas ko sa iyo.

(Dadating si Matias)

MATIAS

Magandang umaga sa 'yo, Ate Maria. O, ano handa ka na ba, Kiko, sa ating pagluwas?

FRANCISCO

Handa na po, kaya lamang ay hindi ko maiwan ang Inang sa ganitong kalagayan.

MATIAS

Nariyan pa naman ang mga kapatid mo. Ang pagkawala ng Kuya Ipe ay bahagi ng buhay. Huwag tayong magpakabaon sa kalungkutan.

MARIA

Matias, sana ay maayos ang kalagayan ng anak ko sa Maynila.

MATIAS

Ate Maria, sigurado akong magiging maganda ang kalagayan n'ya doon. Ipapasok ko siya bilang Tiple sa Colegio de Ninos Tiples sa Katedral ng Maynila. Magaling ang mga namamahala doon, si Direktor Faustino Villacorta at Blas Echehoven. Pihadong makayayari s'ya ng pag-aaral, may matutuluyan na siya, may makakain at may kaunti pang baon, o di ba mahusay ang ganun.

MARIA

(Yayakapin ang anak) Pagbutihan mo anak, ha.

FRANCISCO

Gagawin ko po ang lahat ng kagalingan upang hindi ko kayo mabigo.

MATIAS

Pagkatapos mo doon ay maaari ka ding sumali sa koro ng Santo Domingo Church sa Intramuros sa pamamahala ni Padre Primo Calzada. Maaari kang mag-aral dun ng bokalisasyon, tumugtog ng organ, at gumawa ng mga bagong komposisyon.

MARIA

Hari nawa ay mangyari ang lahat ng iyan.

FRANCISCO

Mangyayari po iyan, ina, magtiwala po kayo sa akin.

MATIAS

O, Maria, kami ay aalis na.

MARIA

Mag-iingat ka, anak, wala na ang iyong Tatang... tulungan mo ang iyong sarili, anak.

FRANCISCO

Asahan po ninyo Inang, dala ko ang matapang na kape ng Tatang.... hindi ko sasayangin ang magagandang pagkakataon. Ipagmamalaki ninyo ako ni Tatang, pangako.

(Magpapaalaman ang magtiyuhin)

Video: Educating Santiago in Manila

Scene 3: Stepping stone in the musical world

(Binatang Francisco Santiago–eksena sa Carnival: *Carnival in the Philippines were held to showcase the country's commercial and industrial progress after its annexation by the United States of America in 1901. The main attractions were therefore meant to be the provincial booths that exhibited the wealth of natural resources for the foreign visitors to see. In 1908, organizers proclaimed the most beautiful young women who presided as queen at the annual carnival.*)

TEODORO KALAW

Buenas noches soy Teodoro Kalaw. Ako ay isang manunulat at kasalukuyang Editor ng El Renacimiento, un periodico espanol prestigioso del idioma en Manila.

FRANCISCO

Estoy cuntento n contrarle senior, Francisco Santiago po.

TEODORO KALAW

Esto es Reyna de carnival, the Queen of Orient from Iloilo Ms. Pura Villanueva.

PURA VILLANUEVA

Ah, yo no espere que este titulo. Usted supiera, cado noche, por casi dos semanas, Teodoro y yo entretego practicamente la multitude en el justo. Se cansa realmente...Ha-ha-ha ... Yo no me quejo..Ha-ha-ha! Esto es el precio de as una reina.

FRANCISCO

Ikinagagalak ko pong makilala ang isang napakagandang dilag.
Ginoong Francisco Santiago po, isang Bulakenyong kompositor.

TEODORO KALAW

Ginoong Santiago, nang madeskubre ko ang kagandahang ito sa Iloilo ay kaagad namang sumuporta ang kanilang Mayor. Espesyal ang barkong kinuha upang makarating dito si Pura. Kaya sa araw ng Koronasyon ng aking kaibigang Pura ay hinihiling ko sang maigawa mo siya ng awitin. Ginoong Santiago, mahalaga para sa mga Filipino ang gabing iyon dahil unang pagkakataon ito na magkaroon tayo ng Carnival Queen.

FRANCISCO

O, salamat po sa inyong pagtitiwala.

TEODORO KALAW

Pihadong makalilikha ka ng isang awiting magtatanghal sa kagandahan ni Pura.

FRANCISCO

Hayaan po ninyo at gagawin ko ang lahat upang maging karapat-dapat ang aking musika sa okasyong ito.

TEODORO KALAW

Mayroon pa tayong isang linggo upang maghanda para sa programa. Buweno Ginoong Santiago, aasahan ko ang iyong magandang likha. Nakalaan naman akong magbayad.

FRANCISCO

Hindi naman po ako gumagawa ng kanta para sa pera.

TEODORO KALAW

Propesyon mo 'yan, kaya dapat lamang na matumbasan ang iyong gawain. Hayaan mo, babayaran kita ng beynte pesos.

FRANCISCO

Salamat po.

PURA VILLANUEVA

Kami ay tutuloy na.

FRANCISCO

Es agradable trabajar con usted señor.

TEODORO KALAW

Cuando conseguire yo el pedazo dela musica?

FRANCISCO

Just give me two days... at tapos ko na ang kanta...ready for the coronation night.

(Aalis ang magkasintahan at mag-entertain pa ng ibang panauhin-dadating si Matias)

MATIAS

Kiko, sino ba ang mga iyon...

FRANCISCO

Si Teodoro Kalaw po iyon, Editor ng isang *Spanish Newspaper* at yung itinanghal na Carnival Queen na si Pura.

MATIAS

Ganda, ha.

FRANCISCO

Tata Matias talaga...

MATIAS

Mukhang napapalaban ka ng Español at Ingles, a.

FRANCISCO

Nagkakapili-pilipit nga po ang dila ko. Hirap po dito sa Maynila, lahat ng klase ng tao ay nakakasalamuha ko.

MATIAS

Mabuti naman, Kiko, at nakakasunod ka sa takbo ng panahon. Dalawang wikang matindi ang dapat mong matutuhan.

FRANCISCO

Ang mga libro po kasi, bata pa ako...puro Kastila ang nakasalamuha ko... ngayon naman Amerikano. Masakit po pala sa lalamunan ang wikang hindi atin ano, Tata Matias.

MATIAS

E, ako nga e parang niluluga sa pakikinig ng Ingles... nangangawit pa ang panga ko sa salitang Kastila. Ay, naku, ang hirap ng ganito.

FRANCISCO

May pinagagawa pong awit sa akin si Ginoong Kalaw, aawitin daw po sa coronation sa Linggo.

MATIAS

Gawin mo na.....Teka nga Magkasitahan ba ang dalawang iyon?

FRANCISCO

E, hindi ko po alam...hindi ko na tinanong... S'ya nga po pala, kailangan kong mag-ensayo at may tugtog ako sa Cine Ideal mamaya kasama ng orkestra.

MATIAS

E, bakit nga pala biglang ikaw na ang direktor ng orkestra doon, ha... sumobra yata ang

suhay mo pamangkin ha, kabago-bago mo pa lang dun, a.

FRANCISCO

Bigla po kasing nagkasakit ang aming conductor doon, nag-volunteer po akong mag-conduct.

MATIAS

Aba, mahusay na bata ito, a. Hindi ka ba kinabahan?... kaya mo ba?

FRANCISCO

Tata Matias, nasa Maynila po ako, mabilis ang mga pangyayari dito, mapag-iiwanan ako kung ako ay papatay-patay sa pagkuha ng oportunidad.

MATIAS

May katwiran ka naman d'yan. Aba, kapag ganyan e kailangan mong mag-aral pa, Kiko.

FRANCISCO

Natatag nga po yung University of the Philippines, gusto ko pong makapasok dun. Tinayo po yun *to provide advanced instruction in literature, philosophy, science and arts and give professional and technical training to every qualified student.*

MATIAS

Ha? Spanish ba yun o Ingles?

FRANCISCO

Si Tata Matias talaga, komedyante.

MATIAS

Oy, Kiko, manood nga pala tayo ng komedya, moro-moro, o kaya ay sarsuwela.

FRANCISCO

Gusto ko nga pong makapag-compose ng isang sarsuwela.

MATIAS

E, kayang-kaya mo yan, kung yung ngang Oxipiator (Waltz) na isinumite mo sa Yangco Firm, nadali mo, *First Price!*

FRANCISCO

Oy, Tata..Ingles yun!

(Dadating si Severino Reyes)

SEVERINO REYES
Oy, Matias, kumusta...

MATIAS
Kamusta po. Matagal na rin tayong hindi nagkita.

SEVERINO REYES
Nasan ba yung pamangkin mong kompositor na nanalo sa Oxipiator? Gusto ko kasing magpatulong sa isa kong Sarsuwela.

MATIAS
Ho, e sino po ba kayo?

SEVERINO REYES
Pambihira ka, Matias, ulyanin ka na ba? Ako si Severino Reyes!

MATIAS
Ay! ...oo nga pala, kaya pala sabi ko...parang si Severino ito...Ha-ha-ha
Heto yung hinahanap mo...si Fancisco Santiago!

FRANCISCO
Magandang gabi po.

MATIAS
Siya ang mahusay na sarsuwelistang si Severino Reyes.

SEVERINO REYES
Naku, talaga naman itong Tiyuhin mo Fancisco, masyadong pormal.

FRANCISCO
Balita naman po talaga ang inyong mga ginagawang sarswella

MATIAS
Oy, tamang-tama ang inyong pagkikita...

SEVERINO REYES
Oo nga, Francisco, ako ay may bagong sarsuwelang isinulat... kung p'wede sana ay malapatan mo ng musika.

FRANCISCO
'Yan po ang gusto ko, madalas po akong makapanood ng mga sarsuwela, moro-moro. Ang taal na wikang Tagalog, Kastila, at Ingles ay nagbigay din po ng ibang elemento sa

musikang Filipino ngayon. Ito po ang ibig kong aralin at gawin ngayon, kung paanong ang mga elementong ito ay magiging bahagi ng isang bagong ekspresyon sa aking musika.

MATIAS

Talagang ang estudyante, dumadating ang panahong mas magaling pa sa guro...ako ang guro n'ya, e.

SEVERINO REYES

Ang American Vaudaville ang bagong panoorin, pero ang instrumentong brass ng European ay siya ring instrumentong dala ng Amerikano, ang pagkagawalang nila ang iba. Pero talagang malaganap ang pagtatayo ng mga teatro ngayon. Marami kasing materyal.

MATIAS

Totoo 'yan, ngayon lumalabas ang mga sentimyento de asukal ng mga manunulat.

FRANCISCO

Salamat po sa pagbibigay ninyo ng pagkakataon sa akin.

MATIAS

Ano ba ang pamagat ng iyong sarsuwela, ha?

SEVERINO REYES

Si Margaritang Mananahi!

(Party, pagbubukas ng UP Conservatory of Music)

IGNACIO VILLAMOR

Good day every one, I'd like to introduce myself to all important people gathered here today. I'm Dr. Ignacio Villamor, the President of this University, University of the Philippines. Sa araw na ito, 4 September 1916, ay isang mahalagang araw sa sining ng musikang Filipino sa pagbubukas ng UP Conservatory of Music dito sa Quiapo, Maynila. And the Board of Regents decided to appoint Wallace W. George as Director of this conservatory.

DIRECTOR WALLACE W. GEORGE

Since this is the first school of music in the country, I had difficulties of getting instructors, after a rigid screening, the following distinguish instructors was named to different Department of the Institution: Instructors in Piano Department are FRANCISCO SANTIAGO, EMILIA GERVOZA DE GUZMAN, and PEDRO ELORIAGA. We have CAYETANO JACOBÉ for Violin Department, and our Instructors in Voice Culture, GUY F. HARRISON and MISS HARRIET L. MARBLE.

IGNACIO VILLAMOR
Ipagdiwang ang araw na ito!

(Party)

FRANCISCO SANTIAGO
Padre, binabati kita...

CAYETANO JACOBE
Naku, Padre, mabuti at nagtagumpay tayo sa pagpasok dito sa Konserbatoryo...

FRANCISCO SANTIAGO
Nakasalalay sa ating pagtuturo ang isisilang na mga musikero ng bansa. Isinilang na may talento sa musika ang bawat Filipino kaya pihadong mangunguna ang institusyong ito sa pagpapalaganap ng musikang Filipino.

CAYETANO JACOBE
Totoo 'yan... at nasa poder natin ang responsabilidad.

FRANCISCO SANTIAGO
Sa totoo, biyolin ang una kong natutuhang tugtugin, Padre...

CAYETANO JACOBE
Dapat pala ay ikaw ang inilagay dito sa departamento ko...

FRANCISCO SANTIAGO
Ha-ha-ha! Pero hindi ko na naensayo ang akin pagba-violin.

CAYETANO JACOBE
Pero Padre, maiba ko... ganda noong instructor ng Voice, si Miss Harriet Marble.

FRANCISCO SANTIAGO
Amer'kana, Padre, e...

CAYETANO JACOBE
Ayaw mo ba ng Amer'kana? Kung sa bagay, ako ayoko rin, mahirap mag-Ingles.

FRANCISCO SANTIAGO
Ha-ha-ha!... Gusto ko pa rin ng Filipina.

CAYETANO JACOBE

Pero Padre, maraming magandang dalagang nais magrehistro sa departamento n'ya! Dun tayo tumingin....

Produksiyon: Ano Kaya ang Kapalaran

Tagpo 4: Love Affair with his Wife

(Umaawit ng “ANG MAYA” ang estudyanteng si Concepcion Ocampo sa pagbubukas ng eksena–dadaan si F. Santiago, lilingon nang bahagya sa umaawit at lalabas)

CONCEPCION OCAMPO

*Sa umaga ang awitan
Ay mainam na pakinggan
Sa gabi'y dumadapo
Di mahuli at maliksi*

Ha-ha-ha!

MISS HARRIET L. MARBLE

Wait... you should open your mouth to sustain the next note...

CONCEPCION OCAMPO

Ha-ha-ha!

MISS HARRIET L. MARBLE

Your vibrato must be sustained by your energy... *Ha-ha-ha!*

CONCEPCION OCAMPO

Ha-ha-ha!

Di mahuliiiiiiiiii at maliksiiiiiiii (2x)

Ang Maya, Ang Maya, Ang Maya

MISS HARRIET L. MARBLE

Perfect, Miss Concepcion...

CONCEPCION OCAMPO

Thank you, Miss Marble.

MISS HARRIET L. MARBLE

By the way, for your next lesson, you should study the original piece.

CONCEPCION OCAMPO

Original piece, American or Filipino composer, Miss?

MISS HARRIET L. MARBLE

Better if you have Filipino piece.

CONCEPCION OCAMPO

Ho...a, ok, Miss Marble. (Aalis ang guro) Goodbye, Miss Marble.

MISS HARRIET L. MARBLE

Gooby, Miss Ocampo... Have a nice day...

(Dadating si Pedro Ocampo, ang kapatid ni Concepcion at may dalang Cello–little big violin)

PEDRO OCAMPO

Ate, bakit nagmumukmok ka d'yan? Nakagalitan ka ng guro mo?

CONCEPCION OCAMPO

Ano ka ba naman... hindi, perfect nga daw ako sa kanta kong “Ang Maya.”

PEDRO OCAMPO

E, bakit ka gan'yan?

CONCEPCION OCAMPO

Kasi, next session, kailangan daw akong magpresent sa kaniya ng original composition. Saan naman ako kukuha nun?

PEDRO OCAMPO

Dito sa UP... dami naming composer dito, a..

CONCEPCION OCAMPO

Pero sigurado ko, nakanta na yun...

PEDRO OCAMPO

E, di magpa-compose ka.... Yaman-yaman natin, e... manghingi ka ng pera sa tatay nating Don... Don Pedro Ocampo!

CONCEPCION OCAMPO

Lagot ka sa Tatay...

PEDRO OCAMPO

Hindi magagalit yun...matutuwa pa nga iyon at mababawasan pera natin. He-he-he...
(Pasigaw) Don Pedro...kailangan ng anak n'yo ng pera para magpa-compose!

CONCEPCION OCAMPO

Oy, ang ingay mo.

PEDRO OCAMPO

E, nand'yan lang naman sa kabilang kalsada bahay natin, maririnig 'yan kaagad ng Papa.
Pagdating natin ng bahay, handa na. Ha-ha-ha!

(Dadaan muli si F. Santiago)

FRANCISCO SANTIAGO

Mukhang nagkakasayahan kayo, a.

PEDRO OCAMPO

O, Sir, nagkakatuuwaan lang po kami ng kapatid ko. Ate, si Sir Santiago, Francisco
Santiago, s'ya yung nag-aakompanya sa akin sa piyano.

CONCEPCION OCAMPO

Magandang hapon po.

PEDRO OCAMPO

Nag-aaral po siya ng Voice kay Madame Marble.

FRANCISCO SANTIAGO

Narinig ko nga ang boses n'ya kanina, maganda ang brilyo.

CONCEPCION OCAMPO

Salamat po, nakapakinig po pala kayo.

FRANCISCO SANTIAGO

Huwag mo naman akong "po-po-in"... hindi naman ako matanda.

CONCEPCION OCAMPO

Paggalang lamang po ang sa akin, bilang kayo'y isang guro.

FRANCISCO SANTIAGO

Ikinagagalak kong ika'y makilala.

PEDRO OCAMPO

A, Sir, kami po ay uuwi na.

FRANCISCO SANTIAGO

A, ganun ba...

PEDRO OCAMPO

D'yan lang po sa kabilang kalsada ang aming bahay.

FRANCISCO SANTIAGO

A, sige, mag-ingat kayo sa pagtawid.

CONCEPCION OCAMPO

Di ba, composer yun?

PEDRO OCAMPO

Ay, oo nga... tanungin ko...

CONCEPCION OCAMPO

Naku, huwag na...

PEDRO OCAMPO

Pakipot ka pa... sandali nga

Sir! S'ya nga po pala... may itatanong po sana ang kapatid ko.

CONCEPCION OCAMPO

Ha... e wala...

PEDRO OCAMPO

Tinatanong po niya kung binata pa kayo?

CONCEPCION OCAMPO

Susmarya ka, Pedro...wala po... sige, mauna na ako. (Aalis si Concepcion)

PEDRO OCAMPO

Biro lang, Sir ha, kailangan po kasi ng kapatid ko ng isang bagong piyesa para sa lesson n'ya kay Miss Marble, iyon kasi ang kakantahin yata niya sa recital.

FRANCISCO SANTIAGO

Ganun ba. Sabihin mo sa Ate mo, ako na ang bahala sa bagong piyesang kailangan n'ya.

(Patula)

Ako'y anak ng dalita
At tigib ng luha
Ang naritong humihibik
Na bigyan ng awa

Buksan mo ang langit
At kusa mong pakinggan
Ang aking ligalig
Saka pagdaramdam

CONCEPCION OCAMPO

(Paawit)

*Ay, kung hindi ka mahahabag
Sa lungkot kong dinaranas
Puso't diwang nabibihag
Sa libing masasadlak*

*Magtanong ka kung di tunay
Sa kislap ng mga tala
Magtanong ka rin sa ulap
Ng taglay mong dalita*

FRANCISCO SANTIAGO

(Patula)

Sa dilim ng gabi
Aking nilalamay
Tanging larawan mo
Ang nagiging ilaw

Kung ikaw ay mahimbing
Sa gitna ng dilim
Ay iyong ihulog
Puso mo sa akin

CONCEPCION OCAMPO & FRANCISCO SANTIAGO

(Paawit)

*Tanging larawan mo
Ang naging ilaw*

*Ang iyong ihulog
Puso mo sa akin*

Ang iyong ihulog
Ang iyong ihulog, buhay, pag-asa, pag-asa

(“Anak-Dalita” segue to “Ave Maria”)
(Sa dulo ng awit ay papasok ang “Ave Maria”)
(Magbibihis sina Concepcion at Francisco ng pangkasal)

Produksiyon: “Ave Maria” (Kasal, 24 Abril 1920)

AVE MARIA

High Voice – with violin obbligato
To Mrs. H.H.A. Beach
Composer: Francisco Santiago (1922)

Ave Maria, gratia plena tui Jesus
Sancta Maria Mater
Dei Ora pronobis
Pecato ribus Ora pronobis
Nune elinhora Morlis nostrae, Amen
Dominus tecum,
El benedictatu fumulieri bus
El benedictus fruetus Vemtris
Hear us O Father, Hear us
O Father hear-ken unto us
Guide and protector in adoration
Bow we before thee
With humility, hear us we pray thee
Now and ever, Amen
Now we implore thee Be gracious unto us
To thee we cry a loud O hear our supplication Father

Produksiyon: Sakali Man (Dueto)

CONCEPCION OCAMPO & FRANCISCO SANTIAGO
Singing

Produksiyon: Bahay Kubo
(Sa produksiyong ito ay ipakita ang mga **native/original** na pag-awit ng **Bahay Kubo, Balitaw, Lulay, at Ang Jocelinang Baliuag** bilang unang Kundinam–kailangang maipakita dito kung gaano ka unrefined/unprocessed ang mga awit na ito sa classical standard–Pagkatapos ay

ipakikita ang inobasyong ginawa ni Santiago sa *Bahay Kubo, Balitaw, at Lulay*)

Scene 5: Folk Songs & Nationalism /
Awiting-Bayan at Nasyonalismo

(Sa isang informal na deliberasyon sa konsiyerto ng pagtatapos ni Santiago ng kaniyang Teacher's Diploma in Piano-forte)

ALFREDO ROA

The quartet shows the transition of Dr. Santiago from the popular composer of waltzes and fox trots to the serious composer of artistic forms.

IGNACIO MANLAPAZ

Magnifico! Ang husay ng mga pagtatanghal sa recital...bravoooo...

ALFREDO ROA

Ang malaking usapin ngayon ay kung talaga bang tinatanggap ng mga Filipino na ang kanilang mga awiting katutubo ay mabigyan ng bagong himig sa anyong klasiko? Tayong mga arál sa standard ng European ay makakaunawa ng mga bagay na ito, subalit papaano ang mga hindi nakarating sa edukasyon tulad ng sa atin?

NICANOR ABELARDO

Sa palagay ko naman ay hindi dapat maliitin ang kakayahan ng panlasa ng ating mga mamamayang hindi nakapag-aral. Hindi usapin ng edukasyon ang paglasa sa isang bagay na masarap at maganda. Ang pagbibigay anyo sa mga katutubong awit upang maibigan ng Filipino ay hindi masamang hakbangin.

IGNACIO MANLAPAZ

Ang paggamit ng katutubong musika sa isang seryosong komposisyon ay pinaghirapan ng lumikha ng kaniyang dakilang pangalan. Kahit sila Beethoven ay hindi nagawa ito maging sila Liszt, Tschaikovsky, Grieg, Humperdinck, hanggang sa kapanahunan natin ngayong sina Malipiero, Grainger, Bartok, at de Falla na gumawa ng napakahuhusay na musika. Maging ang mga lokal nating kompositor ay sumunod sa ganiyang gawain, subalit pawang kathang-isip lamang ang mga basehan nila sa lumad na tunog na kanila umanong narinig sa kanilang ninuno. Subalit si Ginoong Francisco Santiago ay buong husay niyang ginamit ang katutubong awiting Filipino sa kaniyang Concerto in B Flat Minor, ang ganitong gawain ay tatak ng kaniyang mahusay na pagiging malikhain at karunungan.

BONIFACIO ABDON

Maganda ang naging hakbangin ni Ginoong Santiago na itaas ang uri ng awiting katutubo sa pandaigdigang antas.

NICANOR ABELARDO

Kontemporanyo at kababayan ko 'yang si Kiko kaya talagang makabayan. Ha-ha-ha. Marami sa aming mga kababayan ang talaga namang isinugal ang sariling buhay para makamit ang paglayang kanilang inaasam-asam. Kung napalaya nila ang bayan sa kanilang tabak at riple, tayo namang mga kompositor ay itatatag natin ang diwa at kulturang Filipino sa karangalan ng ating bandila.

ISABELITA SANCHEZ

Kaming mga mang-aawit naman ng inyong mga komposisyon ay naniniwala sa magandang adhikain ng inyong mga layunin. Isa pa ay maganda ring awitin ang mga katutubong musika na nasa bagong anyong klasiko. Sa ganitong paraan, hindi nananatili sa loob ng isang komunidad lamang ang mga awiting iyan, ngayon ay naririnig na ng buong mundo.

JOSE AVELLANO

At ang magandang mabatid ng mga Filipino na ang Filipino Folksong kapag inaawit sa mga festival sa ibang bansa at inilalaban sa mga pandaigdigang patimpalak, siguradong nananalo. Sa ganitong pangyayari, nalalagay ang ating mga katutubong awit na kaantas ng mga awiting pang-internasyonal.

IGNACIO MANLAPAZ

Dito na magsisimula ang cultural search for Filipino identity.

BONIFACIO ABDON

Isang malaking tagumpay ito para sa mga kompositor na Filipino.

ISABELITA SANCHEZ

Yan ang magandang nagawa ni Dr. Santiago, naaawit na namin nang buong giting ang Filipino Folksong sa malalaki at maliliit na okasyon.

ALFREDO ROA

Isang pagbabago ito sa makalumang paniniwala. Ang ganitong pangyayari ay maitatala sa pangalan ni Dr. Santiago, ang popularidad ng Filipino Folksongs.

FRANCISCO SANTIAGO

Naiibigan ba naman ninyo ang konsiyerto? Baka naman kayo pa ang maglaglag sa akin...
Ha-ha-ha!

CONCEPCION OCAMPO

Mamaya, pagkatapos ng konsiyerto ay may kaunti tayong salusalo, huwag kayong mawawala.

NICANOR ABELARDO

Binabati kita, Kumpadre, matatanggap mo na ang Teacher's Diploma in Piano-forte.

Video, may Sayaw: Lulay (Piano)
Santiago composing (Video)
Dance (Folk interpretative)

ACT II

Video: USA Education (1920s)

Scene 1: Folksongs, A Court Case & Masterpiece

(1934 - Nagbibihis ang mag-asawa papunta sa korte—at si Francisco ay pasulyap-sulyap na nagbabasa ng newspaper)

FRANCISCO SANTIAGO

Mama, heto ang headline o, Tydings-McDuffie Act was passed by the U.S. Congress, establishing of a Commonwealth Government in the Philippines.

CONCEPCION OCAMPO

Patingin nga... US Government promised the independence of the Philippines by 1946. The laws will also provide for the position of President of the Commonwealth of the Philippines.

FRANCISCO SANTIAGO

Mabuti na naman at kahit papaano ay Filipino na ang mamamahala sa Pilipinas, hindi yung puro Governor General na Amerikano mula kay William Taft hanggang kay Frank Murphy. Aba, matagal at 15 na silang Governor General na naupo sa puwesto. Si Emilio Aguinaldo ay hindi na nila kinilala bilang Pangulo noon pang 1901.... Sino naman kaya ang iluluklok ng pangulo ng mga Amerikano?

CONCEPCION OCAMPO

Pansamantala ay si Manuel Quezon lang naman ang pihadong iuupo ng mga Amerikano dahil siya naman ang Pangulo ng Senado, pero siguradong magpapaaleksiyon 'yan, siguro ay sa susunod na taon.

FRANCISCO SANTIAGO

Sino naman kaya ang lalaban kay Quezon bilang Presidente?

CONCEPCION OCAMPO

Palagay ko naman ay hindi titigil si Emilio Aginaldo, lalaban yun tiyak.

FRANCISCO SANTIAGO

Si Gregorio Aglipay...poposisyon yan...kaya nga nagpalakas yan sa kaniyang religious sector, e.

CONCEPCION OCAMPO

Halika na nga at baka tayo ay mahuli pa.

(Court hearing)

COURT ASSISTANT

All rise! Honorable Judge Fernando Jugo, presiding, with Dr. Herbert Zipper, Walter T. Loving, Mrs. Pura Lacson Villanueva as named assessors by this honorable court for this case.

JUDGE FERNANDO JUGO

(Pukpok ng gavel/maso) Let us begin.

ATTY. VICENTE SOTTO

Si Ginoong Jose Estella ang nagrereklamo laban sa pangongopya ni Dr. Francisco Santiago ng kaniyang musikang “Ano kaya ang Kapalaran” mula sa katutubong musikang Filipino na pag-aari ng aking kliyenteng si Jose Estella na “Campanas de Gloria” ay naririto at nakahandang magbigay ng kaniyang pahayag.

JOSE A. ESTELLA

Iyan pong “Campanadas de Gloria” ay taal na mga ninuno kong Sebvano ang may gawa n’yan, dangan na po lamang at akin iyan na ikuha ng copyright noong 1939. Nangalap po si Dr. Santiago ng mga katutubong awit noon at sa hindi ko malamang dahilan ay nagkaroon siya ng kopya ng awit... nalaman ko na lamang na nakopya na niya ito.

ATTY. JESUS OCAMPO (SANTIAGO’S BROTHER IN LAW)

Objection!

Walang patunay ang kaniyang akusasyon.

JUDGE FERNANDO JUGO

Sustain!

JOSE A. ESTELLA

Ako po ang dapat na magmay-ari ng katutubong awit na iyon dahil ako ang nakakuha ng awiting iyon mula pa sa aking mga ninuno.

ATTY. JESUS OCAMPO (SANTIAGO'S BROTHER-IN-LAW)

Objection!

Premature to claim the ownership your honor.

JUDGE FERNANDO JUGO

Overrule!

President Jorge Bocobo, can you enlighten me regarding this...

UP PRESIDENT JORGE BOCOBO

When I was installed as President of the University of the Philippines, I immediately appointed Dr. Francisco Santiago as chairman of the committee who will gather, record and study the folksong of the country. The general objective of this action is to know what the Filipinos have and official use these music for further studies in the university.

Actually, this was a late recognition of what Dr. Santiago's had been doing for many years collecting and harmonizing Filipino music. We choose Dr. Santigao because of his capability and authority to do so.

EMILIA S. CAVAS

Ako po si Emilia S. Cavas, isang mananaliksik ng musika ay naging katuwang ni Dr. Santiago. Ang layunin po ni Dr. Santiago na ipakilala sa mga Filipino at sa buong mundo ang ating mga katutubong awitin. Sa pangangalap pong ito ay hindi namin tinangkang angkinin ang kredito ng pagiging manlilikha. Noon pong 1921, nang umpisahan ko ang pagkolekta ng mga awiting Filipino na matatagpuan sa aking FILIPINO FOLK SONGS ay binigyan ni Dr. Santiago ng makabagong armonya ang mga awiting ito.

ATTY. JESUS OCAMPO

In the copyright Office, before World War II, during the period 1925-1934, Dr. Santiago had copyrighted some 19 works, most of which were transcription of folksongs. Although he may not have been the first one to do such collecting works, for Jose Canseco made a collection during the second half of the 19th century. Sa harap ng kagalang-galang na hukuman ay akin pong ipinipresenta ang nasasakdal upang magbigay ng kalinawan sa usapin, si Dr. Francisco Santiago

FRANCISCO SANTIAGO

Campanadas de Gloria, like what Mr. Joe Estella was saying is a folk song, isang katutubong awiting Filipino, mga awiting hindi na masino ang lumikha dahil ito ay katutubo at naging bahagi ng buhay sa pang-araw-araw, katutubo dahil hindi ito

naitala sa papel, subalit naitala sa isip at bibig ng mga Filipino mula noon, hanggang sa kasalukuyan. May sariling himig ang likha kong “Ano Kaya ang Kapalaran” ay nirehistro ko sa Copyright Office noong 1929 samantalang ang “Campanadas de Gloria” ni Ginoong Estella ay narehistro noong 1939. Makikita sa aking inaangking musika ay ang inobasyong ginawa at hindi ko inaangkin ang pagkalikha ng katutubong areglo ng mga katutubong awiting tunay na Filipino.

JUDGE FERNANDO JUGO

Matapos madinig ang bawat panig. Mahalagang malaman ng lahat na ang kasong ito ay unang kaso na nasa ganitong anyo at magiging batayan sa mga susunod pang panahon.

Ang mga folksong na Filipino ay walang indibidwal na nagmamay-ari. Sa kaso ng “Campanadas de Gloria” at “Ano Kaya ang Kapalaran” ay napakinggan ng hukumang ito na may magkaibang bilang ritmo subalit may magkahalintulad itong tunog na ayon sa klasikong anyo. Dahil dito, ibibigay ng mga napiling assessor ang kanilang pasiya.

DR. HERBERT ZIPPER

Not guilty.

WALTER T. LOVING

Not guilty.

MRS. PURA LACSON VILLANUEVA

Not guilty.

Produksiyon: Pakiusap

(Value Formation) Layunin sa production number na ito na kilalanin ang dakilang puso ng isang amang nagmamalasakit sa kagalingan ng kapalaran ng kaniyang pamilya, lalong higit sa kaniyang mga anak. Sa sayaw na ito ipinamalas ang pag-iibigan nina Felipe at Maria, na siyang masasaksihan ng batang si Santiago. Ang mabuting aral ng pagiging lalaki at responsableng ama at ang kadakilaan ng isang mabuting asawa ay ipakikita sa mga imaheng magkatulong na ginagawa ang paghahanapbuhay, gawain sa bahay at pagtuturo sa anak ng tamang ugali kasama na din ang pagkamulat sa musika mula sa ina. Ilalarawan din dito ang pagpanaw ng amang si Felipe at tuluyang pag-aaruga ng inang si Maria ni F. Santiago.

PAKIUSAP!!!

Cansion Filipina (1929)

Titik ni Jose Corazon De Jesus

Tugtugin ni Dr. Francisco Santiago

*Natutulog ka man
Irog ko matimtiman
Tunghayan mo man lamang
Ang nagpapaalam*

*Dahan-dahan mutya
Buksan mo ang bintana
Tanawin mo't kahabangan
Ang sa iyo'y nagmamahal*

*Kung sakali ma't salat
Sa yama't pangarap
May isang sumpang wagas
Ang aking paglingap*

*Pakiusap ko sa iyo
Kaawaan mo ako
Kahit mamatay
Pag-ibig ko'y minsan lamang*

*Pakiusap ko sa'yo
Kaawaan mo ako,
Kaawaan mo ako
Kahit mamatay,
Pag-ibig ko'y minsan lamang
Iniibig kita,
Magpakaylan pa man*

Scene 2: Friendly Rivalry SANTIAGO & ABELARDO
(Isang fictional na Balagtas na ang aaktong Lakandiwa ay si Jose Corazon de Jesus)

Mga datos na kailangang mapaloob sa diskusyon:

Araw ng Maynila 24 Hunyo 1968 – nilagdaan nina AJ Molina & FP De Leon ang citation na nagsasaad na si Santiago ang “Ama ng Tugtuging Filipino” sa kaanyuang klasiko.

<p>Santiago was born in a small (Sta. Maria) town that was not known musically, because it could not maintain a brass band due to the lack of instrumental players except the missal singing in the church with the occasional fiddling that sometimes accompanied the voices</p>	<p>In San Miguel de Mayumo, where Abelardo was born, there was a town brass band and a receptive population to its music</p>
---	--

Santiago's musical beginnings started with relatives	Abelardo, along with his wife, joined the American band that paraded in the town as part of the American 'Policy of Attraction.'
Santiago learned his music fundamentals from relatives and art from religious institution	While Abelardo was from relations who took him along in this business dealings and work where Abelardo learned to play several instruments. Abelardo did not received any musical training from any religious school
Santiago's craft, he would compose the music first and later have some poets write the lyric (Jose Corazon de Jesus) according to AJ Molina – Santiago did it that way for the reason that Santiago believed that the music was untrammled in that manner and became a free expression of the emotion as it flowed from his pen	Abelardo did the opposite; he would first take a finished lyric that touched his emotions and gave it some thought, thereafter setting the lyric to music rapidly. AJ Molina confessed that he practiced the same approach in his compositions as Abelardo.
	Abelardo drew inspiration first from human stories, as he did in <i>Nasaan Ka Irog</i> and <i>Pahimakas</i> .
Santiago's world was always a placid lake; if there were any rise and fall of emotions reflected in his works, it was the effect of an intellectual disturbance that was intentionally transmitted to, but only slightly felt by, his audience.	Abelardo had a more romantic temperament and was easily swayed by turbulent emotion.
Santiago is like Resurrection Hidalgo	Abelardo is like Luna
When Santiago finished his UP Band in 1917	Abelardo came up with his UP Beloved in the same year
After 'Ave Maria' was sung during Santiago's wedding at Quiapo Church on April 24, 1920, the piece received a tearful and heartfelt hearing.	Abelardo perked up and wrote his Ave Maria in 1921
In 1992, Santiago composed his <i>Sonata Filipina</i> in B-flat major for piano, based on Philippine themes.	Abelardo was the first Filipino composer to create a sonata for piano, which he performed during his graduation in 1921.
Santiago had to attend Abelardo's classes, although irregular, as the schedule permitted, to learn technique since Scholfield was already gone.	Abelardo it was learned composition first from Dr. Robert Schofield and his contact moulded his creative power to advantage.

1921 Santiago composed his 4 th Kundiman - PAKIUSAP	This, directly inspired Abelardo to compose PAHIWATIG in 1929
1928 Santiago created Eucharistic Hymn	Abelardo created his Masonic Hymn 1930
Santiago did it the traditional way, gaining the initial approval of his sweetheart's mother and other future in-laws. It was a smooth and pleasant approach. This was most likely a deliberate choice because the girl belonged to an upper-class family. Santiago's life was without bristles.	In courting, Abelardo met his partner in one of the city's movie houses as a ticket girl; so Abelardo had to elope with her, receiving a harsh reprimand from his father when the couple visited his parents to kiss their hands. Abelardo's parents looked down upon a ticket girl without any sympathy, degrading her occupation; thus, Abelardo felt compelled to elope with her.
Santiago's marriage into a family of devout Roman Catholics and his church attendance during the week are clear demonstrations of his Christian values and beliefs.	Abelardo was becoming habituated to drinking. This addiction produced memorable compositions, it must be admitted; but at the same time, it wrecked his physical health, ultimately bringing him to the grave.

Video (MTV): Asian Music of Santiago

Tagpo 3: Santiago bilang Dekano ng UP Conservatory

Video: Pagkamatay ni F. Santiago

Produksiyon: Madaling Araw

(Aiming for True Independence) Sa produksiyong ito ay ipamamalas ang kakapusan ng diwa ng kalayaan sa mga Filipino. May kalayaan subalit sinisikil. Sa Panahong Amerikano, ang kapangyarihan ay nasa pamahalaang Amerikano pa rin kahit si Manuel L. Quezon na ang namumuno sa Pilipinas. Ang mga Filipino ay napapasailalim pa rin sa kultura, edukasyon, at ekonomiyang Amerikano. Mainam na maipakita dito ang diskriminasyon, ang Filipino ay 2nd class citizen sa kaniyang sariling bayan. Ang mga pag-aaklas sa kongreso ang mainam na ilarawan sa produksiyong ito, ang kahilingang makapagsarili ang Filipino-walang base militar sa Pilipinas. Tableau ng pagsasarili ang dapat ma-projéct na imahen dito. Maaaring gamitin ang mga flag dito upang maipakitang ang badilang Amerikano ay nauungusan na ng bandilang Filipino.

MADALING ARAW

Cansion Filipina (1947)

Titik ni Jose Corazon De Jesus

Tugtugin ni Dr. Francisco Santiago

*Irog ko'y dinggin
Ang tibok ng puso *
Sana'y damdamin
Hirap ng sumusuyo*

*Manong itunghay
Ang matang mapungay
Na siyang tanging ilaw
Ng buhay kong papanaw*

*Irog ko'y dingin.... Repeat **

*Sagitna ng kadiliman**
Magmadaling araw ka
At ako ay lawitan
Ng habag at pagsinta*

*Kung ako'y mamamatay
Sa lungkot niyaring buhay
Lumapit ka lang, lumapit ka lang
At mabubuhay*

*Sa gitna ng ...Repeat***

*At kung magkagayon mutya
Mapalad na ang buhay ko
Magdaranas ako ng tuwang dahil sa iyo
Madaling araw ka sinta liwanag ko't tanglaw
Halina irogko, at mahalín mo ako*

*Mutya'y mapalad na ang buhay ko
Ng dahil sa ganda mo
Liwanag ng puso ko't tanglaw
Halina irog ko at mahalín mo ako
Manungaw ka liyang
Ilaw ko't pangarap
At madaling araw na*

Video: (MTV) Awards & Recognition

EPILOGUE: Scene 4: Citation

Production: Pilipinas Kong Mahal

RIO ALMA *(River & Soul)*



Dulang Búhay at Sining ni **Virgilio S. Almario**
28 Hulyo 2008

MGA TAUHAN

Batang Verling
Virgilio S. Almario/Rio Alma/Vierne S. Abado
Lyn Soriano- Asawa
Feliciano – Nanay Feling
Ricardo – Tatay Carding
Luming
Myrla
Norcita
Josefina
Ka Pitong – Huk
Bien Lumbera
Hari
Mga Bilyako
Unang Bilyaka
Nananawagan
Piskal (Carding)
Kapitbahay
Mga Mambabalagtas
Guro
Sundalo
Huk 2
Aning
Lagring

Maning
Celso
Aktibista 1 to 8
Fe
Mrs. Alipadua
Consolacion
Alejandro Abadilla
Rogelio Mangahas
Teo Antonio
Gina Acosta
Boy Martin
Estudyante
Nic Tiongson
Maita Gomez
Jun Cruz
Doreen Fernandez
Tita ni Lyn
Dad Soriano

1944. Sa panahong kumakawala ang Filipino sa daan-daang taong pagkakakapit sa kamay ng makapangyarihang dayuhan; Español, Hapon, at Amerikano ay malakas ang panulaang Filipino sa Bulacan, partikular ang bayan ng San Miguel na noon ay bihasa sa Kapampangan at Tagalog.

PROLOGUE: **Ang larawan ng San Miguel.** Tulang ilalapat sa isang overture

WALANG-HANGGAN ANG TAG-ARAW SA SAN MIGUEL

(Patula-may background music)

Walang-hanggan ang tag-araw sa San Miguel

Mga bitak ng kawala'y sagad-buto

At ang kalam ng sikhura'y nasa bibig

Na limahid mula duyan hanggang nitso.

Walang-hamog ang umaga sa San Miguel...

Pati hapon ay duguan sa Arayat;

Ang litanyang-timpapalis at wasiwas

Ng kawayan ay hibik din ng mag-anak

*Sa dulang na tuyo't-lugaw (Ay, malaki
pa ang bangaw sa sansubong kani't-ulam!)*

Bawat musmos ay hinubog sa sinusong

Malikaskas na pangarap at sa buhay

*Na bilanggo ng araro at kalabaw
(kung gabi raw ang gaserang walang gaas,
binubuhay sa dalangin at pag-asang,
darating din ang hiling na awa, bukas)*

*Di marinig sa simbahan ang lutrina
Pagkat santo'y nangalango sa insenso;
Katarungan't demokrasya'y nasisimot
Ng iilang alipores-munisipyo*

*Kaya't bayang nakatanghod ay palad nang
Matapunan kahit simi. (Ay, sumpa ngang
kapag baya'y may gulugod na busabos,
munting limos aariin nang biyaya!)*

*Alikabok ay sagana sa bukirin,
Nalalapnos pati ubod ng sampalok;
Nakabilad hanggang pusod ang batisan
At sa uhaw, ang palaka'y humahagok.*

*Ay, may gabing bumibikig ang dayami't
Tumatambal ang talahib sa paligid...
Sa singsing ng baog na kidlat-kulog
At kaluskos ng tulyapis, tumatahip*

*Ang dibdib na napaidlip, sumasasal
Sa balani ng buhawing-tubong-parang,
(Lalo't buwa'y natutunaw na tumbaga,
at ang tabak sa tabiki'y kinalawang)*

*Samantalang walang-hanggang ang tag-araw,
Umuusbong sa kawalan ang himagsik;
Namumulat ang dalita sa deliryong
Kamatayan ay kasiping din sa banig
(2 Hunyo 1970)*

Magtatapos ang prologue sa pagsasaayos ng set na mukhang bukid. At sa pagbubukas ng dula ay isang paglalamay sa isang yumao ang matutunghayan at isinasagawa ang isang duplo.

ACT I: SI VERLING AT ANG KANIYANG BAYAN

Sa unang bahagi ng dula ay ipapakita ang kagandahan ng Bulacan, maaaring sa pamamagitan ng isang visual ay matutunghayan ang natural na kagandahan ng San Miguel, ang mayamang kabundukan at ang mga lumang larawan ng pamayanan hanggang sa mag-zoom sa tahanan nila Almario na matatanaw ang bahay na may dalawang palapag. Ang itaas ay yari sa kahoy, samantalang ang silong ay napapaligiran ng mga sakong may lupa o buhangin.

SCENE 1: Ang Matulaing Bayan ng San Miguel. DUPLO

May disenyo ang entablado na nagpapahayag na may lamay na nagaganap sa Baryo Camias, San Miguel, Bulacan

DUPLO

(Busog ni Cupido)

HARI

Tribulasyon!

MGA KASALI

Tribulasyon!

HARI

Estamos en la Buena composicion...

Ang komposisyon ng tanan
Ay paglalarong mahusay;
Ang magulo ay mahalay
Sa mata ng kapitbahay...

Mga binibini at mga ginoo,
Matatanda't batang ngayo'y naririto,
Malugod na bati ang tanging handog ko
Sa pagsisimula nitong larong Duplo.

Ang larong duplo ay laro ng magkakapatid
Patama ng dila'y huwag ikagalit;
Ang lakas at diin ng taglay na tinig
Ay simbulo lamang sa pagmamatuwid

+

Itong kaharia'y may rosas sa hardin,
 Sa umaga't hapo'y dinidilig mandin;
 Ng agwa bendita't tubig mining-mining
 Sa maysakit, bango ay nakagagaling.

Ang hardin ay kubkob ng rehas na bakal
 Asero ang pinto't patalim ang urang:
 Rosas na nasabi'y nawala pagkuwan,
 Ang mga bilyako ang nuha't nagnakaw...
 (sasagot agad ang mga...)

BILYAKO

Hindi kami magnanakaw.

HARI

Sino ang magnanakaw?

MGA BILYAKO

Mahal na hari po.

HARI

Ang hari ay hindi ninitas ng rosas,
 Rosas na alaga ng hari'y bulaklak
 Na sa ganang kanya'y kapilas ng palad:
 Kung nuha'y may-ari, bakit maghahanap?

Sa ganyan, ang dapat tapusin ng sisi
 Ang bantay na rosas, kanyan't pitimini;
 Ang ibon kong loro ang siyang may-sabi,
 Ang unang bilyako ang nitas kagabi.

UNANG BILYAKA

+

Kung ang lupa'y atin ngayong paghanapin,
 Tanungin ang lupa't langit ay tanungin
 Kung hindi Makita sa yungib at bangin,
 Makimatyang na lang sa takbo ng hangin.

(sa dakong labas ay maririnig ang pagbibigay-galang ng isang...)

NANANAWAGAN

Magandang gabi po!... O! gabing maganda!

Mangilag na kayo sa isang pangamba,
At dumaragunot ang mga espada,
Namamatay ngayon ang di tumalima...

HARI

Tigil na muna katoto't
Dumarating ang peligro...

NANANAWAGAN

+

Kapalarang hanap ay inihimaton,
Nasa mga gandang nalilimpi ngayon,
Kaya't itulot po ninyong makituloy
Itong naglalakbay na tataghoy-taghoy.

HARI

Tuloy ang may baon,
Ang wala'y sa silong.

(papasok sa kabilugan)

NANANAWAGAN

+

Nalamuray yaring laman ng katawan
Pati buto't balat ay nagkahiwalay,
Malikmata mandin ngayong nabubuhay,
Pagka't makikita yaong paraluman

(maaaring sumagot ang isa sa mga dinatnang bilyako sa kabilugan)

BILYAKO

+

Kaya't turuan ninyo ang tanda ng dilag
Kung talagang dito'y inyong matutuklas,
Huwag lamang ganyang matigib ng hirap,
Talo ang pulubing ang supot ay butás.

NANANAWAGAN

+

Ngalan ng dalaga ay pipitong titik
Di kayang bigkasin ng alinmang bibig,
Isa sa maraming nariritong dikit,

Siya pong kabiyak ng amis kong dibdib
 (sapagkat ang hangad ay makapasok sa bilog..kaya wiwikain niya...)
 Agregado na po ako
 Haring mahal nitong reyno
 (tuloy sa huling hanay ng mga Bilyako)

HARI

Ang gabing tahimik, wika ni San Martin,
 Hindi hinuhukay, kusang lumalalim;
 Ang larong nauntol ay ituloy natin,
 Makapagsasakdal ang may sasabihin.

PISKAL(Carding): Humihinging tulot sa inyong kalahan,
 Mahal naming haring kapita-pitagan
 Ang may sala'y dapat usigi't isakdal,
 Sa salang nagawa, parusa'y ibigay.

Sa kulungang ginto'y isang kulasisi
 Ang alagang ibon ng mahal na duke
 Magandang kakanta't mainam huhuni,
 Pati balahibo ay kawili-wili

Wala nang sakit, walang dinaramdam
 Dating balahibo ay wala ring kulay,
 Huni ay nawala at biglang naparam
 Nang pagsiyasatin, ang ibon ay patay

+

Naniwala ako sa isang humula
 Na namatay na ibo'y dilag na himala,
 Kaagaw ang tinig na may malikmata,
 Kalaban ang ganda ng prinsesang mutya.

Ang himalang dilag ay narito ngayon,
 Hindi man ituro'y aking matutukoy,
 Hindi man tawagin ay kusang tutugon,
 Sala'y isisigaw hindi man ibulong

Sino siya? Siya'y una't hindi huli
 Titig ay balani sa madlang lalaki
 Datapwa't patay sa may kulasisi
 At salot sa ibong matamis huhuni

UNANG BILYAKA

(Hindi sasagot, at wala ring sasagot sa mga bilyako, kaya magpapasiya ang ...)

HARI

Ang hindi pagkibo'y tanda ng pag-ayon,
Sa sálang nagawa'y parusa ang ukol:
Itong palmatoryo ay tanggapin ngayon,
Paluin ang kamay ng natay sa ibon.

UNANG BILYAKA

(Lalapit sa hari at ang saad)

Bago ko tanggapin iyang palmatorya,
Bigyang halimbawa ang pagpaparusa;
Ang kamay na yari ay hampasin muna
Nang aking malaman ang hatol sa sála.

HARI

(Hampasin nang malakas at lumalagapak, ngunit sa kaniya ring palad patatamain,
kasabay ang sabing...)

Hayaan ang lagapak
Ng parusang hampas.

PISKAL (Carding)

+

Nasa gitna ako ng dalawang sibat:
Sa likod ay tulis ang handang tumarak
Sa harap ay ngiping may laso't kamandag,
Nguni sa tungkulin ako'y nanunumpa...

(Hihinging iabot ang palad; nang iaabot na ng unang bilyako, siyang paghadlang ng...)

IKALAWANG BILYAKO

Tigil maginoo, huwag sasalangin,
Dulo ng daliri ng mahal na birhen:
Ang kamay na iyan kung bibigyang-dusing,
Una muna akong dapat na patayin.

+

Kung sadyang namatay ang alagang ibon,
Pumatay ay iba't di ang aking poon:
Kung wawalang-bisa ang namaling sumbong,
Aking ituturo ang sadyang lumason...

PISKAL (Carding)

Kung gayon po, hari naming minamahal,
Ituro lang niya, urong na ang sakdal.

HARI

Niwawalang-bisa ang sumbong na ampaw,
Panibagong luto naman ay pakinggan.

+

(may next isyu kaya lang ay hindi na itutuloy at papasok na ang kapitbahay)

(Sa malapit na pagtatapos ng bahagi ng duplo ay may humahangos na kapitbahay si Carding)

KAPITBAHAY

Carding! Ang asawa mo manganganak na!

CARDING

Naku, si Feling ko!

(9 Marso 1944, kapanganakan ni Virgilo S. Almario. Magsasara ang ilaw.)

SCENE 2: ANG KAMUSMUSAN

RADYO

After advancing island by island across the Pacific Ocean, U.S. General Douglas MacArthur wades ashore onto the Philippine island of Leyte, fulfilling his promise to return to the area he was forced to flee in 1942.

NANAY FELING

Carding, Bumalik na pala si Mac Arthur! Na sa Leyte na daw.

TATAY CARDING

Kalayo naman.

NANAY FELING

Sabi daw ni President Osmena na sa Tacloban muna ilalagay ang Kapitolyo ng Commonwealth Government.

TATAY CARDING

Kalayo naman dun. Kamamatay lang ni President Quezon nung Agosto uno, baka bumangon yun.

NANAY FELING

Ha-ha-ha! Ginawa mo pang katatakutan ang politika.
Kalian kaya mawawala ang Hapon dito.

TATAY CARDING

Malapit na iyan... 1944 ngayon.. kaya sasusunod na taon...tapos sila... kaya kailangang dumami ang HUK

NANAY FELING

Hoy! Marinig ka ng hapon. Pakainin mo na nga ang mga manok dun sa ibaba. Ayusin ko lang itong si Verling.

TATAY CARDING

Ako nga hindi pa kumakain.

NANAY FELING

Kumuha ka na din ng mga itlog ng manok dun at prituhin mo para paggising ni Luming ay may makain.

(Gawin itong pakanta at gawing dance-drama)

(Aawitin ng Nanay)

GISING NA, BUNSO KO

Gising na, bunso ko
Umaga na yata...
Nagtitilaukan
Ang manok sa lupa

Gising na, bunso ko,
Kung di ka kikilos
Lilipas ang araw
Ng walang natapos.

Idilat ang mata
Ng kawalang-malay
At pupuwingin ka
Ng katotohanan.
Tapos na ang gabi

Ng iyong pag-idlip;
Iyo ang panahong
Kami ang nagtiis.

Kay-dugo ng araw
Nang ito'y isilang,
Di mo ba susundan
An hated na kulay?

Ngunit, naku, bunso!
Imulat ang diwa
Nagkalat ang uwak
Sa ating tumana!

Ang dibdib ng lupa,
Hayun! Naghihintay...
Sa halik ng paa
Ay, yakap ng kamay.

Tatawa ang kulog
At mga habagat:
Huwag kang matakot...
May tamis ang hirap.

Bangon na, bunso ko...
Kung di ka kikilos,
Lilipas ang araw
Nang walang natapos
(17 Hunyo 1963)

Ang dulo ng sayaw ay hahantong sa panonood ng balagtasán.

May pagtatanghal ng Balagtasán sa isang bukid na ginayakan ng entablado. Manonood si Rio kasama ang mga kabarkadang bata.

BALAGTASAN

Si Bubuyog at Paruparo ni Batute

Habang nanonood ay unti-unting nag-aalisan ang mga batang kasama ni Rio, ganundin ang mga manonood at ang mga magbabalagtas. Magdidilim ang entablado.
Umaga.

CARDING

Feling, bakit wala si Verling?

FELING

Luming... nasan ba si Verling?

LUMING

Myrla, nakita mo ba si Verling?

MYRLA

Norcita....sa'n daw si Kuya?

NORCITA

Jessie, nasa'n daw si Kuya?

JOSEFINA/JESSIE

Aba, e, malay ko... kagabi pa 'ko tulog!

FELING

Naku e para naman kayong nagduduplohan....

CARDING

Hala... bumangon na kayong lahat diyan... bigyan mo nga ako, Myrla, ng flashlight at tutuntunin ko ang kuya ninyo.

MYRLA

Inaantok pa ko e.... (iaabot ang yantok)

CARDING

E bakit iyang panghambalos ko ang inaabot mo? Flashlight ang hinihingi ko!

MYRLA

Hambalusin po ninyo pag nakita ninyo...

CARDING

bata ka... kaya hindi kayo nagkakasundo ng Kuya mo, e.

LUMING

Tatay, hanapin na po ninyo 'yang si Verling at baka kung ano na nangyari dun.

(mag-iiba ang setting – sa bukid na pinagpalabasan, makikita ng Ama na tulog ang batang si Rio – bubuhatin ito at dadalhin sa bahay – magigising si Rio na nasa bahay na –

magigising na nakatanghod ang Nanay)

RIO

'Nay... bakit parang galit ka? Umalis na po ba ang Tatay?

FELING

Ang Tatay mo ay lumuwas na at magkukutsero pa yun sa Tondo...

RIO

Naku... e matatagalan na naman yun ng uwi.

FELING

'Wag ang tatay mo ang pag-usapan natin... e sa'n ka ba galing kagabi? Limang taon ka pa lamang Verling e nakikipag-inuman ka na yata?

RIO

Nanay naman...

FELING

Sa'n ka nga galing at nakatulog ka dun sa bukid?

RIO

Nanood po ako ng Balagtas... e nakatulog po siguro 'ko...

FELING

Ikaw bata ka... daig mo pa ang matatanda dito sa San Miguel, kinukulaba ang mata mo sa panonood ng mga tulaan na 'yan!

RIO

'Nay.. maganda, sana nga ay naroon kayo... tungkol sa bubuyog at paruparo... ang ganda...nakakatuwa.

FELING

Mag-ayos ka na, kumain ka na ng almusal at samahan mo ako sa ibayo at mag-aanihan na, bilin ng Tatay mo ay tingnan-tingnan natin yung lupa dun at baka pagpistahan ng ibon ang mga palay.

RIO

E, may lakad po ako.

FELING

Lakad? Aba, e bata ka pa e napakarami mo nang appointments!

RIO

Diyan lang po sa kapitbahay... dun po sa gawaan ng muwebles...

FELING

Hoy Verling, baka bumibili ka na ng furniture dun e hindi kakayanin nitong bahay natin yun...

RIO

Hindi po...ala naman akong pera... makikibasa lang po ako ng komiks.

FELING

Komiks? Makikibasa ka? Niloloko mo ba ako, Verling? Bakit, marunong ka na bang bumasa?

RIO

Marunong na, 'Nay!

FELING

Napakayabang nitong batang ito...

RIO

Halika po, nasa'n yung komiks ni Ate Luming? Babasahin ko sa harap n'yo.

(kukunin sa baul – babasahin ang kaunting bahagi)

Lalabas ang Haring Linceo upang parangalan ang mga prinsepeng nagtanggol sa kaniyang anak na prinsesa. Nakalaan po akong ialay ang aking buhay alang-alang sa inyong anak.

FELING

Aba, mahusay na nga ang anak ko. Teka nga muna, baka naman kabisado mo lang 'yan? Ako nga ang hahanap ng babasahin mo.

RIO

Nanay naman...walang tiwala...

FELING

Ito nga basahin mo.

RIO

Gumamit ng colgate araw-araw para maging maputi ang ngipin.

FELING

E... ito naman...

RIO

Gusto mo bang magmukhang amer'kana... mag-lyna

FELING

Talaga nga paláng mahusay na itong aking anak. Sabihan ko sa Tatay mo na pag-aralin ka na!

SCENCE 3: SALING PUSA

CARDING

Ma'am, ipapasali ko po ang anak kong si Virgilio sa klase n'yo.

GURO

Masyado pa yatang bata iyang Carding para mag-aral

CARDING

Talaga pong gusto nang mag-aral.

RIO

Marunong na po akong bumasa...

GURO

Marunong ka na din bang sumulat?

RIO

Marunong po akong mag-drawing..... at saka A...B...C... alam ko na po

GURO

Aba, matatas ang batang ito. Buweno, Carding, iwan mo na si Virgilio, pero dapat may dala kayong upuan niya... kasi puno na ang aming upuan sa mga regular student ko.
(Lalabas si Rio at kukunin ang kaniyang dalang upuan)

CARDING

Meron po, meron po kaming dala..

GURO

O sige Carding, magle-lesson na kami. (Lalabas si Carding) Children, mayroon kayong bagong classmate, siya ay si Virgilo Alamario. Saling pusa lamang siya dito, ha...

Ok, class... sino sa inyo ang kayang mag-recite ng alphabet? (Magtuturuan ang mga bata)

RIO

Ako po ma'm...

GURO

O, si Virgilio... sige nga... class listen to Virgilio.

RIO

A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K, L, M, N, O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z

GURO

O very good! Ngayon naman, sino sa inyo ang may alam na tula? (Magtuturuan)

RIO

Ako po!

GURO

Si Virgilio na naman? Sige nga anak.. parinig mo sa aming lahat ang iyong tula...

RIO

AMBAHAN SA WALANGHIYA

(Tula)

*Bata, bata-batuta
Anak ka ng palaka;
Ang taong walanghiya
Singkapal mo ang mukha,
Maluwag ang bunganga,
Pantubig at panlupa
(17 Setyembre 1975)*

(Tawanan)

GURO

Ay, susmarya'ng bata ire!

(Magsasara ang ilaw)

(Tutugtog ang graduation song, graduation ng mga bata, si Rio ang honor)

VOICE OVER:

At ang ating Valedictorian ngayong taon ay si Virgilio S. Almario...

(Papasok si Rio para sa kanyang speech. May podium at microphone sa stage – kasunod

ang amang bitbit ang lata ng pintura para tungtungan ni Rio)

RIO

Nagpapasalamat po ako sa aking mga guro, sa aking Tatay at Nanay at sa aking mga kapatid. Salamat din sa aking mga kaklase na hindi mahilig sumagot sa aming klase.

Puwede ko po ba kayong tulaan? (sisigaw ang mga tao ng OO)

Ma'am hindi po ito nakakatakot...

MAPALAD ANG MAHIRAP

(Patula)

Mapalad ang mahirap

Libre buwis, may ampunan at karidad

Basta't Pasko't dumapo ang kalamidad.

Mapalad ang katulong

Naghihintay lang ng utos-panginoon,

Kahit pagod may pagkain pag nagutom.

Mapalad pati mangmang

May pantas na tagaisip gabi't araw,

Walang dapat ikapuyat habambuhay.

Mapalad ang mahirap

Pagkat buhay at pagkain nila'y payak

Sa atake't alta presyon laging ligtas.

(9 Hunyo 1975)

SCENE 4: ANG GURO HUK

Magbubukas ang ilaw sa tunog ng baril. May hinahabol na Huk. Sa silhouettes ay makikita ang habulan, hulihán, at paggapos ng mga military sa 2 Hukbalahap. Malapit ang Nenita Unit sa bahay nila Rio, kaya ang mga operasyon sa lugar ay hindi lingid sa kaniyang kaalaman. Pagkatapos na pumayapa ang putukan ay lalabas si Rio at Carding, pupuntahan ang hinúli, may dalang komiks si Rio.

SUNDALO

Matigas ba ang bungo ninyo? Sa tingin ninyo ay hindi kayo tatablan ng bala nitong aming baril?

HUK 1, KA PITONG

Maawa ho kayo sa amin, Filipino ho kaming naniniwalang Filipino ang kailangang mamuno sa ating lipunan at hindi ang mga Amer'kano.

SUNDALO

Gago! Hindi ba Filipino si Pangulong Elpidio Quirino?

HUK 2

Papet siya ng Amer'kano!

SUNDALO

Tumigil ka! Pasaabugin ko ang bunganga mo!

HUK 1, KA PITONG

Hindi po kami kriminal, hindi po kami mamamatay-tao.

HUK 2

Manunulat po iyan si Ka Pitong, ako naman po ay isang pangkaraniwang magsasaka lamang at mensahero lamang ng mga pamilyang ang asawa at ama nila ay namundok at sumama sa Huk. Maawa po kayo sa amin

SUNDALO

Nasaan ang inyong mga armas?

HUK 1, KA PITONG

Wala po kaming armas...

HUK 2

Hindi po kami sundalo hukbo... ako po ay mensahero lamang

SUNDALO

Kung gayo'y alam ninyo kung saan ang kuta ng hukbalahap?

KA PITONG

Naku.. hindi po kami namumundok... sumisimpatya lamang po kami sa ipinaglalaman ng Huk...

SUNDALO

Ako ba ay pinagloloko ninyo?

CARDING

Sarhento... kilala ko ang mga taong iyan, totoo ang kanilang sinasabi. Sila ay lehitimong tagarito sa Camias.

SUNDALO

Ka Carding, dapat idetine ko sila sa Campo Nenita.

CARDING

Gagarantiyahan ko sa inyo ang dalawang iyan. Sisiguraduhin ko sa inyong sila ay hindi mga taong labas.

SUNDALO

Kayong dalawa, pagbibigyan ko ito si Ka Carding, pero huwag ninyo siyang ipahiya. Pag tumakas kayo at nagpatuloy sa pagsuporta sa Huk, hindi ko panghihinayangan ang buhay ninyo. Sasama kayo kay Ka Carding at tuwing unang Biyernes ng buwan ay magrereport kayo dito sa akin. Maliwanag ba yun?

KA PITONG

Maliwanag po.

(Aalis ang mga sundalo)

RIO

Sa atin po sila titira Tatay?

CARDING

Oo, Verling...kayo, Pitong ay tumulong sa aking napundar na sakahan para hindi kayo maging pabigat sa akin. At ako naman ay titingin sa aking trucking. Magtulungan tayo at kayo din naman ay makikinabang diyan. Ariin ninyong sa inyo iyan nang matulungan din ninyo ang inyong pamilya.

(Mababago ang anyo ng pangyayari... ang eksena ay nag-aararo na si Ka Pitong at sumusunod si Verling sa pag-aararo)

KA PITONG

Ano ba yang dala mo, Verling?

RIO

Komiks po...

KA PITONG

Marunong ka bang tumula?

RIO

Ay, opo... honor nga ako e.

KA PITONG

Ako din marunong tumula...

RIO

Talaga? Tula nga kayo

KA PITONG:

(Kapampangan)

*Malagung capilas bulan
Matang mapundat maglalawe
Batwin ca ngening cabengian
Ing pusu cu aslagan me
Ing bie cu mavapanaya
Qng caburian mu banding sinta
Queca ya'ing caladua cu
Bandi meng lubus susumapa cu.*

RIO

Oy... Kampampangang romantiko...Ka Pitong, turuan n'yo nga po akong gumawa ng tula.
Wala po akong tiwala sa tula ko e.

KA PITONG

Hayaan mo, anak... araw-araw ay gagawa tayo ng tula. Tungkol sa lupa, sa langit
Sa espiritu at kawalan
Hanggang sa iyong pakiramdam at agam-agam

RIO

Ano po ba ang dapat kong paghandaan?

KA PITONG:

Maging matalas ka sa iyong pag-iisip at pagharap sa buhay. Batirin mo ang wika mo at
ang wikang iba pa ay kilalanin
Bigyan mo ng sagot ang mga katanungan
Matuto kang manindigan
Alalahanin mo Verling, may buhay, salita at karunungan ang tula

RIO

PAYO SA ISANG MAKATA

(patula)

*Pagtingala sa talà,
Tula'y magiging sutla,
Magsaliksik sa lupa,
Maging suhay ng dampá.
(1 Mayo 1976)*

KA PITONG

Magaling!

RIO

TULAD NG TULA

(patula)

May pagkaing masarap

At maganda sa mata

Pero daig ng sapsap

Pagka walang sustans'ya

(2 Mayo 1976)

KA PITONG

Mayroon akong isa...

HIGIT SA PALAMUTI

(patula)

Wala sa palamuti

Ng pagkain ang sarap

Nasa banal na ngiti

Niyang nagpapalaspap

(10 May 1976)

RIO

E tula ko po iyun a, Ka Pitong, nangongopya ka ha....

(May papasok na Militar)

MILITAR

Pitong, kamusta ba?

KA PITONG

Verling...umalis ka na muna...

MILITAR

Akala ko ba, Pitong, ay nagkaintindihan na tayo?

KA PITONG

Hindi ko po kayo naintindihan.

MILITAR

Nakipag-ugnayan ka pa rin sa Hukbalahap!

(Malapit nang makalabas si Rio sa stage nang magdilim ang entablado at narinig ang putok ng mga baril mula sa Militar)

SCENE 5: POLITIKA

Ang simula ng pagkauyam ni Rio sa politika ay nagsimula nang ang kaniyang Ama ay pumalaot dito bilang Vice Mayor ng Bayan ng San Miguel.

(Magbubukas ang eksena na maraming tao sa bahay nila Rio at labas-masok. May makikita ding mga placards na ang nakalagay ay Re-elect Carding Almario for Vice Mayor. Binata na si Rio.)

NANAY FELING

Kumare Aning, saan kayo pupunta... halina muna kayo at kumain...

ANING

Kami'y nakakain na.. ipapapaskil ko na ireng mga parapenalia ni Vice

NANAY FELING

Naku... salaman kumara ha...

ANING

Naku, itong si Lagring ay may kailangan sana kay Vice e

NANAY FELING

E... ano ba yun, Lagring?

LAGRING

E maliit na bagay lang naman... ito kasi (ilalabas ang papel de ahencia)

NANAY FELING

Naku, Lagring, papel de ahencia ito a...at pasó na!

LAGRING

Iyon na nga ang problema, Mare, wala akong pantubos...sayang naman yung alahas... makapal pa naman 'yang pulseras ko na 'yan... baka puwedeng patubos muna.

NANAY FELING

Naku naman, Lagring... alam mo namang medyo gipit kami at panahon ng kampanya.

LAGRING

Feling...makakasiguro ka sa boto ng angkan namin...yung kalaban ni Pereng Carding e

nakahanda daw bayaran ire.

NANAY FELING

Hayaan mo at ibubulong ko mamaya kay Carding... kaya lang ay huwag ngayon at tumataas ang presyon ni Carding.

LAGRING

Ganun ba, pagaling kamo siya at baka atakihin...pero, asahan ko ha, Feling... (aalis)

TATAY CARDING

Pareng Maning, o, tanghali na a, kumain na ba kayo?

MANING

Heto nga at gutom na daw itong sila Celso...

CELSO

Magandang tanghali po, Vice...

TATAY CARDING

Kumain na muna kayo... Feling, pahainan mo nga itong sila Celso... Verling, ipakuha mo nga ng inumin itong pare kong Maning.

RIO

(pasigaw) Ate ... kuha ka daw inumin.

TATAY CARDING

O, pare ilang baragay ba ang nakabitan ng mga karatula ko?

MANING

Dalawa na lang ang hindi ko mapasok at medyo may sama daw ng loob sa atin ang Kapitan dun.

TATAY CARDING

Ay, bakit?

MANING

Aba'y humihiling daw sila ng bakod na bakal para sa eskuwelahan ay hindi ka daw sumagot kung magbibigay ka o hindi.

TATAY CARDING

Magbibigay kamo... iniintay ko lang ang ipinangako ni Mayor.

MANING

Pasabihan mo si Mayor na huwag maglaglag...dapat lahat kaibigan.

TATAY CARDING

Nawaglit na din kasi sa isip ko 'yan... kumain ka na muna, pare...

NANAY FELING

Carding, aba a mauubos ang kayaman natin dito...

TATAY CARDING

Bakit naman tayo sasayaw sa gusto nila. Kung ayaw nila ay huwag nila akong iboto

NANAY FELING

Naku, huwag ...wag kang maingay... baka marinig ka

TATAY CARDING

Kakainis na din...

NANAY FELING

Pagkatapos nito e tama na yang politika. Hoy, Verling... wag kang nakikinig sa usapan ng matatanda...halika nga at kumain na tayo (lalabas)

MANING

Vice, (may ibubulong)

TATAY CARDING

Ha! ay anong oras daw?

MANING

Ala-una pa naman... sige, Vice, alis na muna kami..

(Hindi mapapalagay si Carding)

RIO

O, 'Tay, e bakit nalulungkot ka? Umiiyak ang nanay dun sa itaas, naiinis daw sya? Kasi naman daw ultimo pantubos sa sanlaan pinanghihingi sa kaniya ng mga kapitbahay natin....Gusto pa rin po ba ninyo akong mag-abogado?

Parang mahirap po palang maging politiko.

Ay ang Tatay, hindi makausap...

Tutulaan ko kayo:

Philippines. Philippines!

*Ito'y kasaysayan naman ni Harry,
Isang Yangke na sumama sa mga GI
Sa pagbalik ni Mc Arthur.*

*Baon niya paglunsad sa Leyte
Ang pangakong: "mommy, pag-uwi ko'y
Pasasalubungan kita ng isang Filipinong
May bunto't, tulad ng nakita natin
Sa Karnabal"*

*Ulila, malayo sa sariling lupa,
Hindi na umuwi si Harry pagkaraan ng digma.
Naging laman siya ng kabaret, bar
At pasugalan. Natutuhan din niya ang sabong
Sa sabungan niya nakatago si Pedro,
Isang Filipinong walang buntot*

*Naging magkaibigan sila. Nagsosyo
Sa negosyo: pagpupuslit.
Madaling yumaman ang Tangke at
Ang Filipinong walang buntot.*

*Nagpatayo pa sila ng mga bahay-kalakal,
Nagbukas ng mga pabrika, nagminahan
Sa hilagang Luzon—at siyempre,
Sa pangalan ni Pedro. Tinustusan niya
Ang kandidatura ng ilang pinunong bayang
Nagsipanalo naman, kaya't lalong tumibay
Ang lakas ni Harry.*

*Ngunit kasabihan nang ang kasamaan
Ay hindi nananatiling lihim.
Ang bulok ni Harry ay umalingasaw:
Nabunyag ang kanyang negosyo.
May nag-usisa sa kanyang mansiyon
Sa Forbes Park at mga kerida
Naging bituin ang Yangke sa ulo
Ng mga balita. Baka kung siya
Napatapon, malamang na naging artista
Pa siya sa pelikula.*

*Ngayon, si Harry ay nasa Swisa,
Maaaring sa pangalang Paul o Ringo. Ngunit
Hindi isang pulubi. Bawat alak*

*Na lagukin niya'y dugo ng Filipinas;
Ang tinapay na kagatin niya'y laman
Ng bansang nagtapon sa kanya.*

*(at si Harry ay isang magandang halimbawa
Ng mga dayuhang timawa na sa paghahanap
Ng Filipinong may buntot ay naging
Milyonaryo. Dumami pa sana sila.)
(6 Disyembre 1967)*

TATAY CARDING

Daldal mo naman Verling

RIO

E bakit po kayo ganyan...?

TATAY CARDING

Malaki kasi ang problema ko?

RIO

Tutubusin po ba ninyo ang alahas ng kapitbahay?

TATAY CARDING

Hindi a, ano ko naloloko?

RIO

E ano ang kinababalisa nyo?

TATAY CARDING

Darating si Harry bukas, may darating daw na mga Amerkano bukas.. magdadala yata ng mga USIS na libro mga USAid gaya ng gatas sa mga eskuwelahan

RIO

Ano po ang problema dun? Mainam nga at makababasa ako ng bagong mga libro'ng Ingles.

TATAY CARDING

Papaano ko naman sila kakausapin... hindi ako marunong mag-Ingles.

RIO

Ganun po ba?... e di pagharap po ninyo sa sekretaryo n'yo...sabihin nyo abalá kayo sa kampanya...

TATAY CARDING

Oo nga ano. Ayos na anak!

SCENE 6: PAGKAMATAY NG AMA

(Nagrorosaryo ang buong pamilya bago matulog)

NANAY FELING

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya. Nasan ba si Verling?

LUMING

Umakyat po yata ng lígaw.

NANAY FELING

Alas-seis na e... ang Panginoon Diyos ay sumasaiyo...

MGA ANAK

Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus...

NANAY FELING

Santa Maria... sino ba ang nilalangit ni Verling?

NORCITA

Yung pong kaibigan ni Ate Luming..

NANAY FELING

Ha? Ina ng Diyos...ipanalangin mo po kaming mga makasalanan ngayon at kung kami'y mamamatay, Amen.

MGA ANAK

Aba, Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya, ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo, bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus.

NANAY FELING

Oy, Carding, yan palang si Verling ay nakikipagnobyang na.. baka naman maagang mag-asawa 'yan...

Santa Maria Ina ng Diyos...

MYRLA

E nakita ko na si Kura, nakikipaghagigikan pa dun sa grupo nila ate Luming.

NORCITA

Masama ba yun? Alam mo naman si Kuya... crush ng bayan

NANAY FELING

...Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus

(dadating si Verling-magmamano sa Nanay at Tatay)

Oras na ng orasyon ay nasa ibang bahay ka pa...

RIO

Nagsauli lamang po ako ng libro sa kaklase.

MGA KAPATID

Aba, Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya...

TATAY CARDING

Anak... ikuha mo ako ng tubig... hindi ako makahinga...

JOSEFINA

'Nay, ang tatay...

NANAY FELING

Carding?... Carding .. Luming, madali ka.. ikuha mo ng tubig ang nanay n'yo...

TATAY CARDING

Nagsisikip ang dibdib ko, anak...

RIO

Baka nahapo kayo sa gawain...

TATAY CARDING:

Verling... nag-iisa kang lalaki.. wag mong pababayaang ang Nanay mo at mga kapatid mo.
Puro babae 'yan...

RIO:

Ang Tatay naman, magtutulungan pa po tayo, Tatay...

NANAY FELING:

Verling...tumawag ka ng doctor anak, madali...
(aalis si Verling)

Carding.. carding huwag kang matututulong...wag mo kaming iiwan

Carding? Carding.....

(Gawing awit ng magkakapatid)

REQUIEM SA ISANG BATHALA

*Kahit na pagas ang burol na iyon
At tahimik para sa isang sugatang bathala.
(sariwa pa ang ungol ng nagdaang daluyong,
At sugatan, ang kamatayan ay karugtong
Lamang ng buhay... isang munting buhol
Sa ngayon at bukas ng buhay)*

*Ang katahimikan ng burol na iyon
Ay matamis na puntod sa isang bathalang
Nahapo sa sindak ng mga dantaon.
Ang burol ay isang tigang na dambanang
Naghihintay sa laman at dugong pataba
Na iaalay ng sugatang bathala.*

*(kay-tamis ng huling hininga! Kay samyo!)
At ang katahimikan ay lumalasing
Sa utak ng sugatang bathala sa burol na iyon.
(sumupling kaya ang isang akasya
Upang bigyang lilim ang aking buto?
Manariwa kaya sa dugo ang mga damo?)*

*Kung bakit ang panaginip ay dumarating
Sa pagitan ng mga huling hininga!
Noon naglalaro ang mga aninong
Naging mailap sa kamusmusan...
At sa mga sandali ng kawalang pag-asa
Noon tumitindi ang pag-asa sa dibdib*

*Nilagom ng katahimikan ang burol na iyon
Maya-maya, sa biyak na noo ng bathala
Ay nagsidapo ang mga hayok na uwak*

*At ang burol ay nilindol ng lagaslas
Ng dugo sa lalamunan ng mga uwak
(ang tigang na lupa ay naghihintay sa talsik...)
(Hunyo 1965)*

SCENE 7: ANG MAYNILA

Sa University of the Philippines, sa eksenang ito ay ipamamalas na maalam si Rio sa Ingles at Political Science ang kayang kuro. Para siyang nagtatalumpati at ang Ingles ay sarap na sarap niyang iniluluwa sa kanyang bibig. Sa mga depinisyong ito makikilala na wala pa siyang linya, subalit malawak na ang kanyang karanasan dahil sa pagbabasa.

RIO:

If you ask a lot of people to define social justice you're going to get many different definitions. Definitions will be based on a variety of factors, like political orientation, religious background, and political and social philosophy. If you ask a postmodernist about this concept, he or she is likely to tell you it's a fairytale that is not in any way achievable in any form of society. A general definition of social justice is hard to arrive at and even harder to implement. In essence, social justice is concerned with equal justice, not just in the courts, but in all aspects of society. This concept demands that people have equal rights and opportunities; everyone, from the poorest person on the margins of society to the wealthiest deserves an even playing field. But what do the words "just" or "fair" mean, and what defines equal? Who should be responsible for making sure society is a just and fair place? How do you implement policies regarding social justice? Alternately, should you legislate for justice in society or merely rely on the moral compass of society's members? From a political stance that is leftist, you must legislate to create a just society, and various programs need to exist in order to collect monies needed to even the playing field between rich, middle class, poor and those people who are routinely marginalized by society. Equal rights can be defined as equal access to things that make it possible for people in any societal sector to be successful. Therefore, leftist philosophy would support things like anti-discrimination laws and equal opportunity programs, and would favor taxation, especially of those who make a lot of money, to pay for programs that help provide equality for all. The far left would argue that there are certain basic needs that must be offered to all. These include things like truly equal education and safety in all schools and programs that would help all children have the financial opportunity to attend college. Far left groups, often termed socialist even if they differ from true definitions of socialism, further argue that a just society cannot be had unless everyone has access to food, safe shelter and medical care. The way to achieve this is through taxation and government implementation of programs that will guarantee these things for all people.

GURO:

How about communism? Who wants to explain what communism is? (walang sasagot)
oh... great future UPinians lawyers, common... my UPinians students!

RIO:

Sir!

GURO:

Oh, Mr Almario again? Are you a communist?

RIO

Not yet, Sir, Este, no, Sir... I just wanna explain my thoughts on the matter...

GURO

Ok...you can explain it in Tagalog if you want; I know you're a Bulakenyo. Si Marcos nga sa kanyang ikalawang termino as President to take his oath of office last December 30, 1969 in the native language. All his predecessors - Quezon, Roxas, Quirino, Magsaysay, Garcia, and Macapagal took their oath of office in English.

RIO

No, Sir... I'm much more comfortable explaining it in English.

GURO

It's up to you Mr. Almario. Explain to us what communism is...with American accent ha!
(tawanan)

RIO

I will try, Sir. Communism is a socioeconomic structure that promotes the establishment of an egalitarian, classless, stateless society based on common ownership of the means of production and property in general. It is usually considered to be a branch of socialism, a broad group of social and political ideologies, which draws on the various political and intellectual movements with origins in the work of theorists of the Industrial Revolution and the French Revolution. Communism attempts to offer an alternative to the problems believed to be inherent with capitalist economies and the legacy of imperialism and nationalism. Communism states that the only way to solve these problems would be for the working class, or proletariat, to replace the wealthy bourgeoisie, which is currently the ruling class, in order to establish a peaceful, free society, without classes, or government. The dominant forms of communism, such as Leninism, Stalinism, Maoism, and Trotskyism are based on Marxism.

GURO

Oh.. Can you elaborate the Marxism's philosophy, Mr. Almario?

RIO

Marxism is the political philosophy and practice derived from the work of Karl Marx and Friedrich Engels. Any political practice or theory that is based on an interpretation of the works of Marx and Engels may be called Marxism. Despite being commonly considered less important in the early 21st century than during most of the 20th, there is still a presence of Marxist approaches in academic fields of research; these include anthropology, media studies, Theatre, history, economics, literary criticism, aesthetics and philosophy. The constitution of the Communist Parties and Communist states was grounded in Marxism; the basic difference between Communism in general and Marxism, is that Communism aims at the realization of a “Communist society”, while Marxism is a theoretical-practical framework based on the analysis of “the conflicts between the powerful and the subjugated” As a consequence of this, there are many scholars and thinkers who use Marxism as a framework for analysis but do not advocate a communist society.

GURO:

How about Leninism?

RIO

Leninism refers to various related political and economic theories elaborated by Bolshevik revolutionary leader Vladimir Lenin, and by other theorists who claim to be carrying on Lenin's work. Leninism builds upon and elaborates the ideas of Marxism, and serves as a philosophical basis for the ideology of Soviet Communism.

GURO

...and the Stalinism?

RIO

Stalinism is the political regime named after Joseph Stalin, leader of the Soviet Union from 1929–1953. It includes an extensive use of propaganda to establish a personality cult around an absolute dictator, as well as extensive use of the secret police to maintain social submission and silence political dissent. The term “Stalinism” was coined by Lazar Kaganovich and was never used by Joseph Stalin who described himself as a Marxist-Leninist.

GURO

How about Maoism?

RIO

It's the teachings of the late Chinese leader Mao Zedong. The political and military guiding ideology in the Communist Party of China is from Mao's ascendancy to its leadership until the inception of Deng Xiaoping Theory and Chinese economic reforms

in 1978. It is also applied internationally in contemporary times. Maoist organizations exist in Peru, India, and most prominently, Nepal. Its basic tenets include a revolutionary struggle of the vast majority of people termed a People's War involving peasants, and its military strategies essentially involved guerrilla war tactics focused on surrounding the cities from the countryside with a non-professional, popular armed forces. For the next question Sir, I need to charge UP for my teaching fees... (tawanan ang lahat)

GURO

No... I think you should start organizing the communist society in the Philippines, and let's call it "Almarionism"!

(Chage scene-CHOREOGRAPHY)

(sa campus paglabas ni Rio ng room – may rally, sa pangalawang termino ni Marcos ay naging masalimoot ang buhay ng bagong nagsasariling bansa, palakasan sa gobyerno, ang mayaman lamang ang may oportunidad Nationalista Party ang nagwagi kung saan kasama si Marcos at Vice Pres Lopez ang oposisyon ay Liberal Party na isa lamang ang nanalong kandidatong Sendor, si Benigno Ninoy Aquino. At maraming walang hanapbuhay ng panahong iyon. Ang layunin ng mga student activists' ay)

BOY MARTIN

What the students wants are...
 A good government without dirty politics
 Social justice through land reform
 Lower prices for prime commodities and jobs for jobless
 Improvementt of the eductaion system; and
 A new constitution to replace the obsolete 1935 Philippine Constitution

(Aktibismo at pagpasok sa partido.Igawa ng koryograpiya ng awiting International.)

INTERNATIONAL SONG (translated by Rio Alma)

Sulong bayan tayo'y magwawagi...

(search-hahanapin pa ang letra ng kanta- nakalimutan ko na ito e)

Ipakita sa koryograpiyang ito na mga rally na nagaganap at mga protesta sa mga pabrika, eskwelahan at sa mga lansangan na pinagdadalhan ng kanilang mga sinasalin. Inilalagay ito sa placards. Sa dulo ng sayaw ay isasagawa ang E.D. kung saan Indoktrinasyon at ibe-brainwash ang oryentasyon ni Rio sa pagsasamantala ng mga dayuhang Amerkano.

AKTIBISTA 1

Alam mo Virgilio, mula paggising mo pa lang sa umaga produktong amerkano na ang makakasalamuha mo.

Mag-almusal ka – ham na dela mula America
Magtooth brush ka – Colgate ang gamit mo

AKTIBISTA 2

Uminom ka ng kape – Nescafe
Maligo ka – safeguards
At minsa’y nagpopolbo ka pa ng Jhonson&Jhonsons
Magbihis ka, sapatos – Nike, mag-brief, t-shirt, Crispa o Hanes

AKTIBISTA 3

Uminom – Coke at Pepsi Cola
Magmeryeda ka – hamburger at drinks ay Magnolia
Magtanghalian ka - Rosebowl na de-lata

AKTIBISTA 4

Maghapunan ka, corned beef na namang nasa lata dahil mula sa America
Maya-maya’y matutulog ka na naman, mag-Colgate ka na naman at mag-Safeguard para
mikroboyoy sa maghapo’y patayin.

AKTIBISTA 5

Sa papaantok, magbabasa ng mga librong ingles, imahen ni Superman at Batman
ang laman, habang tinatanglawan ka ng ilaw na florecent at tinutukso ka ng white
Westinghouse, na may mga chocolateng heresy at gatas mula sa dayuhang bayan, na
gusto pang isaksak sa lalamunan, dahil sa ganda ng kanilang commercial sa telebisyon
sony ang brand.

AKTIBISTA 6

Ano na ang natira sa Filipino, bakit nganga, gugo, ikmo, at patola sa bakuran ni Lola
ay hindi tinuklas na maging toothpaste, shampoo, sabon, at gamot para umunlad itong
ating bayan?

AKTIBISTA 7

Edukasyon natin ay makadayo..
A is for apple... may puno ba dito ng apple? Bakit hindi atis? English ang paraan ng
pagtuturo... Filipino naman ang Guro, bakit hindi Filipino?
Salitang ARAY! Mas nararamdaman ang tunay na kahulugan kaysa OUCH na parang
inaarte lang.

AKTIBISTA 8

Mabigat itong kasasadlakan ng mga Pilipinong kahit wika ay pinagkakaitan na magamit
sa paaralan upang isip ay mapaglinang.

RIO

Bakit maunlad ang America? Dahil salitang English kanilang minahal at napalaganap sa buong kapuluan, sila ay nakapagsasalarawan ng kanilang damdamin sa wika nilang Ingles na kinalakihan. Ganun din ang Hapon, Chino, German, at ibang mayayamang bayan. Wikang sarili nila'y nakatanim sa bumbunan kaya naman sila ay nagkakaunawaan, iisa ang kanilang katawagan sa mga bagay di tulad ditong pakpak lamang ng manok ay may iba't ibang tawag, *buffalo wings*, *chinken wings*, *pako sa manok*, at iba pa.

Kaya kung ikaw ay magtatayo ng restaurant dito sa Pilipinas at nakalagay sa menu ay salitang hindi pamilyar, gaya ng *buffalo wing*, ay hindi ka mabibilhan. Magsasara ang restaurant at hihina ang ekonomiyang sukatan ng kaunlaran.

Kailangan ang Filipino ay gumamit ng wikang Filipino para magkaintindihan!

SCENE 8: PAGTUTURO SA SAN MIGUEL

Layuning makapaglingkod sa sariling bayan ang pangunahing dahilan ng kanyang pagbabalik sa sariling bayan, matapos makatapos sa University of the Philippines ng kursong Political Science. Dala ang bagong kaisipang makabayan ay iminulat niya ang daan-daang kabataang Bulakenyo sa kalagayang pampolitika, ekonomiya, at kultura ng bansa sa pagtuturo niya ng Social Sciences. Nagsagawa siya ng maraming forum, kongreso, camp na ang kanyang mga mag-aaral ang kasali, at ang kanyang mga tagapagsalita ay mga pangunahing personahe ng Huk, Partido, at ng pamahalaan. Sa taas ng kanyang pagiging idealista ay inakala niyang kaya niyang ituwid ang baluktot ns sistema ng lipunan.

(Magbubukas sa pagsasayaw ng mga estudyante sa San Miguel National High School ng
Sa Salungatan)

(Gawing masayang awit ng mga bata)
SA SALUNGATAN

*Sa buhay nga sa daigdig:
May kaliwa at may kanan,
Sa pagitan ng hininga'y
May buhay at kamatayan,
Bawat landas ng planeta'y
May silangan at kanluran,
Bawat anghel sa balikat,
May demonyong nakatanod;
Bawat hatol at pahayag,
May matuwid at baluktot;
Sa gulong man ng tadhana,*

*May mababa at matayog,
Bawat bagay sa paligid
Ay may luma at may bago;
Sa bundok man o sa Roma'y
May hidwaang sila-ako;
At nang gawin itong mundo,
May langit na at imp'yerno.
Bawat panig na lyamado'y
May dehadong kasagupa
Sa puspasang tunggaliang
Walang takda ang paglubha;
May sandaling ang dehado
Ay lyamado, at kung kaya
Sa pingkiang walang-puknat
Umaatras-umuunlad
Ang buhay at kasaysayan.
Kaya't higit na marapat:
Di mapako sa pag-ikot
Ang gulong ng mga palad,
Mapatingkad ang kaibhan
Ng masama at mabuti,
Maisulong ang katwiran
Ng api sa nang-aapi,
At manaig ang marami
Sa interes ng sarili.
(8 Mayo 1975)*

(Sa harap ng mga estudyante pumasok si Fe na Assistant Principal at mag-oobserve kay Mrs. Alipadua, matanda na)

FE

Good morning Class...

MGA ESTUDYANTE

Good morning, Mrs Ventura.

FE

You may take your seat. Mrs. Alipadua, can I seat-in to your class?

MRS. ALIPADUA

Ok. Ma'am. .. Children, bigyan n'yo ng upuan si Mrs. Ventura.

FE

Thank you, children... Mrs. Alipadua, you may continue...

MRS. ALIPADUA

Consolacion, are you raising your hand?

CONSOLACION

Ah, yes Ma'm. The social sciences comprise academic disciplines concerned with the study of the social life of human groups and individuals including anthropology, economics, geography, history, political science, psychology, social studies, and sociology

MRS. ALIPADUA

The word "science" is older than its modern use. Under the influence of positivism, the word has become a short-form for "natural science." It is a recent development that society has become the object of an organized body of knowledge which can be standardized and taught objectively, while following its own rules and methodology. Also, significant contributions to the social sciences were made by Muslim scientists in the Islamic civilization. Al-Biruni (973–1048) has been called "the first anthropologist." He wrote detailed comparative studies on the anthropology of peoples, religions and cultures in the Middle East, Mediterranean and South Asia. Al-Biruni's anthropology of religion was only possible for a scholar deeply immersed in the lore of other nations. Biruni has also been praised by several scholars for his Islamic anthropology.

FE

Mrs. Alipadua... you are feeding all the answers to your students. Let your student think.
Ito ba ang klase ng iyong pagtuturo?

MRS. ALIPADUA

Whats wrong with that? I'm discussing the history and the back ground of study.

FE

Your style of teaching and your methodoly are obviously obsolete.

MRS. ALIPADUA

How dare you, saying that! (iiyak na lamang)

FE

Good bye class! MRS. ALIPADUA, see you in my office!

MRS. ALIPADUA

Class, lets have a rest. Wala na akong ganang magturo.

Ma'm maaari po bang pumunta na lamang sa inorganisang forum ni Mr. Almario? magagaling ang tagapagsalita. Sina Luis Taruc, Manlapaz at Lansang, mga pinuno ng Huk.

MRS. ALIPADUA

Mabuti pa.

(magpapalit ng eksena)

FE

Indoktrinasyon ang ginagawa mo, Mr. Almario! Mga kalaban ng pamahalaan ang mga iniimbita mo sa iyong mga panayam. Gusto mo bang ipahamak itong ating paaralan? Alam mong mahigpit ang kamay ni Marcos. Nakita mo yung mga nakapaligid na establishment dito sa atin, puro pala Huk yun? Ultimo yung Intsik na may-ari ng gasolinahan, Huk pala.

RIO:

Ano naman ang kinatatakot mo? Mainam na malaman ng bayan ang panig ng mga Huk para hindi sila kinatatakutan.

FE:

Yang mga Huk at NPA na kinikilalang partido komunista ay kaaway ng pamahalaan.

RIO:

Pamahalaan lamang ang umaaway sa kanila dahil, may punto silang ang ipinababatid sa pamahalaan ay ayaw nilang pakinggan. Nakita mo ang edukasyong ito? Nililigayahan ka ba? Ang mga bata ay pinipilit nating kausapin sa Ingles, kaya para tayong sirang plaka na tinutulugan ng mag-aaral ang klase.

FE:

Huwag mong ibahin ang usapan. Mali na ang paaralang ito pa ang mamagitan sa gustong mangyari ng mga Huk na yun upang pakinggan sila ng pamahalaan.

RIO:

Kita mo na 'yan. Mali ang pagtingin mo sa dapat na tungkulin ng paaralan. Alalahanin mo, Social Science ang aming itinuturo, mahalagang malaman ng mga bata ang kalagayan ng kanilang komunidad. At ang pagtrato mo sa mga guro dito sa paaralang ito ay hindi makatwiran. Nabalitaan ko ang ginawa mo kay Mrs. Alipadua, matanda na yun, naging guro ko pa yun. Bakit sa harap ng mga estudyante mo s'ya kinomento?

FE:

Siya at ikaw ang maling halimbawa sa paaralang ito. Idinadaan mo sa lakas e. dahil

malakas ka kay Mr. Domingo? Puwes, tandaan mo. Pag-alis ng principal na yun..ako na ang papalit.

RIO:

DI PARA SA IYO ANG TULA KO

*Di para sa iyo ang tula ko
Kung singnipsis ng palad mo ang budhi mo,
At singkapal ng bulsa mo ang mukha mo.*

*Di para sa iyo ang tula
Kung singkitid ng utak mo ang linya mo,
At sinlapad ng dila mo ang papel mo.*

*Di para sa iyo ang tula ko
Kung sinliit ng bayag mo ang tapang mo,
At sinlaki ng mata mo ang takaw mo.*

*Di rin para sa iyong laureadong makata
Na naninikluhod sa altar ng de-kahong tugma
At pulpito ng huklubang sermong noon pa isinumpa.*

*Di rin para sa iyong kinalburong henyo,
Kinain na ang sariling anino bago kinain ng nitso
Sa ilalim ng umaandap na aranya at umuugang trono.*

*Di rin para sa iyong premyadong artista
Na tinurukan muna ang gulugod ng anestisya
Bago kinamayan at sinabitan ng medalya.*

*Pagkat para sa kanila ang tula ko:
Sa kanilang manipis at maikli ang kumot
Sa kanilang makitid ang lagusan ng sapatos,
Sa kanilang maliit ang bubong at bunga ng pagod.
At pagkat para sa kanila ang tula ko:
Bawat pantig, angaw-angaw na dagitab ang sumanib
Mula sa kanilang nag-aasing bisig at dibdib
At malalabong bakas sa tornilyo't talahib.*

*Ibig kong mahalina nila ang tula
Bilang supling ng masidhing Pangangailangan
Tulad ng pandesal sa araw-araw na almusal
O igo lang na tulad ng matitimyasa na dasal
Habang nabibilang ng kalyong kumakapal.*

*Ibig kong gamitin nila ang tula
Tulad ng isang mabisa't gagap na sandata,*

*Kargahan ng pulbura ng poot at dusa,
At itutok sa iyo, tiyak at walang-kaba,
Bilang mapagpasiyang Politika.
(30 Agosto 1971)*

End of act 1

⋮

ACT II: SI RIO ALMA AT ANG DAIGDIG

Ang pagiging pangkaraniwang mamamayan ay magbabago, kung hinaharap mo ang hamong nasa harapan mo. Makikita sa ikalawang yugto ang rumaragasang daloy ng kasaysayan ng lipunan kung saan ang ating bida ay sumabay at naging pangunahing bahagi ng rumaragasang kuwento ng pakikibaka at tagumpay.

SCENE 1: PAGSILANG NG BANSAG NA RIO ALMA

Naging maliit ang mundo para kay Rio. Ang pagtuturo niya sa San Miguel, napaghaharian siya ng mga taong sa tingin niya ay walang magiging kontribusyon sa pagbabago ng lipunan dahil sa makadayuhang oryentasyon. Lumuwas siyang muli ng Maynila upang mag-aral ng ilang units sa Education sa University of the East. Dito nabuksan ang kanyang oportunidad na makilala bilang manunulat.

(Sa UE – estudyante si Rio ng Education sa panahon ng summer)

(babasahin ni Abadilla)
SETYEMBRE, HALIKA...

*Pinukaw ang gabi
Ng mahalumigmig na hanging may samyo
Ng maputing kamya,
Sabay sa paggawad ng masuyong halik
Sa kristal na hamog
Ng bagong umaga; sa duklay, ang maya'y
Nagbuka ng bagwis,
At saka humuning.." Setyembe, halika!"*

*Lumatag ang sinag
Sa pisngi ng bundok, sa lungtiang palay,
Sa bukid at ilog;
At sa kalawakan, sumabog ang kulay
Na pilak at ginto
Ang nakapatampok; sa hardin, ang bawat
Bulaklak sa tangkay,*

May handog na ngiti ang mga talulot.

*May huni ang ibon;
 May tula ang dahon; may awit ang batis;
 May guhit ang langit...
 May tuwa ang simoy; may sayaw ang alon;
 At mayroong sining
 Ang buong daigdig, (liban sa puso kong
 Puno ng panaghoy
 Pagkat yaong sinta'y...di pa nagbabalik!)*

*O, simoy ng, ihatid
 Ang hibik ng suyo sa dating kandungan
 Ng nagtampong sinta;
 O, batis, isakay sa alon ang luhang
 Nanatak sa mata--
 Patungo sa kanya, Setyembre...Setyembre!
 Ibadya mo sanang
 Sa puso'y siya lang ang tanging...ligaya!
 (1963)*

ROGELIO MANGAHAS:

Magaling! A, Ginong Alejandro Abadilla, iyan po ay tula ng bago naming estudyante dito sa University of the East na si Virgilio Almario.

ALEJANDRO ABADILLA:

O, mahusay na bata ito, ito ay ilalagay ilalabas ko sa aking pahayagan kung iyong ipahihintulot.

RIO:

Malaki pong karangala iyan sa akin, kung magkagayon dahil iyan po ang una kong tula.

TEO:

Ito pong si Virgilio ay napansin lamang ng aming guro sa Pilipino na mahusay sa komposisyon, tinanong s'ya kung s'ya ba ay talagang manunulat. Sagot ni Virgilio...

RIO:

A, hindi po.

TEO:

Kaagad siyang pinakuha ng eksaminasyon sa school organ.. Aba, ginoong Abadilla, natalo pa niya ang nakaupong Editor... hindi naman matanggal ang Editor, kaya hayan

wala silang nagawa kaya binigyan siya ng presswork. (magtatawanan)

ROGELIO MANGAHAS:

Kailangang mabigyan mo ng iba't ibang pangalan itong ilalabas nating trabaho mo.

TEO:

Coda daw, Virgilio... ano ba ang maganda?

RIO:

Ito hong dalawang kuwento ko ay itago natin sa pangalang Vierre S. Abado para VSA pa din. Ito namang essay ay ipangalan na natin sa tunay kong pangalang Virgilio S. Almario. At ang dalawang tulang ito ay itago po natin sa pangalang RIO ALMA.

ROGELIO MANGAHAS:

Espanyol..., river and soul!

TEO:

Aba...,ay pambabae yun a.

ABADILLA:

Mainam 'yun, gamitin man niya sa pailalim...hindi s'ya makikilala. Sigurado akong magtatagumpay ka! Rio Alma.

TEO:

O, simula ngayon ang tawag na namin sa iyo ay RIO ALMA.

SCENE 2: ANG ATENEO AT PARTIDO

Matapos niyang maitungtong ang sarili sa Maynila sa bagong career ng pagiging lehitimong makata ay naimbitahn siyang magtuo sa Ateneo, at nakasalamuka niya ang iba't ibang uri ng tao. Sa antas ng kalagayan ng mga tao dito ay lalo niyang nakita ang mas nakikinabang sa pagsulong ng kaunlaran sa bansa ay ang mga dayong namumuhunan. Dito bumuhos ang kanyang damdamin ng pagiging makabayan na may tunay na intensyong baguhin ang kalagayan ng bansa sa kanyang sariling pamamaraan.

(Classroom-gagawin ang isang Linggo sa Sirko)

ISANG LINGGO SA SIRKO

*Nang magsimula ang sirko
Siksikan ang mga tao;
Mga hayop ay nagmartsa
Sa saliw ng banding plaka.*

*Ang musikong tatlong mastsing
Tanga'y tambol at tamborin.
Trumpeta ng elepante
Lumalabas ispageti.*

*Ang balyena sa banyera
Sinisipon pag kumanta.
Bagong manikyur ang leon
Esponghado pati ilong.*

*May pagong na pumarada
Bahay niya ang karosa;
Nang mapagod ay inantok
Nakatulog walang kumot.*

*Ang gorilya sa argolya
Tahimik na nagbabasa,
Isang buwig na lakatan
Nakasabit sa ulunan.*

*Tigreng papel umaangil
Ang pustiso'y walang pangil
May 'sang payat na akrobat
Nanginginig nang umakyat;*

*Sa pomp'yang at klarinete
Ang tinulay ay alambre;
Pero pagdating sa gitna,
Sinalubong ng 'sang daga.*

*Ang akrobat ay ninerb'yos,
Sa trampoline bumulusok,
Umimbulog sa argolya,
Nasabit ang isang paa.*

*Napalundag ang gorilya,
Nalaglag ang binabasa,
Ang lakatan nalaglag din
Sinalo ng tatlong matsing,*

*Nang ang daga ay humuni
Elepante'y natorete;*

Nang matalisod sa pagong
Nadagana'y seksing leon.

Tigreng papel ay nagliyab
Sa banyera napalundag;
Ang nagulat na balyena
Dagling nagbalot ng t'walya.

Tawanan ang manonood,
Ang sorbets at naubos,
Panay ang benta ng popcorn,
Sayaw ang mga balloon.

*Samantala, sa 'sang tabi
Ang manedyer nakangisi;
Ang bulsa't kaha-de-yero
Umapaw sa baryang piso.
(16 October 1976)*

ESTUDYANTE:
Papaano po ba gumawa ng tula?

RIO:
TULAD SA TULA

*May pagkaing masarap
At maganda sa mata
Pero daig ng sapsap
Pagka walang sustans'ya
(2 Mayo 1976)*

ESTUDYANTE:
Hindi ko po maintindihan.

(ang bahaging ito ng pagtuturo ng tula ay gawing parang komiks-style, may mga lobo ng dialogues upang maging visual at higit na tumatak sa manonood ang keywords)

RIO
(Lobo: Alamin ang Tradisyon)
Kung gusto mong magsulat, alamin nyo muna ang tradisyon ng panulaan sa inyong bayan. Para malinaw sa isip mo kung anong klase ng tula ang gagawin mo.

(Lobo: Alamin ang Kasaysayan)

Alamin mo din ang iyong kasaysayan para maging patnubay mo sa interpretasyon sa nilalaman ng teksto ng iyong tula, kung mali ang impormasyon mong nakuha sa kasaysayan, siguradong magiging mali din ang interpretasyon mo sa tula ng buhay.

(Lobo: Ipunin ang “binhi” binhing-salita)

Wala akong formula sa paggawa ng tula. Kapag may dumating na linya-iyon ay pinanghahawakan ko, tinatawag ko itong “binhi.” Isinusulat ko iyon, itinatago ko-tawag doon ay nire-refrigerate mo muna hanggang sa mahinog ang linyang iyon sa iyong kaisipan. Huwag mong piliting sundan ang kaagad ang “lines” na iyon kung hindi ka pa handa. Kahit pilitin n’yo ’yan, hindi iyan matatapos kung hindi ka satisfied sa iyong isusunod na linya. Kapag hinog na sa isip mo, at saka mo dugtungan. Tulad ng binhi, tutubo iyan nang kusa.

(Lobo: Maalam sa wika / Makapal na diksiyonaryo)

Kailangan ng makata ang wika, dahil iyan ang ginagamit mo sa tula, pag hindi ka bihasa sa maraming wika at salita... mapipilitan kang gumamit ng pare-parehong wika o salita. Parang ulam, kung prito lang ang alam mong lutuin, puro prito ang iulam mo. May mga makatang magandang pakinggan ang tula dahil naiintindihan mo at gumagamit lamang ng colloquial dahil kapos siya sa maraming salita pero hindi siya makapaglaro ng wika sa tula.

(Lobo: Patuloy na pag-aaral at pananaliksik)

Panghuli ay dapat patuloy kang mag-aral at manaliksik upang higit mong mabatid ang mga dahilan ng mga bagay-bagay, alamin mo ang kuwento sa likod ng mga pangalan ng bayan gaya ng Bulacan o Pilipinas kaya. Sa proseso ng iyong pananaliksik ay marami ka pang matutuklasan, kaya marami kang mairadagdag sa iyong bokabularyo.

(Itong lines na ito ay hatiin sa maraming lobo)

Kapag puno ka ng impormasyong tama at bihasa ka na sa wika, makasusulat ka na ng tula dahil luluwag na ang rage o pinaghuhugutan mo ng wika at makalilikha ka na ng mga talinghaga. Sa puntong iyan ay sumulat ka na at saka ka sumunod sa tradisyonal na alam mong tula, na may sukat at tugma.

ESTUDYANTE

Mayroon po akong babasahing tula...
(igawa ng koryograpiyang komiko)

SA DAIGDIG NG METAPORA

*P’wede nating itanim ang kamote
Sa hangin at pitasin sa kakawate*

*O kaya'y isalang sa pugon
At hanguan ng malutong na litson.*

*P'wede ang buhusan ito ng asido
Pagkatapos palamnan ng kutsilyo
At saka ihain sa misa
Dili kaya'y ihagis sa plasa.*

*P'wede namang kamote'y gawing pain
Sa pakikipaglaro sa buwaya't pating
At lalong maganda kung magagamit
Na pasahe paakyat sa langit.*

*Naging kamote lang ang kamote
Kapag kinain mo at saka magtae
(24 Nobyembre 1979)*

BIEN:

Over time na 'yan a. Mukhang nasisiyahan ka sa pagtuturo dito sa Ateneo.

RIO:

Oo nga pareng Bien, salamat sa pag-anyaya mo sa akin ditong magturo a. Nasisiyahan ako, kahit burgis ang mga estudyante. Halika na at tayo'y pumara na ng taxi.. makauwi na.

BIEN:

(may batangenyong accent)

Aba ay teka muna... may ipakikilala ako sa iyo...

RIO:

Oy... mukhang chiks yan a.

BIEN:

Oo, si Gina Acosta.

RIO:

E bakit naman ipakikilala mo pa sa akin...e kilala ko na ang babaeng iyon.

BIEN:

Teka muna, may sorpresa daw siya sa iyo. Hayan na si Gina.

GINA ACOSTA:

Hello, Bien. How are you Rio?

RIO:

Heto, mabuti naman, nakaka-adjust na dito sa Ateneo.

GINA ACOSTA:

(pabulong) may ipakikilala ako sa iyo, taga-Miriam.

RIO:

Sabi nga ni Bien, maganda ba naman?

GINA ACOSTA

Oo naman...

RIO

Kasi kung hindi maganda e kay Bien mo na lang ipakilala..

GINA ACOSTA

Ay, hindi na iyan p'wede, he is no longer available. Ha-ha-ha! Magagalit si Cythia Nograles.

O, hayan na pala...wait Rio, ha

(bubulungan ni Gina si Lyn na papadating)

Rio, I want you to meet my friend, Lyn...Lyn Soriano from Miriam College

RIO

A, iyan ba... e suplada naman 'yan e... na-meet ko na 'yan, at may pagkasuplada nga.

GINA ACOSTA

Naku, Lyn, talagang ganyan lang si Rio...

LYN

Forgive me for being like that...

RIO

Kayo talagang mga babae, hindi naman kayo inaano ng lalaki e sinusupladahan n'yo.

BIEN

Rio, may dalang libro mo si Lyn.

LYN

Ito yung binili ko sa book launching mo... hindi ko kasi napapirmahan.
P'wede bang mapirmahan mo?

RIO

Ah, sure... mabait ka naman pala e.

LYN

Nahihiya lang akong lapitan ka kaya, hindi na ako nakapagpa-authograph noon. But Gina said na magkikita daw kayo ngayon, kaya I insisted to come and see you.

BIEN

Halika at maglakad-lakad na tayo.

GINA ACOSTA

Sabi ko na, magkakasundo din kayo... intelihente yang si Lyn kaya bagay kayo... halika na, alis na tayo.

KAY LYN: PAHAYAG PARA SA HINAHARAP

*Kung patay na ang tag-init, at tinig mo'y ibinaong,
Sakdal pait sa piling ng luha't dugo, asahan mong
may makatang magbibilang ng sandaling dumarating,
sa saliw na walang patid na gunita; sa pagitan
ng anyubog ng himagsik at usok ng kalungkutan,
samantalang inaawit ang bukas ng mga api't kapos-palad.
Ang pighati ng paglayo ay pagsubok ng panahon
Sa kanita, at batid kong daranas ka
ng umagang magniningas sa kawalan,
Ng magdamag na sisikil sa payapang pagkakahimlay
At tutuksong hanapin mo ang init ng nangapugtong
Mga araw at ang hamog na biyaya ng pag-ibig.
Saan nga ba iniimpok ang talulot
Ng anumang karanasang kapilas na ng hininga?
Ngunit mahal, manalig ka:
Bawat luhang ipataw mo sa sarili at ulilang
Pagtitiis, ito'y tulang di-susuko
Dalawin man ng taglamig
(9 Mayo 1971)*

(Exit ang mga babae)

BIEN

Dito sa Ateneo ay magiging malaya ka sa iyong mga pagtuturo at pagsusulat.

RIO

Pero hindi naman talaga ako guro ng literature, Bien.

BIEN

Sa dami ng karanasan mo sa pagsusulat at sa dami ng nailathala mo nang mga akda na kinalugdan ng mga kritiko ay siguradong taglay mo na ang respetong dapat tingalain ng iyong mga mag-aaral.

(May papasok si Boy)

BOY MARTIN

Ka Bien, heto po ang mga booklet na pinakuha ninyo.

BIEN

Salamat. (aalis ang lalaki) Rio, ito ay mga booklet mula sa partido, ang ibig nila ay i-translate natin ito upang magamit sa mga pagkilos.

RIO

Ito ba ang magiging trabaho ko dito sa Ateneo?

BIEN

Hindi, iyan ay trabaho mo sa partido.

SCENE 4: ANG U.G.

(Sa kanyang sariling apartment kung saan kasama niya sina Soledad Reyes at ang kanyang kapatid na si Josefina ay may pagpupulong sina Nick Tiongson, Maita Gomez, Joey Cruz, Bien, at Rio.)

BOY

May mensahe dito si Ka Joma. Minumungkahi niya na magtayo tayo ng isang tindahan dito sa UP para dun babagsak ang ating mga sulat. Kung lehitimo ang tindahan, hindi iyon pagdududahan ng Militar.

NICK TIONGSON

Tindahan, ng ano?

BOY

Siguro ng libro, o kung ano-anong school supplies.

NICK

Akala ko naman ay magbabandana ako at maglalako ako sa UP ng mga kakanin from Bulacan.

MAITA GOMEZ

Ha-ha-ha! Nakakatawa naman yun Nick, sa ganda kong ito ay paglalakuin mo ako ng biko at suman mula sa Malolos.

NICK

E kung sa bagay, Maita, ay masarap magluto ang Inang ko n'yan, lalo na kapag nilagyan ng latik ang biko.. uy, kaysarap.

JOEY CRUZ

Kayo namang dalawa ay ginawa ninyong katawa-tawa ang sarili ninyo, papano naman kayo babagsakan ng koreo nun kung naglalako lang kayo. Para kayong si Gregorio Del Pilar habang nagtitinda ng puto-karamba ay iipit ninyo ang sulat ng kilusan sa mga singit ninyo.. ha-ha-ha. Magtatayo tayo talaga ng tindahan. Umupa tayo dun sa UP.

MAITA

Kung sa bagay ay may ibibigay namang puhunan sa atin.

BOY

So, I will report to Ka Joma that Nick and Maita are incharge with those plans.

NICK

Basta hindi maglalako ha.

MAITA

E gusto ko na ngang mamundok e.

NICK

Wag na muna, malamok sa bundok...

SOLEDAD REYES

Magkape muna kayo o. Masarap ito sa pinag-uusapan ninyong kakanin.

JOSEFINA

Heto ang tinapay.

RIO

Ito si Josefina ang bunso naming kapatid, at iyang si Sol ay kasama kong umuupa dito sa apartment.

NICK

Salamat, Josefina.

MAITA

Siguradong pagkatapos ng pulong na ito ay iinit na sa mata ng military ang bahay na ito.

BIEN

Basta magdoble ingat ang lahat, mainit na sa atin ang mata ng Militar at sa bagong konstitusyon ni Marcos na gustong mangyari, nakasentro sa kanya ang powers kaya, maaari niyang gawin ang lahat.

RIO

Papayuhan ko na muna silang dalawa na lumipat ng mga boarding house.

BOY

Rio, ikaw ang magiging mensahero dito sa Maynila, may kukunin tayong mga safe house at iyon ay aariin mong sa iyo, yun ang tutuluyan ng ating mga kasama pag naririto sila sa Maynila.

RIO

E papaano ang sasakyan ko.

BOY

Yung sasakyan mo ngayon ay iuwi mo na muna sa inyo, bibigyan ka ng mga kasama ng iba't ibang sasakyan para hindi ka mahalata.

BIEN

Akala ko ba ay translations at pagsusulat ang gagawin namin ni Rio, bakit naging messengerial ang trabaho n'ya.

BOY

Wala na naman kasing gagawa sa atin niyan.

BIEN

Malaking kawalan din sa aming ang dagdag na trabahong iyan ha. Maraming dokumentong kailangang maisalin para maipadala sa mga printing press

BOY

Ganyan talaga, maraming dapat baguhin dito sa ating lipunan kaya kailangan nating magdoble work

RIO

Ilang bahay ba iyang aking imamantene?

BOY

Mga 20 siguro. At bawat bahay na iyan ay iba ang identity mo ha.

RIO

20? Wala na pala akong gagawin sa maghapon kung hindi magpalit ng pangalan.

(Sa isang Choreograp na larawan ay ipapakita ang mga imaheng ito: Si Rio ay naging translator ng mga slowgans ng partido na naririnig sa mga protest rallies like, Imperyalismo Ibagsak!, piyudalismo ibagsak! Burukrata kapitalismo ibagsak! Ipakikita din na si Rio ay naging mensahero ng partido komunista, 20 ang kanyang bahay na mini-maintain sa Maynila na siyang safe house ng mga kadre at lider ng partido, maaaring ilarawan sa bahaging ito na si Rio ang driver ng partido at may mga taong-lihim na nagmamatyag sa kanyang mga ginagawa. Sa huli ng koryograpiya ay ipapakita na inuulan at inaaraw si Rio sa trabaho bilang mensahero ng partido, at ito ang magiging bunga ng kanyang pagiging masakitin. At sa puntong ito ay lalabas ang video ni Marcos na idinideklara ang Martial Law)

DOREEN FERNANDEZ

Nasan si Rio?

BIEN

Hindi makakapasok at may sakit, mukhang may lagnat.

DOREEN

Kailangang makapagtago kayo, Bien. May dumating ditong Militar kahapon at hinahanap kayo, mukhang desidido silang damputin kayo.

BIEN

Martial Law na at nakarating na rin sa akin ang balitang iyan.

DOREEN

May dumating na sulat mula sa Malakanyang kay Fr. President. Kasama ang mga pangalan ninyo sa mga itinuturing na NPA, mga komunista daw kayo. Kaya naman ang Fr President ay nagbaba na din ng memo na tanggalin kayo sa serbisyo.

BIEN

Expected na 'yan Doreen at nakaalis na din kami ni Rio sa tinutuluyan namin. Kung magkaroon ka sanang pagkakataon..

(dadarating ang Militar)

DOREEN

O, huwag kayong gumawa ng eskandalo dito.

MILITARY

Magandang umaga, Ginoong Lumbera, inaanyayahan ka namin sa aming himpilan para lamang sa ilang katanungan.

BIEN

Doreen, ipaalam mo kay Cynthia na ako ay sasama sa mga sundalong ito. (Pabulong) at si Rio, wag mong papuntahin dito.

DOREEN

Saan ninyo siya dadalhin?

MILITARY

Sa kampo!

DOREEN

Saang kampo nga?

MILITAR

Martial Law na po ngayon, Madame Fernandez, kaya lahat ng hakbangin ng Militar ay legal. Nasaan si Almario?

DOREEN

Hindi ko alam. Hindi na siya pumapasok dito! We know General Ramos, we will call him.

(Tatawa lamang ang Militar – exit)

SCENE 3: KAWALANG PAG-ASA

(Sa San Miguel – may sakit si Rio – mahina at nakahiga lamang sa kanyang papag na kawayan. May pulmonya at may sintomas ng tuberkolosis)

NANAY FELING

Magpagaling ka, anak...

LUMING

Verling, ang sabi ng doctor ay mahina ang baga mo. At kailangang maagapan, dahil kung hindi ay tuluyan kang igugupo n'yan.

MYRLA

Sugurin mo ba naman ang buong Maynila sa araw at ulan, bakit ka nga hindi magkakasakit ng ganyan. Ay naku, si Marcos pa ba naman ang kalabanin ninyo.

NORCITA

Si Ate MYRLA naman ay nagsermon pa...

NANAY FELING

May sariling dahilan ang kapatid ninyo. Kaya hindi ninyo siya masisi.

JOSEFINA

Pero talagang matindi sa Maynila, Nanay, bawat kanto may check point.

NANAY FELING

Kaya nga mabuting dito na lamang muna ang kuya ninyo. Hayaan natin siyang maging malakas muli.

LUMING

Kainin mo na itong lugaw mo, Verling.

JOSEFINA

Paggaling mo kuya ay dito ka na lang uli sa San Miguel magturo.

NORCITA

Naku, hindi yan magtuturo diyan, e yung kaaway na niya ang principal diyan.

MYRLA

Ang mabuti diyan ay pamahingahin na lang muna dito bahay. Magkakaroon na siya ngayon ng pagkakataong magbasa. Makabubuti 'yan sa iyo, Kuya. Wala namang makukuha iyang trabaho ngayon, black-listed 'yan sa gobyerno.

JOSEFINA

Kung sa bagay na naiwan naman ni Kuya Bien ang mga libro niya sa amin kaya madami kang babasahin. Gusto mo sasamahan pa kita sa National Library kapag magaling ka na. Magpagaling ka na.

MYRLA

Naku, humuhugot lang ng lakas yang si Kuya, pagmagaling na 'yan aariba na naman yan.

NANAY FELING

Lungkot naman ng naging kapalaran ng anak ko.

MYRLA

May tula iyang si Kuya e.. sige nga mga kapatid, iparinig natin kay Kuya Verling ang tula niya.

LUMING
SA PAGPAPATIWAKAL?

MYRLA:

Oo

SA PAGPAPATIWAKAL
(tutulain ng 4 na magkakapatid)

LUMING
Magpapatiwakal?
Apat ang paraan na pagpipilian:

*Una, kung mahilig magngunguyngoy maghapon,
Walang bukambibig kundi ang kahapon
Hindi maibalik at hindi na babalik,
At hitik sa hibik
Dahil pulos dilim dili kaya'y lagim
Ang ngayon at bukas ng pananagimsim;
Kung sadyang wala nang makita pang lunas
At sadyang ang buhay ay napakarahas
Para sa pandamang mahina't putlain,
Sinaunang budhi, pihikang panlasa't lubhang talusaling,
Bago ka malunod sa labis na hikbi't lubhang sentimental
Higit na malalim at naghihintay lang
Ang dagat o ilog
Upang pagbuntunan ng sama ng loob.*

NORCITA

*Pangalawang payo,
Kung galit at inggit ang laman ng ulo,
Hindi masiyahan sa tinatamasa,
Lawrel ng iba ang laging puntirya;
Lubhang magulo na ang takbo ng mundo sa pag-aagawan
At dagdag na gulo ang diwang mahilig sa pananagumpay
Bukod sa talagang habang naghahangad
Lalong umiilap ang ligayang ganap,
Bago nga sumikip*

*Sa sukal ang dibdib
At biglang mangisay gaya ng maraming gaping politiko,
Pindehong heneral, at nabangkaroteng negosyanteng kalbo,
Sa halip ibabad ang dila sa alak
O bughan ng usok ang magda-magdamag
Baka hamak luwag sa pitaka't puso
Ang sampikitmatang pagsayod sa dibdib na'ng dugo'y tumulo.*

JOSEFINA

*Pangatlo, kung laging balisang-balisa
At nagdedeliryo sa pangungulila,
Tila nawawala kahit nasa gitna ng sangkatauhan,
May kung anong buhol na hindi matanggal
Sa loob ng tuktok,
Anung himutok
Ay hindi mabigkas o maisapapel,
Kung lungkot, lunggati't salaghating lihim
Ang kumukubabaw na kung anong lintik;
Bago ka tuluyang mawalan ng bait
Bumili kaagad ng k'warenta'y singko,
Matamang itutok sa kanang sentido,
At sa isang putok, baka masiwalat
Sa wakes madla ang laman ng utak.*

MYRLA

*At pang-apat, kapag mahilig lumipad
Sa piling ng tala't busilak na ulap
O kaya'y magkulong sa kastilyong garing
At hardin ng mga kristal na damdamin
Ngunit di malubos ang mithing mangarap mag-isa
At hinihila ka ng sanlaksang tinig at sanlaksang mata
Upang makisamang humalik sa putik
O makibahagi sa mga hinagpis
Na di mo matanggap,
Ang pagpipilit mo'y sinusuklian lang ng punong inakyat,
At makatitiyak: paa'y di sasayad sa lupa paglipad,
At habang mistulang nakabiting anghel
Balana ay ikaw ang titingalain.*

*Apat na paraan, apat lamang ito,
Ngunit may garant'ya nina Sappho, Li Po,
Nero, Van Gogh, Nerval, Hemingway, Yesenin,*

At sangkaterba pang alagad ng Sining
(11 Nobyembre 1977)

(Babagon si Rio, uupo sa papag.)

RIO

Wala akong balak magpakamatay.
Mabuti pa kaya Nanay e, magasawa na lang ako.

MGA KAPATID

E kanino?

JOSEFINA

E apat ang girlfriend mo kuya a... sino dun?

(Light's out)

SCENE 4: KASALAN

(Nag-iisa sa gitna si Rio, nakaputing damit na pangkasal-umaawit. Gaganapin ang kasalan sa Pako Church.)
(gawing pakanta ito opening sa wedding march)

RIO

KUNG MAY APAT NA TALULOT ANG LIGAYA SA PUSO KO

*Kung may apat na talulot ang ligaya sa puso ko,
Unang-una'y tag-araw na marubdob at malinis:
Waring uhaw sa masuyong pakwan, lilim, o sa batis,
Nadadarang din ang labing maghanap ng lungting damo.*

*Pangalawa'y ang magdamag ng tag-ulang nakabelo
At palingid kung magniig ang bituin at kuliglig;
Kapag simoy at alias at tuha ma'y nanlalamig,
Kumot na ring yayapusin ang dayami't balahibo.*

*Ang pangatlo'y ang pag-awit ng ulilang mga musmos
Samantalang nalalandas sa pilapil at bangketa,
Tinig nila'y gumigising sa tulog na't lumilimot.*

*ang huling sa puso ko'y nakatampok na talulot,
ang sariwa't kayumangging kandungan mo, Emerlina –*

ay, lupain at pastulan ng pangarap ko at lungkot!
(25 Hunyo 1977)

(Nakadugtong ang wedding march at sunod-sunod na papasok ang mga magulang ni Rio at Lyn kasunod ang ninong na si Bien at ang mga kapatid ni Rio.. kasunod si Lyn na ikakasal)

(Gagawin ng Lola Arman ang walang kamatayang picture-picture sa Simbahan ng Paco)

SCENE 5: DAGDAG NA PASAKIT

TIYA NI LYN

Iyan naman ang sinasabi ko sa iyo Lyn, dean ka ng magandang paaralang Miriam college bakit naman pumatol ka sa atibistang mahina pa ang katawan na iyan.

LYN

Nagmamahalan po kami.

TIYA

Naku, e ano naman ang ipalalamon sa inyo ng pagmamahal na iyan?

LYN

Asawa ko na po siya at hindi ko pinagsisihan ang lahat ng iyon.

TIYA

Hayan, iyan ang bunga ng iyong pagmamahal. Nagtatago sa Militar ang asawa mo, hindi makakuha ng trabaho dahil blacklisted, hindi rin naman puwedeng umuwi ng Bulacan para magsaka at may sakit, mahina ang baga. Ay, Diyos ko Lyn, akala ko pa naman ay marunong ka.

DAD SORIANO

Hayaan mo nga sila. Makatatayo iyan sa sarili nilang paa. Kailangan lamang silang gabayan ngayon dahil mga nagsisimula pa. Saan ba dinala si Virgilio?

LYN

Sa kampo po. Umalis lamang po ako sandali at babalikan ko siya doon. Magkikita po kami ni Cynthia.

DAD SORIANO

Kapag naggabi at hindi pa kayo nakabalik dito ay pupuntahan ko kayo dun. Pagsubok lamang iyan anak, talagang ganyan ang namumuhay. Ang tiyahin mo ay talaga lang malaki ang ekpektasyon sa iyo. Hindi n'ya naranasan na maging makabayan.

(dinala siya sa kampo para sa isang imbestigasyon – umaga noon – may interegasyong mahinahon sa kampo)

MILITARY

Mr. Almario.. mataga- tagal na rin naming kayong minamanmanan..
Kailan pa kayo magkasama ni Joma Sison?

RIO

Hindi ko s'ya kasama. Ako'y manunulat hindi ako kalaban ng pamahalaan.

MILITARY

Mr. Almario, matagl kang nitiktikan ng Military, alam naming maraming bahay na inaalagaan upang tirhan ng mga kumander ng NPA.

RIO

Aba'y nakita na pala ninyo ako, e bakit hindi pa ninyo ako dinampot? Mas sigurado pa kayong ako nga iyon. Nagkaroon ako ng malubhang karamdaman kaya, sinasabi ko sa inyo hindi ako yun.

MILITARY

Bibigyan ka naming ng pagkakataong mag-isip

RIO

Aba, sadali lamang. Ang asawa ko ay naghihintay sa labas. Sabihin ninyo sa akin kung ano ang balak ninyo sa akin. Ako ba ay papatayin na ninyo? Ako ba ay dito mamamalagi? May dala naman akong banig diyan ako ay nakahanda.

(Aalis ang Militar)

Damuhong mga militar ito. Ito na yata ang katapusan ko.

Malamang ay nag-aalala na si Lyn sa labas.

(Maghapon na mapula na ang araw)

Aba... papalubog na ang araw ay narito pa rin ako. Hindi na nagbalik ang gagong Militar na yun.

(Magdidilim na)

Mararanasan ko na yata ang torture na dati ko lang inilalarawan sa aking mga istorya.

(Magbubukas ang pinto)

Laya ka na!

(Hindi na nag-isip pa at nagtanong–tumakbong pababa-naghihintay pa rin si Lyn)

O, bakit naririto ka pa?

(Magyayakap at mag-iiyakan, unang pagkakataong umiyak si Rio)

LYN

Tinawagan ko si Cynthia, pinakiusapan kong kausapin si General Ramos para palayain

ka.

Hindi ka pa rin iniwan ng mga alalahaning iyan.

RIO

Babangon tayo, Lyn, pangako.

SCENE 6: COLLAGE OF WORKS OF RIO

Walang tigil na pag-aaral, pananaliksik, pagbabasa, at pagsusulat. Mga librong naisulat na ni Rio: Martial law found him as a literature instructor at the Ateneo de Manila University and part-time teacher at the University of the Philippines (UP), and like many of his fellow activist-writers he went “underground.” He remerged in mid-1973 weakened by and old lung ailment, blacklisted by the military as a suspected communist, and barred from his teaching post in the University.

Poetry: Makinasyon, 1968; Peregrinasyon, 1970; Doktrinang Anakpawis, 1979; Retrato at Rekwerdo, 1984; Palipad-Hangin, 1985; (A)lamat at (H)istorya, 1986; Katon para sa Limang Pandama, 1987; Rio Alma, Selected Poems 1968-1985 (bilingual selection), 1987; Mga Retaso ng Liwanag, 1990; Muli sa Kandungan ng Lupa, 1994; Una Kong Milenyum (Collected Poems, two volumes), 1998; and Supot ni Huday, 2002.

Criticism: Ang Makata sa Panahon ng Makina, 1972; Walong Dekada ng Makabagong Tulang Pilipino, 1981; Balagtasismo Versus Modernismo, 1984; Jose Corazon de Jesus, Mga Piling Tula, 1984; Taludtod at Talinghaga, 1985; Kung Sino ang Kumatha kina Bagongbanta, Ossorio Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, Atbp., 1992; Panitikan ng Rebolusyon (g 1896), 1993; and Mutyang Dilim, 2001.

(Maaaring gawin itong dramatic readings – para itong nasa radyo – kailangang palabasin ang galing ng mga makata sa kanilang pagbigkas ng tula. Layunin din ng bahaging ito na makita ang lalim ng topics, wika at ang pagsusulong ni Rio ng modernismo ng panulaan sa Pilipinas)

PAKIUSAP...AY TULAIN

*Mapulang adarna ng aking taglagas
Huwag mamayagpag sa aking ulunan,
Baka maging bato ang Liryo sa dibidib
Na walang pagtamnan sa lupang tigang.*

*Tinggang nalulusaw sa pilik ng mata
Ang pebong dinampol. At uhaw sa hamog,
Panay ang paghalik ng mga butiki
Sa bakas ng tagak. (Siglo'y bahag-buntot!)*

*Nagkalmot ang palmas sa laslas na tiyan
Ng himpapawirin—ang butuhang dasal
Ay humahalukay sa atay ng ulap –
Sabay ang litanya ng uwak sa ulan.*

*Ningning, paos na rin ang makinilya ko
Sa pamamamaso sa beata't hilom.
Hanap ko'y di dating lilim-punongkahoy,
Kundi ang pabango ng ngiti mong ukol*

*Sa akin. Kaya nga, mapulang adarna
Ng aking taglagas...huwag mamayagpag;
Baka maging bato ang binhi ng Liryong
Lilim na mabangong aawitan bukas.
(29 Hunyo 1967, Makinasyon)*

AWITING BATA

Buwan. Buwan
Hulugan ako ng palay.
Aanhin ang palay?
Pambayad sa utang

Buwan. Buwan.
Hulugan ako ng barya.
Aanhin ba ang barya?
Pampagamot ke Ama.
(7 Pebrero 1973 D. Anakpawis)

PAG PALITIN KAYA NATIN ANG PANGALAN

Pag palitin kaya natin ang pangalan
ng uwak at kalapati sa bibl'ya't alamat
at tawagin natin langit ang imp'yerno.
Di ba ito'y makasining na paglutas
sa maraming balintuna sa daigdig?
Masusuway ang lumang batas at kawikaan,
di masakit sa makata na tawaging “baliw.”
karangalan mong libaking “magnanakaw”
sa piling ng dakilang politiko't negosyante.
sasabihan nating “bulag”? ang henyot propeta
na tumuklas ng liwanag, at sakaling
may paysanong inagawan ng kapirasong saka,
di ba anong luwag sa ating budhi't tiyan

kung ituring *natin itong katarungan?*
(3 Setyembre 1977, Palipad Hangin)

AWIT NG PAGANO

Sakay ng alon akong lumayo
Sakay ng alon akong bumabalik
Pasaherong walang tinubo
Sa sunog na kilay at asin sa bibig

Sakay ng alon akong lumaot
Sakay ng alon akong dumadaong;
Pasaherong walang naabot
Sa paghabol ng habagat at daluyong
(17 Marso 1978, Muli, sa Kandungan)

GUWANTES

Nakaguwantes
Marahil ang sumaksak sa likod,
Nakaguwantes
Ang tumawag sa antok na telepono,
Nakaguwantes
Ang sumiyasat sa naiwang patalim,
Nakaguwantes
Ang sumilip sa malamig na kamera,
Nakaguwantes
Ang bumuhat sa dikilalang biktima,
Nakaguwantes
Ang pumili ng tarheta't numero,
Nakaguwantes
Ang sumuri sa hubad na bangkay,
Nakaguwantes
Pati sumulat ng ulat na ito.
Ang guwantes!
(19 Nobyembre 1981, Retaso)

TANGHALIAN SA PABRIKA

Maikli lang ang lunch break;
Kumain nang tahimik.
Kung matabang ang dilis,
Isawsaw sa pawis.
(25 May, D. Anakpawis)

MALISYOSO ANG ISIP KAPAG NAIINIP

*Malisyoso ang isip kapag naiinip
 Sa hinihintay na kung bakit at nasaan,
 Nasisiyasat kahit ang mantas ng damit
 O peklat sa binti ng mga nagdaraan
 Mata ang pangunahin nitong kasapakat:
 Tititig sa saradong bintana sa tabi
 At itatanong kung bakit si lumalabas
 Ang babae ng Intsik mula pa kagabi.
 O bakit nag-uusap ang pulis at tsuper?
 May panti kaya iyong umibis na puta?
 Ano kaya't magkwentuhan ang poste't pader?
 Ilang ipis ang namatay ngayong umaga?
 Maraming ganitong patlang sa ating buhay
 At ayawnating basta umupo't umistambay.
 (18 Pedrero 1980, Palipad Hangin)*

SCENE 7: GAWING POSITIBO ANG NEGATIBO

SCENE 8: GAWING WIKA NG KAPANGYARIHAN

SCENE 9: NATIONAL ARTIST AWARD - TANGING DANGAL NG LIPI

WAKAS

Tungkol sa Awtor

JOSEPH “SONNY” J. CRISTOBAL obtained his Doctor of Philosophy (PhD) in Filipino, specializing in *Pagpaplanong Pangwika*, from the University of the Philippines in 2020. He also completed the *Managing the Arts Certificate Program* at the Asian Institute of Management in 2003. He holds a TESDA NC-3 certification in Events Management. Cristobal earned a Master of Arts in Language and Literature from De La Salle University in 1996 and a Master of Arts in Education, majoring in Arts Management, from La Consolacion University Philippines in 2010. He completed his Bachelor of Science in Education, majoring in Filipino, at Meycauayan College, Bulacan, in 1989. He attended secondary school at Dr. Yanga’s Colleges and elementary school at Taal Elementary School.

He served as a senior officer at the Cultural Center of the Philippines (CCP) for 22 years (1990–2012) and as the Executive Member of the National Committee on Cultural Education (NCCE) under the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) from 2008 to 2013. He was also the Provincial Tourism Officer of Bulacan in 2012–2013. Cristobal is the founder and honorary chair of the Bulacan Arts, Culture, and History Institute (BACH Institute), established in 2008. He has been the Executive Director of the Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) since 1998. Since 2013, he has served as the Director of the NCCA Philippine Cultural Education Program and, since 2014, as Vice President and Director of the NCCA-Department of Education Cultural Education Program (NDCEP). From 2016 to 2019, he was a member of the Teachers Education Council (TEC) and is currently the Head of the PhD Filipino program at LCUP-Malolos. In 2014, he founded the National Association of Cultural Educators and Scholars (NACES).

Cristobal is a prolific playwright, having written numerous works inspired by Filipino heroes, including: *Pasyong Dapat Ipag-Alab* – highlighting Marcelo H. del Pilar as a writer, *Oyayi ni Pule* – a musical play about Apolinario Mabini, *Awit ni Francis B* – a lyrical drama on Francisco Balagtas, *Sa Kislap ng mga Tala* – a musical about Francisco Santiago, *Babae ng Digmaan* – a mixed Ilocano and Tagalog musical, *Kakarong* – about Eusebio Roque, *Tres Patrimonios* – a musical trilogy on three Ilokano heroes, *Pasyon: A Senakulong Filipino* – a theater and movie musical, and “Q” – a musical drama about President Elpidio Quirino, “1740” – a legend about Cauayan, Isabela. He has also created works based on the lives of Philippine National Artists, such as: *Atang at Amado* – about Atang de la Rama and Amado V. Hernandez, *Bato sa Buhangin* – inspired by Ernani Cuenco, *Joya: Guhit, Hugis, Kulay* – a biographical play about Jose Joya, and *Rio Alma: River and Soul* – based on Virgilio S. Almario. Additionally, Cristobal adapted several classics into theatrical productions, including *Florante at Laura*, *Ibong Adarna*, *Noli Me Tangere*, *Kenkoy*, *Sirena*, and *Amburukay*.

For his remarkable contributions to theater and cultural administration, Cristobal has received numerous awards, including: Outstanding Alumni of Meycauayan College (2000), Outstanding Alumni of Dr. Yanga's Colleges (2010), Outstanding Alumni of La Consolacion University Philippines (2012), Parangal ng Sentro ng Wika at Kultura from BSU (2014), Gawad Rizal from Taal, Bocaue, Bulacan (2014), Gawad Bayani at Bituin ng Malolos (2015), Gawad Uhay from BKFI (2015), and Gawad Bahaghari of Bulacan (2021).

Tanghal Dakilang Bulakeño

JOSEPH J. CRISTOBAL

Ang ginintuang panahon ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) ang kuwento ng ikatlong (3rd) serye ng antolohiyang dula sa *Tanghal Dakilang Bulakeño* na ito. Laman ang anim (6) na iskrip na nalikha sa loob ng walong (8) taon (2001-2008) at nakatuon sa mga dula/dulambuhay at musical na isinulat ni Joseph “Sonny” Cristobal tungkol sa buhay at sining ng mga dakilang tao ng lahing Bulakeño at mga Pambansang Alagad ng Sining na sina Atang Dela Rama at Amado V. Hernandez (“Nang Mabasag ang Banga,” 2001), Gerardo de Leon (“Manong Gerry,” 2002), Ernani Cuenco (“Bato sa Buhangin,” 2004), Jose Joya (JOYA: Guhit, Hugis, at Kulay,” 2006), Francisco Santiago (“Sa Kislap ng mga Tala,” 2007), at Virgilio S. Almario (RIO ALMA: River and Soul,” 2008), at naitanghal sa pangunguna ng Uhay Company ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI). Dala ng tematikong paghahanda at konsiderasyon, inilabas nang sabay-sabay ang mga iskrip at may layuning pakinabangan ng mga mag-aaral na nasa malikhaing gawain–Special School for the Arts (SPA), Theater Arts Students, Community-Based Theater Groups, at iba pang nais gawing inspirasyon ang mga kuwento sa dula.

Ang antolohiya ng mga dula sa publikasyong *Tanghal Dakilang Bulakeño* na ito ay nasulat dahil sa programang inilunsad ng Barasoain Kalinangan Foundation, Inc. (BKFI) sa suporta ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan na “Dakilang Bulakeño Series.” Gayundin, ito ngayon ay nalathala bilang isang aklat ngayon dahil sa ng proyektong Diwang Sagisag Kultura ng Filipinas at *Agora: Crossroads of Creativity, Culture, and Ideas* ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA).

